These policies have aggravated the already gross socioeconomic conditions of the people. To favor the profit-greed of foreign and local big capitalists, the Marcos regime is keeping workers' daily wages low, which has fallen way below the cost of living of workers and their families. Marcos is allowing big bourgeois compradors and big landlords to dispossess the peasant masses, indigenous people, fisherfolk, transport workers and other toiling people of their land and other means of livelihood. Public school teachers, medical workers, and other rank and file employees and ordinary professionals suffer from low salaries. Millions upon millions of people are without jobs and economically displaced.

Thousands upon thousands everyday are forced to leave the country to search for work overseas.

To gain the favors of foreign monopoly capitalists, particularly US and European capitalists, Marcos displays absolute subservience to the imperialist US. He has allowed the US military to expand the permanent presence of hundreds of American combat troops and stationing of missile systems and other war matériel inside the military camps, airports, sea ports, and other strategic locations in the country under the cover of the Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). The build up of US military presence in the country is in line with its “first island chain” plan to contain the military and economic expansion of its imperialist rival China.

Over the past year, the US military has aggressively employed the AFP and Coast Guard forces to carry out resupply missions, joint patrols and other types of naval activity in the West Philippine Sea, and fortify its presence especially in the outlying Philippine islands. These are being projected as part of Philippine assertion of its territorial rights in an attempt to dupe the Filipino people, but in fact, form part of US plans to use the Philippines as a pawn in its game-plan against China. In its drive push back US military build-up around its country, imperialist China has encroached and violated Philippine maritime territory and economic sovereignty, and is committing increasingly aggressive actions against the Philippines.

The situation of rising inter-imperialist rivalries is rousing the Filipino people to defend the country's freedom and demand the imperialist giants - both the US and China - to end their saber-rattling and withdraw their troops from the country's territory. So far, the anti-imperialist revolutionary armed struggle of the Filipino people is the biggest factor preventing an inter-imperialist war from erupting in the region. To the US imperialists, the NPA is a critical impediment that prevents it from fully using the country as springboard for aggression and using the AFP as pawn in its scheme of stoking military tensions in the South China Sea and dragging the country into a conflict with China in line with its geopolitical interests.

Marcos' generals have declared their aim of dismantling all NPA guerrilla fronts by the end of March, all NPA vertical units by the end of June, and all regional Party committees by the end of the year. The narrow timeline set by Marcos has compelled its ground units to direct its unparalleled vicious wrath against the people with terror campaigns of armed suppression against peasant communities, aerial bombing and artillery shelling and large-scale combat operations in scores of guerrilla fronts across the country. The AFP has become increasingly brazen in extrajudicial killings of civilians and counting them as NPA casualties, as part of its bloody psywar campaign. Like in the US war of aggression in Vietnam, the puppet Marcos and the AFP are conjuring illusions of winning the war for the hearts and minds of the people, harping on

bloated, fabricated or rehashed battlefield victories.

Under its National Security Strategy for 2023-2028, the Marcos regime is also employing all means of armed and legal suppression against unions, peasant and semiproletariat mass organizations, anti-mining and environmental advocates, human rights defenders, student associations, cultural groups, alternative media outfits, religious personalities and other progressive individuals both in the cities and rural areas. Marcos has poured billions of pesos for “intelligence operations” resulting in a marked increase in cases of surveillance, abductions, arrests and harassments against social activists.

Marcos rules with martial law methods without its formal declaration in the guise of “fighting terrorism.” On the surface, the ruling system appears strong with its use of outright armed repression, but this, in fact, is a clear manifestation of the weakness or inability of the ruling system to rule on the basis of pseudo-democratic persuasion, and its desperation to perpetuate the system based on oppression and exploitation. As did his dictator father, Marcos Jr’s employment of brutal tactics of suppression will ultimately prove counterproductive as he can succeed only in further inciting the people’s anger and setting fire to their desire to fight back with arms and join the NPA.

The ruling political system is also further weakened by the deepening contradictions among rival factions of the ruling class as all sides

become increasingly greedy over the limited spoils and time for bureaucratic corruption. The verbal tussle between the main factions of the ruling clique, the Marcoses and Dutertes, are becoming virulent, especially as they elbow one another in preparation for the 2025 elections. They are on a course of mutual destruction.

The Marcos regime, much detested for its illegitimate claim to power through the 2022 election fraud, is further isolating itself from the people. It has displayed gross disregard for the people's plight, inaction and ineptness amid droughts, floods, landslides and other calamities, while wasting money in successive foreign trips with nothing to gain but mostly empty promises of so-called investments in exchange for assurances of exploiting Filipino workers and resources. It is also rousing people's protests over its attempt to amend the 1987 constitution to enshrine neoliberal policies and attempt to satisfy its desires to perpetuate itself in Malacañang.

The US-Marcos regime is inciting the people's outrage and generating conditions for mass resistance. By waging persevering and militant struggle, a broad anti-fascist united front can rise with great force and engulf the Marcos II regime, just as the Marcos I dictatorship was tossed away in 1986 by the powerful wave of armed resistance and mass protests that grew from years of arduous struggles.

The Party and all revolutionary forces must serve as the solid core and stand at the forefront of the antifascist, anti-imperialist and antifeudal mass



struggles of the broad masses of the Filipino people in both the cities and countryside. The situation calls for untiring efforts to arouse, organize and mobilize the people in order to advance their demands for wage increases and land distribution, and other urgent reforms to alleviate their misery and sufferings, and to defend their political, social, economic and cultural rights against intensified oppression under the US-Marcos regime.

The economic and political struggles of the broad masses of the people must be directed against the US-Marcos regime in order to expose its subservience and fascism, isolate and fight it. The urgent demands of the people must be tightly joined to the struggle for national democracy. Furthermore, the revolutionary mass movement of legal and illegal forms of propaganda, organizing and struggle, must be firmly linked with the revolutionary armed struggle by rousing the people, especially the youth, to join the New People's Army or provide it with all possible political, material and moral support to wage all-out armed resistance and bring renewed vigor the people's democratic revolution.

Anti-imperialist resistance amid sharpening world contradictions

Despite the distance and geographical separation, the revolutionary struggle in the Philippines is closely bound to the revolutionary struggles of the working class and toiling people around the world. The accomplishments and victories of the people's democratic revolution in the Philippines are not

ours alone, but belong as well to the workers, peasants and all toiling people in other countries. In the same breadth, we celebrate the victories and accomplishments of all the oppressed and exploited classes as they wage revolutionary struggle against imperialism, neocolonialism, fascism and all forms of reaction.

Workers struggles and mass resistance continue to grow and spread across various countries amid the continuing global capitalist crisis, economic stagnation, large-scale joblessness, sharp deterioration of living conditions, sharpening social inequities, intensifying imperialist interventionism, and rising inter-imperialist conflict leading to costly military conflicts and wars.

Across the centers of international capitalism, workers and other democratic classes continue to rise up in numbers as they demand wage increases and better working conditions, and fight back against imperialist war and oppression. Democratic mass struggles continue to erupt in the United States, where the number of strikes rose sharply last year as workers and toiling people face high rates of inflation. Workers in Europe have staged even bigger mass demonstrations and coordinated strikes demanding wage increases.

Since last year, millions of people across the world have joined mass demonstrations condemning the US and Zionist Israel for the genocidal war against the people of Palestine in Gaza. There is also rising opposition to continuing extension of

large amounts of military aid of US and NATO countries to prolong the war in Ukraine against Russia. Worsening forms of imperialist oppression are rousing people to build anti-imperialist organizations, formations and centers for cooperation and coordination, and wage campaigns and struggles against imperialist interventionism, rising military spending, war provocations and preparations.

Armed resistance continues to rage across various countries. In Myanmar, ethnic armies are waging guerrilla warfare against the fascist Tatmadaw regime. There are revolutionary armed struggles led by Marxist-Leninist forces in Colombia, India, Kurdistan, Palestine, Peru, the Philippines, Turkey and other countries. There are prevalent conditions for waging protracted people's war across a large number of countries.

Revolutionary proletarian forces across the world continue to consolidate and exert efforts to build communist parties on the theoretical foundations of Marxism-Leninism-Maoism. They carry out theoretical studies to sum-up their histories and conduct social investigation, and engage in widespread propaganda and organizing to strike deep roots among the workers and other oppressed and exploited classes.

The insoluble imperialist crisis is generating conditions that are rousing millions of people to wage all forms of resistance. It is a matter of time that Marxist-Leninist forces, through painstaking work, will position themselves at the vanguard of mass movements and armed struggles and forge a

new era of a resurgence of socialist and people's democratic revolutionary worldwide.

**[Pilipino Translation]**

**Pag-apuyin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka para sa pambansang demokrasya! Tupdin ang kritikal at kagyat na mga tungkulin para iwasto ang mga pagkakamali at isulong ang rebolusyon!**

Marso 29, 2024

### **Central Committee Communist Party of the Philippines**

Itinatanghal ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas ang Pulang bandila ng pambansa demokratikong rebolusyon at, sampu ng lahat ng kadre at kasapi ng Partido, mga rebolusyonaryo at aktibista, ibinibigay ang pinakamahigpit na pagsaludo sa lahat ng Pulang kumander, mandirigma at milisya sa napaka-importante at masayang okasyon ng ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Ngayong araw, balikan natin ang ating mga natamo at pagkukulang sa nagdaang taon, humalaw ng mga aral mula sa mga ito, at buuin ang plano para kamtin ang mas malalaking tagumpay sa pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa darating na taon laban sa pasista at papet na rehimeng US-Marcos.

Sa okasyong ito, alalahanin natin at pagpugayan ang lahat ng bayani at martir ng rebolusyong

Pilipino isinakripisyo ang lahat para sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansa at panlipunang paglaya. Purihin natin ang kanilang mga buhay at kumuha ng inspirasyon sa kanilang pagkamartir. Ano pang mas mainam na paraan ng pagparangal sa kanilang alaala kaysa sa pagpapatuloy ng rebolusyonaryong kilusan na kanilang tinulungang isulong?

Malugod na ipinabatid ng Komite Sentral sa lahat na ang panawagan para sa kilusang pagwawasto na inilabas ng Partido noong nagdaang Disyembre ay buong-pusong niyakap ng lahat ng panrehiyong komite ng Partido at kumand ng BHB. Positibo ang kanilang naging tugon at kasalukuyang nagsasagawa ng mga kumperensya ng paglalagom at mga pulong pag-aaral upang tukuyin ang mga pagkakamali at pagkukulang upang iwasto ang mga iyon, at matatag at komprehensibong isulong ang lahat ng rebolusyonaryong tungkulin.

Kailangan nating ibigay ang ubos-kaya para isulong ang rebolusyon upang ipagtaggol ang interes ng masang Pilipino na pinapagdusa ng papalalang mga anyo ng pang-aapi at pagsasamantala ng rehimeng US-Marcos. Hinaharap ng bansa ang tunay at lumalaking peligro na makaladkad sa isang inter-imperyalistang gera. Ang pangangailangang isulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, sa partikular, ay kagyat na kagyat, dahil ito ang pinaka-importanteng sandata ng sambayanang Pilipino upang ipaglaban ang kanilang rebolusyonaryong adhikain.

Ang kalagayan ng krisis sa bansa ay nagtutulak sa api at pinagsasamantalang masa ng sambayanang Pilipino na isulong ang kanilang mga pakikibaka. Sa gabay ng Partido, determinado ang mga rebolusyonaryong pwersa na pukawin, organisahin at pakilusin ang malakihang bilang ng sambayanang Pilipino, tuluy-tuloy na isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon, anuman ang hirap at sakripisyo, at dalhin ito sa hindi pa naaabot na rurok sa hinaharap.

Kunin ang inisyatiba para pag-apuyin ang armadong pakikibaka! Biguin ang todong pananalasa ng kaaway!

Nasa kritikal na yugto ang rebolusyonaryong armadong pakikibakang inilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. Tinatawagan ang lahat ng mga kadre ng Partido, mga Pulang kumander at mandirigma, mga rebolusyonaryong organisasyong masa at aktibista sa kanayunan at sa mga syudad na matapang na balikatin ang ating kagyat na mga tungkulin, itaas ang Pulang bandila ng rebolusyon, pag-apuyin ang armadong pakikibaka, iangat ito mula sa kasalukuyang mga kagipitan at sumulong nang higit na malakas kaysa nakaraan.

Dapat nating isaalang-alang ang sumusunod: Sa isang panig, kailangang-kailangan na isulong ang armadong pakikibaka para bigwasan ang kaaway sa harap ng pinatinding imperyalistang agresyong pang-ekonomya at interbensyong militar at pinaigting na pasistang pananalasa. Ang

deklaradong layunin ng kaaway na “wakasan ang armadong tunggalian” ay naglalayong hawanin ang landas para sa walang tigil na pagyurak sa soberanya ng bansa at lantarang pang-aapi sa mamamayang Pilipino.

Sa kabilang panig, ang ating mga pwersa ay napahina sa kalakhan dahil sa ating internal na mga pagkakamali, kahinaan at pagkukulang bunsod ng maraming taon nang konserbatismong militar at pasibidad. Sa gabay ng Partido, ang mga yunit ng BHB ngayon ay nagpapatupad ng mahahalagang gawain para sa pagwawasto at pagkokonsolida sa layuning pangibabawan ang nakaraang mga pag-atras, basagin ang pasibidad militar, ipreserba at palawakin ang kanilang mga pwersa, at muling pasiglahin ang pakikidigmang gerilya.

Para harapin ang partikular na sitwasyong ito, dapat nating mahigpit na gagapin ang diyalektikong relasyon sa pagitan ng paglaban sa kaaway at pagpapalakas ng ating pwersa: dapat nating palakasin ang BHB para epektibong labanan ang kaaway; dapat nating labanan ang kaaway para epektibong mapalakas ang BHB. Hindi natin maihihiwalay ang isa mula sa isa. Ang unang bahagi ay madaling maintindihan at hindi na kinakailangan dagdag na palalimin; ngunit ang huli ay hindi singklaro, at ang ilan ay maaaring kumontra pa dito.

Lalo na sa harap ng estratehiko at lokal na superyoridad ng kaaway sa pagpapakat ng higit na malakas na pwersang militar, madaling makaligtaang tingnan ang taglay ng kaaway na

mga bulnerabilidad at pampulitikang kahinaan na maaari at dapat samantalain ng BHB at ng buong hanay ng rebolusyonaryong mga pwersa. Ang ilan ay labis na nauunahan ng takot sa malaking presensya ng kaaway, na madali silang pinanghihinaan ng loob at nakalilimutan na ito ay isang pwersang bulok sa kaibuturan at nagtatanggol sa naghihingalo at naaagnas na sistema. Nawawala sa isip nila na ito ay lubhang kinamumuhian ng masang magsasaka na higit na mas malaki sa bilang, at malayong higit na malakas kung magkabigkis. Dapat puspusang labanan ang mahatak sa pasibidad dala ng makaisang panig na pananaw ng ilan na itinuturing ang kahinaan ng BHB sa armas bilang permanenteng kaayusan, at bigong gagapin ang diyalektikal na proseso ng pagpapalakas sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at pakikidigmang gerilya. Tunay na hiningi ng sitwasyon sa mga kadre ng Partido at mga kumander at mandirigma ng BHB ang malalim na rebolusyonaryong talisik, walang-maliw na pananalig at tiwala sa masa, at ang kawalang-takot sa kahirapan at sakripisyo para paglingkuran ang rebolusyonaryong adhikain ng bayan.

Kapag pinag-uusapan natin ang paglulunsad ng armadong pakikibaka at paglaban sa kaaway, nangangahulugan ito ng pagbigwas natin sa armadong mga pwersa ng kaaway, gamit ng lahat ng armas na hawak ng ating mga pwersang gerilya at ng mamamayan. Nangangahulugan ito pangunahin ng paglulunsad ng mga batayang taktikal na opensiba na kaya nating ipagwagi, na



nagpapahina sa kaaway sa pamamagitan ng baha-bahaging pagpuksa ng kanyang armadong pwersa, at nagsasamsam sa mga armas nito para masandatahan natin ang mas maraming rekrut at makapaglunsad tayo ng higit na mas malalaking taktikal na opensiba sa hinaharap. Itinataas natin ang kakayahan ng BHB sa pakikidigma sa pamamagitan ng pakikidigma.

Sa harap ng kalupitan at todong mga kampanya ng pagkubkob at paglipol ng kaaway, tungkulin ng mga pwersang rebolusyonaryo na labanan ang kaaway at ipagtanggol ang mamamayan sa pamamagitan ng armadong paglaban. Dapat nating itaas ang hindi magagaping diwa ng hukbong bayan at ng masa na lumaban at gapiin ang kaaway. Dapat nating lutasin at pangibabawan ang mga problema at kahirapang ibinubunga ng maramihang pagpapakat ng tropa ng kaaway laban sa masa at mga pwersang gerilya. Dapat nating itulak ang kaaway na banatin nang manipis ang mga pwersa nito sa pagpapalapad ng saklaw ng ating inisyatiba sa pulitika at militar. Gaanuman kalaki at kalakas ang mga operasyon ng kaaway, parating mayroong ginintuang pagkakataon na maaari nating samantalahin at dapat maingat nating suriin para durugin ang pinakamahinang kawing nito. Dapat mabilis nating kilalanin na habang papalaki ang saklaw ng mga operasyong ng kaaway, mas maraming bahagi ng katawan nito ang nalalantad at nagiging vulnerable sa mga taktikal na opensiba ng BHB. Para matukoy, masuri at masamantala natin ang mga pagkakataong ito, dapat palagiang militante ang

BHB, mabilis at maliksi sa pagkilos, upang gawing mabagal na higante ang kaaway na kayang patamaan ng BHB kailan man nito naisin.

Sa harap ng kasalukuyang pananalasa ng kaaway, dapat planuhin ng mga kumand ng BHB sa antas larangan at prubinsya o subrehiyon ang paglulunsad ng pakikidigmang aktibong depensa sa antas ng mga kampanya at labanan, agapan ang pagpapakat ng kaaway at patamaan ang pinakamahihinang bahagi nito. Dapat silang maging handa na ilipat ang pangunahing mga pwersa o sentro de grabidad palabas sa pagkubkob ng kaaway, habang nag-iiwan o nagpapakat ng mga pangkat o komposit na yunit para maglunsad ng iba't ibang tipo ng mga aksyong gerilya at taktikal na opensiba na kaya nilang ipanalo upang patamaan ng seryosong pinsala ang kaaway.

Sa harap ng kasalukuyang sitwasyon, napakahalaga para sa mga yunit ng BHB at milisyang bayan sa lahat ng antas na kunin ang inisyatiba na magplano ng mga taktikal na opensibang kaya nilang ilunsad at ipanalo. Dapat ilunsad ang mga inisyatibang ito nang may koordinasyon sa nakatataas na kumand at kalapit na mga yunit. Ang mga taktikal na opensiba at aksyong gerilyang ito ay maaaring pagtambang sa mga nagrerekuridang yunit ng kaaway, depensa sa kanilang perimetro o linya sa suplay, pag-atake sa nahihwalay nilang mga detatsment, pagdis-arma, pag-isnayp, demolisyon, operasyong partisano at pag-aresto, pagpapataw ng mga sangsyon, magkaloob ng nararapat na hustisya sa

mga kontra-rebolusyonaryo at kriminal na elementong anti-sosyal, at iba pa. Ang mga taktikal na opensibang ito ay dapat magtagumpay sa pagsamsam ng mga riple at kagamitang pandigma ng kaaway, pagwasak sa kanilang linya sa suplay at komunikasyon, pagparalisa sa kanilang mga kagamitang pangkati, panghimpapawid at pandagat, pagsira sa mga plano ng kaaway o pagpigil sa pag-abante nito, at paghatak sa atensyon ng kaaway palayo sa pangunahing direksyon at plano ng pangunahing mga pwersa ng BHB.

Ang tungkulin ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba na kaya nating ipanalo ay dapat isagawa nang may masinsin na pagpaplano at buong lakas, bilang paraan ng pagpapasigla sa BHB, at bilang unang mapagpasyang hakbang sa pagwawasto.

Alinsunod sa linya ng paglulunsad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa batayan na papalawak at papalalim na baseng masa, lahat ng mga yunit ng hukbong bayan at milisyang bayan ay tinatawagan na buong-buong tanganan ang inisyatiba sa militar at pulitika, at maging pleksible sa kanilang mga kilos. Dapat palakasin at pasaklawin ng BHB ang kanilang ugnay sa masa. Dapat nilang ipagtanggol ang masang magsasaka at ang mamamayan laban sa mga pasistang nang-aapi at nagsasamantala sa kanila, at ilunsad ang malawakang propaganda, pag-oorganisa at pagpapakilos para isulong ang kanilang anti-pyudal na mga pakikibakang masa at ipatupad ang reporma sa lupa.

Dapat ipakat ang mayorya ng mga platun ng BHB para tumulong sa pagkokonsolida at pagpapalawak ng mga larangang gerilya, at pagtatayo ng dagdag na mga laking-kumpanyang mga larangang gerilya. Dapat bumuo ng malinaw na plano ang mga platung gerilya para magpakat ng mga yunit nito sa isang takdang saklaw na limitado sa isang panahon para iwasan ang labis-labis na pagkabatak, ngunit sapat ang lapad para sa mga maniobrang dependsibo at opensibo, na mayroong tiyak na panahon para sumulong nang paalon-alon, o magpalapad ng rebolusyonaryong baseng masa sa batayan ng konsolidasyon.

Pinalalawak natin ang erya sa operasyon ng BHB sa paalon na paraan na pagsulong o sa lihim na paglukso sa relatibong paborableng erya kung saan maaari itong magsimula ng pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan para makaugat. Maaari nating ipakat anumang oras ang mga yunit ng BHB sa mga misyon para pasimulan ang pakikidigmang gerilya at buksan ang bagong mga larangang gerilya kung saan huling pagdududahan at aasahan ng kaaway.

Kasama ang mga organisasyong masa ng mga magsasaka, panteritoryong mga komite ng Partido at iba pang mga pwersang rebolusyonaryo, dapat maglunsad ang BHB ng mga kampanya ng panlipunang pagsisiyasat para matukoy ang pinakakagyat na mga isyu at suliranin ng masa, at pabilisin ang mga pagsisikap sa pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masang magsasaka, na nagsusulong sa kanilang kagyat na demokratikong mga kahingian, habang ikinakawing ang mga ito sa kanilang

rebolusyonaryong kilusang agraryo at sa demokratikong rebolusyong bayan.

Dapat nating bigyan ng atensyon ang pagtatayo o muling pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa antas ng mga barangay o mas mataas pa, sa pundasyon ng ganap na mga samahan ng magsasaka, kababaihan, kabataan at manggagawang pangkultura at iba pang anakpawis na sumasaklaw sa mga baryo o klaster ng mga baryo o munisipyo, gayundin sa mga lokal na sangay at komiteng seksyon ng Partido. Marami sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika na ito ay tinarget ng armadong panunupil ng kaaway. Dapat nating sumahin ang ating mga karanasan at bumuo ng mga patakaran para tiyakin na ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika, mga organisasyong masa, at lokal na mga lider ay ligtas at nailalayo sa lambat ng paniktik ng kaaway.

Dapat nating konsolidahin at palakasin ang baseng masa at magbuo ng mga plano para itaas ang kanilang militansya na igiit ang kanilang mga karapatang sibil, pampulitika, panlipunan at pang-ekonomya, at para kolektibo at mapagpasyang ilantad at labanan ang maruruming taktika ng kaaway. Dapat nating biguin ang kasuklam-suklam na mga iskema ng kaaway na basagin ang pagkakaisa ng mamamayan, pwersahin silang isa-isang sumurender, o akitin ang mga Pulang kumander at mandirigma na ipagkanulo ang masa sa huwad na pangako ng maaliwalas na kinabukasan. Sa paglaban sa kampanyang

panunupil ng kaaway, hindi dapat hayaang magsarili ang lokal na mga pwersa. Ang kanilang pakikibaka ay dapat iangat sa mas mataas na antas para humugot ng lakas sa dami at mula sa pagkakaisa ng mamamayan, mula sa magkakanugnog na barangay hanggang sa internasyunal na komunidad. Higit sa lahat, dapat gawin ng BHB ang lahat para ipamalas ang kanilang determinasyon na ipagtanggol ang mamamayan sa pamamagitan ng pagbigwas sa mga pasistang nang-aapi sa kanila.

Dapat nating palakasin ang pagbubuo ng popular na pwersang pangdepensa upang palargahin ang pakikidigmang gerilya ng masa. Kabilang sa mga pwersang pangdepensa na ito ang mga yunit milisya sa barangay at kumand sa milisya na nagkokoordina sa antas ng inter-barangay o munisipyo, mga yunit pangdepensa sa barangay at komite sa pananggol sa sarili na nakabase sa mga organisasyong masa. Dapat hikayatin ang mga pwersang pangdepensang ito ng mamamayan at gabayan na tanganan ang inisyatiba sa paglulunsad ng lahat ng porma ng pakikidigmang gerilya o isang armadong kilusang masa laban sa kaaway, kabilang ang mga operasyong agaw-arms, paghahagis ng granada, o mga bombang panunog, paglalalatag ng mga patibong, pag-isnapp, at iba pang operasyong umaasinta sa nahihwalay na mga yunit ng kaaway o kahit ano pang yunit ng kaaway na kaya nilang iharas, pilayin, talunin o puksain. Dapat nilang gamitin ang lahat ng tipo ng armas kabilang ang mga katutubong paraan at patibong laban sa nag-ooperasyong pwersa ng kaaway at papagbayarin sila nang mahal. Huwag

hayaan ang kaaway na makapasok at makapanghalihaw sa mga rebolusyonaryong erya nang hindi binabangungot, hindi nagtatamo ng kaswalti, at hindi napagbabayad sa kanilang pasistang mga krimen.

Dapat tumulong ang BHB sa paglulunsad ng mga kampanyang masa na magpapakilos sa masang magsasaka para harapin ang mga komun nilang mabibigat na suliranin at isyu. Kabilang dito ang pangangamkam ng lupa ng malalaking kumpanyang sangkot sa pagmimina, mga plantasyon, sa real estate, ekoturismo, enerhiya at iba pang mga proyektong imprastruktura. Dapat din silang organisahin at pakilusin para tugunan ang kanilang mga suliranin sa panahon ng pagbaha, tagtuyot o mga pagguho ng lupa at iba pang mga sakuna na sumisira sa kanilang mga kabuhayan. Dapat organisahin at pakilusin ang masang magsasaka, pangunahin ang maralitang magsasaka at manggagawang-bukid para ipaglaban na ibaba ang upa sa lupa, pawiin ang usura, itaas ang sahod sa bukid, makatwirang presyo ng produktong bukid at iba pang kagyat na mga kahingian sang-ayon sa antipyudal na linya at patakarang pang-agraryo ng Partido. Dapat maramihang organisahin ang masang magsasaka para dalhin ang kanilang kahingian sa mga sentrong bayan at syudad.

Saanman sila magpunta, dapat magsagawa ng mga kampanya sa produksyon, edukasyon, kalusugan at kultura ang mga Pulang mandirigma at kumander para tugunan ang praktikal na mga pangangailangan ng masa. Dapat patuloy nilang

pandayin ang matatag at hindi malalagot na ugnayan sa masa. Dapat lagi silang makiisa sa pighati ng masang magsasaka at maghanap ng mga solusyon sa dinaranas na pasakit ng masa sa sitwasyong isinadlak sila ng mga nagsasamantala.

Dapat magkonsolida, magpalakas at magpalawak ang mga yunit ng BHB ng kanilang mga pwersa. Lubhang kinakailangan na magkaisa sa isip at kumilos bilang isang katawan ang mga Pulang mandirigma at kumander. Para magawa ito, dapat nilang aralin ang kanilang mga kalakasan at kahinaan, at planuhin ang lahat ng kinakailangang mga hakbang para itaas ang determinasyon at kakayahan ng mga Pulang mandirigma at ng rebolusyonaryong masa na lumaban at biguin ang todong atake ng kaaway.

Dapat nating paunlarin ang istruktura sa kumand ng BHB sa lahat ng antas, natitiyak ang kalidad at komposisyon ng mga yunit kumand kapwa sa mga pwersang horisontal at bertikal, gayundin sa mga panteritoryong kumand sa operasyon sa antas ng rehiyon, prubinsya o subrehiyon. Ang namumunong bag-as sa lahat ng antas ng kumand ng BHB ay dapat binubuo ng mga kumander at mandirigma na huwaran ng katapangan sa harap ng kaaway at uliran ng kababaang loob sa harap ng masa.

Dapat makapagsagawa ng batayang pagsasanay pulitiko-militar ang ating mga pwersang gerilya, gayundin ng mga pagsasanay para sa mga upisyal para mapaunlad ang kakayahan at kaalaman ng ating mga Pulang mandirigma at kumander sa syensyang militar at mga taktika, at ibayong



palakasin ang kanilang paninindigan na paglingkuran ang mamamayan. Dapat paunlarin ang sistema ng mga pagsasanay para maisagawa ang mas maiksi o tilad-tilad ang talakayan na mga kurso para makaangkop sa mabilis na nagbabagong sitwasyong militar sa harap ng walang tigil na mga operasyon ng kaaway.

Dapat patuloy na magpakadalubhasa ang BHB sa pleksibilidad sa pagbabago ng kanilang moda ng pagkilos mula sa konsentrasyon, paghihiwa-hiwalay at paglilipat, depende sa sitwasyon at kanilang mga layunin. Ikinokonsentra natin ang ating mga pwersa para bigwasan ang kaaway at para magkonsolida, pinaghihiwa-hiwalay natin para maggawaing masa, mawala sa mata ng kaaway, at upang paramihin ang mga pagmumulan ng inisyatiba, at naglilipat para isulong ang plano para sa pagpapalawak, o umalpas sa pagkubkob ng kaaway.

Dapat umiwas ang lahat ng yunit ng BHB sa hindi planadong labanan at maghanap ng mga paraan para pasuntukin ang kaaway sa hangin at pagurin ang sarili. Dapat silang kagyat at regular na magtasa ng kanilang mga sitwasyon, tapalan ang lahat ng butas sa seguridad at alisin ang lahat ng mga bulnerabilidad. Dapat masugid nilang matyagan ang taktika ng kaaway na magpuslit ng mga elektronikong o GPS tracker. Dapat nilang patatagin ang kanilang determinasyong isapraktika ang mga prinsipyo at pamamaraan ng lihim na gerilyang pagkilos, habang nagmamartsa o nagpapahinga. Dapat tuluy-tuloy na panatilihin nilang mataas ang antas ng disiplina at pagtalima

sa mga regulasyong militar sa hanay ng mga Pulang mandirigma, at mataas na antas ng rebolusyonaryong pampulitikang kamulatan para patatagin ang kanilang diwa na balikatin ang kinakailangang mga sakripisyo para panatilihin ang seguridad ng BHB. Dapat isagawa ang pagpupunahan at pagwawasto sa lahat ng paglabag sa mga patakaran at regulasyong panseguridad na nagkokompromiso sa lihim na gerilyang pagkilos.

Dapat mapagpasyang wasakin ng BHB ang lambat paniktik ng kaaway na nagtatago sa hanay ng masa, na pinakikitid ang target sa mga nangungunang lider laluna ang mga gumawa ng malulubhang krimen laban sa mamamayan. Iginigiit ng masa, lalo ang mga hinambalos ng bagsik ng kampanyang panunupil ng kaaway, na patawan ng rebolusyonaryong kapurasahan ang mga taksil na aktibong nakikipagsabwatan sa kaaway bilang mga ahente o espiya, at na lubusang ilantad ang kanilang mga kriminal at kontra-rebolusyonaryong mga kasalanan.

Dapat tasahin ng lahat ng mga yunit ng BHB ang naipong paniktik ng kaaway (na nabuo mula sa impormasyong nakapaloob sa mga nakompromisang dokumento, isinuka ng mga traydor, o nakuha mula sa mahabang panahon ng pagmamamanman), at kung paano itong nauugnay sa kondukta ng mga operasyon ng kaaway. Dapat silang magbuo ng kaukulang mga plano at pagbabago sa mga ito para ipawalang-saysay ang impormasyon sa paniktik ng kaaway.

Dapat patuloy na sundin ng BHB ang mahihigpit na alituntunin sa pagtitiyak ng seguridad at pangangalaga sa sensitibong mga impormasyon sa pamamagitan ng kompartmentalisasyon, paggamit ng mga sayper at pagkokoda (encryption), at pagpapahalaga sa umiiral na mga patakarang sumasaklaw sa kontroladong paggamit ng mga kompyuter, smartphone, selpon, radyo sa komunikasyon, at iba pang kagamitang elektroniko. Dapat din tayong magpaunlad ng kasanayan sa sining ng disimpormasyon at panlalansi—kabilang ang pagsusubo ng panlitong impormasyon sa lambat paniktik o elektronikong pagmamanman ng kaaway—para lituhin ang kaaway at biguin ang mga pag-atake nito.

Dapat sistematiko tayong maglunsad ng kampanyang pagpapabaligtad sa ordinaryong mga tauhan ng kaaway, na marami ay nagmula sa uring magsasaka, manggagawa, mala-proletaryado o mababang petiburgesya, na naakit lamang ng mataas na sweldo para sumali sa armadong pwersa ng kaaway. Alam na alam nila ang kabulukan at korapsyon ng organisasyon ng reaksyunaryong militar, at nagkikimkim ng matitinding hinanakit sa mga pag-abusong ginagawa sa kanila ng kanilang mga upisyal, gayundin sa malalalang krimen at paglabag sa karapatang-tao na ipinagagawa sa kanila laban sa masa. Dapat tayong mamahagi ng mga polyeto at magsagawa ng lantad na propaganda mga kampo militar, detatsment o istasyon. Maaari nating mahikayat ang naguguluhang mga tauhan ng pwersang militar at pulis ng kaaway na iwan ang kanilang mga trabaho, lumahok sa rebolusyon,

magpasa ng mahahalagang impormasyon o mamuhay bilang mga produktibong sibilyan, at makisalo sa mga bunga ng kolektibong pakikibaka ng mga organisasyong masa ng mga magsasaka.

Dapat patuloy nating buuin at palakasin ang Partido sa loob ng Bagong Hukbong Bayan para gabayan ito sa lahat ng kanyang tungkulin. Dapat patuloy nating rekrutin ang pinakaabanteng mga elemento at tiyakin ang kanilang pagsasanay at pag-unlad sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Dapat buuin ang mga komite ng Partido sa antas ng mga kumpanya; sangay ng Partido sa mga platun; grupo ng Partido sa mga iskwad. Dapat magtalaga ang Partido mula sa hanay nito ng mga upisyal at instruktur sa pulitika sa bawat pormasyon ng BHB para tiyakin na nasa unahan ang pulitika sa baril. Dapat din nating tiyakin ang pagpapakat ng mga kadre at aktibista mula sa kalunsuran, laluna mula sa hanay ng mga manggagawa, gayundin ng mga estudyante, mga guro at iba pang intelektwal at propesyunal na petiburgesya, para itaas ang kakayahan ng BHB sa pagpapatupad ng iba't ibang tungkulin sa pamumuno at pangangasiwa.

Kritikal ang inilatag na mga tungkulin sa itaas at dapat ipatupad nang may mataas na antas ng pagpapahalaga ng mga kadre ng Partido at mga Pulang kumander na nasa gulugod at pamunuan ng Bagong Hukbong Bayan. Pinakakagyat na tanganan ang inisyatibang militar at pulitika para mabawi ang gerilyang tikas ng mga yunit ng BHB, laluna ang mga dumanas ng mga pag-atras sa nakaraan at nalagay sa pasibong katayuan, biguin

ang pananalasa ng kaaway, at iabante ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Dapat isagawa ng Partido at BHB ang mga tungkuling ito habang itinataguyod ang kilusang pagwawasto para ugatin ang pang-ideolohiyang batayan ng nagdaan na mga pagkakamali at kahinaan, para malikha ang mga kundisyon para sa panibagong pagsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Muling pagtibayin ang batayang mga prinsipyo sa paglulunsad ng digmang bayan sa Pilipinas

Dapat lagumin ng bawat yunit ng BHB ang kanilang mga karanasan at iwasto ang mga pagkakamali alinsunod sa diwa ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili, sa gabay ng pangkabuuang kritikal-sa-sariling pagsusuri na inilatag sa mensahe ng Komite Sentral sa ika-55 anibersaryo ng Partido at sa pagsusuma sa mga karanasan sa saklaw nilang mga gawain at kalagayan sa kanilang erya ng operasyon. Dapat bigyan ng partikular na atensyon ng mga yunit na dumanas ng mga pag-atras na magsuri sa depensibang mga labanan para matukoy ang kanilang mga pagkakamali at kahinaan. Dapat tayong matuto mula sa mga aral na pinagbuwisan ng dugo ng ating mga martir bilang isang paraan ng ating pagkilala sa kanilang mga sakripisyo.

Napakaangkop na pagkakataon ng ika-55 anibersaryo ng BHB para muli nating pagtibayin ang batayang mga prinsipyo at teorya ng paglulunsad ng digmang bayan sa Pilipinas. Labis na mahalaga ito sa panahong kumakaharap tayo sa kritikal na sitwasyon kasunod ng seryosong

mga pag-atras sa nagdaang mga taon, na nagtutulak sa atin na iwasto ang ating mga pagkakamali at kahinaan.

Sa paglalapat ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kongkretong kalagayan ng ating bansa, napaunlad ng Partido ang teorya ng paglulunsad ng digmang bayan sa Pilipinas, at pinamunuan ang Bagong Hukbong Bayan sa paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka mula sa isang antas tungo sa isa pa. Inilatag ng artikulo noong 1974 na Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan ang batayang teorya, mga prinsipyo, programa at plano para sa paglulunsad ng rebolusyonaryong digma sa Pilipinas. Isinaalang-alang nito ang malakolonyal at malapyudal na sistemang sosyo-ekonomiko, ang katangiang pulu-pulo ng heograpiya at pisikal na kalupaan nito, gayundin ang iba pang mga partikular na katangian ng bansa.

Ang mga nakamit natin sa rebolusyonaryong praktika sa nagdaang 55 taon ay kongkretong patunay ng kawastuhan ng mga teoryang ito. Dagdag pang patunay ng katumpakan ng mga teoryang ito ang dinanas nating mga pag-atras at kabiguan bunga ng ating hindi matapat na paghawak sa mga teoryang ito.

Ang kawastuhan ng pambansa-demokratikong rebolusyon ay napatunayan na sa praktika ng paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka, at ang rebolusyonaryong kilusang masa na nagkukumbina sa ligal at iligal na mga porma ng pakikibaka sa mga syudad at

kanayunan, bilang sekundaryo ngunit hindi maisasantabing porma ng paglaban. Sa pagtataguyod ng pambansa-demokratikong linya, nagtagumpay tayo sa pagbubuo ng baseng masang may ilang milyon, sa ilalim ng mahigpit na pamumuno ng proletaryado, pagtatayo ng batayang alyansa ng mga manggagawa at magsasaka pangunahin sa pamamagitan ng pamumuno ng Partido sa BHB, at pagbubuo ng pambansang nagkakaisang prente para labanan ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, na may layuning ibagsak ang naghaharing reaksyunaryong sistema ng malalaking burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa.

Sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan sa kanayunan, pangunahin sa pamamagitan ng pagbubuo ng hukbong bayan at pagsusulong ng armadong pakikibaka, pagtatayo ng baseng masa sa kanayunan at mga organo ng kapangyarihang pampulitika, at pagsusulong ng agraryong rebolusyon, nagawa nating pakilusin ang masang magsasaka na bumubuo sa pinakamalaking bahagi ng mamamayang Pilipino at nagsisilbing pinakamasasaligang alyado ng uring manggagawa. Puspusan nating isinulong ang pakikibaka para sa lupa bilang tugon sa pangunahing demokratikong kahingian ng masang magsasaka. Dahil dito, nagawa nating itatag at palakasin ang Bagong Hukbong Bayan, na nakapagrerekrut pangunahin mula sa mga maralitang magsasakang walang pag-aaring lupa at mga manggagawang-bukid, at umaani gayundin ng suportang materyal at pampulitika. Ang

layunin ng paglulunsad ng matagalang digmang bayan sa kanayunan ay para hakbang-hakbang na paunlarin ang ating mga pwera, baha-bahaging gapiin ang kaaway, at palibutan ang kalunsuran hanggang sa posible nang agawin ang mga syudad at sumulong sa pambansang tagumpay. Dahil dito, nakapagtatag tayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan, na nakatuntong sa pundasyon ng rebolusyonaryong anti-pyudal na nagkakaisang prente ng lahat ng mga pinagsasamantalahan at inaaping uri sa kanayunan ng Pilipinas.

Sa nagdaang 55 taon, napangibabawan natin ang pinakamalalaking kahirapan at balakid sa paglulunsad ng digmang bayan sa Pilipinas bilang isang pulu-pulong bansa. Nagtagumpay tayo na umaasa-sa-sarili sa pagpapaunlad ng mga larangang gerilya sa pambansang saklaw sa kabila ng mga disbentahe ng kawalan ng pisikal na likuran. Nakapagtatag tayo ng mga larangang gerilya at nakapagkonsolida ng base sa kanayunan na mayroong kainamang malalakas na yunit ng BHB sa lahat ng pangunahing isla sa bansa. Ang mga larangang gerilya na ito ay nagsilbing mga teatro ng pakikidigmang gerilya ng mga yunit ng BHB. Nagbubuo muna sila ng mga larangang gerilya at base sa hindi gaanong-mataong bulubunduking lugar, kung saan maaari silang magkonsolida, magsanay at magplano na magpalawak sa mas populadong kapatagan, tabing ilog, pangunahing mga linya ng transportasyon at baybay-dagat.



Nagsimula sa 60 mga Pulang mandirigma na naaarmasan lamang ng siyam na ripleng awtomatik at 26 na mahihinang armas sa ikalawang distrito sa prubinsya ng Tarlac, nagtagumpay tayo sa pagpapaunlad sa ating mga pwersa mula sa mga iskwad at platun, tungong mga lakas-kumpanyang larangang gerilya. Nakapagbuo tayo ng 14 na panrehiyong kumand ng BHB, na bawat isa'y nagrurok sa lakas ng ilandaan hanggang higit-kumulang isanlibong mga Pulang mandirigma, at bawat isa ay mayroong ilang kumand sa subrehiyon o prubinsya na may ilang larangang gerilya.

Nakilala ang pambansa demokratikong rebolusyon sa Pilipinas dahil sa malalaki nitong pagsulong at paglulunsad nito ng armadong pakikibaka sa kasalukuyang panahon ng internasyunal na pag-atras ng pandaigdigang proletaryado. Sa pagkatalo ng sosyalistang rebolusyon at panunumbalik ng kapitalismo sa China at sa Soviet Union sa ilalim ng modernong rebisyunistang paghahari, kinailangan ng mamamayang Pilipino na umasa sa sarili sa pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Nakapagtatag tayo ng Pulang kapangyarihang pampulitika sa libu-libong mga barangay sa buong bansa. Nakapagtayo tayo ng panimulang mga porma ng demokratikong gubyerong bayan sa antas ng baryo o interbaryo, na mayroong mga upisyal na hinalal ng mga pambaryong asembleya ng komunidad o hinirang mula sa lokal na rebolusyonaryong mga organisasyong masa.

Nakapaglunsad tayo ng pakikidigmang gerilya sa buong bansa sa pamamagitan ng pagtupad sa patakaran ng relatibong sentralisadong estratehikong kumand at desentralisadong mga operasyon sa mga kampanya at labanan. Sa nagdaang mga dekada, nakapagpaunlad ang mga panrehiyong komite ng Partido at panrehiyong kumand ng BHB ng sariling-tubong mga kadre at kumander na matataas ang kalidad na may kakayahang mamuno nang nagsasarili sa komprehensibong saklaw ng rebolusyonaryong mga tungkulin, alinsunod sa linyang itinakda ng Komite Sentral. Marami sa kanila ang inihalal sa Komite Sentral ng Partido at sa Pambansang Kumand sa Operasyon ng BHB.

Habang inilulunsad natin ang kilusang pagwawasto, kritikal para sa lahat ng kadre ng Partido, kumander at mandirigma ng BHB, at lahat ng rebolusyonaryong mga pwersa na muling pagtibayin ang ating batayang mga pagsusuri sa malakolonyal at malapyudal na sistema sa bansa, at ang batayang mga prinsipyo at teorya ng paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan alinsunod sa estratehikong linya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan; na pag-aralan ang kasaysayan ng paglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka sa nagdaang 55 taon para makahalaw ng mga aral mula sa mga nakamit at mga pag-atras nito; na magkaroon ng malayong pagtanaw sa mga tungkulin sa hinaharap para sa kantitatibo at kalitatibong pagsulong ng rebolusyonaryong mga pwersa, hanggang sa mabaligtad natin ang kasalukuyang balanse ng pwersa.

Tulad ng inilatag na ng Partido, ang matagalang digmang bayan sa Pilipinas ay dadaan sa tatlong posibleng yugto ng pag-unlad: ang estratehikong dependsiba, estratehikong pagkapatas; at ang estratehikong opensiba. Ang landas na ito ng pagsulong ng digmang bayan sa Pilipinas ay itinakda ng diyalektikong mga batas ng pag-unlad. Ang paghahangad ng ibang landas o kabiguang sumulong sa landas na ito ay halos tiyak na nakamamatay.

Noong dekada 1980, dinala ng hindi nakapagpanibagong-hubog na mga elementong petiburges na nasa pamunuan ng Partido ang mga pananaw para sa mabilis na pagtatagumpay. Kinwestyon nila ang batayang pagsusuri ng Partido sa malakolonyal at malapyudal na sistema, itinaguyod ang ideya na ginawa ng diktadurang Marcos na industriyalisado at kapitalistang bansa ang Pilipinas, pinalaki ang urbanisasyon ng bansa at minaliit ang saklaw ng agraryong ekonomya gamit ang palsipikadong datos ng gubyrerno.

Itinulak nila ang linyang paghahangad ng “stratehikong kontra-opensiba” sa panahon ng yugto ng estratehikong dependsiba, para bigyang katwiran ang pagbabago ng stratehiya tungong insureksyunismong lunsod kakumbina ang adelantadong regularisasyon at bertikalisasyon ng mga pormasyon ng BHB. Itinaguyod nila ang konsepto ng pakikidigmang partisano bilang natatangi at hiwalay na porma ng pakikidigma sa kalunsuran para lumikha ng mga insureksyunistang pagsiklab. Ikinombina ito sa “regular na pakikidigmang gerilya” gamit ang

malalaking pormasyon ng hukbong bayan (mga kumpanya at batalyon) para bigwasan ang kaaway sa matitigas na bahagi at target (mga kumpanya o batalyon, labis na portipikadong mga kampo at hedkwarters). Ang linyang ito ng adbenturismong militar ay nagtulak ng adelantadong regularisasyon ng hukbong bayan sa pamamagitan ng pagkokonsentra at maging likidasyon sa horisontal na pormasyon ng mga yunit ng BHB para magbuo ng mga “regular” na kumpanya at batalyon. Lumikha ito ng tagibang na inat, pakat at sustenidong paglago ng pwersa ng mga bertikal at horisontal na mga yunit ng BHB, na sanhi ng makabuluhang pagliit ng rebolusyonaryong mga base at larangang gerilya nito. Ang maling patakaran na ito ay pagsubo ng sarili sa sitwasyong lantay militar na siyang gusto ng higit na superyor na pwersa ng kaaway. Sa kabila ng inisyal na mga tagumpay sa militar, ang mga pwersa ng BHB ay kalaunan nasadlak sa pasibidad militar at naging bulnerable sa pagkubkob at paglipol ng kaaway, na humantong sa malaking pagbagsak ng mga pwersa at walang kapantay na mga pag-atras noong 1990-1991.

Kinailangan ilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto para isalba ang mga rebolusyonaryong pwersang gerilya mula higit pang malulubhang kabiguan. Sa muling pagpapatibay sa batayang mga prinsipyo ng Partido sa paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, ang mga yunit ng BHB ay nireorganisa para kamtin ang tamang balanse ng mga pwersang horisontal at bertikal,

para epektibong makagampan kapwa sa gawain sa pulitika at militar. Pinagtibay ng Partido ang taktikal na linyang militar na paglulunsad ng masaklaw at maigting na pakikidigmang gerilya sa batayan ng papalawak at papalalim na baseng masa sa yugto ng estratehikong dependensya.

Matagumpay na binigo ng Bagong Hukbong Bayan ang taunang deklaradong mga target ng kaaway na durugin ang rebolusyonaryong armadong kilusan. Pinangibabawan nito ang magkakasunod na kampanya ng pagkubkob at paglipol kabilang ang Oplan Katatagan, Oplan Lambat Bitag I, II at III, Oplan Gordian Knot, Oplan Makabayan, Oplan Bantay Laya I at II, Oplan Bayanihan at Oplan Kapayapaan, at sa kalakhan, naging mas malakas. Sa tagumpay ng pamunuan ng Partido, inabot ng digmang bayan ang gitnang subyugto ng estratehikong dependensya humigit-kumulang sa kalagitnaan ng dekada 2000, at nagbuo ng mga plano para kamtin ang mga rekisito para abutin ang abanteng subyugto, at tungo sa bungad ng estratehikong pagkatapas.

Gayunpaman, kahit sa panahong iyon ay nababalaho na tayo ng mga suliranin sa konserbatismong militar na naging dahilang napako tayo sa gitnang subyugto. Ang ilang taon ng konserbatismo sa lahat ng aspeto ng rebolusyonaryong gawain, at pagpapakasapat ay humantong sa pagpapakitid ng hukbong bayan at unti-unting paghina at pagliit ng baseng masa, dahil na naging bulnerable sa pagkubkob at paglipol ng kaaway, na nagresulta sa mga pag-atras at pagkatalo. Isa sa nakapipinsalang epekto

ng empirisismo ay ang ating kabiguan na mabilis na humalaw ng mga aral mula sa karanasan para maitaas ang antas ng ating kaalaman at teorya, mula sa antas ng pambansang kumand ng BHB hanggang sa mga rehiyon at larangan, na nagresulta sa kabiguang umangkop sa mga pagbabago sa mga taktika ng kaaway, at sa paulit-ulit na mga pagkakamali.

Sa pamumuno ng Komite Sentral, ang buong Partido, ang Bagong Hukbong Bayan at ang lahat ng rebolusyonaryong mga pwersa ay kasalukuyang naglulunsad ng kilusang pagwawasto para tukuyin at iwaksi ang burges at petiburges na mga ugat sa ideolohiya ng ating mga pagkakamali, kahinaan at pagkukulang sa nakaraan, muling pagtibayin ang ating proletaryadong paninindigan, pananaw at pamamaraan para higit na matatag na isulong ang rebolusyon.

Dapat patuloy na makibaka ang mamamayang Pilipino para labanan ang pakanang chacha at kamtin ang tunay na kalayaan at demokrasya. Sa kasaysayan ng daigdig, tanging sa pamamagitan ng isang pambansa demokratikong rebolusyon mahahawan ang landas tungo sa kaunlaran ng bayan laluna ng masang magsasaka. Sa pagpapalaya sa pinakamalaking uri ng lipunan, at pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng rebolusyonaryong partido nito, makakamit ang isang tunay na malaya, masagana at makatarungang lipunan.###

## **Gubernur Antonio T. Kho at Ferdinand Marcos Jr: utak ng kampanyang pagpatay sa magsasaka sa Masbate**

Marso 3, 2024

## **Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Malinaw na isa sa mga nakikitang motibo sa pagpatay sa matandang mag-asawang sina Pedro at Florencia sa Barangay Tuburan, bayan ng Cawayan ay ang plano ni Gov. Antonio T. Kho na palayasin ang mga magsasaka sa lupaing Triple A. Ang Triple A ay lupaing bahagi ng mga nakaw na yaman ng pamilyang Marcos na sinekwester ng reaksyunaryong gubyerno.

Isinangkalan ang pagpatay sa mag-asawa para ilagay sa kontrol militar ang Barangay Tuboran sa publiko. Ayon sa mga ulat na nakalap ng JRC-BHB Masbate mula mismo sa malapit kay Gov. Kho, hanggang sa kasalukuya'y pinagbabawalan ng militar ang mga tao na pumasok sa naturang baryo dahil umano ay may "engkwentro". Matapos rin ang nangyaring pamamaslang, pwersahang pinasurender lahat ng residente sa naturang baryo.

Desperado si Gov. Kho na mapasakamay ang malalawak na pastuhan laluna sa bayan ng Cawayan, tulad ng Pecson, 7R at Triple A para sa kanyang rantserong interes. Matapos agawin ang Pecson at ipakontrol sa armado niyang mga ahente ang lupaing 7R, lalo siyang uhaw na makuha ang Triple A, na dati niya nang planong pagpatayuan ng pakanang agribisnes na Masbate Agro-Industrial Growth Corridor o MAGIC. Sa katunayan, dahan-dahan nang tinutuhog ng mga proyektong kalsada ang Barangay Tuburan patungong Barangay Cabungahan sa kaparehong bayan, gayundin mula Barangay Del Carmen

dadaan sa Barangay Campana, Uson tungong  
Barangay San Jose, Cawayan.

Para mapadali ang pang-aagaw, ipinagpapatuloy ni Gov. Antonio T. Kho ang kampanya ng brutal na gera kontra-magsasaka sa pamamagitan ng AFP-PNP-CAFGU. Pinatitindi ni Gov. Kho ang ilang dekadang kultura ng karahasang rantsero laban sa mga magsasaka sa walang awat na militarisasyon at kampanya ng pagpatay sa mga pobreng komunidad ng magbubungkal.

Sa ilalim ni Gov. Kho, maituturing ang prubinsya bilang Masbate killing fields. Karamihan sa higit 100 pinatay ng militar mula nang muling maging gobernador si Gov. Kho ay mga magsasaka.

Sa rantsong Pecson, pinatay ng militar ang mga magsasakang sina Manuel Cos, Renard Remulta at Pancho Versaga upang tuluyang palayasin ang mga magsasaka sa naturang pastuhan. Sa bayan ng Cataingan, pinatay ng kanyang mga armadong tauhan ang mag-amang sina Sabino at Jason Lopez noong 2019 matapos tumanggi na ibenta ang kanilang lupa sa gobernador. May basbas rin niya ang pagpatay sa mga lider-masang sina Ruben Corot at Judy Cabintoy na tumututol sa P190 bilyong dayuhang pakana na Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone ng kumpanyang Empark.

Ang mag-asawang Regala ay mga magsasaka sa Triple A. Sa reputasyon ni Gov. Kho bilang warlord, balewala sa kanya kahit nakapailalim ang Triple A maging sa huwad na reporma sa lupa ng

reaksyunaryong gubyerno (Support to Parcelization of Lands for Individual Titling).

Nagakakamali si Gov. Kho sa pagmamaliit sa kilusang magsasaka at kanilang rebolusyonaryong paglaban. Nananatiling matabang lupa ang Masbate sa rebolusyon dahil diniligan ito ng dugo ng masang magsasakang nagpapatuloy na nakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa.

## **Delubyo sa mamamayan at kalikasan ang Philippine Mining Act!**

Marso 3, 2024

### **Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Cagayan**

Ngayong araw, ika-29 taon na mula nang ipinatupad ang Philippine Mining Act of 1995 o RA 7942. Labag man sa reaksyunaryong konstitusyon 1987 ang 100% dayuhang pagmamay-ari, ito ang naging tiket ng mga dayuhan at lokal na negosyante sa pagmimima upang lubos na sinirain ang kalikasan, dambungin at gahasain ang mga likas na yaman, palayasin ang mga magsasaka, setler at mga pambansang minorya sa kanilang mga lupain at dahasin sila at labagin ang kanilang mga karapatang-tao.

Ang batas ding ito ang kinasangkapan ng estado at ng mga burgesya komprador upang kitlin ang buhay ng mahigit 100 nasawi sa pagguho ng lupa sa Masara, Maco, Davao de Oro noong Pebrero 6. Ang nangyari sa Mindanao, Cordillera, Southern Leyte at iba pang bahagi ng bansa ay hindi

malayong mangyari sa Cagayan Valley dulot ng mga dambuhala at mapanirang operasyon ng pagmimina.

Pagwasak sa ecosystem at biodiversity

Ayon sa MGB, pumapangatlo ang Cagayan Valley sa Caraga at Mimaropa sa mga rehiyong may pinakamalaking kontribusyon sa kabuuang produksyon ng mga mineral na katumbas ng ₱22.12 bilyon (11.70%). Kaya naman kaliwa't kanan ang aplikasyon para sa eksplorasyon at MPSA sa buong rehiyon, sa kabundukan man o karagatan.

Sa kasalukuyan, nasa karagatan ng Cagayan ang kauna-unahan sa bansa at pinakamalaking operasyon ng off-shore mining. Sa bisa ng limang Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) na iginawad ng DENR-MGB noong 2020, nasa 56,013 ektarya ang kabuuang sakop nito na sumasaklaw sa mga dagat ng Sanchez Mira, Claveria, Pamplona, Abulug, Ballesteros, Aparri, Buguey, Sta. Teresita, Gonzaga at Sta. Ana. Hiwalay pa ito sa black sand mining ng Riverfront Construction Inc sa Cagayan River sa tabing ng “dredging” sa ilalim ng Cagayan River Restoration Program.

Bago pa man magsimula ang operasyon ng large-scale off-shore magnetite mining, nagpaabot na ng pagtutol ang ilang lokal na opisyal, mga mambabatas at 74 grupo kabilang ang mga eksperto dahil sa ito ay “mapanira at may hindi na maibabalik na negatibong epekto” sa marine ecosystem. Kabilang sa mga masisira ang 50 ektaryang bahura at seagrass beds na tirahan ng

mga critically endangered na dugong sa Palaui Island Protected Landscape and Seascape, sa breeding area ng humpback whales, at sa susing erya ng biodiversity at priority conservation site na bahagi ng Babuyan Marine Corridor kung saan may pinakamataas na marine mammal species diversity na kalakhan ay itinuturing na endangered species. Sa kabila nito, pinahintulutan pa rin ito ng DENR at ipinagtanggol pang pumasa sa mga pamantayan na ligtas ito para sa lahat ng may buhay.

Hawak ng JDVC Resources Corp, subsidiary ng Apollo Global, ang pinakamalaking operasyon ng off-shore mining sa Pilipinas. Sa bayan lamang ng Gonzaga, pinahintulutan itong minahin ang 1,092.59 ektarya o kabuuang 11,840 ektarya hanggang sa Sanchez Mira sa loob ng 25 tawen.

Hungkag at ipokrito ang ipinangangalandakan ng DENR na magtatayo ito ng marine research station sa Sta Ana upang “malaman kung bakit kailangan protektahan at ipreserba ang coastal at marine resources” habang tahasan namang sinisira ng pagmimina ang mga deklaradong protected sites.

Pagpatay sa kabuhayan ng mga magsasaka at mamalakaya

Sa unang taon pa lamang ng operasyon nito, random na ng mga mangingisda ang epekto nito sa kanilang kabuhayan. Sa bayan ng Aparri, bumagsak at nawalan ng kabuhayan ang mayorya sa 11,000 mamalakaya. Dahil sa “dredging” sa Cagayan River at off-shore mining, mula sa 200

container na huling aramang (spider shrimp) sa limang araw na paglaot, maswerte na kung makahuli sila ngayon ng 50 container na minsan nga ay wala. Habang ang dating 200 kilong isda na magdamag na huli ng isang bangka ngayon ay tatlong kilo na lang. Maging ang mga umaasa sa pagtitinda ng aramang bilang kabuhayan ay apektado rin.

Sa bayan naman ng Gonzaga, problema ng mga mangingisda ang restriksyon sa kanila na pumalaot. Dahil sa mga iniwang epekto ng naunang black sand mining noon, napilitan silang lumayo dahil wala nang mahuli sa malapit. Doble dagok sa kanila ngayon ang off-shore mining sa kanilang mga karagatan.

Pahirap ito, hindi lamang sa mga direktang apektado kung hindi sa buong ekonomya at food security ng rehiyon. Nagmumula sa Cagayan ang 72.3% ng suplay ng isda sa buong Cagayan Valley kung saan 60.2% nito ay galing sa municipal waters o 15 kilometro mula sa baybayin na saklaw ng pagmimina.

Parehong kapalaran ang sinapit ng mga magsasaka sa Sta. Barbara, Iguig, Cagayan na apektado ng coal mining ng DM Wenceslao & Associates Inc; sa coastal Isabela dahil sa Dinapigue Mining Corp na subsidiary ng Nickel Asia Corp na pumatay sa kabuhayan at nagpalayas sa mga katutubong Dumagat sa kanilang mga lupang ninuno at; sa Nueva Vizcaya kung nasaan ang open-pit mining ng Oceana Gold Philippines Inc (OGPI) at FCF Minerals Inc at matapos pagpasasaan ang yamang lupa ng Vulcan Mines sa

Diadi at ng Golden Summit Mining Corporation (GSMC) sa Cordon, Isabela.

Pandarambong at pagyurak sa pambansang patrimonya

Kasabwat ang lokal na gubyrno at mga burukrata, kapalit ng malalaking kikkbak, malayang naagaw at nawawalan ng tirahan at kabuhayan ang mga magsasaka at mangingisda samantalang bundat na bundat naman ang mga dayuhang kumpanyang nagpapakasasa sa mga likas ng yaman ng bansa. Tinatayang nasa 632 milyon MT ng magnetite ang ore reserve sa eryang saklaw ng off-shore mining o katumbas ng \$71 bilyon o ₱3.53 trilyon (batay sa \$112/tonelada presyo sa merkado). Habang 7 milyon MT naman na buhangin na may kasamang mga mineral sa ilog ng Cagayan.

Sa halos tatlong dekadang operasyon ng mga dayuhang minahan, wala itong iniwan sa bansa kung hindi mga kalamidad at delubyo. Taliwas sa mga buladas ng gubyrno, hindi ito naghatid ng kaunlaran bagkus ay lalong pagkabangkarote at pagkawasak. Hindi nalilintang ang mga yamang mineral ng bansa para sa pambansang industriyalisasyon, bagkus ay pinanatili lamang ito bilang simpleng paglalagakan ng kapital at pagnanakawan ng mga hilaw na materyales at murang lakas-paggawa.

Kasaysayan ng karahasan at paglabag sa mga karapatang-tao



Kakambal ng paglitaw ng mga minahan ang militarisasyon at pag-atake sa mga karapang-tao. Ang mga mersenaryong tropa ng AFP-PNP at mga paramilitar ang nagsisilbing pribadong goons at security sa mga kumpanya ng pagmimina. Bagamat idineklara nang “insurgency-cleared” ang lalawigan ng Nueva Vizcaya, hindi pa rin umaalis ang mga tropa ng 86th IB sa mga komunidad, lalo na sa baryo ng Didipio sa Kasibu at Runruno sa Quezon upang bantayan at tiyaking tuluy-tuloy ang panggagahasa at pagwasak ng OGPI at FCF Minerals sa mga kabundukan.

Mula nang magsimula ang operasyon ng dalawang minahan, marami na ang ipinakulong at ginipit na mga lider-magsasaka na nagtatanggol ng kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan. Pamamaslang at red-tagging naman ang sinapit ng mga mamalakaya at mga lider ng organisasyon laban sa pagmimina sa Cagayan. Matatandaang pinaslang ng mga pinaghihinalaang tropa ng militar ang isang myembro ng Anakpawis at Save Wangag River Movement (SAWAREM) sa Flourishing, Gonzaga noong Disyembre 2021. Peke-pwersado ring pinasuko ang mga mangingisda ng Aparri at Ballesteros na tumututol sa mapanirang pagmimina.

Kasaysayan ng paglaban at sama-samang pagkilos

Dahil sa nagkakaisang lakas at paglaban ng masa, katuwang ang BHB, naparalisa, napahinto at napalayas ang operasyon ng 64,000 ektaryang coal mining sa Benito Soliven, Cauayan, San Mariano, Naguilian sa Isabela noong 2005, gayundin ang malawang protesta at kilusang masa

sa hilagang Cagayan noong 2014 laban sa magnetite mining. Nitong 2022, muling dumaluyong ang mahigit 1,000 mamalakaya at mga residente ng Aparri at Ballesteros upang tutulan ang black sand mining sa Cagayan River.

Buhay na patunay ang Philippine Mining Act of 1995 na ang 100% pagmamay-ari sa lupa at likas na yaman ng bansa ng mga dayuhang negosyante at oligarkiya ay higit lamang na lulunod sa mamamayan sa kumunoy ng pagdurusa at pang-aapi. Pinasidhi pa ito nga mga neoliberal na polisiya na pumapatay sa naghihingalong pambansang ekonomya.

Sa harap ng sumasahol na pagwasak at paglapastangan sa kalikasan at tumitinding pagyurak sa mga karapatan, wala nang ibang pagpipilian ang mamamayan kung hindi ang tumindig at lumaban. Habang lalo silang ginugutom at inaagawan ng lupa at kabuhayan, lalong nag-aalab ang kanilang damdamin at galit sa estado na mas pumapabor sa mga dayuhan at naghaharing-uri kaysa sa masang anakpawis.

Lalo rin silang namumulat sa kawastuhan at pangangailangan ng paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong paglaban. Lalo nilang sinusuportahan at pinalalakas ang Bagong Hukbong Bayan na sa kasaysayan ay siyang tunay na nagtatanggol sa kalikasan at kabuhayan ng masa. Ngayong bumalik na naman ang mga operasyon ng pagmimina matapos silang mapalayas noong 2013, muling naghahanap at nananabik sa hukbo ang masa at handang patuluyin sila sa kanilang mga tahanan.

## **Magabun-ag sang mas dalagku pa nga pagbato sang pumuluyo ang pasismo sang estado**

Marso 7, 2024

### **Dionesio Magbuelas, Spokesperson NPA-South Central Negros (Mt. Cansermon Command)**

Damgo lang ang handum ni Armed Forces of the Philippines (AFP) chief Gen. Romeo Brawner sa iya ginawakal nga wasakon na sang pwera sang reaksyonaryo nga militar ang New People's Army (NPA) kag bilog rebolusyonaryo nga kahublagan sa Visayas sa subong nga tuig.

Halin nagligad semana pa ini ginatikal sang mga opisyal militar sang AFP, ilabi na sang Visayas Command (VISCAM) kag 3rd Infantry Division, bangud kuno sa sunod-sunod nga mga kadalag-an sang ila operasyon militar.

Lakip sa bogus nga mga kadalag-an sang AFP ang asud-asod nga pagpanganyon kag pagpangbomba gamit ang ila mga air assets sa mga komunidad sang mga mangunguma partikular sa Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City, Negros Occidental sadtong Pebrero 22 sang aga kag gab-i, pagpanghulog sang 500-pound nga bomba kag pagpangayon sa tatlo ka mga barangay nga sakop sang San Joaquin, Iloilo sadtong Pebrero 28, kag ang makasiligni nga pagmasaker sa lima ka katapo sang NPA sa Barangay Campagao, Bilar, sa isla sang Bohol, sadtong Pebrero 23.

Ang nasambit nga mga operasyon militar ang hugot nga ginakondenar sang nagkalain-lain nga Human Rights advocates lakip na sang mga tawong simbahan bangud paglapas ini sa internasyunal nga makitawhanon nga laye kag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), kag nagtuga ini sang tuman nga kakugmat sa mga komunidad sang mangunguma.

Ang mga ginlunsar nga lapnagon kag masingki nga operasyon militar sa bilog pungsod nagapakita lang sa desperasyon sang AFP nga matapos na ang “internal security problem” para mapukos na ang ila atensyon sa “eksternal nga depensa” sandig sa presyur sang imperyalistang US tungod gusto sini nga gamiton ang Pilipinas sa pagpasingki pa sang kinagamo sa West Philippine Sea batok sa pungsod China. Resulta sini ang paggamit sang AFP sang pinakabrutal kag makasiligni nga pamaagi agud tapnaon ang tanan nga porma sang paghimakas sang pumuluyo, armado man ukon ligal nga demokratikong paghimakas.

Ang wala untat kag pokus nga operasyon militar sang AFP mas nangin makahalalit kag lubos nga nagaguba sang palangabuhian sang mga mangunguma sa kabukiran nga nagapanguna man nga biktima sang mga pasistang suldado. Dugang ini nga kabudlayan sang pumuluyo kadungan sa pila ka bulan na nga pag-antus nga dala sang El Niño. Kasubong man, wala sang kongkreto nga sabat ang rehimen US-Marcos II kag mga LGU sa malawig na nga demanda sang pumuluyo kaangay

sang matuod nga reporma sa duta, pungsodnon nga industriyalisasyon, makabuhi nga sweldo kag benepisyo, hustisya sosyal kag iban pa.

Mas dapat magkabalaka si Gen. Brawner kag ang iya mismo Commander in Chief nga si Marcos Jr bangud ini tanan nga mga kondisyon ang nagatuga sang mas madasig nga pagbaskog sang nagkalain-lain nga porma sang paghimakas sang pumuluyo. Ang pasismo sang estado ang magabun-ag sang mas dalagku pa nga pagbato sang pumuluyo, lakip na sang masang Negrosanon sa South Central Negros, kag pagbaskog sang armadong paghimakas sa bilog pungsod.###

## **Pahayag ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) para sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis**

Marso 7, 2024

### **Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka)**

Sa ikalawang taon ng pasistang rehimeng Marcos Jr., nagpapatuloy ang rebolusyonaryong paglaban ng kababaihang anakpawis para lumahok sa armado at di-armadong porma ng paglaban sa pag-abante ng pambansa-demokratikong rebolusyon bayan!

Ang matinding pang-aapi at pagsasamantalang dinaranas ng kababaihan sa isang lipunang malakolonyal at malapyudal ang nagpapalakas at nagpaparami sa kasapian ng mga

rebolusyonaryong organisasyong masa tulad ng MAKIBAKA.

Kalakhan ng kababaihan ay nabibilang sa pinakamahirap na saray ng lipunan, mga manggagawa, magsasaka at katutubo, mga maralitang lungsod at maging sa kanayunan. Hindi pa man nakakabangon mula sa malawakang pagpatay sa hanapbuhay, bagsak na kita at taas ng presyo ng mga bilihin at yutilidad dulot ng pandemya, pinalala ng rehimeng Marcos Jr. ang paghihikahos ng kababaihan sa mga neoliberal na kasunduan at patakarang ipinapatupad nito.

Lantaran ang pagkiling ni Marcos Jr. sa impeyalistang US sa mga patakaran nito sa ekonomiya at pulitika. Lalong binubukas ang ekonomiya ng Pilipinas sa mga dayuhang pamumuhunan ng mga imperyalistang bansa sa pagbabago sa 1987 Konstitusyon o Charter Change.

Ginamit pa ng rehimen ang People's Initiative (PI) na dapat ay kapangyarihan ng taumbayan na magtulak ng reporma sa konstitusyon na ibinunga ng EDSA People Power Uprising o pagpapatalsik sa diktadurang Marcos Sr. Kaliwa't kanan ang mga ulat ng panloloko at paggamit ng ayuda upang makakalap ng pirma para sa pekeng PI ng estado.

Wala pa mang ChaCha, todo larga na ang rehimen sa pagpapapasok ng dayuhang pamumuhunan sa bansa. Apat na dekada nang ipinatutupad ang liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan at sinundan pa ng pag-amyenda sa Foreign

Investments Act, Retail Trade Liberalization Act at Public Services Act para pabilisin ang dayuhang pagnenegosyo sa bansa sa mga nakalipas na taon.

Walang pag-unlad na idinulot ang pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran. Sa halip, palagiang depisito sa kalakalan ang Pilipinas at nananatiling nakaasa ang ekonomya sa remitans at pangungutang. Sa loob lamang ng dalawang taon umabot na sa Php1.82 trilyon ang inutang ng administrasyon, sa taong 2023 umabot na sa Php14.62 trilyon ang kabuoang utang ng Pilipinas. Tiyak na pasanin ng kababaihan at mamamayan hanggang sa mga susunod na henerasyon ang pagbabayad nito.

Dahil nakatali ang ekonomya ng bansa sa pandaigdigang sistemang kapitalista, ang krisis ng imperyalismo ay may direktang epekto sa trabaho at kabuhayan ng mga Pilipino. Habang tumitindi ang krisis, tumitindi din ang pagsasamantala ng mga malalaking kapitalista.

Ang tatlong pinakamalaking apparel manufacturer na bumubuo sa 60% ng kabuuang garments exports ng bansa ang nag-mass layoff sa pagitan ng 2019-2024 kung saan nasa 80,000 kababaihang manggagawa ang tinanggal sa trabaho. Ito ay pagkatapos maglabas ng pull-out order ng mga kapitalista sa Pilipinas para lumipat sa mga bansa tulad ng Vietnam at Cambodia kung saan mas mura ang lakas paggawa.

Nananatili ang matinding pagsasamantala sa kababaihan dahil sa kontraktwalisasyon, iba't ibang porma ng flexible labor, mababang sahod,

delikadong kondisyon sa paggawa, diskriminasyon at karahasan. Pinapalaki ang bilang ng walang trabaho para lumikha ng malaking reserbang hukbo ng lakas paggawa upang lalong baratin ang sahod at ipagpatuloy ang kontraktwalisasyon. Napakababa ng itinakdang minimum wage lalo na sa mga rehiyon. Nasa Php610 lamang sa NCR habang Php316 naman sa BARMM.

Sa kanayunan, nananatiling pinakamahirap ang mga kababaihan kabilang ang mga mangingisda, magsasaka, katutubo at pambansang minorya. Ilang dekada nang dumaranas ng matinding pagkalugi at kagutuman ang kababaihan doon dahil sa kawalan ng sariling lupang sinasaka at suporta sa lokal na produksyon ng agrikultura.

Bigo ang estado sa lahat ng repormang agraryo nito. Mula sa pagpapatupad ng Masagana 99 noong 1972 ni Marcos Sr., CARP noong 1988 ni Cory Aquino at CARP Extension with Reforms ni Arroyo noong 2009, pinoprotektahan ng estado ang mga panginoong maylupa at ang kanilang mga hacienda na matagal na dapat naipamahagi sa mga magsasaka. Sa taong 2021, may 540,000 ektarya pa ng lupang nakapailalim sa CARP na hindi pa naipapamahagi.

Ang Support to Parcelization of Lands for Individual Titling (SPLIT) ang programa ng rehimeng Marcos Jr. sa pamamahagi ng lupa. Ang nasa likod nito ay ang World Bank Group (WB) at ng Department of Agrarian Reform (DAR) na naglalayong pabilisin ang pagbebenta ng mga lupa ng mga magsasaka sa mga negosyante at panginoong may lupa sa pamamagitan ng pag-



parcelize o paghahati ng mga kolektibong Certificate of Land Ownership Award (CLOA) ng mga Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs). Tinitiyak din ng gobyerno ang kaniyang kikitain mula rito sa porma ng amortisasyon at buwis mula sa mga i-aangkat na produkto sa agrikultura.

Dahil walang sariling lupang sinasaka, karamihan sa mga magsasaka ay nakikisaka na lamang, nangungupahan o nagiging manggagawang bukid. Sa nakaambang Charter Change, matindi at malawakang pagpapalayas sa mga magbubukid at katutubo ang haharapin ng mga kababaihan sa kanayunan. Nagtukoy na ang National Mapping and Resource Information Authority (NAMRIA) ng 14.2 milyong ektarya ng alienable and disposable lands sa Pilipinas na ibubukas para sa dayuhang pagmamay-ari.

Sa halip na suportahan ang lokal na produksyon ng pagkain, walang atubiling pumanig si Marcos Jr. sa importasyon ng mga produktong agrikultural para tugonan ang krisis sa pagkain. Limang taon na mula nang ipatupad ang Rice Liberalization Law kung saan naging No. 1 importer ng bigas ang Pilipinas na nag-aangkat ng 3.8 metriko tonelada. Pumaloob din ang rehimen sa pinakamalaking Free Trade Agreement na Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) noong Pebrero 2023.

Matindi ang pinsala at malawakang pagkitil sa hanapbuhay ng mga magsasaka at manggagawang-bukid ang dinudulot ng pagpasok sa ganitong mga neoliberal na kasunduan. Dahil

sa liberalisasyon, bumabaha ng mga dayuhang produktong agrikultural sa bansa na nagreresulta sa pagkalugi ng mga magsasaka. Napipilitan silang ibenta ang kanilang mga produkto sa barat na presyo, ito ay sa kabila ng napakataas ng presyo ng bigas at pagkain sa pamilihan.

Ang pagsibol ng mga rebolusyonaryong organisasyon ng kababaihan sa kanayunan ay dulot ng pagkagutom ng sektor na siyang tagapaglikha ng pagkain ng sambayanan. Sa kawalan ng suportang natatanggap ng mga magsasaka bagkus ay dahas pa ang sinasagot, ang estado mismo ang nagtutulak sa mga kababaihan sa kanayunan na lumahok sa armadong pakikibaka sa loob ng sonang gerilya kasama ang kanilang mga anak at asawa.

Dahil tinakda ng pyudal-patriyarkal na lipunan ang pagkatali ng kababaihan sa gawaing bahay bilang primaryang tagapagtaguyod ng pamilya, kababaihan ang mukha ng biktima ng mataas na presyo ng bilihin at di nakabubuhay na pasahod sa mga manggagawa.

Ang mga kababaihang naggigiit ng karapatan sa nakabubuhay na sahod at ligtas na lugar paggawa ay tinatakot, tinatangal sa trabaho, dinadakup at dinadahas. Sa mga rehiyon, ang mga manggagawa ay hindi na makapasok sa ibang pagawaan dahil sila ay miyembro ng unyon o asosasyon sa pinanggalingan.

Sa ganitong kalagayan nagpapatuloy ang paglahok ng kababaihang sa pagpapalit ng kaayusan ng lipunan upang palayain ang sarili.

Ang matinding krisis sa ekonomiya at pulitika ang nagtutulak sa kanilang mag-organisa ng kapwa kababaihan, lumahok at manguna sa mga pakikibakang masa tulad ng piket, bungkalan at welgang bayan, at tahakin ang rebolusyonaryong landas sa porma ng armadong pakikibaka.

Kasama ang lahat ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan, kinakailangang wasakin ang imperyalismo, burukrata kapitalismo at pyudalismo para lumaya ang kababaihan at sambayanang api.

Pagpupugay sa lahat ng mga rebolusyonaryong kababaihang martir na inialay ang buhay para sa tagumpay ng digmang bayan!

Mabuhay ang MAKIBAKA! Mabuhay ang pambansa demokratikong rebolusyon! Mabuhay ang pagkakaisa ng kababaihan at mamamayan ng buong daigdig laban sa imperyalismo!

**Panagutin ang mga ganid na korporasyon at inutil na estado sa trahedyang dulot ng dambuhalang mina!**

Marso 7, 2024

**Patnubay de Guia, Spokesperson  
NDF-Southern Tagalog**

Nakikiisa ang NDFP-ST sa malakas na pananawagan ng hustisya para sa mga biktima ng sakuna ng pagguho ng lupa sa Masara, Maco, Davao de Oro noong Pebrero 6 na nagresulta sa

pagkasawi ng halos 100 at pagkapinsala ng higit 5,000 mamamayan. Dagdag pasakit ang naranasang trauma at pagkawasak ng kanilang mga tahanan at ari-arian.

Dapat mabatid ng sambayanang Pilipino na operasyon ng malalaking mina ang pangunahing sanhi ng trahedyang. Hindi ito maaaring palampasin at dapat panagutin ang mga interes sa likod ng mina at ang reaksyunaryong estado sa pagkawala ng mga buhay at pagkawasak ng mga komunidad at ng kapaligiran.

May mabigat at pangunahing pananagutan ang kasalukuyang kumpanyang nag-oopereyt sa lugar, ang Apex Mining Corporation na pagmamay-ari ng mga burgesya kumprador sa pangunguna ni Enrique Razon. Bago ito ay higit tatlong dekada nang pinagpasasaan ng mga dayuhang kumpanya ang reserbang ginto at iba pang mineral dito. Nag-umpisa itong pasukin ng mga kumpanya sa mina sa ilalim ng diktadurang US-Marcos. Bilyun-bilyong piso na ang kinita ng mga kumpanya samantalang nananatiling napakahirap ng buhay ng mga pambansang minorya at magsasaka sa lugar. Barat din ang sahod ng mga manggagawa sa minahan na dumaranas ng kalunus-lunos na kalagayan sa paggawa. Katunayan, isa sa dahilan kaya maraming manggagawa ang nasawi ay ang walang awa at iresponsableng utos ng kumpanya na ituloy ang trabaho kahit na malakas at tuloy-tuloy na buhos ng ulan at delikado sa pagguho ang pook-paggawa.

Malinaw na panlilinlang ang pagpepresinta ng estado sa trahedyang sa Maco bilang likas na sakuna

na resulta lamang ng pagbabago ng klima para ilihis ang sisi sa mga tunay na may pananagutan. Bukod sa open-pit na pagmimina, nagta-tunnel din ang kumpanya. Itinaas ng mga aktibidad na ito ang risgo ng pagguho ng lupa sa bahaging ito ng Mindanao na dati nang idineklarang geohazard. Kaya nga't mula nang minahin ang lugar, naging karaniwan ang mga sakuna. Nagkaroon na ng malalang pagguho ng lupa rito noong 2007 at 2008 na puminsala at ikinasawi rin ng mga residente.

Dapat ding singilin ang estado sa paglilingkod nito sa interes ng mina sa Davao de Oro at sa buong Mindanao. Pinahintulutan na nga ang mga korporasyon ng mina na dambungin ang mga kabundukan, ipinakat pa nito ang mga sundalo't pulis upang supilin ang mamamayang lumalaban para palayasin ang malakiha't mapaminsalang mina mula sa kanilang lupain. Ang mga pasistang tropa ng AFP ang salarin sa nagkakailang kaso ng pagpaslang sa mga lokal na lider at residente, pambobomba mula sa himpapawid at mga pang-aatake sa komunidad. Lahat ng ito ay binigyang-matwid sa tabing ng "panunugis sa NPA" kahit na pulos sibilyan ang target ng mga atosidad. Tumindi ang mga krimen kasabay ng pagpasok at pagsisimula ng operasyon ng Apex Mining nina Razon sa panahon ng rehimeng B.S. Aquino at rehimeng Duterte.

Kailanman, hindi makatitindig ang inilalakong ilusyon ng estado na giginhawa ang bayan sa pamamagitan ng mga dayuha't malalaking mina. Kahirapan, pagdambong sa likas na yaman,

kapahamakan at kamatayan ang hatid nito sa mamamayan, hindi kaunlaran. Sa mga erya ng pagmimina sa Timog Katagalugan, lalong nasadlak sa hirap at mga sakuna ang masang magsasaka at katutubo. Hanggang ngayon, pinagdurusahan ng mamamayan ang delubyong dulot ng pagbulwak ng dam ng mina sa Marinduque. Matinding pagbaha naman na nagdisloka sa libu-libong pamilya at tuluy-tuloy na pagkasira ng mga kabundukan ang kapalit ng pagbubukas ng mga minahan sa Timog Palawan.

Makatarungan ang panawagan na itigil ang mapandambong at mapaminsalang pagmimina sa bansa. Kailangang kumilos ang taumbayan upang igiit ang hustisya para sa mga biktima ng pagguho ng lupa sa Maco at iba pang sakunang dulot ng mina. Dapat unahin ang kaligtasan at kapakanan ng mamamayan, hindi ang pagkaganid sa tubo ng iilan. Kailangang maghanda at magpakatatag sa pakikibaka sa harap ng pasismo lalo't napatunayan nang protektor ng mga gahaman ang AFP-PNP at reaksyunaryong gubyerno. Hindi naiiba rito ang kasalukuyang rehimen ni Marcos Jr. na nauna nang nanikluhod sa industriya ng mga dambuhala't dayuhang pagmimina upang manlimos ng puhunan para sa kanyang bangkaroteng gubyerno.

Maaasahan ng bayan ang rebolusyonaryong kilusan sa paglaban sa pandarambong ng mga dayuhang kapitalista at kasabwat nilang burgesyas kumprador sa yamang mineral ng Pilipinas at kaakibat nitong pagwasak sa kapaligiran. Ito ang dahilan kung bakit pinapatawan ng punitibong

aksyon ng Bagong Hukbong Bayan ang mga lapastangan at sagadsaring kumpanya ng mina tulad ng Apex Mining. Itinataguyod din ng Demokratikong Gubyernong Bayan ang soberanong karapatan ng mga Pilipino na gamitin ang mga mineral, na milenya ang tagal ng panahon bago matipon, para sa tunay na pambansang industriyalisasyon.

Ang mapaminsala at nakamamatay na pagguho ng lupa sa Maco nitong Pebrero ay dagdag na kabanata sa masalimuot na kwento ng pang-aapi't pagsasamantala sa mamamayan sa ngalan ng mina para sa interes ng dayuhan at lokal na mga naghaharing uri. Matutuldukan ito oras na mapasakamay ng mamamayan ang kapangyarihang pampulitika sa itatatag na demokratikong gubyernong bayan na magtataguyod ng makatao, maka-kalikasan at pambansang patakaran sa pagmimina. Dapat magpunyagi ang lahat ng makabaya't demokratikong pwera sa pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon upang makamit ang katarungan at mabigyang katuparan ang tunay na kaunlaran para sa bayan.###

## **Batas sa Pagmimina Makadayuhan, Salot sa Mamamayan at Kalikasan**

Marso 8, 2024

**Eduardo Labrador, Spokesperson  
Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-  
Southern Tagalog**

Sa 29 taon ng Mining Act of 1995 sa ika-3 ng Marso 2024, kontra-mamamayan at matinding pinsala sa kalikasan ang hatid nito sa sa rehiyon at buong bansa. Makadayuhang batas ito ng rehimen ng dating Henerel na si Fidel Valdez Ramos (FVR), kung saan ipinatupad ng todo larga ang denasyunalisasyon o pagsusubasta ng mga pag-aari ng gobyerno mula sa pagbabangko, Philippine National Bank o PNB, Philippine Airlines, ang lansangan na Macapagal Avenue, Bonifacio Global City (bahagi ito ng libingan ng mga bayani) Ropongi Property sa bansang Hapon at serbisyo sa patubig. Lahat ng pagsasapribadong ito ay nakapadron sa mga dikta ng International Monetary Fund-World Bank (IMF-WB), Asian Development Bank (ADB) at iba pang mga dambuhalang bangko sa pagpapautang.

Ang Mining Act of 1995, sa pamamagitan ng Financial or Technical Assistance Agreement (FTAA) ay naghawan ng daan para sa 100% karapatang pagmamay-ari sa mga lokal na naghaharing uri at kasosyong dayuhang kapital mula sa dating 40%. Mismong ang Indigenous Peoples Rights Act o IPRA Law na “nagbibigay” sa mga pambansang minorya ng karapatan sa kanilang mga katutubong lupain ay nawalan ng bisa at pangil dahil sa nakasaad sa FTAA na kapag nasaklaw nito at may yamang nakadeposito ay mas mananaig ang batas sa pagmimina. Hindi sinusunod ang Free and Prior Inform Consent (FPIC) sa mga tatamaan ng proyekto laluna ang sektor ng pambansang minorya na karaniwang di nirerespeto at isinasantabi. Karaniwang modus ang panloloko sa mga komunidad ng mga minorya



para makuha ang FPIC. Resulta nito, may daan libong ektarya na ang naagaw ng mga dayuhang pagmimina sa mga katutubo, pinakahuling halimbawa ay sa bayan ng Bataraza sa Palawan.

Ipinakita rin ng FTAA ng APEX Mining kung paano tinampalasan ang kalikasan hanggang sa nagbuwis ng buhay ang may 85 mga maralitang mamamayan, bukod pa ang nawawala, sa rehiyon ng Davao de Oro. Hindi na papakinabangan ang kanilang kabuhayan at nasira at natabunang kabahayan, samantalang si Enrique Razon na isa sa pinakamayaman sa bansa at kroni ni Marcos Jr, ay nagtatampisaw sa yaman.

Sa gitna nito, nakakarimarim ang pagpapatuloy sa usapin ng charter change o “economic” chacha na patuloy na pinagbabangayan ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos II at nakaraang rehimeng Duterte, at mga alipures nila sa kamara at senado. Para sa mga ganid na ito, kulang pa ang mga naunang inihandog na patrimonyang yaman ng bansa sa mga dayuhang mamuhunan at lokal na komprador burges para iratsada ang chacha. Napakalinaw na sa 29 taon, hindi umunlad ang mga masang magsasaka, pambansang minorya at sambayanang Pilipino. Mas malaking tipak ng tubo ay naiuluwas ng mga dayuhang negosyante. Kahit ang pambansang gobyerno ay gamumo lamang ang nagiging bahagi (2%). Patunay ang taunang depisit sa pambansang badyet ng bansa, na tila pusod na nakakabit sa utang para punan ito. Lumolobo ang utang na palatandaan na pagkabangkarote ng ekonomyang malapyudal at

malapyudal na nasa P14.79 trilyon sa buwan ng Enero.

Bukod sa buwis na gatinga ang pumapasok sa kita ng estado, higit na hinahambalos ang bayan sa malubhang pagkasira ng kalikasan, tulad ng Marcopper sa lalawigan ng Marinduque. Apektado ang may 4,400 na mamamayan. Ang Brgy. Hinapulan ay nalibing sa anim na talampakang putik na nagresulta sa 400 pamilya na lumikas sa mas mataas na bahagi. Ang pinagkukunan ng tubig inumin ay kontaminado at kagyat na namatay ang mga hipon at isda sa mga ilog. Sa kabuuan, may 20 barangay ang nagsilikas mula sa 60 barangay. Iniresulta rin ng pagkakalbo ng kagubatan at open pit mining ang matinding pagbaha tulad ng kabundukan ng Mantalingajan sa bayan ng Bataraza, Palawan.

Kaakibat ng mga operasyong pagmimina ang paggamit ng pandarahas ng estado. Militarizado ang mga komunidad at naging laganap ang pagpapalayas. Sa Palawan, pinapalayas ang katutubong Palaw-an sa kanilang lupaing ninuno para bigyang daan ang pagmimina ng Rio Tuba Mining Corporation, Citinickel Mining Corp., Ipilan Nickel Corporation at mga katulad.

Kailangang magkapit-bisig ang masang magsasaka at pambansang minorya para labanan ang mga dambuhala at mapaminsalang pagmimina. Isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon (PDR) para labanan at ibagsak ang mapang-api at mapagsamantalang sistema. Sa pagwawakas sa bulok na estado at pagtatayo ng bago at tunay na gubyerno ng mamamayan tunay

lamang na mapoprotektahan ang kalikasan at maikakaloob ang pambansa-demokratikong mithiin ng mamamayan.

Isinusulong ng PDR ang pagsasabansa ng mga estratehikong mga industriya tulad ng pagmimina para sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomiya. Karugtong dapat nito ang pagpapatupad ng tunay repormang agraryo, paggawad ng awtonomiya sa mga pambansang minoritya at ng di matatawarang kawastuhan ng rebolusyong agraryo na may minimum at maksimum na layunin.###

## **Marcos Euro-trip is a brazen display of warmongering disguised as diplomacy**

Marso 8, 2024

### **NDFP International Office**

Marcos Jr's upcoming Euro-trip from March 11-15 to ink maritime security deals with Germany and the Czech Republic is a brazen display of warmongering disguised as diplomacy, and of political frivolity and extravagance.

While millions of Filipino toiling masses struggle with intensified economic hardship and calamities that demand urgent attention, Marcos Jr instead indulges in a lavish escapade to Europe right off the heels of his failed attempt to use the Australian Parliament to whitewash his regime's bloody track record, where Greens Senator Janet Rice criticized him for his regime's human rights abuses.

Instead of focusing on domestic issues, Marcos prioritizes bootlicking US military allies, further escalating inter-imperialist tensions between China and the US. Rallying US allies to increasingly get involved in the West Philippine Sea row serves the US imperialist design of provoking Beijing while implementing the US 'Island Chain Strategy' of maritime containment. This trip exposes Marcos' unwavering subservience to his US imperialist masters by supporting US war preparations in Asia at the expense of public funds and the looming threat to Philippine sovereignty.

Marcos' trip to Europe is also a self-serving political spectacle, squandering taxpayers' money under the pretense of 'fostering bilateral cooperation.' During budget deliberations in the GRP congress last year, the Office of the President requested a 71% hike in its travel budget request for 2024. In fact, these visits to Europe mark Marcos' 5th and 6th trips in 2024 alone. Aside from Australia, Marcos was just in Vietnam last January and attended a royal wedding in Brunei earlier this year.

By prioritizing F1 race shows in Singapore (in fact, Marcos has not missed attending an F1 race since assuming office in 2022), and his other foreign junkets, Marcos reveals his penchant for useless displays of foreign diplomacy, his profound detachment from the realities faced by the Filipino toiling masses, and his blind adherence to US imperialist prodding. #

# Pahayag sa Okasyon ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan

Marso 8, 2024

## **Ma. Patricia Andal, Spokesperson NDF-Mindoro**

Sa makasaysayang araw na ito, binabati at binibigyang pugay natin ang lahat ng mga kababaihan sa Mindoro, sa bansa at sa buong mundo, sa patuloy nilang pakikibaka upang makamit ang pagpapabuti ng kanilang kalagayan at mga karapatan. Para sa mga kababaihan sa Mindoro at sa bansa, nangangahulungan ito ng pakikibaka sa lahat ng aspeto ng buhay na kailangang gawing bahagi ng pakikibaka ng sambayanan para sa pambansa-demokratikong adhikain.

Ngayong araw ginugunita at ipinagdiriwang natin ang ika-113 taon ng pandaigdigang araw ng kababaihang anakpawis bilang pagkilala sa tagumpay ng mga kababaihang nakibaka para sa sahod, mas maayos na kondisyon sa pagtatrabaho, at karapatang bomoto. Ito naman ang ika-49 taon mula ng pormal itong dineklara ng United Nations bilang araw ng kababaihan.

Pinaparangalan din natin sa araw na ito ang mga kababaihang rebolusyonaryong nagbuwis ng kanilang buhay alang-alang sa paglilingkod sa sambayanan kagaya ni Josephine “Ka Sandy” Mendoza, ikalawang pangalawang Kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan. Sa Mindoro, pinagpupugayan natin ang pinakahuling

mga kababaihang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na martir ng rebolusyon na sina Abegail “Ka Esang” Bartolome, Nancy “Ka Mamay” Looy Yaw-an, Irene “Ka Giselle” Matulac, kasama ang marami pang kababaihang kadre at kasapi ng Partido, at mga kasapi ng mga organisasyong masa sa buong bansa na nag-alay ng kaisa-isang buhay para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Kabilang sila sa mga tunay na bayani ng sambayanan na hindi natakot magsakripisyo alang-alang sa bayan, winakasan ang pagiging kimi, at nakibaka para sa dakilang mithiing palayain ang sambayanan sa kamay ng imperyalismong US, pyudalismo, at burukrata kapitalismo. Gawin nating inspirasyon ang magigiting at matatapang na mga kababaihang ito gayundin ang iba pang mga martir ng rebolusyon.

Ang pakikibaka ng mga kababaihan ay isang esensyal na bahagi ng kabuuang pakikibaka ng mamamayang Pilipino at uring anakpawis sa buong daigdig. Karamihan sa kababaihan ang mula sa uring manggagawa at magsasaka na bumubuo ng higit sa 90 porsyento ng mga uri sa lipunang Pilipinong nakakaranas ng labis-labis na kahirapang ibinunsod ng krisis ng nabubulok na malakolonyal at malapyudal na lipunan. Dagdag na pagpapahirap ang diskriminasyon at pagsasamantala sa kanila dahil sa mas mababang pagtingin sa kanila ng lipunan. Araw-araw na nakikipaglaban ang mga kababaihan sa matinding kahirapan ng buhay na dulot ng kawalan ng lupa, kawalan ng disenteng hanapbuhay, napakababang sahod, kapabayaang ng reaksyunaryong guberno,

at matinding pasismo ng mga armadong pwersa ng estado.

Sa kanayunan, biktima ang kababaihang magsasaka ng malaganap na kawalan ng lupa, mataas na upa sa lupa, usura at napakababang presyo ng mga produktong bukid . Itinuturing bilang rice granary ng MIMAROPA ang Mindoro subalit karaniwan na ang dalawang beses lang na kain sa maghapon ng masang anakpawis dahil hindi na nila makayanan ang napakataas na presyo ng bigas na umaabot ng 55-65 piso kada kilo. Maging ang asin at sibuyas na karaniwang produkto sa isla ay hindi na rin kaya ng bulsa ng karaniwang masa.

Kung kailan tuluy-tuloy ang pagtaas ng bilingin, nakagagalit naman ang bagal ng pagtaas ng sahod at barat na barat na presyo ng mga produktong bukid. Sa palayan, nakapako sa 14-18 piso kada kilo ang presyo ng palay, habang sa niyugan naman ay 19-22 piso lamang ang bawat kilo ng kopras. Samantalang umaabot lamang ng 40 piso ang presyo kada kilo ng sibuyas gayong napakataas ng gastos sa produksyon nito na umaabot ng 57,000- 60,000 piso sa bawat lata. Lalo pang lalaki ang gastos sa produksyon ngayong El Niño dahil sa mas malaking gastos sa patubig. Matinding pagtitipid at pagpapakahusay sa pagbabadyet ang ginagawa ng mga ina ng tahanan sa kakarampot na kinikita ng karaniwang pamilyang Pilipino na lubhang napakalayo sa 1,090 pisong kailangan ng isang pamilya para mabuhay ng disente sa bawat araw.

Lubhang napakababa ng karaniwang 150-250-450 pisong arawang sahod ng mga manggagawang bukid at mala-manggagawa sa isla. 10-12% o abereyds na 6-8 kaban lamang sa kada ektarya ng lupang palayan naman ng netong ani sa bukid ang karaniwang kabahagi ng mga katulong sa bukid. Kulang na kulang ito para tustusan ang mga pangangailangan ng buong pamilya. Mistulang pang-aalila sa asawa ng mga katulong sa bukid ang mga trabahong pinagagawa ng kani-kanilang mga amo kagaya ng paglilinis ng bahay, pagluluto, pag-aasikaso ng mga alagang hayop at iba pa na hindi binabayaran. Para madagdagan ang kakarampot na kinikita ng mga manggagawang bukid, karaniwang gawi na ng mga asawa nila ang managraw o mamulot ng mga tira-tirang inani sa bukid na maaari pang pakinabangan.

Dagdag pang banta sa kabuhayan ng masang Mindoreño ang idudulot ng mga mapanira at anti-mamamayang mga proyekto kagaya ng mga dam na planong itayo sa mga ilog ng Kayakyan, Bongabong, Mompong at Amnay, mga renewable energy projects sa mga bayan ng Rizal, Sablayan at Puerto Galera. Anumang pilit na tabingan ito ng mga lokal na burukrata para umano sa paglutas sa krisis sa kuryente sa isla at paglikha ng dagdag na mga trabaho, malinaw sa mamamayan na magsisilbi lamang ito sa interes ng mga dambuhalang dayuhang mga negosyante. Nariyan din ang mga proyektong ekoturismo sa Bulalacao at Mansalay, pagmimina sa San Jose at sa hangganan ng Victoria at Sablayan, at Tamaraw Reservation Expansion program na sasaklaw sa mahigit 64,000 ektaryang lupaing taniman at



panirahan ng mga katutubo, bukod pa ang sasaklawing lupa ng mga magsasaka. Tiyak na walang kabutihang idudulot ang mga proyektong ito sa mamamayang Mindoreño kundi ang pagpapalayas, pangwawasak sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan. Dagdag pang magpapabilis sa malawakang pangangamkam ng mga lupain ang nilulutong Charter change ng ilehitimong rehimeng US-Marcos. Kapag naisabatas ito, tiyak na ang 100% pagmamay-ari ng mga dayuhan sa lupa at mga susing industriya sa bansa.

Dulot ng ganitong kalagayan, libu-libong kababaihang Mindoreño ang nagpapasyang mangibang-bayan bilang mga OFW sa pagbabakasakaling gumanda ang buhay at makaahon sa kahirapan. Kakambal ng pagtitiis sa matinding kalungkutan at pangungulila sa pamilya, ang hindi maayos na kondisyon sa trabaho at pagmamaltrato ng kani-kanilang mga among dayuhan. Napakahaba na ng listahan ng mga kababaihang OFW na bangkay nang iniuwi sa Pilipinas, dagdag pa dito ang mas mahabang listahan ng mga ginahasa, binubugbog, at inaabuso. Ang lalong nakagagalit, patuloy na hinihimok ng gobyerno ang pag-eksport ng lakas paggawa, habang inutil ito sa pagbibigay hustisya sa masaklap na sinasapit ng mga OFW gayong sila mismo ang nagtaguri sa mga ito bilang mga bagong bayani ng lipunang Pilipino dahil sa laki ng ambag nila sa ekonomiya ng bansa.

Sa gitna ng busabos na kalagayan ng mga kababaihang anakpawis, nananatiling bulag at

bingi ang gubyerno ni Marcos na magbigay ng makabuluhang serbisyong panlipunan sa mamamayan. Madalang pa sa patak ng ulan sa tagtuyot na makatanggap sila ng ayuda mula sa reaksyunaryong gubyerno laluna sa panahon ng matitinding kalamidad. Ganito rin ang karanasan ng libu-libong mamamayang naapektuhan ng oil spill mula sa barkong MT Princess Empress na naganap sa karagatan ng Oriental Mindoro mahigit nang isang taon ang nakalilipas. Maging ang programa ng DSWD na 4P's o Pantawid Pamilyang Pilipino Program na naglalayon diumanong tulungan ang bawat pamilyang Pilipino na umangat ang kalidad ng buhay ay hindi rin nagsisilbing tulong sa mga nanay para magkaroon ng maayos na edukasyon at buhay ang kanilang mga anak. Tila limos lamang ang 500 piso sa bawat bata kada buwan na tuwing ikatlong buwan pa nila nakukuha. Ang kakarampot na pera ay kapalit ng napakaraming abala at rekisitos katulad ng pagdalo sa mga regular na pulong at patawag. Masaklap pa, libu-libo na sa mga benepisyaryo ng 4P's ay nawawala sa listahan dahil diumano'y umangat na ang kabuhayan nila dulot ng mga naunang ayuda na isang palusot lamang para maghugas-kamay ang gobyerno sa kanyang responsibilidad. Serbisyo sana itong para sa mamamayan subalit batbat ng korapsyon at ginagawang gatasan ng mga nakaluklok sa burukrasya.

Tila langit na hindi maabot ang serbisyong pangkalusugan dahil sa matinding kahirapan ng mamamayan at lubos na kapabayaang reaksyunaryong gubyerno. Sa isla, mabibilang

lamang sa kamay ang mga ospital, pagamutan at mga lying-in clinics para sa mga buntis. Iilan-ilan na nga lang ay napakamahal pa ng babayaran para sa pagpapagamot, pagpapatsek-ap at panganganak. Maging ang pagpapaaral sa mga bata ay halos di kinakaya ng masang anakpawis. Hungkag ang ipinagmamalaki ng reaksyunaryong gubyrerno na libreng sistema ng edukasyon sa bansa. Libre man ang matrikula ay napakalaki pa rin ng mga gastusin sa eskwelahan kagaya ng mga proyekto at baon ng mga estudyante, upa sa mga boarding house at dormitoryo, at marami pang iba. Nananatiling napakababa ang akses ng mga katutubo sa mga eskwelahan na tila napakalayo sa kani-kanilang mga pamayanan at kadalasa’y sa mga sentro ng mga baranggay at bayan pa matatagpuan.

Kakatwa na walang matinong tulong at serbisyong maihatid ang reaksyunaryong gubyrerno subalit sa araw-araw, daan-daang libong piso ang winawaldas ng 203rd Bde at PNP MIMAROPA sa madalas na pagpapalipad ng kanilang mga helicopter para lamang dalhan ng iilang sakong suplay ang kanilang mga tropang nag-ooperasyon sa kabundukan o di kaya’y magbagsak ng mga polyetong naglalaman ng mga maiitim na propaganda laban sa rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro. Bukod pa rito ang pagpabalik-balik ng mga drone para sa paniniktik sa mamamayan, pagdagsa ng mga tangke de gyera, howitzer, bomba, baril at mga balang patuloy na pinagkakagastusan ng gubyrerno para diumano’y durugin ang “natitirang” rebolusyonaryong pwera sa Mindoro. Ang pagtatapon ng milyun-

milyong pondo ng bayan para sa mga makabagong sandata ng 203rd Bde at PNP MIMAROPA ay naghahatid lamang ng perwisyo at naghahasik ng terror sa mamamayang Mindoreño.

Kabilang din ang mga kababaihang Mindoreño sa mahabang listahan ng mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao ng mga pasistang AFP-PNP-CAFGU. Nito lamang 2023, biktima ng panggagahasa ng mga sundalo ang dalawang kababaihan mula sa Brgy. Lisap at Hagan, Bongabong. Kabilang ang mga kababaihan o di kaya'y ang kanilang asawa, mga anak, at kapamilya sa mga biktima ng nagpapatuloy na ekstrahudisyal na pamamaslang, iligal na pang-aaresto at pagdedetine, pambubugbog, tortyur, sapilitang pagkawala, red tagging, pambobomba at panganganyon sa mga komunidad.

Sa gitna ng ganitong kalagayan, dapat patuloy na magpunyagi ang mga kababaihan na wakasan ang pananahimik at pagsasawalang-kibo sa nararanasang pang-aapi at pagsasamantala, diskriminasyon at labis-labis na kahirapan. Nakikita na ng mga kababaihan ang kanilang malaking parte sa lipunan. Dahil binubuo sila ng kalahati ng mamamayang Pilipino, hindi magbabago ang kalagayan kung kalalakihan lamang ang magrerebolusyon para ibagsak ang mapang-aping sistema. Patuloy nating imulat ang kababaihan sa kanyang papel para baguhin ang umaalingasaw at nabubulok na lipunan. Hindi sapat ang ilampung libong naorganisang kababaihan sa kalunsuran at kanayunan ng Mindoro na naipaloob sa rebolusyonaryong

organisasyon masa ng sektor, ang Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan o MAKIBAKA. Himukin natin ang mas marami pang kababaihan na sama-samang kumilos kapwa sa kalunsuran at kanayunan, sa iba't ibang daluyan ng pagkilos- sa hayag at lihim, legal at ilegal, armado at di-armado para baguhin ang aping kalagayan at kagalingan ng sector. Maging aktibong pwersa tayo para sa demokratisasyon ng lipunan at sa loob ng ating mga tahanan. Higit sa lahat, paramihin pa natin ang hanay ng mga kababaihang nagpasyang humawak ng armas at sumampa sa Bagong Hukbong Bayan upang isulong ang pinakamataas na anyo ng pakikibaka, ang armadong paglaban.

Kababaihan, magkaisa at sumulong. Sumampa sa hukbong bayan. Ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan!

**Salute to all militant and revolutionary women! Your victories are the people's victories!**

Marso 8, 2024

### **Christians for National Liberation (CNL)**

The Christians for National Liberation extends its warmest greetings and salutes to all proletariat Filipino women this March 8, International Working Women's Day! Revolutionary and progressive Filipino women deserve recognition as they painstakingly and zealously live out the important role of women in the struggle for national liberation and democracy.

CNL marches with the proletariat Filipino women who militantly oppose every attempt of Marcos Jr to further neoliberal policies that established, and now worsen, the stunted and backward economy in the country. Today, foreign capitalists and local comprador bourgeoisie are a race with each other in the ownership and control of our rich resources and the exploitation of our toiling masses for super profit.

The people also reject the conflict between the Marcos and Duterte cliques and ultimately expose the blatant evil infidelity of the two to their imperialists: the US and China, and to big local landlords and comprador bourgeoisie. This is bureaucrat capitalism at the core. Filipino women are also at the forefront of defending the people's dignity and rights against all forms of discrimination and violence, most especially fascism and state terrorism.

In today's commemoration of International Working Women's Day, CNL takes pride in the 12-point program of the National Democratic Front of the Philippines, as the most concrete program that upholds the welfare of women. It offers a program that will pave the way for an alternative life that every Filipino woman aspires to have. A life with food security through genuine agrarian reform, economic security in an independent and self-reliant economy through national industrialization, and welfare by upholding and promoting the people's democratic rights, and dignity as it advances the revolutionary emancipation of women in all spheres. The

protracted people's war pulls up the weeds of oppression by the roots. Thus, awakening, organizing, and mobilizing women, who compose half of the population and the majority are from the working class, is one of the most important tasks of the national democratic revolution.

We salute the many Filipino woman revolutionaries who pursue the highest form of resistance in the countryside's battlefield through armed struggle. They point their rifles to the people's oppressors, nurture communities with revolutionary teachings, and mobilize the masses to defend and protect themselves. In our history and practice, the revolutionary movement recognizes and treats the rights and capacities of women equally to men. The revolutionary movement also rejects all forms of discrimination and underestimation of the ability of women. We highly value the potential and active contribution of women and LGBTQ+ in advancing the Philippine revolution.

We acknowledge that besides class oppression, women are also bound by cultural oppression and patriarchy. CNL, therefore, reaffirms that it is only through the national democratic revolution with a socialist perspective that the life of dignity and Shalom of women could be pursued. We commend the victories won by the militant and revolutionary Filipino women as these victories are great and enduring contributions to achieve lasting national liberation and democracy. Likewise, the victory of the NDR is a liberation for all Filipino women.

Mabuhay ang mga kababaihang manggagawang Pilipino!

Mabuhay ang nakikibakang kababaihan!  
magsasaka, maralitang-tagalunsod na kababaihan!

Onward with the People's War!

**Pasiklabin ang pakikibaka para sa hustisyang panlipunan, singilin ang mga berdugong rehimen ni Marcos Jr. at Duterte!**

Marso 9, 2024

**Malaya Asedillo, Spokesperson  
NDF-Laguna**

Tatlong taon na ang lumipas mula nang naganap ang Bloody Sunday Massacre, na kumitil sa buhay ng 9 na aktibista at nagdulot sa pagkaaresto ng 5 sa Timog Katagalugan.

Sa utos ng berdugong si Rodrigo Duterte, inilunsad noong Marso 7, 2021 ang isang simultaneous and enhanced police and military operation (SEMPO) sa Cavite, Laguna, Batangas, at Rizal. Habambuhay na nakatatak ang pangalan ng mga pinaslang: Emmanuel Asuncion ng Cavite; Chai Lemita-Evangelista at Ariel Evangelista ng Batangas; Melvin Dasigao, Makmak Bacasno, Randy at Puroy Dela Cruz, at Edward at Abner Esto ng Rizal. Hinuli at kinasuhan sina Mags Camoral, Nimfa Lanzanas, at Steve Mendoza ng



Laguna; at sina Joan Efren at Eugenio Tadeo ng Rizal.

Sa buong buwan ng Marso 2021, 10 ang pinaslang habang 7 ang kinulong ng rehimeng US-Duterte sa gawa-gawang kaso. Noong Marso 4 sina Arnedo Lagunias at Ramir Corcolon, mga lider-union sa Laguna. Samantala, pinatay si Dandy Miguel, pangulo ng unyon ng Fuji Electric, habang pauwi siya sa bahay nila sa Canlubang, Laguna noong Marso 28.

Tatlong taon na ang lumipas ngunit mailap pa rin ang hustsiya para sa mga biktima ng Bloody Sunday Massacre. Kahit patuloy na nagigiit ang mga pamilya, tagasuporta, at maging ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa ibang bansa, malinaw na walang interes ang reaksyunaryong estado sa pagbigay ng tapat na paglilitis para sa mga sangkot sa krimen na ito.

Sa kabila ng mga buladas ni Ferdinand Marcos Jr. na rinerespeto niya ang karapatang pantao, kitang-kita na pinagpapatuloy lang niya ang madugong simulain ni Duterte. Nagpapatuloy ang whole-of-nation approach ng estado upang gamitin ang lahat ng sibilyan na ahensya nito a paniniktik at pagbubusal sa demokratikong kilusang masa.

Tuloy-tuloy din ang mga focused military operations at civil military operations ng AFP para maghasik ng puting lagim sa kanayunan. Patunay lamang ang mga insidente ng pagkakampo ng 1st Infantry Division ng 2nd Infantry Battalion ng AFP sa mga bayan ng Santa Maria, Pakil, at Pangil mula 2023 hanggang sa kasalukuyan, at ang

pagpakat ng PNP ng mahigit 1,000 na pulis para magmando ng mga checkpoint sa lahat ng bayan ng Laguna noong Pebrero 24 para sindakin ang mamamayang nais lumahok sa mga kilos protesta kaugnay ang ika-38 na anibersaryo ng pag-aalsang EDSA People Power.

Marapat lamang na ipagpatuloy ng mamamayang Lagunense ang pakikibaka para sa hustisyang panlipunan. Dapat isandal sa pader ang parehong Marcos Jr. at Duterte at singilin sila sa mga malubhang paglabag nila sa karapatang pantao. Sila ang kumakatawan sa mga pinakamasahol na berdugo at pasista sa hanay ng mga naghaharing uri sa ating bansa.

Panawagan ng National Democratic Front of the Philippines sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa Laguna na kamtin ang hustisyang panlipunan sa ating bayan sa pamamagitan ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Ang demokratikong rebolusyong bayan ay isang anti-pasistang rebolusyon na may layuning lansagin ang mga sagadsaring aparato ng reaksyunaryong estado — ang AFP, PNP, at lahat ng mga reaksyunaryong pwersa.

Sa patuloy na pagsikad ng demokratikong rebolusyon ng bayan, itinatatag ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga organo ng kapangyarihang pampolitika bilang binhi ng bagong demokratikong republika. Sa mga pinalayang purok, umiiral ang rebolusyonaryong hustisya na nakaayon sa makatwirang resolusyon ng mga kaso at paglabag sa mga saligang karapatan ng mamamayan.

Kasabay ng pagpapanawagan para sa hustisyang panlipunan, dapat isulong ang usaping pangkapayapaan sa pagitan ng mga kinatawan ng GRP at NDFP, na nakabatay sa pagkamit ng tunay, makatwiran at pangmatagalang kapayapaan. Dapat na ipatupad ang mga probisyon ng Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at pirmahan ang Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) bilang mga makabuluhang hakbang tungo sa paglutas ng mga ugat ng kahirapan sa bansa — ang imperyalismong US, pyudalismo, at burukrata kapitalismo.

Patuloy na maglalagablab ang hangarin ng taumbayan na makamit ang hustisya at kapayapaan. Sa kabila ng tumitinding pasismo at panunupil, lalong nagiging makatwiran ang paghihimagsik para sa karapatan at tunay na kalayaan!

## **Patuloy na ipaglalaman ng mamamayan ng TK ang hustisya para sa mga biktima ng Bloody Sunday Massacre**

Marso 9, 2024

### **Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog**

Tatlong taon na ang lumipas ngunit nananatiling mailap ang hustisya para sa mga biktima ng Bloody Sunday Massacre at kanilang mga kaanak. Habang nagdurusa ang bayan dahil sa

papatinding krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal, lumalala ang inhustisya at impyunidad ng pasistang estado. Higit na kinakailangang magkaisa ang buong bayan at makibaka para igiit ang karapatan at demokrasya at ipaglaban ang inaasam na hustisya at tunay na kapayapaan.

Ang Bloody Sunday Massacre ay iniresulta ng operasyong COPLAN ASVAL ng pinagsanib na pwersa ng Southern Luzon Command (SOLCOM) at PNP CALABARZON noong Marso 7, 2021. Sabayang pinaslang sa operasyon sina Emmanuel “Manny” Asuncion, coordinator ng Bagong Alyansang Makabayan - Cavite (BAYAN-Cavite) sa opisina ng Workers’ Assistance Center sa Dasmariñas, Cavite; Ariel at Chai Evangelista ng Ugnayan ng mga Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan at Kalupaan (UMALPAS KA) sa Brgy. Calayo, Nasugbu, Batangas; magpinsang katutubong Dumagat na sina Puroy at Randy dela Cruz sa Tanay, Rizal; ang magkapatid na Abner at Edward Esto ng Brgy. Puray, Rodriguez, Rizal at sina Michael Dasigao at Mark Lee Bacasno na mga lider ng Kasiglahan, Kapatiran at Damayan para sa Kabuhayan, Katarungan at Kalayaan (SIKKAD-K3) sa Kasiglahan Village, Brgy. San Jose, Rodriguez, Rizal. Samantala, sabayang inaresto rin ang anim na iba pa sa Laguna at Rizal. Lahat ng mga biktima ay kilalang aktibista at lider organisador na nakikibaka para sa kagalingan ng kanilang sektor.

Nakagagalit at nakapupuyos ng damdamin ang samu't saring pakana ng estado para pilit isalba at ipawalangsala ang mga salaring yunit, opisyal at mga tauhan ng AFP-PNP. Tampok sa mga kaso nina Manny at mag-asawang Ariel at Chai ang pag-abswelto ng reaksyunaryong Department of Justice (DOJ) sa 17 pulis na pumaslang sa mga biktima gamit ang buktot at gasgas na palusot na "hindi sapat ang mga ebidensya" noong 2023. Malaking kalapastanganan ito sa mga kapamilya ng mga biktima, lalo sa asawa ni Manny na mayor na testigo na nakasaksi sa pagpatay ng mga pulis. Pinakamasahol ang paggawad ng mga promosyon at pabuya sa mga utak ng operasyon na sina General Felipe Natividad na noo'y hepe ng PNP CALABARZON at Lt. General Antonio Parlade Jr. na noo'y hepe ng SOLCOM. Ginawaran din ng promosyon si Judge Jose Lorenzo dela Rosa, ang hukom na nag-isyu ng search warrant laban kay Manny.

Hindi rin napanagot si Rodrigo Duterte na noo'y commander-in-chief ng AFP at si Hermogenes Esperon Jr. na noo'y National Security Adviser at may ultimong responsibilidad at siyang nagpapahintulot sa mga karumaldumal na operasyon sa bansa. Katunayan, patuloy pa silang namamayagpag at nakakapagmaniobra upang makapagpalawig ng kanilang impluwensya at kapangyarihan.

Ang kaso ng Bloody Sunday Massacre ay bahagi ng pangkabuuang kampanyang supresyon sa rebolusyonaryong kilusan at panunupil sa mga pakikibaka ng mamamayan. Pinabagsik ang

pasismo at terorismo matapos buuin ang NTF-ELCAC at isabatas ang Anti-Terrorism Law na ginamit bilang sandata laban sa mga lehitimong pakikibaka ng mamamayan.

Higit na nakarimirim ang pagtutuloy ng rehimeng US-Marcos II sa pagpapalaganap ng pasismo at terorismo para isakatuparan ang mas pinatinding kampanyang panunupil sa nakikibakang mamamayan. Hibang na iniuugnay ng estado ang mga ligal na demokratikong organisasyon at aktibista sa armadong pakikibaka at binabansagang mga “terorista” para gawing lehitimo ang mga pamamaslang at supilin ang mga kilusang masa. Sa tulak ng imperyalismong US, pinaiiigting ang gera kontra- “terorismo” na ginagamit ding tabing sa paghahasik ng puting lagim.

Sa kabila nito, hindi tumitigil ang mga kaanak ng mga biktima at mamamayan ng Timog Katagalugan na makibaka para sa hustisya. Sa kabila ng mga panggigipit, matapang at patuloy na iginigiit ng mga kaanak sa reaksyunaryong DOJ na irekonsidera ang naging desisyon nitong iabswelto ang mga salarin. Sa proseso ng pakikibaka, nagkamit ang mamamayan ng mga panimulang tagumpay sa pakikibakang ligal: pagbubuo sa AO 35 Task Force ng DOJ noong 2021 para imbestigahan ang masaker; pagbabawal sa mga wala sa katungkulang huwes na mag-isyu ng mga warrant lalo sa mga lugar na wala silang hurisdiksyon noong 2022; at ibinasura na ang kaso laban kay Nimfa Lanzas, isa sa anim na aktibistang dinakip noong Bloody Sunday.

Ngunit ang pinakamalaking tagumpay ay ang pananaig ng diwang mapanlaban ng mamamayan at mga kasamahang naiwan ng mga biktima ng Bloody Sunday Massacre. Bukod sa paghahanap ng hustisya para sa mga biktima ng pasismo, nagpapatuloy ang laban para sa lupa, sahod, trabaho, tirahan/panirikan, kabuhayan, kalikasan at pagtatanggol sa karapatang tao.

Ang nagpapatuloy na laban para sa hustisya at paglaban sa pasismo ay mahigpit na nakaugnay sa pakikibakang anti-imperyalista at anti-pyudal sa balangkas ng pambansa-demokratikong pakikibaka ng bayan upang kamtin ang kalayaan at demokrasya. Makakaasa ang mga kaanak ng mga biktima ng Bloody Sunday Massacre at iba pang mga biktima ng estado na magpupunyagi ang rebolusyonaryong kilusan sa pagpapanagot sa berdugong AFP-PNP at naghaharing uri. Aabutin ng mahabang kamay ng rebolusyonaryong hustisya ang mga kriminal na ito na kaaway ng sambayanan.###

## **Negrosanons see right through 3rd ID's lies**

Marso 10, 2024

**Maoche Legislador, Spokesperson  
NPA Negros Island Regional Operational  
Command (Apolinario Gatmaitan Command)**

MGen. Marion Sison cannot do anything but whine because he cannot credibly deny the brutal massacre of five Red fighters in Bilar, Bohol, the killing of farmer Jose Caramihan in Escalante City,

Negros Occidental and the aerial bombing and artillery shelling in Escalante City and another in San Joaquin, Iloilo last month. These are all clear violations of the international humanitarian law committed by soldiers under Sison's command as 3rd Infantry Division chief. Therefore, he is also very much accountable.

The people themselves have witnessed and many of them were also victims of the monstrous crimes perpetrated by reactionary state forces. No amount of deodorizing can hide the stink of Sison and his lackeys' mouths that spew lies and disinformation.

Sison insists that the whole of nation approach is effective in Western and Central Visayas but their measure of success are vile such as the number of civilians they force to surrender as members or supporters of the New People's Army (NPA), the number of civilians and hors de combat they kill, the number of communities they terrorize and, most important for greedy top dogs, the big sums they are able to corrupt from costly military operations, the surrender fund and token community projects like the Support Barangay Development Program.

The commanders and generals of the Armed Forces of the Philippines (AFP) can only boast of the size of their forces, the number and power of their firearms and artillery, their helicopters and attack planes, 500-lb bombs, and spy planes and surveillance drones. But that is all they have.



The AFP does not have the unfathomable support of the masses because it launches a fascist, anti-people counterrevolutionary war. On the other hand, the people embraces the justness of the armed struggle waged by the NPA under the absolute leadership of the Communist Party of the Philippines (CPP) and takes active part in it. That is the NPA's bottomless source of strength.

The troops of the AFP have shallow political unity. They have low morale and motivation to fight because most are only after a hefty salary. They are angry for being made into cannon fodders by their ambitious generals. They are demoralized by deep-seated military corruption. They are ashamed of the deception being propagated to hide the piling crimes of their ranks and officials.

In contrast, Red commanders and fighters are binded by firm political unity to achieve national liberation and democracy. This political consciousness engenders mutual understanding and respect between comrades. The NPA is also ready to surmount sacrifices and difficulties in the spirit of serving the people.

The 3rd ID launches sustained and focused military operations and uses its military might to spread fear in Negros Island. But the countryside is still relatively vast and the Negrosanon masses untiringly support their genuine army, the NPA. Through waging extensive and intensive guerrilla warfare in an ever widening and deepening mass base, the NPA can turn the tide and seize victory.

Therefore, the revolutionary armed struggle will persist beyond the likes of MGen. Sison and even his boss, Visayas Command chief Benedict Arevalo.

Sison brazenly leads an army division that ensures the people are shackled to the interests of the ruling class of big compradors and landlords. His desperate words are betrayed by the bloody record of the 3rd ID. Negrosanons see right through his endless lies.###

**Ipaglaban ang karapatan sa ayuda at serbisyo sa panahon ng El Niño sa pamamagitan ng kolektibong pagkilos! Labanan ang imperyalistang pandarambong sa kalikasan!**

Marso 11, 2024

**Ma. Patricia Andal, Spokesperson  
NDF-Mindoro**

Nananalasa sa Mindoro ang matinding tagtuyot dulot ng penomenon ng El Niño. Nagdeklara na ng state of calamity ang mga bayan ng Mansalay at Bulalacao sa Oriental Mindoro at San Jose, Magsaysay at Looc sa Occidental Mindoro. Umabot na sa daang milyon ang pinsala sa agrikultura sa mga naturang bayan. Labas sa pagdedeklara ng state of calamity para humingi na saklolo sa pambansang gubyrno at ang kaakibat nitong price freeze sa pangunahing pangangailangan, walang makabuluhang

hakbangin ang mga lokal na gubyerno para sa mga Mindoreño.

Bago pa ideklara ang state of calamity, kapansin-pansin na ang pagkalanta at pagkamatay ng maraming pananim sa ilang bahagi ng isla lalo na sa Occidental Mindoro at Bulalacao sa Oriental Mindoro na may klimang nasa categoryang Type 1. Bitak-bitak na ang lupang sinasaka ng mga magsasakang katutubo at di katutubo dahil sa kawalan ng patubig. Marami sa mga ilog, sapa at bukal na karaniwang pinagkukunan ng tubig ng masa ay tuyong-tuyo na.

Ang El Niño ay isang penomenong pangkalikasan na nagdudulot ng labis na tagtuyot pangunahin sa mga bansang nasa kanlurang panig ng Pacific Ocean, kabilang ang Pilipinas. Kapansin-pansin sa nakaraang dekada na mas papadalas at mas papalala ang nagiging epekto ng penomenon ng El Niño.

Ayon sa mga siyentista, pinalalala ng climate change ang mga kalamidad. Ang pagbabagong ito sa klima ay epekto ng pagkawasak sa kalikasan na nagtulak ng ganitong paglala ng epekto ng El Niño. Ang malawakang pandarambong sa kalikasan na pangunahing hatid ng imperyalistang pagkaganid sa tubo sa kagustuhan nilang pumiga nang pumiga ng kita mula sa likas na yaman sa alinmang panig ng mundo ang pangunahing naghatid ng pagbabagong ito sa klima. Nagkakaanyo ito sa paparaming mga ekstraktibong industriya kagaya ng pagkaubos ng mga puno at sa gayon ay pagkakalbo ng mga kagubatan, pagmimina ng bakal at langis,

ekspansyon ng mga empresa, pagawaan at iba pang pasilidad pang-industriya at pang-serbisyo, pagdami ng mga industriyal at komersyal na basura, at marami pang iba.

Ang mga mahihirap at atrasadong bansa na tulad ng Pilipinas ang pinakabulnerable sa mga masamang epektong hatid ng climate change. Ang hikahos at busabos na kalagayan ng kanyang mga mamamayan dahil sa sistemang malakolonyal at malapyudal na kinukubabawan ng imperyalismong US ay higit na pinatitindi pa ng natural na mga kalamidad. Patunay nito, mula noong sakupin ng US ang Pilipinas noong 1900s, sinimulan nito ang malawakang pagkakalbo sa mga gubat sa pamamagitan ng mga konsesyon sa pagtotroso, dambuhalang mga minahan at mga plantasyon sa layuning pakinabangan ang mga produkto nito bilang hilaw na materyales sa kanilang mga industriya. Pagpasok ng 1980s, ang neoliberal na patakarang ipinataw ng US sa bansa ang naghatid ng mas malalang pananalasa ng krisis sa ekonomiya nito. Hanggang sa kasalukuyan, ang tagibang na kalakalan sa dayuhan, pagpasok ng dayuhang pamumuhunan, pandarambong ng likas na yaman, pagbaba ng sahod ng manggagawa, pagkawasak ng agrikultura at bagsak na presyo ng produktong bukid ng mga magsasaka at kawalan ng pag-unlad ng sariling industriya ng bansa ang nagdudulot ng pamalagiang krisis. Ito ang sitwasyong pinalalala ng mga natural na kalamidad.

Sa isla ng Mindoro, tinatayang aabot sa 280,000 ektarya ng lupain ang kasalukuyan at nakaambang

isailalim sa pagmimina ng mga dayuhang korporasyon. Pinalalaganap din ang mga proyektong para umano sa kaunlaran na nagkakamkam sa lupa ng mga magsasaka kagaya ng mga solar farms, windmills, mga dam, at iba pa.

Sa tindi ng tagtuyot, tinatayang aabot na sa 664 libong ektarya ng kabuuang 1.02 milyong ektaryang lawak ng isla ang nakapailalim ngayon sa iba't ibang antas ng tagtuyot. Inaasahang hindi pa ito ang kasagaran ng El Niño na inaasahang tatagal hanggang sa buwan ng Hulyo sa iba't ibang bahagi ng isla. Sa kalagayan ngayong namamatay na ang mga pananim, nakapangingilabot ang tumatambad na sitwasyon at lalo na sa kasasadlakan ng dati nang mahihirap na mga mamamayan. Dahil sa pagkapinsala ng mga pangunahing pananim, may ilang magsasaka —lalo na yaong mula sa maralitang saray—na pag-uuling at pagtiting-ting na ang kabuhayan dahil hindi na nila kinakaya pang taniman ang kanilang lupa.

Hindi lang kabuhayan ng mga Mindoreño ang apektado ng El Niño. Lumalaganap na rin ang mga kaso ng bulutong-tubig at iba pang mga sakit dahil sa kawalan ng mapagkukunan ng malinis na tubig. Ang karamihan ng mamamayang walang sistema ng tubig inumin ay naobligang umigib sa malalayong pinagmumulan ng tubig at ginagastusan na ng transportasyon. Pati ang mga alagang hayop ay nabibiktima nito, kung kaya hindi iilan ang namatay na ang mga hayop o kaya kinakatay nalamang para mapakinabangan.

Ampaw ang pangako ng DSWD at DA na ayuda sa mga apektadong mamamayan gayong ipinahayag mismo ng mga kalihim nito na hindi kaya ng mga nasabing ahensya na magbigay ng ayuda nang mag-isa dahil sa kakulangan sa pondo. Kakarampot na Php 5,000 para sa farm inputs at Php 3,000 na fuel subsidy lamang ang maipapamahagi ng DA sa iilang mga magsasaka. Sa kabila ng kainutilan ng DSWD at DA na magbigay ng makabuluhang ayuda ay sinisipsip na parang linta ng berdugong AFP, PNP at NTF-ELCAC ang pondo ng reaksyunaryong gubyrerno. Sa 2024 budget ng rehimeng US-Marcos II, aabot sa Php 2.5T ang pork barrel ni Marcos Jr. at Php 475.4 bilyon ang inilaan para sa mga pasista-terroristang institusyon, habang PhP 181.4 at PhP 247.8 bilyon lang ang inilaan sa DA at DSWD. Ang bilyones na nasa kamay ngayon ng AFP-PNP ay pondo para sa pandarahas sa mga magsasaka, katutubo at iba pang masang api na pinahihirapan na ng El Niño at matinding krisis sa ekonomya ng nabubulok na malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa bansa.

Sa ganito, malinaw na walang makabuluhang ayuda o serbisyo na maibibigay ang reaksyunaryong gubyrerno sa mamamayan. Kriminal na kapabayaan ito at malinaw na pagtalikod ng rehimeng US-Marcos II sa interes at pangangailangan ng taumbayan gayong ang reaksyunaryong gubyrerno rin naman ang nagbigay-daan sa deka-dekadang imperyalistang pandarambong sa bansa Ang tanging pag-asa ng masang api sa isla at buong bansa ay ang kanilang

sama-samang pagkilos at paglaban para sa kanilang kapakanan at karapatan.

Nararapat na ituro ng mamamayan ang kanilang paglaban sa imperyalistang panghihimasok ng US sa bansa na siyang pangunahing dahilan ng pagkasira ng kalikasan at pagbabago ng klima. Kasabay nito, dapat singilin ang reaksyunaryong gubyerno sa tahasang pag-abandona nito sa tunay na pangangailangan ng taumbayan at pagwawaldas ng pondo para sa pandarambong, pasismo at sa mga patabaing baboy na MBK-PML at mga ahente nilang heneral ng AFP-PNP.

Para makamit ang kagyat na pag-ampat sa kahirapang dulot ng tagtuyot, dapat igiit ng masang Mindoreño ang karapatan nila sa sapat na pinansyal at materyal na ayuda sa gitna ng matinding krisis, gayundin ang makabuluhang subsidyo at suportang serbisyo sa agrikultura. Dapat na ipaglaban ang paglilipat ng pondo mula sa trilyong pisong pork barrel ni Marcos Jr at pondo ng militar para sa subsidyo sa mamamayang biktima ng tagtuyot. Dapat ding ilunsad ng mga magsasaka at katutubo sa kanayunan, sa anumang porma at antas na kakayanin, ang mga tulungan, suyuan at mga kolektibing aksyong masa para lutasin ang suplay ng tubig, tiyakin ang pagiging produktibo ng mga lupang sakahan ng mga magsasaka at lupang ninuno ng mga katutubo sa gitna ng labis na tagtuyo dulot ng El Niño.

Dapat sagpangin ng mamamayan ang krisis na likha ng El Niño para singilin ang reaksyunaryong gubyerno ni Marcos Jr. sa kapabayaan nito sa

kapakanan ng mga magsasaka at agrikultura na siyang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mayorya ng Pilipino at Mindoreño.

Dapat isulong ang rebolusyonaryong programa bilang sagot sa kasalukuyang kalagayan ng bansa. Dapat magsilbi ito sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa at sa pagpapalakas ng armadong pakikibaka na siyang maghahawan ng landas para mangibabaw ang demokratikong gubyernong bayan na magpapatupad ng programang tunay na maglilingkod sa interes na masang anakpawis at iba pang demokratikong uri at sektor.

Mamamayang Mindoreño, magkaisa at ipaglaban ang ayuda sa panahon ng El Niño! Singilin ang rehimeng US-Marcos II at lokal na reaksyunaryong gubyerno sa kapabayaang pagpapahirap sa mamamayan! Panagutin ang mga dambuhalang negosyo at imperyalismong US sa pagsira sa kalikasan na nagbunsod ng El Niño! Makibaka para sa pambansa demokratikong interes ng sambayanan! Lumahok sa digmang bayan! Ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan!###

## **62nd IB Nagapamahug sa Pumuluyo sa Tunga sang Grabe nga Halit sang El Niño**

Marso 12, 2024

**JB Regalado, Spokesperson  
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan  
Command)**



Sa tunga sang El Niño nga kalamidad nga gina-atubang sang mga mangunguma sa Central Negros, ang mga tropa sang berdugong 62nd IB wala huya nga nagapanglusob sa mga komunidad sang mangunguma sa Guihulngan City, Negros Oriental kag La Castellana, Negros Occidental.

Marso 10-wala huya nga ginlusob sang mga pasistang 62nd IB ang Barangay Planas proper, Guihulngan City. Pilit nga ginpatawag ang mga pumuluyo sa ginhimo nga pulong-pulong sa tuyo nga pahugon ang mga pumuluyo kag pilit nga ginapasurender. Ginapamalay-balay ang mga ginadudahan nga supporter sang NPA.

Marso 11-ginlusob man sang nasambit nga berdugong tropa ang Barangay Binobohan proper, Guihulngan City. Pilit gihapon nga ginpatambong ang mga mangunguma sa ginahimo nga pulong-pulong. Liwat nga ginapahug kag ginapasurender ang mga pumuluyo.

Samtang ginlusob man sang pasistang 6nd IB ang mga sityo sang Linggahub kag Mercedes, tanan sakop sang Barangay Sag-ang, La Castellana. Desperado nga ginsaka ang mga panimalay sang mga residente kag pilit nga ginapasugid sa presensya sang NPA.

Nagakabalaka ang mga mangunguma sa ila seguridad. Nagasigahum man sila nga hinanali nga buligan sang reaksyonaryo nga gobyerno ang ila gina-antus nga grabe nga tag-ilinit. Nagtuga sang kahalitan ang EL Niño sa ila ikaayong-lawas, pananom kag mga kasapatan apang sa baylo,

militarisasyon ang nangin sabat sang reaksyonaryo nga gobyerno.

## **AFP covers up disproportionate use of firepower with fake 'NPA arms recovery'**

Marso 13, 2024

### **Cecil Estrella, Spokesperson NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle Command)**

After numerous public criticisms directed at the Armed Forces of Philippines (AFP) over the disproportionate use of firepower against AFP's estimated "five NPA remnants" during a "series of gun battles" at the border of Toboso and Escalante City, both in Negros Occidental, last month, the AFP fabricates numerous 'recovered' firearms to save their faces from more public humiliation.

As publicized by the AFP's 3ID Spokesperson and former #DiMasaligan79IB Commanding Officer Lt. Col. J-jay Javines, a total of 16 high-powered rifles (HPR) were recovered by #DiMasaligan79IB after their clearing operations: 10 high-powered firearms (HPR) after the February 21-22 encounter and another six HPRs on February 27.

The Roselyn Jean Pelle Command - Northern Negros Guerrilla Front of the New People's Army (RJPC-NPA) denies that the bulk of said firearms belong to the NPA. Most firearms put on display by #DiMasaligan79IB are planted evidences.

The RJPC-NPA reiterates that no “series of armed encounters” happened, rather only one armed clash between Red fighters and #DiMasaligan79IB soldiers took place in Barangay Pinapugasan, Escalante City on February 21, at about 11am. There was also no armed encounter on February 27, contrary to statements of # DiMasaligan79IB.

It is not surprising at all that the AFP invented a report of such high number of seized war materials. It wants to overshadow its unjustified aerial strike and bombing of Trangkalan Range using two modern units of Augusta Westland-109 Attack Helicopter Nighthawk’s machine guns and rockets (a first in Negros Island) against supposed ‘five remaining NPAs’ which in actuality targeted vast fields of sugarcane plantations, rice fields, and civilian communities; destroying the environment and forcing about a thousand residents to evacuate.

Instead of appearing successful, the AFP’s display of manufactured HPR recoveries unwittingly brings their previous false claims to ridiculous levels. Should AFP’s claim of less than 10 NPA remnants in Northern Negros be factual, it is laborious (and unpractical) for “8 Red fighters” engaging in guerrilla warfare to carry 16 HPRs along with food, medical, propaganda materials and personal belongings. Should the public accept AFP’s lies upon lies, can the AFP further claim that RJPC-NPA is now without HPR?

The AFP and its 3ID, 303IBde and #DiMasaligan79IB, in particular, are notorious for

planting and/or recycling recoveries against both civilians and the revolutionary movement. They exaggerate military claims to appear victorious.

The latest fake recovery is the reported “NPA arms cache discovered by # DiMasaligan79IB,” with the help of revolutionary traitor Richard ‘Ka Prince’ Gallego, in Sitio Mocabog, Barangay Washington in Escalante City that allegedly recovered a M203 grenade launcher, a .357 revolver and assorted ammunition.

The RJPC-NPA has listed incidents below where fake recoveries were charged against the NPA or planted as evidence against civilians:

1. January 15, 2024 mis-encounter of reactionary troops reported to transpire in Barangay Camabayobo, Calatrava, NegOcc but actually took place in Barangay Magticol, Toboso - recovered one Garand rifle, one Carbine rifle and a .38 revolver as reported by #DiMasaligan79IB, while VisCom reported the recoveries to be two Garand rifles and a .38 revolver.
2. October 17, 2023 summary execution of two civilians in Barangay Canlusong, EB Magalona, NegOcc reported by #DiMasaligan79IB as an armed encounter - recovered three M16, one M14, one AR-15, and one Garand rifle.
3. July 8, 2023 in Barangay Maaslob, Calatrava, #DiMasaligan79IB reported to have recovered

one M14 and assorted ammos from a supposed 'NPA armory.'

4. April 6, 2023 in Barangay San Isidro, Toboso where after a legitimate armed encounter with the NPA, #DiMasaligan79IB reported to have recovered a number of firearms, including a shotgun.
5. November 16, 2018 in Barangay Washington, Escalante City where after a mis-encounter between units of #DiMasaligan79IB that killed two of their own, they reported that one M16 and a short firearm of NPA were recovered.

Apart from fake recoveries, fake encounters are commonly used by the military to cover up their willful killings of revolutionaries, such as the case of four hors de combat revolutionaries in San Pablo, Manapla, NegOcc on September 2021 and the latest five Red fighters in Bilar, Bohol. Fake encounters are also used by #DiMasaligan79IB to claim a 'score' against the NPA, but it only justifies militarization.

Aside from the latest fake encounters in Barangay Pinapugasan, #DiMasaligan79IB has already concocted 10 fake encounters since their deployment to Northern Negros in 2017.

With these accounts and records of deceitful tactics by #DiMasaligan79IB, how can the AFP expect to win over the morale of their troops and the trust of the people? After a movie-like scene of military prowess using modern armaments, not even a camp or temporary base, nor further body

count was reported by # DiMasaligan79IB because all that the AFP does is exaggerate the narrative to their favor.

We challenge the AFP leaders, as well as the PNP, to make public the records, including the serial numbers, of the recovered firearms of the recent Escalante incident, as well as the previous recoveries.

To the ordinary soldiers, policemen, CAFGU members and Barangay officials, live up to your pledge of protecting and serving the people. Expose the lies and brutalities of the AFP and turn your backs on being machineries that cause difficulties to the people.

The RJPC-NPA calls on the Filipino people, especially those of Northern Negros, to resist, spread the truth and expose the AFP's lies.

The revolution lives on!

## **Arrest of fictional NPA squad leader, discovery of imaginary arms cache highlight AFP's desperation**

Marso 13, 2024

**Cecil Estrella, Spokesperson  
NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle  
Command)**

The Roselyn Jean Pelle Command (RJPC) of the New People's Army in Northern Negros dismisses as pure fiction and fake news the reported arrest

on Saturday of one of its “squad leader” in Cadiz City.

Combined elements of PNP and AFP units apprehended Eliseo Along, 38, in Hacienda Tresing, Barangay Andres Bonifacio on March 9. He was presented to news media as an NPA squad leader who took part in the February 21 Escalante City encounter.

As per RJPC-NPA records and roster of personnel, Along is not an active member of any NPA unit in Northern Negros, much more a squad leader. He was once a member of the NPA, but went AWOL almost two years ago unable to remould his outlook and mend his anti-social ways involving gambling, drinking and womanizing. He later on surrendered to the AFP and received tasks as one of their intelligence assets.

The AFP’s #DiMasaligan79IB must be desperate enough to use as prop such shady character just to sustain the projection of a winning image.

Such high level of desperation is unsurprising given its utter failure to crush a small guerrilla unit even with overwhelmingly preponderant force supported by air assets squandering millions in the process that should have been allocated to drought affected Negrosanons.

Meanwhile, RJPC-NPA scoffs at the so-called arms cache unearthed in Barangay Washington, Escalante City recently as a poorly and precipitously prepared display of rusty homemade firearms and some munitions that are obviously

recycled, fabricated or planted. It is another drama from #DiMasaligan79IB's fake news scripts.

NPA units in Northern Negros do not maintain an arms cache. All its firearms are in the hands of its Red fighters and local militia forces. In fact, it is short of firearms in relation to the increasing numbers of peasants and youth enlisting in the people's army.

## **Linibu-libo nga pamatan-on ang manubli sa armas ni Hannah Jay “Ka Maya” Cesista! Hustisya para sa Bilar 5!**

Marso 13, 2024

### **Kabataang Makabayan-Southwest Negros**

Ang Kabataang Makabayan-Southwest Negros nagahatag sang amon pinakamataas nga pagsaludo kag pagpasidungog sa mga rebolusyonaryong martir ilabi na sa pareho namon nga pamatan-on, Hannah Jay “Ka Maya” Cesista, isa ka abogado nga gindakop-patay upod nila Domingo Compoc (Ka Laser), Albert Sancho (Ka Juaning), Parlito Segovia (Ka Aldrin), kag Marlon Omosura (Ka Darwin) sa Brgy. Campagao, Bilar, Bohol sadtong Pebrero 23, 2024.

Hugot namon nga ginakundenar ang pagmasaker sa Bilar 5. Wala sang kamatuoran kag dugang lang sa mga serye sang peke nga engkwentro ang ginpalapta sa mga nagapanguna nga “fake news peddler” sang Armed Forces of the Philippines



(AFP) kag Philippine National Police (PNP). Nasaksihan mismo sang mga pumuluyo nga gindakop ang lima ka Pulang hangaway antes ginmasaker sa ila atubang agud magtanom sang kahadlok kag mapunggan ang masang mangunguma nga maghimakas para sa ila kinamatarung kag demokrasya.

Ang ginhimo sang mga berdugo nga AFP-PNP sa Bilar 5 wala sang kinatuhay sa mga pagpatay sa mga hors de combat diri sa isla sang Negros. Wala huya nga ginlapas sang militar kag kapulisan ang mga kasugtanan sa Geneva Conventions kag Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Indi sayang ang kabuhi nga ginhalad sang Bilar 5 kag sa linibu-libo nga martir sang rebolusyon. Nagakaangay nga sundon ang ila rebolusyonaryo nga banas ilabi na ni Ka Maya. Partikular nga kuhaan naton sang inspirasyon ang iya rebolusyonaryo nga diwa.

Bilang isa ka abogado, namuklat si Ka Maya sa lapnagon nga paglapas sa tawhanon kinamatarung, kag sang mga makasiligni nga mga krimen sang rehimen Marcos Jr paagi sa mga pasista nga mga ido-ido sang AFP-PNP sa kasyudaran man ukon sa kaumhan. Ini nga krisis naghangkat kay Ka Maya nga magbiya sang iya komportable nga kabuhi kag mag-amot sa iya kinaalam kag propesyon para sa ginapigos kag ginahimuslan nga pumuluyo kag sa rebolusyon.

Sa atubang sang nagapermi nga krisis sang malakolonyal kag malapyudal nga sistema, wala sang kasanag ang buwas damlag sang mga pamatan-on. Ginadingutan ang pamatan-on sang edukasyon, ginprograma nga daw mga robot paagi sa mga neoliberal nga polisiya sa edukasyon, kag ginahimo nga gatasan sang barato nga kusog pangabudlay.

Sa garok nga sistema nga mala-kolonyal kag mala-pyudal, wala untat nga mag-ilig ang dugo sang mga bag-ong pamatan-on nga mag-usoy sa banas sang armado nga rebolusyon. Linibu-libo pa ang magsugpon sa kabuhi ni Ka Maya kag manubli sang iya armas agud maangkon ang pungsodnon nga kahilwayan kag demokrasya. Mga pamatan-on magpasakop na sa NPA!

Hustisya para sa Bilar 5! Mabuhay ang mga rebolusyonaryong martir!

## **Lumalalang mga abuso at paglapastangan sa paghahari ng takot**

Marso 13, 2024

**Luz del Mar, Spokesperson  
NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Panibagong palabas na labanan ang ipinakana ng 2nd Infantry Battalion-Phil. Army sa Sityo Cayang, Barangay Liong, bayan ng Cataingan noong Marso 11, 2024. Walang yunit ng NPA sa naturang lugar.

Nagdulot ng takot, laluna sa mga senior citizen, ang walang habas na pagpapaputok ng militar sa naturang lugar. Dahil din sa takot, napuwera ang

mga barangay official na pumirma ng sertipikasyong nagpapatotoong may naganap na labanan.

Ito na ang panlima sa serye ng mga palabas na labanan na isinagawa sa naturang baryo, na nagsimula noon pang Setyembre 2023. Layunin ng naturang mga pagpapaputok na palayasin ang mga residenteng naninirahan sa kabukiran at ipunin sila sa baryo upang madaling makamkam ang mga nilisang kalupaan. Dahil din sa kabiguang matugis ang NPA, nagpapakana na lamang ng mga pekeng labanan ang militar para makurakot ang reward at pondong nakalaan sa kada operasyon.

Sinisimulan na rin ang pagpapalayas sa mga magsasaka ng Triple A matapos patayin ang matandang mag-asawang sina Pedro at Florencia Regala sa Barangay Tuboran, bayan ng Cawayan.

Mauulit nang mauulit ang mga pangyayaring ito kung maghahari ang takot sa masa. Nananawagan ang Jose Rapsing Command-Bagong Hukbong Bayan Masbate sa mga Masbatenyos na magtiwala sa sariling lakas at pagkakaisa. Hindi titigil ang pang-aalipusta at paglapastangan kung hindi kikilos at lalaban ang masa. Asahang hindi pababayaan ng NPA-Masbate at ng Partido ang mga Masbatenyos sa kanilang pakikibaka.

**Mabuhay si Ka Jandy! Iloy, Pulang hangaway, Rebolusyonaryo!**

Marso 13, 2024

## **Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan-Southwest Negros**

Ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA)-Southwest Negros taas-kamao nga nagapaabot sang amon hugot nga pagsaludo kay Emmarie “Ka Jandy” Pastidio, isa ka iloy, Pulang hangaway kag rebolusyonaryo. Sadtong Pebrero 21, 2024, namartir si Ka Jandy upod si Ka Jorge (Joshua Sultan) sa isa ka engkwentro sa Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City, Negros Occidental.

Ginapaabot namon ang amon pagpangasubo sa mga abyan kag pamilya nila Ka Jandy kag Ka Jorge ilabi na sa iya banahon nga si Ka Peeta, isa man ka Pulang hangaway, kag sa iya anak nga si Baby Marx Cairo Salino nga tubtob subong, ara pa gihapon sa kamot sang reaksyonaryong estado paagi sa NTF-Elcac.

Mabakod nga nanindugan si Ka Jandy sa rebolusyon tubtub sa iya kamatayon. Masalimuot ang nangin kabuhi ni Ka Jandy nga naghatag kabakud sang iya panindugan nga lubos panahon nga mag-alagad sa masang mangunguma. Puno sang kaisog kag determinasyon niya nga gin-atubang ang mga pagpamintas, pagpanghimulos kag pagpamigos nga bunga sang burges-pyudal nga panan-awan sa kababainhan sang sosyedad.

Antes nagpasakop sa New People’s Army (NPA), nangin pamatan-on nga organisador pangkultura si Ka Jandy sa nabukid nga bahin sang San Carlos City, Negros Occidental. Gindakop siya upod ang isa pa ka organisador sang 2018 kag napaidalum

sa mental torture kag pagpamahug sang terorista nga tropa sang 79th IB sang Armed Forces of the Philippines (AFP). Sadtong Enero 13, 2021, ginabdak siya sang nag-maternity leave agud maatipan ang duha ka bulan niya nga bata nga si Baby Marx. Indi matupongan ang sakit nga naagum ni Ka Jandy sang pilit nga ginhamulag sa iya ang iya bata. Iya man nga gin-antus ang mental torture kag pisikal nga pagpanghimulos pareho sang pagsunog sang sigarilyo sa iya nga lawas kag paglugos sa iya sang mga wala kaluoy nga soldado sang 79th IB sulod sa 10 ka adlaw.

Bisan amo ini ang mga inagihan ni Ka Jandy, wala niya ginbaylo ang iya rebolusyonaryo nga panindugan para sa paltik nga kahilwayan paagi sa programa nga amnestiya sang reaksyonaryo nga estado. Wala nagpabaya si Ka Jandy sa iya pagka-iloy kay Baby Marx kundi ginhungod mismo sang reaksyonaryo nga estado paagi sa NTF-Elcac nga dingutan siya sa iya bata. Ginhimo nga siod sang pasista nga rehimen si Baby Marx agud mapasungka si Ka Jandy kag Ka Peeta. Namartir si Ka Jandy nga wala makita liwat ang iya bata.

Indi makatarunganon ang paghimo kay Baby Marx bilang hostage sang NTF-Elcac sa sulod sang tatlo ka tuig kag lapas ini sa internasyunal nga laye sang gyera kag internasyunal nga makitawhanon nga laye kaangot sa ispesyal nga proteksyon sang mga lapsag, mga kabataan kag sa mga busong.

Ginpakita sa kabuhi ni Ka Jandy ang kadesperado sang rehimen Marcos Jr nga tapuson na ang armado nga rebolusyon, apang indi ini malutos tubtub indi magabot ang ugat sang burges-pyudal

nga sistema—ang imperyalismo, pyudalismo, kag burukrata kapitalismo. Tubtub indi pa mahilway ang ginapigos kag ginahimuslan ilabi na ang mga kababainhan, magadamo pa ang mga kababainhan nga makigbahin sa pungsodnon demokratiko nga rebolusyon.

Ginapanawagan man sang MAKIBAKA-Southwest Negros sa tanan nga mga progresibong organisasyon sang kababainhan, mga tagasakdag sang kinamatarung sang mga kabataan kag sa tanan nga progresibong pwera nga magtib-ong para sa kampanya sa paghilway kay Baby Marx.

Mabuhay si Ka Jandy! Mabuhay ang mga rebolusyonaryong kababainhan! Free Baby Marx!

## **Militarisasyon sa Central Negros Nagasingki sa Tunga sang Kalamidad**

Marso 13, 2024

**JB Regalado, Spokesperson  
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan  
Command)**

Nagahara-hara nga nagapanglusob ang mga berdugong tropa sang 62nd IB sa mga komunidad sang mangunguma sa mga binukid sang Moises Padilla, La Castellana kag Guihulngan.

Marso 12 tubtob subong nga adlaw Marso 13 may mga kolum sang militar ang makit-an sa Barangay Tacpao, Guihulngan City. Pilit nga ginapamalay-balay ang mga pumuluyo agud patambungon sa pulong-pulong. Ginapahug ang mga pumuluyo, ginapasikto nga mga suporter sang NPA kag pilit

ginapasurender. Kadungan man sini, may platon man sang 62nd IB nga naga-operasyon sa sityo Binil-iwan, Barangay Kalupaan, Guihulngan.

Pabilin gihapon ang presensya sang pasistang militar sa mga sityo sang Linggahub kag Mercedes tanan sang Barangay Sag-ang, La Castellana, Negros Occidental. Nagatiner ang berdegong tropa sa mga panimalay sang pumuluyo.

Sa Moises Padilla, Marso 13-may isa ka platon sang 62nd IB nga nagatiner sa Day Care Center sa sityo Tibubong, Barangay Quinten Remo. Samtang sini lang nga aga (Marso 13) may 20 ka tropa sang 62nd IB nga nagatiner sa Barangay Hall sang Barangay Macagahay sang amo gihapon nga banwa. Ginapangsaka man ang mga kabalayan malapit sa publiko nga mga lugar nga ginatineran sang berdegong tropa.

Dugang nga nagaperwisyo ang presensya sang pasistang militar sa kaumahan sa tunga sang kalamidad dulot sang El Niño.

## **Marine Battalion, salot sa Cagayan**

Marso 14, 2024

Kamailan ay tumawag ng atensyon at naalarma ang AFP sa namataang “paggala” diumano ng dalawang Chinese vessels sa bahagi ng Philippine Rise (250-kilometro mula sa Dinapigue, Isabela). Agad namang nagpadala ng mga pwersa ng Philippine Coast Guard nang makalabas sa EEZ ang dalawang barko. Dahil sa insidente, napilitan

ang AFP na amining wala talaga silang pwersang nakadeploy doon dahil “mas malayo at liblib” ito kumpara sa West Philippine Sea.

Ngunit maaalalang anim na taon na mula noong nagpadala ang Philippine Marines ng mga tropa sa Cagayan Valley para umano “tiyakin ang seguridad” sa noo’y Benham Rise.

Pagmamayabang ng AFP, “kailangan ng bagong tropa upang ipagtaggol at panatalihin ng bansa ang soberanya nito sa Philippine Rise alinsunod na rin sa mandato ng dating rehimeng US-Duterte.” Binansagan pa nga itong “pinakamalaking mobilisasyon ng tauhan at kagamitan ng AFP sa hilaga.”

Sa isang banda, inamin din ng Nolcom noong Pebrero 2018 na mula Jolo, Sulu at Tawi-Tawi sa Mindanao ay kailangang ilipat sa rehiyon ang Marine Battalion Landing Team (MBLT)-8 upang tumulong sa JTF-Tala ng 5th ID laban sa BHB, liban pa sa tungkulin daw nitong depensahan ang teritoryo ng bansa mula sa China (maritime interest) at magsagawa ng humanitarian assistance and disaster relief. Ngunit sa aktwal, tanging paghahasik ng kontra-rebolusyonaryong dahas lang ang inatupag nito na ipinagpatuloy ng MBLT-10 mula nang mailipat sa northwest Cagayan at Ilocos ang MBLT-8.

Nabulabog ang katahimikan at kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda ng East Cagayan mula nang nagtayo sila ng mga kampo at naglagi sa mga sibilyang komunidad sa ilalim ng RCSP. Noong nasa Awallan, Baggao pa ang kanilang 30th MC, pinasahol nila ang pangingikil sa mga



usurero-komersyante gamit ang pangalan ng BHB na ipinagpatuloy naman ng mga sumunod na yunit. Nirereklamo din sila ng mga residente ng Mission, Sta. Teresita kung nasaan ng kanilang isang kampo noon dahil sa pagpaparada at paglalagay ng kanyon at iba pang mabibigat na armas malapit sa kabahayan. Takot at pangamba rin ang idinulot ng kanilang madalas na paglalasing na dala-dala ang kanilang mga baril.

Binalot ng ligalig ang mga baryong ipinasailalim nila sa RCSP kung saan madalas silang magpanggap na hukbo upang linlangin ang masa at dungisan ang prestihiyo ng BHB, gayundin ang arbitraryong paghahalughog sa mga kubo ng magsasaka sa malalim na oras ng gabi. Kabilang sa mga bigong tangkang ito ang paglusob nila sa bahay nila Bing Vasquez, myembro ng Anakpawis-Gonzaga, noong Marso 2021 upang taniman ng baril bilang gawa-gawang ebidensya. Paulit-ulit na “pinapasuko” si Vasquez at ang kanyang asawa at nakaranas ng surbeylans. Disyembre ng taong iyon ay pinaslang ang kanyang asawa ng mga nakabonet na kalalakihan na pinaghihinalaang pwersa-militar sa harap mismo ng kanilang bahay.

Parehong pandarahas ang sinapit ng mga magsasaka ng Sta Teresita na paulit-ulit na binalikan sa kanilang mga tahanan at iniimbitihan sa kampo para “sumuko.” Sa Sityo Paribalat, Dungeg, nagsilbi silang goons ng panginoong maylupa at dating militar na si Mayor Rodrigo de Gracia upang palayasin ang mga magsasaka sa kanilang mga lupang sinasaka kung saan deka-dekada na silang nakaposisyon. Batay na rin sa

mga residente at nakasaksi, nagpakawala ng mga bala ng kanyon ang kampo ng MBLT sa Mission kasunod ng aerial bombing ng 501st IBDe sa Dungeg noong 2021, na tumarget sa kanilang mga sakahan sa Paribalat. Isinailalim din nila sa paulit-ulit na interogasyon at sikolohikal na presyur ang mga magsasakang nagbakwit. Sinundan pa ito noong Abril 2023 matapos ulit silang magpakawala ng kanyon sa mga kabundukan ng Aridowen. Kinasangkapan din sila ng Agriwaras Ventures Inc na pag-aari ng DDT Konstract Inc (DDTKI) ng burgesy-a-komprador na si Engr. Danilo Tamayo upang takutin at angkinin ang libong ektaryang lupa sa Sityo Tapuakan, Dagupan at Sityo Mammit, San Mariano sa bayan ng Lallo na sinasaka ng mga pambansang minorityang Kalinga.

Sila rin ang nagsilbing gwardiya sa operasyon ng magnetite offshore mining sa mga karagatan ng Gonzaga at Gonzaga, at ng black sand mining sa Cagayan River. Pinagbabawalan nila ang mga magsasaka na pumalaot lampas sa isang kilometro mula sa baybayin kahit na saklaw pa ito ng municipal waters. Nababagabag na rin ang mga residenteng nakatira sa tabing-dagat ng San Vicente, Sta. Ana kung nasaan ang Camp Camilo Osias Naval Base dahil sa madalas nilang pagpapaputok bilang bahagi ng mga pag-eensayo.

Pinakamatingkad ang naging papel ng MBLT kasama ang PNP sa marahas na demolisyon sa mga residente ng Sityo Racat, Rapuli, Sta Ana noong Abril 2019 laban sa land developer na CADILLAND Inc upang bigyang-daan ang

itatayong resort ng CEZA. Nagpaulan ng bala at tear gas ang mga ahente ng estado at iligal na inaresto ang 16 magsasaka at mangingisda.

Dahil sa mga paglabag na ito sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, naglunsad ang BHB-East Cagayan ng mga aksyon militar katuwang ang mamamayan upang sila ay maparusahan at mapanagot. Taong 2019 nang pinasabugan ng isang tim ng BHB ang kanilang sasakyan sa Naddungan, Gattaran; isang marine din ang namatay kasama ang dalawa pang tropa ng CAFGU at RMFB sa isang isnayp sa Bigok, Alucan, Sta Teresita noong 2020 at ang pagparusa sa kanilang galamay at paniktik na si Angelo Asuncion noong 2021.

Napinsala rin ang kanilang hanay dahil sa mga misencounter sa pagitan ng ibang tropa ng AFP. Matatandang naging mapagpasya ang nangyaring sagupaan sa pagitan ng 17th IB at bagong-saltang MBLT-8 sa Rizal, Cagayan noong 2018 upang magkaroon ng dependong AOR ang dalawang yunit. Subalit naulit muli ito noong Setyembre 28, 2021 matapos magkaroon ng labanan sa pagitan ng composite unit ng PA, RMFB, MBLT-10, at CAFGU sa Aridowen, Sta. Teresita na ikinasawi ng hindi bababa sa isang platun matapos ang limang oras na airstrike.

Ngayong lumalala ang tensyon sa mga karagatan ng bansa dahil na rin sa pagkontrol ng US sa AFP at sa pangangayupa ng rehimeng Marcos, puro pakitang-gilas lang MBLT-10 sa mandato nitong “karangalan, katungkulan at kabayanihan.” Dahil sa halip na tunay na “depensahan ang soberanya,”

haligi naman sila ng dominasyon ng US sa Pilipinas na siyang pangunahing yumuyurak sa kasarinlan ng bansa. At ang mga kanyon, bomba, jet fighter atbp. kagamitang pandigma ay ginagamit, hindi sa “mananakop” kundi itinututok sa mga magsasaka at sa kanilang mga komunidad.

## **NIR Indi Sabat sa Ginagutom nga Pumuluyo sa Central Negros**

Marso 14, 2024

### **JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)**

Nagakorus sa pagkinalipay ang mga buaya sa isla sang Negros tuhoy sa Negros Island Region (NIR) nga hagna nga nakalab-ot sa ika-tatlo nga pagbasa dira sa senado. Diplomasiya kag pormalidad na lang ang ginpakita sang senado apang “luto na nga pasayan” ang nasambit nga hagna idalum sa US-Marcos Jr nga rehimen upod sa mga elitista kag maki-imperyalista nga mga alipuris ni BBM sa isla sang Negros.

Nagadako ang nagakanam-kanam nga baba sang mga despotikong agalon mayduta, burgesyia kumprador kag burukrata kapitalista sa isla kaangay ni Gobernador Eugenio Lacson, Mayor Albee Benitez kag iban pa para sa ila personal nga negosyo, interes kag luho. Paagi sa NIR, labi pa nga mangibabaw ang kaangay sa ila nga mga buaya agud kontrolon ang ekonomiya kag politika, indi lang sa Negros Occidental nga bahin kundi hugakumon ang poder kag maghakot sang

binilyon-bilyon nga korapsyon sa kaban sang pumuluyo sa bilog isla.

Masami, ginatawtaw sa pumuluyong Negrosanon ang “developments, more job opportunities and better social services.” Apang sa likod sini tanan, lunsay patalang, pagpanginto kag kutob lang sa hambal paagi sa mga tinikal kag pasalig sang mga tradisyunal kag poderoso nga mga pulitiko sang lokal nga burukrasya sa isla.

Bisan ilabo sa bato, wala sang malauman ang miserable kag gutom nga pumuluyo sa Central Negros sa aktwal nga implementasyon sa hagna nga NIR. Sa ginatanyag nga “development” ukon “pag-uswag” seguridad nga mas magadamo pa nga sahing anakbalhas kag imol nga taga-syudad ang madislokar sa ila puluy-an, duta nga palangabuhian kag trabaho bunga sang lapnagon nga demolisyon, reklamasyon kag reklasipikasyon sang duta, landgrabbing, mga minahan nga ginpanag-iyang sang dumuluong kag iban pa nga mga kontra-pumuluyo kag maki-dumuluong nga mga proyekto kag programa sang NIR.

Ang katumanan sang matuod nga reporma sa duta kag pungsodnon nga industrialisasyon maangkon lamang paagi sa armadong paghimakas. Ang demokratiko nga rebolusyon sang banwa ang banas nga pili-on kag paga-usuyan sang ginahimuslan kag pigos nga pumuluyong Negrosanon para sa matuod nga pagbag-o sosyal. Mapasulong ini paagi sa absoluto nga pagpamuno sang Communist Party of the Philippines sa New People’s Army (NPA) upod sa malapad nga nagahiliugyon nga prente sang sahing anakbalhas

bilang matuod kag nagakaigo nga sabat sa madugay na nga pag-antus sang kadam-an nga pumuluyo sa kagutom kag kaimulon.

## **Pagbaha sang mga tropa sang AFP sa tunga sang El Niño, ginakundenar sang ASJC-NPA**

Marso 14, 2024

### **Andrea Guerrero, Spokesperson NPA-Southwest Negros (Armando Sumayang Jr. Command)**

Sa tunga sang mga nagalitik nga kadutaan kag nagakahubas nga katubigan, ginakundenar sang Armando Sumayang Jr Command-New People's Army Southwest Negros Guerrilla Front (ASJC-NPA) ang wala untat nga pagbaha sang mga tropa sang Armed Forces of the Philippines (AFP) sa sur nga bahin sang Negros nga nangin tublag sa pagpangabuhi sang mga mangunguma. Masobra na isa ka tuig, sugod Enero 3, 2023, ang asud-asod nga mga focused military operation (FMO) kag Retooled Community Support Program (RCSP) sa bilog nga ika-anum nga distrito sang Negros Occidental nga nagsakop sa mga banwa sang Cauayan, Hinobaan, Ilog kag Candoni, kag mga syudad sang Kabankalan kag Sipalay.

Balangag ang pagdeklarar sang AFP nga ara na sa state of stable internal peace and security (SIPS) ang Negros Occidental. Sa sini pa lang nga una nga kwarto sang 2024, indi magnubo sa 10 ka barangay ang ginsakpan sang mga operasyon sang AFP partikular diri sa CHICKS area.

Masobra 500 ka kombinado nga tropa sang 15th IB kag 47th IB sang AFP kag Special Action Force kag Regional Mobile Force sang Philippine National Police (PNP) ang nagpatigayon sang FMO sa pihak sang ila deklarasyon nga “dismantled” na ang larangan gerilya diri sa sur sang Negros.

Naglawig sang binulan kag tayuyon ang mga operasyon kombat. Nagtuga sang sablag kag kahalitan ang ini nga mga operasyon kombat sa kabuhi kag palangabuhian sang pumuluyo ilabi na sa mga mangunguma. Ginpaidalum sa 15th kag 47th IB ang pumuluyo sa curfew, paglog-book, pagpaniktik, pagpangransak, pagpamahug, patarasak nga pagpangtiro, pagpangbomba, pagpang-salbeyds kag iban pa. Nangin lapnagon ini bangud sa ila desperasyon nga tapuson na ang insurhensiya sa isla sang Negros.

Sang nagligad bulan Pebrero 2024, ginransak ang balay ni Marjie Campus sa mga tropa sang 15th IB sa Sityo Kantyang, Barangay Caliling kag nakuhaan sang mga personal nga kagamitan. Sang Pebrero 29, 2024, nagtuga sang kahadlok sa mga kabataan sang ginpalibutan sang nagaoperasyon nga mga soldado sa tunga sang gab-i ang balay ni Dodoy Himutra sa Purok 10 Talimagao, Barangay Camindangan, Cauayan. Ila man nga ginpaidalum sa sarbeylans ang pumuluyo kag mga panimalay.

Nagapakuno-kuno ang mga tropa sang pasista nga AFP nga mga katapo sang NPA kag gintiplang ang masa agud makapangayo sang pagkaon. Ang mga operasyon kombat sang militar wala sang iban nga

gintuga sa pumuluyo kundi kakugmat kag kahadlok.

Nagapabilin nga bulag kag bungol ang rehimen ni Marcos Jr sa pag-antus sang pumuluyo ilabi na sa tunga sang El Niño. Labi nga naapektohan sang grabe nga tig-init ang Sur nga bahin sang Negros kompara sa bilog nga Western Visayas.

Nagapanguna nga nahalitan ang mga talamnan sa Kabankalan City nga nagabalor sang Php 41.7 milyon, ginsundan sang Cauayan (Php 14 milyon), Ilog (Php 7.4 milyon), Hinobaan (Php 2.5 milyon), kag Sipalay City (Php 1.6 milyon). Naglab-ot man sa masobra Php 157,000 ang halit sa mga kamaisan sa Sipalay City.

Ang halit nga dala sang El Niño dugang nga palasanon sang mga mangunguma kapin pa sa pagpabaya sang reaksyonaryo nga gobyerno. Imbes nga ialokar ang pondo pakadto sa mga mangunguma, ginbutang mismo ni Marcos Jr ang Php 250 bilyon nga pondo para sa dugang nga pagbakal sang mga bala kag bomba, kag para butaon ang mga bulsa sang iya mga heneral kag mga kroni samtang Php 30 bilyon lang ang ginalokar para sa pagbulig sa milyon-milyon ka mga mangunguma. Indi pa segurado kon magtupa gid ini. Militarisasyon ang sabat sang rehimen Marcos Jr sa gilayon nga bulig nga kinahanglan sang mga masang mangunguma nga natam-an sa El Niño.

Ang ASJC-NPA puno sang determinasyon nga magpamuklat, mag-organisa, kag magpahulag sa malapad nga mga masa agud kolektibo maatubang ang kalamidad, mangita sang tubig kag



magpalibog paano ini makalab-ot sa mga uma, mapasaka ang sweldo kag benepisyong sa mga mamumugon sa uma, pangapinan ang kinaiyahan batuk sa kapitalista nga pagpanghimulos, kag maduso ang ila demanda para sa gilayon nga ayuda.

Ginpakamalaot man sang rebolusyonaryong pwersa sa southwest Negros ang mga proyekto nga palm oil plantation sang dalagko kumprador burges nga Isidro Consunji Jr kag burukrata kapitalista nga mga Araneta nga maga-epekto sa ginatos ka mga mangunguma sa banwa sang Candoni. Hugot man nga ginakundenar ang liwat nga pagsulod sang mga minahan sa Sipalay City.

Ang krisis naton sa klima gintuga mismo sang imperyalismo, pyudalismo kag burukrata kapitalismo. Indi masulbad ang aton gin-atubang nga mga krisis kun indi naton mabag-o ang sistema paagi sa armado nga pagrebolusyon.

Nagapanawagan ang ASJC-NPA sa tanan nga pumuluyo sa southwest Negros nga maghiliugyon agud atubangon ang krisis kag sukton ang rehimen Marcos Jr sa iya pagpabaya.

## **Supyaten ke labanan ti umir-irteng a militarisasyon ken presensya militar ti US iti Cagayan Valley**

Marso 14, 2024

**Guillermo Alcala, Spokesperson  
Cagayan Valley Regional Operational  
Command (Fortunato Camus Command)**

Talaga nga inlaylayonen ni Marcos Jr ti kinatulnog ken panagbalin na nga aso-aso iti imperyalismo nga US ken itultulok na a maguyod ti Pilipinas ken dagiti Pilipino iti gerra ti US ken China. Kadaytoy laeng naudi ket nagballaagen ni Xi Jinping iti posibilidad ti “armed conflict” iti taaw, nga ad-adda met a sinungrodan na uray nu mairubo dagiti umili a Pilipino.

Idi naminsan nga aldaw, impablaaken ni Batanes Gov. Marilou Cayco nga adda manen ti maibangon a pasdek militar idiy Batanes, laksid pay iti siguden a naval station idiy Mavulis Island, tapno kano “adda pagkamangan dagiti Pilipino nga adda idiy Taiwan nu bumtak ti krisis.” Nangrugi ti konstruksyon iti nasao a “civilian sea port” a pondoan ti US inton Abril, kas paset iti US-PH Balikatan exercise. Panangngallilaw pay ti Philippine Navy, mausar kan’ daytoy dagiti mangngalap sadiay kasta met kadagiti tropa nga agirussuat iti humanitarian assistance and disaster response iti tiempo ti bagyo.

Pambar laeng amin dagita. Ta ti kinapudno, paset daytoy iti “first island chain” wenno panangsalikawkaw ti US iti China. Agdadata nga us-usaren ti US iti Pilipinas tapno durogan ti Taiwan a sumina iti China ken babaen iti AFP, ikonkondisyon na ida ken pagsagsaganaanen iti umadani a gerra. Inuulbod met lang ti proklamasyon ti AFP a saan nga agindeg dagiti soldado nga Amerikano sadiay apaman a malpas ti konstruksyon. Dagitin tu pay EDCA site a Pilipinas ti nangpondo ket pagyanan da, karkaro nu bukod da mismo a bulsa ti naggapuan ti kwarta.

Estratehiko a lugar ti Batanes, wenno ti amianan a Luzon iti kabuklan na, gapu ta daytoy ti “choke point” ti China nu kas pangarigan sumungad da a sumrek iti Pilipinas. Nu arigen, pagbalbalinen ti US ti intero a pagilian kas base militar na ken target board met kadagiti kalaban na. Sipud nagtugaw ti Marcos Jr, immirteng ti siguden a nakaro a militarisasyon iti intero a Cagayan Valley inggana kadagiti babassit nga isla. Laksid iti tallo nga EDCA site iti rehiyon nga nainayon idi 2023, pinasarunoan manen daytoy iti pangitakder iti kampo iti Calayan Island, Cagayan a maysa kadagiti kadawyan a pangirusrusuatan ti Balikatan. Idi Pebrero, naikeddengen ti Mavulis Island, Batanes kas maysa a benyu iti war games ken itatta ket pappapuskulen iti presensya militar sadiay.

Napeggad daytoy kadagiti umili, nangruna kadagiti taga-Cagayan Valley nga isu’t naitangkaran iti China ken Taiwan. Kas iti ar-aramiden na iti dadduma a pagilian, nalawag a pagbalbalinen ti US dagiti Pilipino kas pagbala iti kanyon ken pawn tapno laeng mairupir ti hegemonya na iti lubong. Wagas daytoy ti US tapno kariten ken iprobokar ti China, tapno iti kasta ket maikalinteg na panagindeg na ditoy Pilipinas.

Ngem awan met kainaigan ti Pilipinas iti tensyon iti nagbaetan ti China ken US, kasta met a saan nga interes dagiti umili a Pilipino ti panagserrek iti gerra dagiti imperyalista. Ngem gapu ta neokolonya ti US ti Pilipinas, maparparangguyod ti pagilian kadagiti gerra ti US. Gapu kadagiti

saan a patas a katulagan kas iti Mutual Defense Treaty (MDT), maob-obligar ti Pilipinas nga agbalin a paspasurot ta “nu siasinno man ti kabusor ti US ket agbalin a kabusor ti Pilipinas.” Kas laeng iti gerra nga agresyon ti US idiay Vietnam, Korea, ken Iraq nu sadinno ket nagitulod ti Pilipinas iti nayon a pwersa para kadagiti soldado nga Amerikano, uray met saan ida a kabusor ti Pilipinas.

Kasta met ti EDCA ken VFA a mangpalpalubos kadagiti tropa ken ramit-militar ti US nga iserrek ditoy Pilipinas. Laksid kadagitoy, dagiti alyansa-militar nga idadauloan ti US kas iti NATO, QUAD, ken AUKUS ket karaman ken maguyod kadagiti gerra nga irurussuat ti US kas iti France, UK, Canada, Germany, Australia, Korea, ken Japan.

Nasken a buklen ti umili ti nalawa nga agkaykaysa a prente tapno supyaten ken labanan ti ar-aramiden ti rehimen US-Marcos Jr a militarisasyon dagiti soldado nga Amerikano ken ti aso-aso na nga AFP. Pakaisagmakan daytoy iti sibubukel nga umili a Pilipino. Rumbeng nga irupir ken salakniban ti soberanya ti pagilian ken waswasen dagiti saan a patas a tratado iti nagbaetan iti US ken Pilipinas ta dagitoy ti mangmangted kadagiti tropa ti US iti ekstra-teritoryal nga akses ken karbengan kadagiti teritoryo ti pagilian—daga, taaw ken uray tangatang.

Gunggundawayan laeng ti US ti hype laban iti ar-aramiden ti China idiay West Philippine Sea tapno mairupir ti bukod na nga interes. Inggana nakagalut ti Pilipinas iti pagayatan ti US, awan kabaelan ti pagilian nga agdesisyon iti bukod ken

mangngeddeng iti turungan na iti tay-ak ti ekonomya, politika, militar ken ti pannakilangen kadagiti dadduma a nasyon.

Kasta met a gundaway daytoy para iti sibubukel a rebolusyonaryo a tignayan tapno iturong ti gerra ti imperyalista iti rebolusyonaryo nga armado a pannikilaban tapno gun-oden iti pudno a nailian a wayawaya ken demokrasya.

## **[Pilipino Translation] Tutulan at labanan ang tumitinding militarisasyon at presensya militar ng US sa Cagayan Valley**

Marso 14, 2024

### **Guillermo Alcala, Spokesperson Cagayan Valley Regional Operational Command (Fortunato Camus Command)**

Talagang sinagadsagad na ni Marcos Jr ang pangangayupapa nito sa imperyalismong US at hinahayaang makaladkad ang Pilipinas at mga Pilipino sa gyera ng US at China. Kamakailan lamang ay nagpasaring si Xi Jinping sa posibilidad ng “military conflict” sa karagatan, na ginatungan naman ng rehimen kahit pa nangangahulugan ito ng kapahamakan sa mamamayang Pilipino.

Noong Marso 11, inanunsyo ni Gov. Marilou Cayco na mayroon na namang itatayong imprastruktura militar sa Batanes sa tabing ng “civilian sea port.” Hiwalay pa ito sa dati nang naval station sa Mavulis Island, para raw “may mapupuntahan ang mga Pilipinong nasa Taiwan kung sakaling

pumutok ang krisis.” Magsisimula ang konstruksyon ng nasabing pantalan na popondohan at mismong US ang gagawa sa darating na Abril bilang bahagi ng US-PH Balikatan exercises. Panlilinlang pa ng Philippine Navy, magagamit daw ito ng mga lokal na mangingisda doon gayundin ng mga tropa ng AFP sa mga ilulunsad na humanitarian assistance and disaster response sa panahon ng mga kalamidad. Ang masahol pa, hindi lang ito sa hilagang Luzon bagkus ay sa ibang mga bahagi rin ng bansa na pinaglulunsaran ng Balikatan.

Sa mga pagngangawang ito, isa lang ang malinaw at totoo: bahagi ito ng “first island chain” o estratehiya ng US na palibutan ng US sa China. Tahasang ginagamit ng US ang Pilipinas para sa girian nito sa China sa isyu ng Taiwan at sa pamamagitan ng AFP, ikinokondisyon at ihinahanda na sila para sa gyera. Kasinungalingan ang proklamasyon ng AFP na hindi gagamitin ng mga sundalong Amerikano ang gagawing imprastraktura sa oras na matapos ang konstruksyon. Maghihimpil nga sila sa mga EDCA site na pera ng taumbayan ang nagpondo, mas lalo na kapag nanggaling mismo sa sarili nilang bulsa.

Estratehikong lugar ang Batanes o ang hilagang Luzon sa kabuuan dahil ito ay “choke point” ng China sakaling papasok ng Pilipinas. Kung tutuusin, ginagawang base militar ng US ang buong bansa at target board naman sa mga kalaban nito. Simula nang maupo sa poder si Marcos Jr, lalong sumahol ang dati nang

matinding militarisasyon sa buong Cagayan Valley hanggang sa mga maliliit na isla. Maliban sa tatlong bagong EDCA site sa rehiyon na naidagdag noong 2023, sinundan ito ng pagtatayo ng kampo sa Calayan Island, Cagayan na isa rin sa kadalasang pinaglulunsaran ng Balikatan. Mula nang matukoy ang Mavulis Island bilang isa sa mga benyu para sa Balikatan ngayong taon, militarisado na ang lugar at kasalukayan ang pagrerekrut sa mga lokal bilang army reservists.

Mapanganib ito sa mga mamamayan, lalo na sa mga taga-Cagayan Valley na siyang nasa bungad ng China at Taiwan. Tulad ng ginagawa sa ibang bahagi ng bansa, maliwanag na ginagawa ng US ang mga Pilipino na pambala ng kanyon at piyon nito para muling igiit ang hegemonya nito sa mundo. Paraan ito ng US upang hamunin at udyukan ang China, nang sa gayon ay maikawatwiran niya ang pamamalagi sa bansa at paglulunsad ng gera.

Ngunit walang kinalaman ang Pilipinas sa girian ng US at China, gayundin na hindi interes ng mamamayang Pilipino ang pagpasok sa inter-imperyalistang gera. Pero dahil neokolonya ng US ang Pilipinas, nakakaladkad ang bansa sa mga digmaan ng US. Dahil sa mga di-pantay na kasunduan tulad ng Mutual Defense Treat (MDT), naob-obliga ang Pilipinas na maging sunud-sunuran dahil “kung sino man ang kalaban ng US ay kalaban ng Pilipinas.” Tulad na lamang ng gerang agresyon ng US sa Vietnam, Korea, at Iraq kung saan nagpadala ng mga sundalong Pilipino

bilang dagdag na pwersa ng Amerika, kahit na hindi naman sila kalaban ng Pilipinas.

Gayundin ang EDCA at VFA na nagpapahintulot sa mga tropa at gamit-pandigma ng US na pumasok sa bansa. Maliban dito, ang mga alyansa-militar na pinamumunuan ng US tulad ng NATO, QUAD, at AUKUS ay kabilang sa mga nahihila sa gera ng US tulad ng France, UK, Canada, Germany, Australia Korea, at Japan.

Dapat buuin ang pinakamalawak na nagkakaisang prente para tutulan at labanan ang ginagawa ng rehimeng US-Marcos Jr na militarisasyon ng mga sundalong Amerikano at na tuta nitong AFP. Kapahamakan at banta ito sa buhay at kalayaan ng mamamayang Pilipino. Dapat na igiit at ipagtanggol ang soberanya ng bansa at ibasura ang lahat ng di-pantay na kasunduan sa pagitan ng US at Pilipinas dahil ito ang nagbibigay sa mga militar ng US ng ekstra-teritoryal na akses at karapatan sa mga soberanong teritoryo ng bansa-kalupaan, karagatan, maging ang himpapawid.

Sinasamantala lamang ng US ang hype laban sa ginagawa ng China sa West Philippine Sea upang igiit ang sarili nitong interes. Hangga't nakatali ang Pilipiinas sa US, walang kakayahan ang bansa na magdesisyon para sa sarili at magpasya para sa sariling ekonomya, pulitika, militar at sa pakikipag-ugnayan sa ibang mga bansa.

Sa isang panig, pagkakataon din para sa buong rebolusyonaryong kilusan para ang imperyalistang gera ay ibaling sa rebolusyonaryong armadong



paglaban para makamit ang tunay na panlipunang paglaya at pambansang demokrasya.

## **Malapnagon nga operasyon militar sa sakop sa nabukid nga bahin sang Kabankalan City**

Marso 15, 2024

### **Dionesio Magbuelas, Spokesperson NPA-South Central Negros (Mt. Cansermon Command)**

Nasiplatan ang 20 ka bilog nga tropa sang 94th IB sa Sityo Masapod-Cabansan, Barangay Orong, Kabankalan City, Negros Occidental halin pa sadtong Marso 12, 2024 tubtob gahapon (Marso 14). Nagpanglighot ang nasambit nga tropa sa kalatian kag nagatuga ini sang kahadlok sa mga pumuluyo sa amo nga lugar.

Subong, Marso 15, ara naman sila sa mga sityo sang Mag-aso, Marinay kag Batayanan sa amo gihapon nga barangay,

Marso 13—apat ka reo trak sang 94th IB ang nag-abot sa Sityo Pagtubaan kag Nabalikan, tanan sakop sang Barangay Oringao, Kabankalan City. Sa subong, Marso 15, ara sila nagapanglighot sa kalatian sa mga sityo sang Sabra-Andoy, Negros 9, Mansawin, kag Bigo sa amo man nga barangay.

Ginapahug nila ang mga pumuluyo kag pilit nga ginapa-minoro sa ila mga ulumhan. Gina-imposar man nila ang “curfew” para ilimita ang mga aktibidad sang pumuluyo.

Subong nga adlaw, Marso 15, nasiplatan ang 14 ka bilog nga tropa sa amo gihapon nga batalyon sa Sityo Tangko 1, Barangay Tan-awan, Kabankalan City.

Halin pa sang ulihi nga semana sa Pebrero tubtob subong, padayon nag operasyon sang tropa sang 94th IB sa mga sityo sang Pangkulan, Basak, Pandan, Danlugon, kag Atimon, tanan sakop sang Barangay Tan-awan, Kabankalan City.

Nagapakuno-kuno nga mga katapo sang New People's Army (NPA) ang mga tropa sang 94th IB kag ginatiplang ang mga pumuluyo. Ginapahug nila ang mga sibilyan kag kon gab-i, ginapangsaka ang mga balay sa ila mga ginadudahan nga mga supporters sang NPA sa amo nga lugar.

Ginapangabay ang mga pumuluyo nga mangin mabinantayon kag maghalong sa posibleng mga pagpanglapas sa tawhanon nga kinamatarung dala sa operasyon militar sang 94th IB sa ila mga komunidad.

## **IHL violations mount as Marcos Jr continues to flout international rules of war**

Marso 16, 2024

### **NDFP International Information Office National Democratic Front of the Philippines**

Despite commitments made under the Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) to uphold the fundamental

rights and dignity of both civilians and combatants, the Marcos regime continues to flout international laws that govern the rules of war. On the 26th anniversary of the signing of the CARHRIHL on March 16, the NDFP International Office condemns the recent spate of killings, indiscriminate firings, cases of torture, and aerial bombing campaigns on civilian areas committed by the US-Marcos Jr. regime.

In the first few months of 2024 alone, consecutive reports of aerial bombings by the Armed Forces of the Philippines (AFP) have been documented in various parts of the country. In parts of Quezon and Camarines Sur last March 4, fascist troops of the 81st Infantry Battalion (IB) launched an aerial bombing campaign and artillery shelling at the villages surrounding the borders of Tagkawayan, Quezon and Del Gallego, Camarines Sur hitting several areas within the proximity of civilian farms and communities. In Escalante City, Negros Occidental last February 22, more than 10 bombs were dropped by the 79th IB followed by machine gun strafing hitting nearby residential areas. In Bukidnon on January 6, the AFP dropped bombs using Super Tucano jet fighters and fired rockets using MD520 helicopters at adjacent barangays of Minongan, Kawayan and Santa Filomena with bombs exploding near Lumad communities in the area.

These cases constitute part of a greater number of atrocities committed by the US-Marcos regime all of which are tantamount to heinous war crimes under international laws. Moreover, these are

clear violations of the CARHRIHL - a landmark agreement that resulted from the peace negotiations between the GRP and the NDFP.

These attacks, carried out in the name of the GRP's supposed 'counter-insurgency' operations also violate the rule of "proportionality" in civilized warfare. The rule of proportionality prohibits attacks that can result in disproportionate harm to civilians and civilian infrastructure. Marcos Jr's nationwide bombing spree in the last two months demonstrate a clear disregard for the fundamental principle of minimizing harm to non-combatants during armed conflict, leading to unnecessary suffering and destruction.

The deliberate targeting of civilian areas via successive aerial bombing campaigns demonstrates the US-Marcos regime's callous disregard for CARHRIHL and the sanctity of human life. International humanitarian laws exist precisely to protect civilians in times of conflict, yet Marcos has chosen to ignore these laws with reckless abandon, leaving a trail of death and destruction in its wake.

The Biden administration is equally culpable to these war crimes for continuously supplying weapons, bombs, war planes, and even directly supervising special military operations of the AFP. Closely following the US government, Zionist "Israel" is the second top supplier of military weapons to the Philippines comprising 28% of total arms sales to the country from 2019 to 2023. In addition, Marcos Jr.'s recent trips to Europe

were attempts to expand its existing defense cooperation agreement with Germany to include cyber warfare and maritime security including military training for the AFP and the supply of new reconnaissance drones.

These mounting cases of IHL violations and the complicity of US imperialism in these heinous crimes against humanity present the most compelling basis to indict and prosecute the US-Marcos war criminal state.

## **Sukton ang Numero Uno nga Kriminal kag Berdugo nga 62nd IB**

Marso 16, 2024

### **JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)**

Sa Central Negros, ang 62nd IB sa pagpamuno ni Col. William Pesase bilang Commanding officer (CO) ang may pinakamalaba nga listahan sang paglapas sa tawhanon nga kinamatarung sa isla sang Negros. Sumugod sa pagpungko ni Marcos Jr sa poder (halin Hulyo 2022 tubtob subong), naglab-ot na sa 22 ka mga mangunguma ang brutal nga ginpamatay sang mersenaryong 62nd IB. Pinaka-ulihi diri ang ginpatay matapos iligal nga gin-aresto kag gintortyur sang tropa militar nga mga senior citizens nga sanday Bernard Torres kag Dionesio Baloy sa Hda. Gomez, Barangay Sag-ang, La Castellana, Negros Occidental sadtong Enero 17, 2024. Ginpasibangdan si Torres kag Baloy nga mga

katapo sang New People's Army (NPA) kag ginhinabonan sang berdugong 62nd IB ang ila nga krimen paagi sa pagpagwa sang peke nga engkwentro. Samtang lima naman ka hors de combat (wala ikasarang nga magbato) nga mga Pulang hangaway ang brutal man nga ginpamatay sang nasambit nga militar sa banwa sang Moises Padilla, Negros Occidental kag Canlaon City, Negros Oriental sa mga tuig 2022-2023.

Idalum sa paghari sang rehimen US-Marcos II, naglab-ot sa 336 ka mga insidente sang human rights violations nga nag-imbolbar sa indi magnubo 10,800 ka biktima (212 ang mga menor de edad) ang ginhimo sang 62nd IB sa pagpamuno ni Col. William Pesasesa sa Central Negros. Ang ini nga mga mahigko nga hinimoan sang 6nd IB ang masobra katunga sang narekord sang National Democratic Front (NDF) -Negros nga 649 ka kaso sang bayolasyon sang tawhanon nga kinamatarung nga ginkomiter sang Armed Forces of the Philippines (AFP) kag Philippine National Police (PNP) nga nag-imbolbar sang masobra 45,300 ka mga biktima (918 ang mga menor de edad) sa bilog isla sang Negros.

Ang datus nagapakita nga ang 62nd IB paagi kay Col. Pesase makabig nga numero uno nga kriminal kag berdugo nga batalyon sang Philippine Army sa isla sang Negros.

Ang paghatag ni Marcos Jr sang pagpasidungog sa berdugong 62nd IB kag pagpromote kay Pesase tuman ka makahuluya. Tuyo sini nga pataason ang moral ni Pesase kag sang pasistang tropang 62nd IB. Apang ang mga pumuluyo sa Central Negros

ang indi na ma-into kag mabutigan. Saksi kag nangin biktima sila sang mga kabutigan, kalakasan kag pagpamintas sang nasambit nga tropa militar bunga sang pasismo kag terorismo sang estado. Rason nga madugay na nga ginakangil-aran sang kadam-an nga pumuluyo ang presensya militar sa mga kaumahan.

Samtang si Marcos Jr nagahatag sang pakunsabo sa mga berdugo nga militar, gina-into man ni Gen. Romeo Brawner sang AFP, Lt. Gen. Benedict Arevalo sang Visayas Command (Viscom), MGen. Marion Sison sang 3rd Infantry Division, BGen. Orlando Edralin sang 303rd Bde kag Col. William Pesase upod sa pasistang 62nd IB ang ila kaugalingon nga “dismantled” na ang mga larangan gerilya sa isla, ilabi na ang Central Negros.

Idalum sa ginapadayaw nga ara na sa state of Stable Internal Peace and Security (SIPS) ang Negros Occidental kag rekomendasyon sang SIPS sa Negros Oriental, dugang nga mag-into sang iya kaugalingon ang nagbulos nga Commanding Officer sang 62nd IB nga si Lt. Col. Evelio Ilanga III. Segurado manalaytay ang oryentasyon kag tatak sang pasismo sa hunahuna ni Lt. Col. Evelio Ilanga III sa liwat nga pagpamintas sa mga pumuluyo sa mga kaumahan sang Central Negros nga mag-ani sang pagbato sang kadam-an nga pumuluyo paagi sa pagpasakop sa NPA.

Ang malaba nga kamot sang rebolusyonaryong hustisya paagi sa rebolusyonaryong kahublagan upod ang lubos nga suporta sang malapad nga masa sang pumuluyo amo ang makahuluga agud

sukton ang mga pasista, berdugo, duguan nga kamot kag uhaw sa dugo nga mga opisyal kag tropa militar sang AFP, subongman ang US-Marcos Jr nga rehimen.###

## **Doble nga pag-antus sa masang mangunguma ang dala sang wala untat nga militarisasyon sa tunga sa pagpanghalit sang El Niño**

Marso 17, 2024

### **Dionesio Magbuelas, Spokesperson NPA-South Central Negros (Mt. Cansermon Command)**

Masobra na tatlo ka bulan nga nagapadayon ang El Niño kadungan sa pag-antus sang pumuluyo, ilabi na sa sektor sang agrikultura. Tubtob subong, wala ukon kulang gihapon sang kongkreto nga tikang ang mga local government unit (LGU) paano mahatagan sang bulig ang mga mangunguma sa mga apektado nga lugar. Magluwas sa tama kahinay nga mga tikang, mas gin-una pa sang mga LGU ang indi gilayon kinahanglan.

Partikular sa Himamaylan City, Negros Occidental nga isa sa pinaka-apektado sang El Niño, mas nangin masako ang LGU sini sa mga proyekto nga wala nagasabat sa mga problema sang mangunguma, hinali man ukon pangmalawigon. Sa unang kwarto sini nga tuig, madamo sang proyekto ang syudad kaangay sang 3,000 ka yunit nga pabalay (nagbalor sang Php4 bilyon), pagtukod sang bag-o nga estasyon sang pulis,



pagdebelopar sang sistema sa e-Government Project (nag-digitalize sa mga transaksyon sang LGU) kag iban pa nga indi mapuslan subong sang malapad nga masa.

Sa datos sang reaksyunaryo nga gobyerno, masobra 30,000 ka pumuluyo ang nabikitima sang El Niño sa Himamaylan City, apang hapaw lang ini nga pagsumada sa matuod nga mga apektado sang kalamidad sa kabilogan. Gani, wala pa nakarekober ang mga pumuluyo sa makahalalit nga bagyo Odette sadtong 2021, nagdugang naman ang subong nga kalamidad sang El Niño.

Kadungan man sang halit sang El Niño ang padayon kag lapnagon nga militarisasyon sa kabukiran sang South Central Negros. Ang presensya sang mga tropa sang 94th IB sa komunidad sang mga mangunguma dugang nga nagadala sang kahalitan sa kabuhi kag palangabuhian sang mga pumuluyo. Gina-imposar sang nasambit nga militar ang curfew sa mga baryo tubtob sa mga sityo, nagapamilit sila nga iduso ang pagmenoro sang mga kabalayan para mas dasig ang ila pagmonitor sa aktibad sang mga sibilyan, nagapamahug kag nagapang-intimidar gamit ang ila kuno “loud speaker operation,” kag nagapangsaka-saka sa mga kabalayan nga ila ginadudahan nga mga supporter sang New People’s Army (NPA). Indi na maatipan sang maayo sang mga mangunguma ang ila ulumhan kag kasapatan bangud sa kabalaka sa ila kabuhi samtang ara ang mga soldado sang 94th IB sa lugar.

Tubtob subong, masobra tatlo ka bulan na nga nagatiner ang tropa sang 94th IB sa proper sang Brgy. Carabalan kag Brgy. Buenavista, sakop sang Himamaylan City, kag nagpatigayon sa ila Retooled Community Support Program (RCSP). Masobra naman isa ka bulan ang operasyon militar sa mga sityo sang Brgy. Tan-awan kag Brgy. Oringao kag masobra duha ka semana na ini sa Brgy. Orong, tanan sakop sang Kabankalan City, Negros Occidental.

Imbes hatagan sang igtalupangod ang kasulbaran sang mga problema sang kakulang ukon wala sang duta, manubo ang sweldo, kakulang sang tubig, manubo nga produksyon sang agrikultura kag ang imedyet nga subsidyo para sa El Niño nga dugang nga nagatulod sang mangunguma sa kapigadohon, militarisasyon ang nagtupa sa mga komunidad sang mga mangunguma kag Indigenous Peoples (IPs).

Magluwas sa mga katalagman nga tuga sang naturalisa, makasiling ang masang anakbalhas sa South Central Negros nga adlaw-adlaw nila nga gina-atubang ang kalamidad sa ila kahimtangan sa kabukiran bangud sa pasismo nga ginasabwag sang 94th IB.

Dugang pa sa ila nga kahangawa sa sini nga panahon ang posibleng paghingalit sa mga naghimbon nga mga burukrata kag burgesya komprador nga mga kumpanya nga naghawan sang dalan para sa pribatisasyon sang serbisyo sang tubig kaangay sang nagkalatabo sa Himamaylan City nga yara na subong sa PrimeWater sang pamilya Villar pareho sang

Bacolod City Water District (BACIWA). Indi man magdugay, matabo man sa iban nga mga kooperatiba sang kuryente sa isla ang natabo nga pribatisasyon sang Central Negros Electric Cooperative (CENECO) para ipasabat sa pumuluyo ang problema sang paghatag sang sandigan nga serbisyo.

Handum sang pumuluyo ang kabuhi nga luwas sa katalagman, natural man ukon gintuga sang mga berdugo kag mersenaryo nga militar. Rason nga bisan ano pa nga pagtinguha sang Armed Forces of the Philippines (AFP), ilabi na sang 94th IB, sa mando sang ila Commander in Chief nga si Marcos Jr nga wasakon ang armado nga paghimakas, indi magahubas ang bubon sang mga magpakigbahin sa NPA. Sa pihak sang paglala sang El Niño, tuman man kainit ang kagustohan sang masang anakbalhas sa South Central Negros kag sa bilog isla nga mahilway sa gapos sang pagpanghimulos kag pagpamigos paagi sa paglunsar sang demokratiko nga rebolusyon sang banwa.###

**Kababaihan, ipagdiwang ang maningning na kasaysayan ng Makibaka! Lumahok sa pambansa demokratikong rebolusyon!**

Marso 18, 2024

**Divina Malaya, Spokesperson  
Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan-  
Laguna**

Ipinagdiriwang ng MAKIBAKA Laguna at ng malawak na hanay ng kababaihang Lagunense ang ika-52 na anibersaryo ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan o MAKIBAKA.

Kasabay ng anibersaryo ng MAKIBAKA ay ang ika-76 na taong kapanganakan ni Maria Lorena Barros — unang tagapangulo ng MAKIBAKA at isang rebolusyonaryong martir. Nagsisilbing inspirasyon para sa kababaihang anapawis si Lorena Barros at iba pang mga kababaihang martir tulad nina Abigael “Ka Laura” Bartolome at Allyssa “Ka Ilaya” Lemoncito na buong puso at tapang na inalay ang kanilang lakas, talino, at buhay para sa digmang bayan.

Sa higit limang dekada, pinatunayan ng MAKIBAKA sampu ng mga rebolusyonaryong kababaihan ang mahalagang papel ng bawat babae sa pagsulong ng pambansa demokratikong rebolusyon ng mamamayan. Binasag ng MAKIBAKA ang baluktot na pananaw sa kababaihan at nag-alay ng mahalagang kontribusyon sa pagharap sa pyudal-patriyarkal na sistemang bunga ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Mula nang maitatag ito noong panahon ng diktaduryang US-Marcos Sr., ubos-lakas na nagmumulat, nag-oorganisa, at nagpapakilos ang MAKIBAKA ng kapwa kababaihan mula sa iba’t ibang batayang sektor upang aktibong mag-ambag sa paglaban sa imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo na silang labis na nagsasadlak sa kababaihan at buong sambayanan sa matinding kahirapan at pagdurusa.

Walang pagbabago ang pang-aapi't pagsasamantalang nararanasan ng kababaihan mula noon hanggang ngayon. Sa lalawigan pa lamang ng Laguna, litaw na litaw ang krisis na hinaharap ng mga sektor kabilang na ang kababaihan. Nananatiling barat ang minimum na sahod na naglalaro lamang sa 350 hanggang 520 piso at hindi sumasapat sa 1, 112 piso na kinakailangan ng isang pamilyang Pilipino sa isang araw. Walang humpay din ang pag-ratsada sa mga programang demolisyon at mapaminsalang proyekto sa Laguna tulad ng Laguna Lakeshore Road Network, Ahunan Dam, at Belisama Dam na tiyak na kikitil sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda, at magpapalayas sa libu-libong mamamayan sa mga komunidad ng San Pedro, Biñan, Santa Rosa, Calamba, Pakil, Pangil, at iba pa.

Humaharap din sa labis na represyon ang mga kabataan-estudyante sa probinsya—mula sa kahindik-hindik na pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin, mga polisiyang lumalabag sa kanilang karapatan na ipahayag ang kanilang eksperesyong pangkasarian hanggang sa karapatan na sumali o magtatag ng mga progresibong organisasyon sa loob ng pamantasan.

Makikita rin ang desperasyon ng estado na busalan ang mga panawagan ng mamamayan. Kamakailan lang ay nagsimula ang seminar ng DILG Region IV-A sa iba't ibang mga Sangguniang Kabataan at bayan sa Laguna hinggil sa Executive Order 70 o ang whole-of-nation-approach na

kontra-insurhensyang programa ng pamahalaan. Hayok na hayok din ang estado sa paglabag sa batas ng digmaan. Nitong Disyembre 2023 lang ay pinaslang ng pinagsamang pwersa ng Armed Forces of the Philippines, Philippine Navy, at Philippine Air Force sa isang overkill na operasyong militar sa Barangay Malalay, Balayan, Batangas ang anim na rebolusyonaryo at dalawang sibilyan kabilang na ang dating lider kababaihan sa Laguna na si Allyssa “Ka Ilaya” Lemoncito habang kinakitaan naman ng senyales ng pananamantala ang labi ng isa sa mga biktimang kababaihang sibilyan.

Nasa interes ng rehimeng US-Marcos II ang paglala ng krisis sa bansa. Kapalit ng pagpapakasasa ng mga naghaharing-uri at ang kanilang mga dayuhang amo sa yaman ng Pilipinas, lalong dumarami ang mamamayang nagdarahop at nagugutom. Kita ang pagiging ganid ng rehimeng US-Marcos II at kanyang kapasakat sa pagkukumahog nitong iratsada ang Charter Change habang sinasakal ng lumalalang krisis ang sambayanan. Lubos itong tinututulan ng mga rebolusyonaryong kababaihan dahil ang Cha-Cha ang magbibigay-daan sa mga opisyal ng reaksyunaryong gubyrno upang humaba ang kanilang termino na makapagdambong ng likas na yaman at lalo pang ilako ang bansa sa mga imperyalistang bayan. Mapasisidhi ng Charter Change ang kagutuman, kahirapan, at abusong nararanasan ng kababaihan at buong sambayanan.

Mula sa diktaduryang Marcos Sr. hanggang sa kasalukuyang rehimen ni Marcos Jr., hamon sa MAKIBAKA at lahat ng kababaihan na mas mapangahas na i-rehistro ang ating mga sektoral na panawagan nang hindi nahihwalay sa konteksto ng mas malawak na pambansa demokratikong pakikibaka.

Nararapat din na maging kaisa ng mga batayang sektor ang kababaihan sa pagtutol sa mga anti-Pilipino at maka-dayuhang mga patakaran gaya ng ChaCha na sandaang porsyentong tiyak na magsisilbi lang sa interes ng mga imperyalistang pwera na kumokontrol at nagpapatakbo sa reaksyunaryong estado. Kinakailangan ang mas mahigpit na pagtangan ng kababaihan sa wastong linya sa ideolohiya, pulitika, at organisasyon na siyang sangkap upang mas epektibong magpalakas at magpalawak ng ating hanay nang sa gayon ay tuluy-tuloy na isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon hanggang sa tagumpay.

Mabuhay ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan! Mabuhay ang pambansa demokratikong rebolusyon! Kababaihan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

## **Pahayag ng MAKIBAKA para sa Ika-52 Taon na Pagsusulong ng Pambansa Demokratikong Rebolusyon**

Marso 18, 2024

**Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka)**

Ngayong taon, ipinagdiriwang ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) sa iba't ibang lugar sa Pilipinas ang ika-52 taon ng pagkakatatag nito at patuloy na pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon.

Pinagpupugayan ng MAKIBAKA ang lahat ng kababaihang magpasyang nagsusulong at nagtataguyod ng rebolusyon para tuluyang ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo na siyang ugat ng kahirapan at kaapihan ng kababaihan at sambayanang Pilipino.

Ipinagdiriwang din ng kababaihan ngayong araw ang ika-76 kaarawan ni Maria Lorena Barros, isang makata, dakilang rebolusyanaryong martir, at tagapagtatag ng MAKIBAKA.

Itinatag ang MAKIBAKA sa panahon ng diktadurang rehimeng Marcos Sr. Nanguna ito sa paglaban sa karapatan ng kababaihan sa ilalim ng pyudal-patriyarkal na lipunan. Napilitan itong mag-underground nang idineklara itong ilegal ni Marcos Sr. matapos ang pagpapatupad ng batas militar sa bansa.

Mula kay Marcos Sr. hanggang sa panunungkulan ni Marcos Jr. sa kasalukuyan, walang kaparis na krisis at pagsasamantala ang kinakaharap ng kababaihan.

Ayon sa konserbatibong datos ng gobyerno, pagpasok pa lamang ng taong 2024, naitala na ang lagpas 2 milyong mamamayang Pilipino ang walang trabaho. 1.3 milyon dito ay kababaihan.



Mas mataas ito kumpara sa bilang noong Disyembre 2023. Hanggang ngayon, wala pa ring signipikanteng pagtaas ng sahod para sa mga manggagawa. Nananatiling P610 ang minimum na sahod sa National Capital Region (NCR) samantalang P316 naman sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM).

Nananatiling walang sariling lupang sinasaka ang mga magsasaka. Patuloy pa rin ang pagpapalit-gamit sa mga lupan agrikultural. Lalong nagpahirap sa kanilang kalagayan ang sunod-sunod na importasyon ng mga agrikultural na produkto tulad ng bigas, sibuyas, at karne. Napinsala rin ang mga pananim ng mga magsasaka dahil sa mga kalamidad. Sa kabila nito, puro pautang at panakip butas lamang ang ibinibigay na solusyon ng gobyerno.

Unang taon pa lamang din niya sa panunungkulan, nagtala ang Pilipinas ng 8.7% na implasyon. Ito ang pinakamabilis na pagtaas ng implasyon mula noong 2008. Noong 2023, ang implasyon ang isa sa mga pangunahing inaalala ng mga Pilipino ayon sa sarbey. Patuloy ring tumataas ang presyo ng mga bilingin at taas-singil sa pampublikong serbisyo tulad ng kuryente at tubig.

Tumitindi ang karahasan laban sa kababaihan. Mula Enero hanggang Agosto 2023, 19,635 ang naitalang kaso ng karahasan laban sa kakabaihan at mga bata. Noong nakaraang taon, naitala ang panggagahasa ng limang sundalo mula sa 94th Infantry Battalion sa isang labin-limang taong gulang na babae at kanyang kasama.

Patuloy rin ang paglabag ng estado sa International Humanitarian Law. Dinudukot at tinotortyur ng mga militar ang mga pulang mandirigmang kababaihan na naka-leave dahil sa pagbubuntis o pagkakaroon ng sakit. May mga kaso rin ng pagdukot ng kanilang mga anak para pilitin silang sumuko na lamang. Sa kabila ng krisis na kinakaharap ng kababaihan, niraratsada ng gobyerno ang Charter Change o Chacha na layuning magkaroon ng 100% pag-aari ng mga dayuhan sa pampublikong serbisyo, edukasyon, at advertising. Maaari rin itong magpalawig ng term extension, mag-alis ng restriksyon sa pag-aari ng lupa sa bansa, at pagpapasok ng mga dayuhang base militar. Pagbebenta sa dayuhan ang pangunahing isinusulong ng gobyerno.

Ang krisis at karahasang pinapalaganap ng estado ay matibay na dahilan kung bakit nagpapatuloy ang pakikibaka ng kababaihan at mamamayang Pilipno.

Mula sa pagkakatatag ng MAKIBAKA sa panahon ni Marcos Sr. hanggang sa maupo ang kanyang anak na si Marcos Jr. sa kasalukuyan, bitbit ng kababaihan ang hindi magagaping rebolusyonaryong diwa sa pagharap malakolonyal at malapyudal na lipunang nagpapalala sa pyudal-patriyarkal na kaayusan. Hamon sa kababaihan na ibayong magpalakas at isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon.

Mabuhay ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan! Mabuhay ang rebolusyon ng mamamayang Pilipino!

# **Pamunuan ang pakikibaka ng bayan para sa kanilang kapakanan sa harap ng pananalasa ng tagtuyot! Singilin ang rehimeng US-Marcos II sa kapabayaang at pagpapahirap sa masang magsasaka at mamamayan!**

Marso 20, 2024

## **Public Information Office CPP Southern Tagalog Regional Committee**

Ramdam na ramdam ng mamamayan sa Timog Katagalugan, laluna ng mga magsasaka at mangingisda ang malubhang epekto ng El Nino. Sa kabila ng kanilang pagdurusa bingi at manhid ang rehimeng US-Marcos II na sagipin sila sa kanilang pagdurusa, sa halip ay papatsi-patseng solusyon at kakarampot na ayuda ang ibinibigay nito. Sa likod nito malayang nakakapang-api at nakakapandambong ang mga tunay na salarin sa pagbabago ng klima at pagkasira ng kalikasan na ugat ng mas papalubha at papadalas na hambalos ng kalamidad sa bansa.

Matatandaang Pebrero pa lang ng taon ay inianunsyo na ng Task Force El Niño na kabilang ang MIMAROPA, partikular ang Oriental at Occidental Mindoro at Palawan sa tatamaan ng matinding tagtuyot. Sa kasagsagan ng tagtuyot, iniulat na ang kalakhan ng lupaing natatamnan ng palay at sibuyas sa bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ang sinasalanta habang apektado ang 69,000 mamamayan sa nasabing bayan. Mayroong 325 ektaryang taniman ng sibuyas at 539

ektaryang palayan ang napinsala na nagkakahalaga ng aabot sa P87 milyon. Lubos na natigang ang lupa bunga ng pagkatuyo ng mga ilog na pangunahing pinagkukunan ng tubig. Apektado ng tagtuyot ang kalidad at kantidad ng produksyon ng palay at sibuyas na tiyak na magpapahirap sa mga magsasakang pangunahing umaasa sa mga nasabing produkto. Nagkasya naman ang mga ahensya ng gubyrerno sa pagbibigay ng P5,000 para sa bigas at petrolyo bilang ayuda sa mga magsasakang apektado ng tagtuyot at P2,000 sa mga mamamayan sa ilalim ng Cash and Rice Distribution (CARD). Subalit sa hirap ng buhay at taas ng mga pagkain, bilihin at langis, saan aabot ang kakarampot na ayuda sa ilang buwan pang babatahing paghihirap ng mamamayan sa hagupit ng tagtuyot?

Tiyak din ang epekto ng tagtuyot sa mga taniman ng niyog, mais, tubo, gulayin at iba pang produktong bukid ng mga magsasaka sa rehiyon. Nitong Marso, sa ulat mismo ng National Disaster Risk Reduction ang Management Council (NDRRMC), umabot na sa P1.23 bilyon ang halaga ng nasalantang pananim at hayop dahil sa tagtuyot, apektado ang 29,409 magsasaka sa 26,731 ektaryang lupaing agrikultural sa bansa, bagama't tiyak na malaki pa ito sa aktwal dahil kapansin-pansing tinatakpan ng gubyrerno ang tunay na lawak ng apektado ng tagtuyot. Pangalawa ang MIMAROPA sa buong bansa na may pinakamalaking napinsalang pananim na nagkakahalagang P319.7 milyon kasabay ang CALABARZON na umaabot na sa P2.75 milyon.

Nakakabahala, dahil ang tagtuyot ay tinatayang aabot pa hanggang Hunyo.

Liban sa mga magsasaka ay apektado rin ang mga mangingisda sa rehiyon. Sa panahon ng El Nino, kadalasan ng mga isda ay pumupunta sa mas malalim na bahagi ng karagatan kung saan mas malamig ang temperatura kaya mas mahirap na makahuli ng isda at nangagaaailangan ng dagdag na pagawa, teknolohiya, panahon at gastos sa petrolyo. Nagdudulot din ang tagtuyot ng disbalanseng ekolohikal sa mga pinagmumulan ng tubig na kadalasan ay nagbubunga ng fishkill at redtide. Apektado nito ang mga aktibidad sa pangangisda at produksyon ng isda. Dahil dito, lalong lumiit ang kita ng dati nang naghahirap na maliliit na mangingisda.

Sa kabila ng matagal nang inasahang tagtuyot na tatama sa bansa bilang isa sa mga pinakabulnerable sa mga katulad na kalamidad, sobrang kapos ang kahandaan ng reaksyunaryong gubyerno para harapin ang epekto nito sa sektor ng agrikultura. Higit nitong inilulubog sa sobrang pagdurusa ang masang magsasaka at mangingisda na dati nang pinahihirapan ng patakarang liberalisasyon at importasyon na pumapatay sa lokal na produksyon ng agrikultura.

Ibinunga ng bulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal ang malubhang epekto ng tagtuyot sa mamamayan. Nagsasabwatan ang imperyalismong US, malalaking burgesyang kumprador (MBK)-panginoong maylupa (PML) sa pagsira sa kapaligiran at pagwasak ng kalikasan na dahilan

ng madalas na kalamidad kapalit ng supertubo mula sa paghuthot sa yamang-likas ng bansa sa kapariwaraan ng masang Pilipino.

Papatindi ang epekto ng pagbabago ng klima sa bansa dahil sa tuluy-tuloy na pagkawasak ng kalikasan resulta ng pagkalbo ng mga kabundukan dahil sa pagtotroso, malakihang pagmimina, pagtatayo ng mga dambuhang dam at iba pang proyekto at imprastraktura. Sinira at sinisira nito ang watershed na pinakukunan ng tubig. Pangunahing salarin sa mga ito ang malalaking kumpanyang dayuhan, malalaking kumprador-panginoong maylupa.

Ayon mismo sa Forest Management Bureau, ang kagubatan ng bansa ay bumagsak sa 7 milyong hektarya na lamang na katumbas ng 23.3% sa kabuuang lupain ng bansa. Ito ay maikokonsiderang mapanganib na sa kapaligiran. Patuloy na lumiit ang kagubatan sa bansa mula 1970s dahil sa mga pagtotroso ng mismong may pahintulot ang reaksyunaryong gubyerno. Pangita ito sa probinsya ng Palawan na itinuturing na “last frontier” ng bansa. Sa harap nito, patuloy na ipinatutupad ng gubyerno ang patakaran sa pagpapahintulot sa logging, dambuhang mina at pagpapayoridad sa pagtatayo ng mga malalaking dam at mga lugar sa ekoturismo. Halimbawa, ang patuloy na logging at konstruksyon ng dam sa Rizal at Quezon, tulad ng Wawa-Violago, Kaliwa at Macalelon dam projects na nilalabanan ng mga katutubo, magsasaka at mga grupong maka-kalikasan dahil sa hatid na panganib sa

biodiversity at seguridad sa tubig sa mga kabundukan ng Sierra Madre.

Liban sa palpak at inutil na pagtugon sa pangangailangan ng masa sa panahon ng kalamidad, nakikipagsabwatan ang rehimeng Marcos II sa imperyalismong US na pangunahing mapangwasak ng kalikasan. Patunay ang mga bagong kasunduan para sa pamumuhunan ng US sa bansa. Sa Batangas, naiulat ang bagong pumasok na negosyo ng US kakutsaba ang mga MBK na sina Ramon Ang, pamilyang Lopez at iba pa sa pagpapalawak ng negosyo sa Liquefied Natural Gas (LNG). Ang US ang pinakamalaking LNG exporter sa buong mundo at ang pagkontrol sa LNG ang isa sa layunin ng US sa inilunsad nitong proxy war sa Russia gamit ang Ukraine. Ang imperyalismong US ang isa sa mga bansang pinagmumulan ng pinakamalaking carbon emissions mula sa pagsunog ng langis na panggatong. Isa ito sa pangunahing sanhi ng pag-init ng mundo. Higit pa rito ang mapangwasak na pagmimina ng monopolyo kapitalismo sa mga minerals at rare earth metals, gamit sa paglikha ng mga aircraft carriers, sasakyan pangkalawakan, gamit pandigma at iba pa. Ang US at iba pang imperyalistang bansa ang salarin sa pagkasira ng kalikasan ng mga bayang kolonya, malakolonya at atrasado tulad ng Pilipinas. Sa panahon ng El Niño, kumakalat ang mainit na tubig sa ibabaw ng karagatang Pasipiko na nagdadala ng mainit na hangin sa atmospera at nagdudulot ng mainit na temperatura sa kalakhang bahagi ng arkipelago ng Pilipinas at buong Southeast Asia, dahilan sa aabot sa 80

probinsya sa bansa ang direktang apektado ng tagtuyot sa kasalukuyan.

Dapat pagkaisahin ang mamamayan na kolektibong labanan ang epekto ng tagtuyot sa pamamagitan ng sama-samang paggiit at panawagan para sa sapat na ayuda, subsidyo at serbisyo. Kasabay nito, dapat ilantad at singilin ang rehimeng Marcos sa kapabayaang, korapsyon at pagiging kontra-magsasaka nito at pangangayupapa sa interes ng mga mapandambong at mapangwasak na interes ng mga burgesyang-kumprador at dayuhang monopolyo kapitalista.

Dapat makipagpakaisa sa iba pang aping bansa ang Pilipinas sa paglaban sa katarungang pangklima (climate justice) laban sa mga imperyalistang bansa. Dapat panagutin ang imperyalismo at pandaigdigang sistemang kapitalista bilang siyang numero-unong mandarambong at maninira ng mga rekurso ng mundo, sa labis-labis na kasakiman para sa super-tubo at kawalang pakundangan sa pagyurak sa kapakanan ng mga mamamayan ng mga aping bansa. Dapat ilantad ang “green-washing” o pagpapanggap na maka-kalikasan ng mga imperyalistang institusyon at korporasyong multinasyunal. Dapat ilantad at labanan ang mga kontra-mamamayang proyektong tulad ng baterya, e-vehicles, solar power na nagpapanggap na maka-kalikasan pero ang nasa likod ay makapanegosyo at makapanghuthot ng supertubo at pag-agaw sa kabuhayan ng mamamayan.



Ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo ang tunay na pangmatagalang solusyon sa problema sa climate change na nagdudulot ng El Nino at iba pang katulad na sakuna. Dapat ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo na siyang ugat ng kahirapan ng bayan at patuloy na pagkasira ng kapaligiran at pagkawasak ng kalikasan. Sa tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon itatayo ng demokratikong estadong bayan at ipatutupad ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Kaakibat nito, ipapatupad ang mga patakaran at mekanismo na magtitiyak sa pangangalaga ng kapaligiran at kalikasan at itataguyod ang sustenableng ekonomyang maka-kalikasan para sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng bayan at may sapat na proteksyon ang mamamayan at paghahanda sa pagharap sa mga kalamidad at sakuna.###

## **Pang-aabuso ng mga militar sa kanilang mga asawa at anak, kinundena ng MAKIBAKA**

Marso 20, 2024

**Malaya Libertad, Spokesperson  
Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan  
(Makibaka)**

Nagpahayag ng matinding pagkundena ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) sa pang-aabuso ng mga militar sa

kanilang mga asawa at anak na inilantad kamakailan.

Kahapon lamang, nagsalita si Gemini Baladad sa isang press conference na siya at ang kanyang mga anak ay dumaan sa pang-aabuso ng kanyang dating asawa, isang retiradong heneral ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Nangyari ang pahayag ni Baladad ilang araw pagkatapos magsalita ni Tessa Luz Reyes-Sevilla laban sa pagpromote ng kanyang asawa na si Ranulfo Sevilla, isa ring miyembro ng AFP, dahil sa kaso ng pang-aabuso.

“Sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema, nagpapatuloy ang kahayupan at kabulastugang ginagawa ng AFP sa kababaihan at mga bata. Isang patunay ito ng macho-pasistang kultura na umiiral sa loob ng AFP,” saad ni Malaya Libertad, tagapagsalita ng MAKIBAKA.

Ayon kay Reyes-Sevilla, nasa sampung (10) kababaihan kada araw ang naghahain ng reklamo sa AFP dahil sa kaso ng pang-aabuso ng kanilang mga asawang militar.

“Hindi na bago ang pang-aabuso ng AFP sa kababaihan at mga bata. Patuloy nila itong ginagawa sa ilalim ng mga kontra-insurhensyang operasyong militar sa kanayunan at pamamalagi nila sa mga baryo at komunidad. Maraming kaso ng pang-aabuso ng militar sa kanayunan ang hindi narereport o nababalita,” ani Malaya Libertad.

“Sa kanayunan, walang kaluluwang ginagahasa, sinasaktan, dinudukot at pinapatay ng mga militar

ang kababaihan. May mga kaso rin ng pagdukot ng mga sanggol at bata bilang hostage sa mga armadong tunggalian. Dalawang buwang sanggol ang naitalang pinakabatang dinukot ng mga militar. Marami rin ang bilang ng karahasan sa kababaihan sa mga lugar na may base militar,” dagdag ni Malaya Libertad.

“Hinihikayat ang lahat ng biktima na tumindig, magsalita, at labanan ang pang-aabuso ng mga pulis at militar sa kababaihan at mga bata. Liban sa mga organisasyong pangkababaihan at women’s desks, bukas din ang mga chapter ng MAKIBAKA sa larangan at sa mga base sa kalunsuran upang tumulong sa mga biktima ng karahasan.”

## **People’s War Not Constitutional Change is the True Answer to the Filipino People’s Problems**

Marso 20, 2024

### **COMPATRIOTS-NDF (Revolutionary Organization of Overseas Filipinos and Families)**

COMPATRIOTS-NDF, the revolutionary organization of Filipinos overseas and a member of the National Democratic Front of the Philippines (NDFP), believes that the Philippine Constitution is a worthless piece of paper that legitimizes and justifies oppression and exploitation of the Filipino people in a semicolonial, semifeudal society ruled by US imperialism, bureaucrat capitalism and feudalism.

All Constitutions (1934 and 1943) that had been in effect since the United States' creation of a so-called Philippine Commonwealth, then followed by the Philippine Republic, were imposed on the Filipino people to legitimize its neocolonial rule. The 1973 Constitution or Marcos Constitution, which replaced the pre-WWII constitutions, made President Ferdinand Marcos Sr a one-man ruler. The constitution that Marcos implemented made him a dictator and allowed him to stay in power longer through the declaration of Martial Law.

The Filipino people's anti-dictatorship struggle led to the ouster of Marcos in 1986, paving the way for the Corazon Aquino government and its 1987 Constitution, which included some favorable provisions such as the ban on nuclear and foreign military bases, limiting foreign ownership to 40%, anti-political dynasty and term limits for elected officials including the president. These provisions had been the subject of many devious attempts by previous puppet regimes to amend them.

Marcos Jr and his allies in his ruling class faction are behind the moves to revise the 1987 Constitution. He aims to tinker with this piece of paper with changes that will enthrone his family and cronies once more in perpetuity while ensuring the support of US imperialism by allowing the latter and its allies to plunder our resources and complete the annexation of the Philippine archipelago as its military base in the looming inter-imperialist shooting war with China.

The oppressed and exploited classes and sectors of the Philippine society have all the reasons to

oppose Marcos' Charter Change. Compatriots-NDF believes that the people's opposition against Charter Change is growing and will succeed as it is linked and raised to the anti-imperialist, anti-bureaucrat capitalist, and anti-fascist struggle.

We call on the Filipino People to expose and oppose the Marcos Regime as US imperialism's new tyrant at the helm of the puppet government of the Philippines. Any changes to the current 1987 Constitution of the Republic of the Philippines only aim to consolidate and perpetuate the power of the ruling classes of bourgeois compradors, big landlords, and the bureaucrat capitalist state, and favor the continued plunder and war-mongering agenda of its US imperialist master.

No amendment to the current neocolonial Constitution will provide relief or salvation to the Filipino masses from poverty, destitution, and oppression. The Filipino people's national democratic revolution is the only and true solution to the fundamental economic, political, and socio-cultural problems of the Filipino people.

Onward with the People's War! Defeat Imperialism! Advance the People's Democratic Revolution!

## **Gasgas na ang inaalok na amnestiya ng rehimag US-Marcos II**

Marso 22, 2024

Armando Cienfuego, Spokesperson

## **NPA Southern Tagalog Regional Operational Command (Melito Glor Command)**

Sirang plaka ang reaksyunaryong gubyerno sa paulit-ulit na pagdedeklara na “pupulbusin” nila ang rebolusyonaryong kilusan ng CPP-NPA-NDFP. Ang mga Pulang mandirigma ng NPA at ang buong rebolusyonaryong kilusan ng Timog Katagalugan ay kailanma’y hindi pasasailalim sa mga hungkag na programang pangkapayapaan ng bulok na estado. Determinado ang Partido, NPA at pambansa-demokratikong kilusan kasama ang malawak na mamamayang Pilipino na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan upang lumaya mula sa gapos ng imperyalismong US, pyudalismo, at burukrata kapitalismo.

Nagpapatuloy ang desperadong paglalako ng amnestiya ng rehimeng US-Marcos II, pinakahuli sa pamamagitan ng inisponsor na panukala ni Senador Jinggoy Estrada noong Marso 13. Ipinasa ng Senado ang House Concurrent Resolution No. 20 para sa paggagawad ng amnestiya sa mga “rebeldeng” CPP-NPA-NDFP. Sinundan nito ang proklamasyong “amnestiya” ni Marcos Jr. noong Nobyembre 2023 kasabay ng paglalabas ng Oslo Joint Statement ng NDFP at GRP.

Pinatutunayan lamang nitong hindi kailanman naging sinsero si Marcos Jr. sa paghahangad ng tunay, pangmatagalan at makatarungang kapayapaan, kung saan layong lutasin ang ugat ng armadong tunggalian sa bansa sa pamamagitan ng pagtugon sa mga karaingan ng bayan. Matatag ang paninindigan ng MGC-NPA-ST kasama ang lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa na

makatwiran ang maghimag sik laban sa pasismo at terorismo ng estado. Nananatili ang mga batayan ng paglulunsad ng makatarungang digma kaya hinding-hindi palilinlang at tatanggap ang matatapat na kasapi ng NPA ng “amnestiya”.

Ang amnestiya at mga buladas sa “pagtanggap” sa mga “nagbalik-loob” ay lumang tugtugin na. Hindi na bago ang taktikang saywar bilang bahagi ng pangkalahatang kontra-rebolusyonaryong estratehiya ni Marcos Jr. sa balangkas ng US Counter-insurgency Guide. Ikinukubli nito ang tunay na layuning supilin ang mamamayang lumalaban sa pamamagitan ng mga sapilitang pagpapasuko sa tabing ng “ayuda” at sa ultimo’y kapitulasyon sa reaksyunaryong estado. Hibang si Marcos Jr. na pagmukhaing nagtatagumpay ang reaksyunaryong rehimen sa pagdurog sa CPP-NPA-NDFP. Malinaw sa rebolusyonaryong kilusan ang dobleng-talim na taktika ni Marcos Jr. na habang nanawagan ng kapayapaan at nag-aalok ng amnestiya ay todong inaatake ang rebolusyonaryong pwersa at mamamayan at wala ni-katiting na planong lutasin ang mga batayang suliranin ng bansa, bagkus ang pagsilbihan ang makitid na interes sa kapangyarihan at kayamanan, at maglingkod sa lokal na naghaharing-uring malaking burgesyang kumprador, panginoong maylupa at ng among imperyalistang US.

Samantala, malaon nang nalantad ang kampanyang pagpapasuko ng rehimen ay malawakang iskema ng korapsyon ng matataas na opisyal sa AFP-PNP at mga kasabwat nitong

burukrata. Pinagkakakitaan lamang ng mga ito ang pondo para sa mga “rebel returnee” na barya lamang ang tinatanggap sa ipinagmamalaking “tulong” ng GRP sa pamamagitan ng ECLIP. Karaniwang nakukuha lamang ng mga pinalalabas na suko ay kakarampot na halaga, isang kilong bigas at ilang mga delata. Ginagamit din ang pondo ng iba pang sibilyang ahensya ng gubyrerno para sa kontra-“insurhensya” imbes na ilaan sa makabuluhang serbisyo.

Pumuposturang anghel si Marcos Jr. sa pag-aalok ng peace talks at amnestiya. Desperado siyang pabanguhin ang kanyang bulok na reputasyon sa usapin ng karapatang tao at internasyunal na makataong batas. Ngunit malinaw sa mamamayan sa loob at labas ng bansa na panis na ang pakulong ito. Taliwas sa pangako ng “sinserdad” at “komitment” sa pagkakamit ng pangmatagalang kapayapaan, hindi natitigil ang terorismo ng estado. Kabi-kabila ang paglabag sa karapatang tao tulad ng tortyur at extrajudicial killings, ilegal na pang-aaresto at iba pang pang-aatake sa mga komunidad. Masahol ang militarisasyon sa kanayunan kung saan daan libong magsasaka ang biktima ng walang habas na aerial bombing, istraping, panganganyon, food blockade, sapilitang pagrerekut sa CAFGU at ahente o intel, at iba pang anyo ng pang-aabuso ng berdugong AFP-PNP. Laganap din ang sekswal na pang-aabuso ng mga militar sa kababaihan. Tahasang minamanmanan at hinaharas ang mamamayan sa lungsod, pinakahuli ang panghahas sa mga demokratikong grupong lalahok sa komemorasyon ng Pag-aalsang EDSA I.



Tampok din ang mga kaso ng pambubugbog sa mga magsasaka at katutubo kagaya nina G. Pedro Ambad at G. Kitot sa Mindoro, ilegal na pang-aaresto kay Danilo Acayen sa Rizal, at sapilitang pagwala ni Mariano Jolongbayan at panghahas sa mga lumalabang magsasaka at manggagawang bukid sa tubuhan sa Batangas. Nitong Marso 4 lamang, pinaulanan ng bomba ang hangganan ng Tagkawayan, Quezon at Del Gallego, Camarines Sur kung saan namatay ang isang magsasaka at muntik nang tamaan ang tatlo pang maglulukad at natrauma ang libu-libong residente.

Lahat ng ito ay kabaliktaran ng ipinipintang kapayapaan ng rehimeng US-Marcos II. Ang kapayapaang hinahangad nito ay kapayapaan ng libingan — pagsupil sa bayan upang pigilan ang pag-aaklas at malayang makapandamong ang lokal na naghaharing uri at imperyalismo. Ang ganitong estilo ng reaksyunaryong guberno ang nagtutulak sa libo libong mamamayan na mag-alsa at lumaban upang depensahan ang kanilang demokratikong interes at mga karapatan. Higit na papaigtingin ng NPA ang rebolusyonaryong pakikidigma kasabay ang malawak na masa para ibagsak ang mapang-aping sistema at kamtin ang tunay na pangmatagalang kapayapaan na may hustisyang panlipunan.###

## **Sagad-saring magnanakaw na sundalo ng 4th IBPA, 203rd Bde, binabalaan ng NPA Mindoro**

Marso 23, 2024

## **Madaay Gasic, Spokesperson NPA-Mindoro (Lucio De Guzman Command)**

Binabalaan ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command-NPA Mindoro (LDGC-NPA Mindoro) noong Marso 21, 2024 si Pvt. Oman Balitang Hagan, isang sundalong Buhid-Mangyan na sumailalim sa special enlistment sa Philippine Army. Si Hagan ay isang sagadsaring magnanakaw at sangkot sa malawakang nakawan ng mga alagang hayop ng mga katutubo sa saklaw ng mga barangay ng Naibuan at Monteclaro sa bayan ng San Jose, at Manoot sa bayan ng Rizal.

Ang pagbababala kay Hagan ay tugon ng NPA-Mindoro sa mga kasong isinampa sa Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) laban sa kanya ng mga mamamayan sa mga lugar na sinasaklaw ng kanyang mga krimen. Mula nang pumwesto ang kampo militar ng 203rd Bde sa Sityo Mantay, Barangay Monteclaro, ibayong lumaganap ang malawakang nakawan at iba pang mga krimen sa lugar na nagdudulot ng malakings pinsala sa kabuhayan at kapayapaan ng mga residente. Pangunahing sangkot dito ang mga elemento ng AFP-PNP gamit ang mga Buhid-Mangyan na isinailalim sa special enlistment na sila ngayong nagsisilbing pinakamaasahang mga ahente ng mga berdugong sundalo at pulis sa lugar sa pagsasagawa ng mga krimen laban sa mamamayan.

Si Hagan ay kasapakat din ni Pvt. Mayuay Unaw na nauna nang ginawaran ng parusang kamatayan noong Abril 2023 ng LDGC-NPA Mindoro dahil sa pangunahing papel nito sa sapilitang

pagpapasuko, pagbabanta, intimidasyon at iba pang mararahas na paglabag sa karapatang pantao na isinasagawa ng 203rd Bde at PNP MIMAROPA sa hanay ng mga katutubong Buhid-Mangyan sa nabanggit na mga barangay.

Pinatutunayan ng mga kaso ni Unaw at Hagan ang pagiging sagad-saring anti-mamamayang mga kriminal at tagapaglabag sa karapatang pantao ng berdugong AFP at PNP na naghahasik ng ligalig at terror saan man sila naroon. Malinaw na kasinungalingan at panlilinlang lamang ang mga pahayag nilang tagapagtanggol umano sila ng interes at kapakanan ng mamamayan.

Nananawagan ang LDGC-NPA Mindoro sa lahat ng mga yunit sa ilalim nito na gawin ang ibayong pagsisikap para maglunsad ng mga katulad na hakbangin at mga taktikal na opensiba upang bigyang katarungan ang masang katutubo, magsasaka at iba pang aping mamamayan. Gawing pangunahing target ang mga yunit ng 203rd Bde at PNP MIMAROPA kabilang ang mga kontra-rebolusyonaryo at anti-mamamayang elemento katulad nina Hagan at Unaw na sangkot sa pinakamalalalang mga krimen at mga paglabag sa karapatan at interes ng mamamayang Mindoreño. Ipagdiwang natin ang okasyon ng ika-55 taong anibersaryo ng NPA sa pamamagitan ng matatagumpay na mga aksyong militar na nagtatanggol at nagbibigay katarungan sa mga biktima ng mga kaaway ng mamamayan. ###

# Sama-samang harapin at labanan ang pananalasa ng tagtuyot na dulot ng El Niño

Marso 23, 2024

## **Leona Paragua, Spokesperson NDF-Palawan**

Nakikiisa ang National Democratic Front of the Philippines-Palawan (NDFP-Palawan) sa panawagan ng bayan na lutasin ang mga suliranin sa buhay at kabuhayang sinasalanta ng tagtuyot na dala ng penomenong pangklimang El Niño, kasabay ang paniningil sa palpak at pabayang rehimeng US-Marcos II at mga lokal na burukrata. Ramdam na sa malaking bahagi ng probinsya ang pagliit ng suplay ng tubig na pangunahing nakakaapekto sa mga pananim ng masang magsasaka. Pinangangambahan ding maapektuhan nito ang kasalukuyang peak season ng pangingsda at maapektuhan ang kabuhayan ng mga mangingsda dahil sa inaasahang fishkill at redtide dulot ng mainit (warm) na tubig na dala ng El Niño.

Katumbalik ng napakabilis na pag-iga ng tubig ang usad-pagong na aksyon ng lokal na reaksyunaryong gubyernong pinamumunuan ni Socrates na mistulang naghihintay pang lumala ang sitwasyon. Hindi pa man idinedeclarang nagaganap na ang tagtuyot sa probinsya, ayon sa mga ulat ay aabot na sa 1,200 magsasaka ang apektado ng El Niño mula sa mga bayan ng Aborlan, Narra, Sofronio Española, Quezon, San Vicente, Taytay at Bataraza. Naiulat na rin sa

unang linggo ng buwan ang panunuyo ng mga bukal, sapa at iba pang pinagmumulan ng tubig sa Puerto Princesa City kaya't naglabas na ang city council ng water crisis alert sa buong syudad. Liban dito, tagtuyot din ang itinuturong dahilan ng Philippine Statistics Authority sa mabilis na pagsirit ng implasyon na pumalo nitong Pebrero sa 4% mula sa 3.7% nitong Enero.

Kung babalikan, Setyembre pa lamang ng nakaraang taon ay inianunsyo na ng PAG-ASA ang darating na El Niño at kabilang ang Palawan sa mga tinukoy na tatamaan. Sapat-sapat sana ang panahon ng paghahanda ngunit hindi ito ang inatupag ng lokal na gubyerno. Sa halip, pinaarangkada sa kumpas ng pambansang gubyerno ang mga proyektong pakikinabangan lamang ng mga dayuhan at lokal na malalaking kapitalista kagaya ng malawakang operasyon ng mina, konstruksyon ng base militar ng US at mga huwad na proyektong renewable energy. Tila ba hindi ito natututo sa kasaysayan ng probinsya sa nagdaang mga pananalasa ng tagtuyot dulot ng El Niño kung saan matindi ang pinsalang natamo laluna ang sektor ng agrikultura at pangisdaan.

Matatandaan na noong Mayo 2019, panahon din ng El Niño, nagdeklara ng state of calamity ang Puerto Princesa City dahil sa epekto ng tagtuyot sa 65,445 residente sa 21 barangay o 20% ng populasyon ng syudad. Aabot naman sa 40% ng kabuhayan ang apektado na may katumbas na pinsalang P5.7 milyon. Mayor na penomenon sa panahong ito ang krisis sa tubig.

Sa katulad ding sitwasyon, noong 2016 naganap rin ang krisis sa tubig na matinding nakaapekto sa malaking bahagi ng probinsya. Dulot nito, idineklara ang state of calamity sa buong probinsya na ang pinakamalalang tinamaan ay ang limang bayan ng Dumaran, Roxas, Taytay, Puerto Princesa City at Bataraza. Aabot sa P400 milyon ang pinsala sa pananim.

Inaasahang mas titindi pa ang epekto ng tagtuyot sa probinsya at buong bansa laluna't inianunsyo ng PAG-ASA na tatagal pa hanggang Hunyo ang El Niño. Habang hindi pa tumatama ang matinding tagtuyot sa probinsya, dapat na itong maagap na paghandaan ng iba't ibang sangay at lokal na gubyerno. Hihintayin pa ba nilang sapitin ng probinsya ang malalang epekto at ideklara ang state of calamity sa probinsya o alinmang bahagi nito bago sila umaksyon?

Lalong pinalalala ng kasalukuyang pananalasa ng tagtuyot ang dati nang pinapasang kahirapan ng mamamayan resulta ng lumalalim na krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino at kainutilan at labis na pagpapakatuta ng rehimeng US-Marcos II at lokal na kinatawan nito sa probinsyang pangkating Socrates-Alvarez. Nananawagan ang NDFP-Palawan na dapat higit na magbigkis at magkaisa ang mamamayan para ilunsad ang iba't ibang tipo ng pagkilos at kabigin ang suporta ng iba't ibang grupo at sektor sa lipunan upang ilantad, singilin at kastiguhin ang estado sa kriminal na kapabayaan nito sa kapakanan at kagalingan ng taumbayan sa gitna ng ganitong mga sakuna. Dapat nilang igiit ang

sapat at karampatang tulong at ayuda sa gitna ng pagkapinsala ng kanilang mga kabuhayan. Kasabay nito, dapat nilang ibunsod ang kanilang kolektibong pagsisikap para harapin sa sarili nilang paraan ang pasakit ng tagtuyot. Dapat pangunahing isagawa ng mga organisasyong masa ng magsasaka, mangingisda atbpng uri at sektor, ganundin ang kanilang mga kooperatiba ang mga hakbangin paano mababawasan ang pinsala ng tagtuyot. Nananawagan kami sa lahat ng alyadong organisasyon ng NDFP sa Palawan na pangunahan ang mga pagsisikap na ito.

Ang patuloy na pagdalas at papalalang tama at epekto ng El Niño, La Niña at ibang penomenong pangklima sa probinsya at buong bansa ay resulta na ng daantaon at tuluy-tuloy na pangwawasak ng kalikasan ng mga dayuhan at malalaking proyekto ng mina, logging, plantasyong monocrop para sa eksport at iba pa. Winawasak ng mga ito ang mga kagubatan at watershed na pinagmumulan ng mayamang pagdaloy ng tubig na magagamit sana ng mamamayan para sa kanilang araw-araw na pangangailangan sa buhay, kabuhayan at iba pang mga aktibidad nito. Sa gitna ng pananalasa ng tagtuyod na dulot ng El Niño, dapat higit na palakasin ang pagtutol sa pag-amyenda sa Saligang Batas laluna't minamaniobra ng rehimeng Marcos II ang charter change na magtatanggal sa lahat ng pang-ekonomyang restriksyon at magbubuyangyang sa lahat ng rekurso ng bansa sa dayuhang monopolyo kapitalistang pandarambong. Sa pangmatagalang laban kaugnay sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayang Palaweño at buong bansa, dapat

nitong paigtingin ang digmang bayan sa balangkas ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa tagumpay. Hangga't hindi nabubunot ang ugat na imperyalismo at iba pang salot sa lipunang Pilipino na burukrata-kapitalismo at pyudalismo, hindi makakamit ng mamamayan ang climate justice at tunay na mapangangalagaan ang kalikasan at maipagtatanggol ang likas na yaman ng bansa.#

## **Wala sang Lehitimo nga Engkwentro sa La Libertad, Negros Oriental**

Marso 23, 2024

### **JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)**

Mabaskog nga ginapakamalaot sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) ang lapnagon nga pagpang-abuso sang berdugong tropa sang 62nd IB sa pagpamuno ni Lt.Col Evelio Ilanga III sa mga mangunguma sa Central Negros.

Sadtong Marso 15, 2024 alas 9:18 sang gab-i, natublag ang mahamuok nga katulugon sang mag-asawa nga sanday Maribel kag Randy Pecore sang Barangay Tala-on, La Libertad, Negros Oriental sang ginpaarakan ang ila panimalay sang platon nga tropa sang pasistang 62nd IB. Pagkaaga Marso 16, ginbantala naman sang militar nga engkwentro sa tunga sang NPA kag nasambit nga tropa militar.



Ang matuod wala sang yunit sang NPA sa lugar. Wala man sang kamatuoran nga may shotgun nga nakumpiska ang militar. Ini lunsay mga kabutigan kag gusto lang sang 62nd IB nga hinabunan ang ila palpak nga operasyon.

Ginakondenar man sang LPC-NPA ang paglusob sang militar sa panimalay Cantela sang sityo Pitik-pitik, Brgy Luz, Guihulngan sadtong Marso 20, 2024 alas 6:00 sang aga. Ginsaka, ginransak, ginukay ang mga kagamitan, gintamnan sang .357 caliber pistol kag Engram ang nasambit nga panimalay kag iligal nga gin-aresto si Ronald Cantela. Si Cantela ang tumandok nga mangunguma kag sibilyan sa lugar.

Ang kapintas nga ginahimo sang 62nd IB sa pumuluyo sang Central Negros ang indi na bag-o kundi tatak na sang nasambit nga batalyon ang berdugo kag pasista sa balayon sang pasismo kag terorismo sang estado.

Samtang ginabuyagyag sang pumuluyo sa mga kaumhan sang Central Negros ang kalakasan militar, ang NPA magalunsar sang lapnagon nga taktikal nga opensiba para pabayaron sang dako ang berdugong 62nd IB sa tunga sang ginapabugal nga state of Stable Internal Peace and Security (SIPS).

## **Kriminal kag Kawatan sa Guihulngan nga Gina-uyatan sang 62nd IB, Ginsilotan sang NPA**

Marso 24, 2024

## **JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)**

Sa pihak sang lapnagon kag masingki nga operasyon militar sa Central Negros, madinalagon nga ginpatuman sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) ang silot kamatayon Kay Gamay Taganeli sang Crossing Bon-bon, Barangay Hinakpan Guihulngan City, Negros Oriental sadtong Marso 20, 2024 alas 7:00 sang gab-i.

Si Taganeli ang brutal nga nagpatay kay Egling Carreon sang Sityo Bonbon, Guihulngan sadtong tuig 2023. Ginhatok-hatok paagi sa paglabo kag gin-salvage ang lawas ni Egling Carreon kag ginhaboy ini sa pil-as.

Samtang, si Jovanie Dela Cruz ang bantog kag masupog nga kawatan sang de kantidad nga mga kasapatan sang pumuluyo sa lugar. Masupog man nga asset-militar si Dela Cruz nga nagareport sa Barangay Hinakpan-Guihulngan Patrol Base kag 62nd Batallion Headquarter sa Brgy Libas, Isabela, Negros Occidental. Tuyo nga arestuhon sang NPA si Dela Cruz upod sa iya anak nga si JR Dela Cruz apang nagbato ini sa mga NPA arresting officers rason man nga nakapalagyo si JR. Napilitan ang NPA sa pagdepensa sa kaugalingon. Ginpalukpan sang NPA operatives si Jovanie nga nagtuga sa iya kamatayon.

Lubos nga ginapasalamatan sang LPC-NPA ang wala paghubas nga suporta sang masa sa armadong paghimakas. Samtang ginkalipay man

sang mga pumuluyo ang madinalag-on nga opensiba sang NPA sa pagsabat sang madugay na nga ginapangita nga hustisyà sang mga biktima.

## **Biktima ng oil spill sa Mindoro nananatiling walang katarungan, sama-samang kumilos para ipaglaban ang buhay at kabuhayan!**

Marso 25, 2024

### **Ma. Patricia Andal, Spokesperson NDF-Mindoro**

Isang taon na ang nakalilipas ng maranasan ng mga Mindoreño ang pinakamalaking trahedyà sa karagatan nito, ang oil spill noong Pebrero 28,2023. Lumubog ang MT Princess Empress na may kargang 900,000 litro ng langis sa karagatan ng Pola, Oriental Mindoro. Pangunahing dapat managot sa trahedyang ito ang RDC Reield Marine Services at ang charterer ng byahe nitong si Ramon Ang, isa sa pinakamalalaking burgesya kumprador sa Pilipinas na may-ari ng San Miguel Corporation. Umabot ang pagtagas ng langis sa Calapan at sampung bayan ng Oriental Mindoro hanggang sa kalapit pa nitong mga probinsya gaya ng Antique, Marinduque, Palawan, Romblon at Batangas.

Nasa mahigit 38,000 pamilyang mangingisda ang nasalanta ang kabuhayan at nadisloka lalo na sa sektor ng pangisda. Nawalan ng sistemang suporta sa kagalingan at kabuhayan ang maraming pamayanan sa tabing dagat katulad ng pinagkukunan ng malinis na tubig at dagdag na

pagkain. Apektado rin ang kabuhayan ng mamamayang nakaasa sa ekoturismo, sa serbisyong transportasyon katulad ng mga tricycle driver, ang kabuhayan ng mga manininda at maliliit na negosyante. Malaki ang pananagutan ni Ramon Ang at ng RDC Reield Marine Services sa pagkawala ng kita ng daan-libong mamamayan at sa pangmatagalang epekto nito sa kalikasan sa isla ng Mindoro at mga karatig probinsya. May pananagutan din ang Philippine Coast Guard at Maritime Industry Authority (MARINA) sa pagpapahintulot sa paglalayag ng MT Princess Empress gayong wala ito sa kondisyon para pumalaot.

Buong sikap na kumilos ang mamamayan ng Oriental Mindoro upang linisin ang dumi na puminsala sa kanilang karagatan. Sama-sama silang kumilos at nagtulungan kasabay ng paglapit sa mga grupo at indibidwal na may kakayahan at kasanayan sa pagtugon sa katulad ng krisis pangkapaligiran upang humingi ng teknikal at materyal na tulong. Humihyaw ang mamamayan para sa katarungan at kompensasyon.

Buong tapang na giniit ng mamamayan ang kagyat na pagpapanagot sa mga pangunahing responsable sa trahedyang ito. Sa kabila nito, walang naging makabuluhang aksyon ang gubyerno ni Marcos Jr. kaugnay nito. Isang malaking kalokohan ang pag-aalok ng RDC Reield Marine Services ng limos na labing-limang libong piso at ilang pirasong relief packs sa apektadong mamamayan kapalit ng garantiya na hindi sila magsasampa ng kaso laban sa dapat managot.

Kaya mistulang bayad sa pananahimik at hindi kompensasyon ang ibinigay ng kumpanya sa mga biktima. Kung kompensasyon ang hahabulin, di hamak na napakalaking kulang ng halagang tinanggap ng mga biktima lalo pa't aabot ng dekada bago manumbalik ang balanse ng ekolohiya at antas ng produktibidd ng karagatan na sinalanta ng trahedyang. Sa halip na pakinggan ang panawagan ng mamamayan, militarisasyon at pasismo ang tugon ni Marcos Jr. sa mamamayang apektado ng naturang trahedyang. Dagdag na kahirapan sa kasalukuyang sadlak na kabuhayan ng mamamayan ang harassment, pagbabanta, red tagging, at pangangampo na isinagawa ng 203rd Bde at PNP-MIMAROPA sa kanilang mga komunidad. Inilunsad ng mga pasistang pwera ang Retooled Community Support Program Operations (RCSPO) para linlangin ang mamamayan at pahupain ang kanilang samasamang pagkilos. Malayo pa ang tatahakin ng mamamayan sa pagkakamit ng katarungan sa trahedyang ito.

Dapat na huwag magpatinag at buong sikap na kumilos ang mamamayan ng Oriental Mindoro para igiit at ipaglaban ang katarungan at ang kanilang demokratikong interes at kahilingan. Patuloy na singilin si Ramon Ang, ang RDC Reield Marine Services at ang reaksyunaryong guberno sa nararapat na ayuda, mga suportang serbisyo at mga pangmatagalang solusyon para tugunan ang naging pinsala ng oil spill sa kanilang buhay at kabuhayan.

Ang pambansa demokratikong programa na may sosyalistang perspektiba ang tunay na programang lulutas sa problemang pangkabuhayan at pangkalikasan na hatid ng oil spill. Maipapatupad lamang ito sa pagbabagsak ng gubyernong kontrolado ng mga malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at matataas na burukrata na siyang pangunahing kasabwat ng mga dayuhang monopolyo kapitalista. Walang ibang dapat na sandigan ang mamamayan kundi ang lakas ng armadong pakikibaka at ang kanilang sama-samang pagkilos.

## **85th IBPA, inambus ng NPA sa Quezon**

Marso 26, 2024

### **Cleo del Mundo, Spokesperson NPA-Quezon (Apolonio Mendoza Command)**

Ilang araw bago ang itinakdang deadline ng hepe ng Armed Forces of the Philippines na uubusin nila ang lahat ng larangang gerilya ng New People's Army sa bansa, tinambangan kahapon ng pulang hukbo ang nag-ooperasyong sundalo sa barangay Doña Aurora, bayan ng Calauag.

Alas-sais ng hapon nang papatukan ng mga gerilya ng Apolonio Mendoza Command ang may tatlung tropa ng 85th IBPA na nagsasagawa ng operasyong kombat sa lugar.

Ayon sa pahayag ni Ka Cleo del Mundo, tatlong sundalo ang kumpirmadong kaswalti matapos masabugan ng command detonated explosive sa sampung minutong labanan.

“Binabati ko ang mga kasamang nagsagawa ng matagumpay na taktikal na opensiba laban sa kriminal na 85th IBPA.”

“Patunay ang aksyong militar ng NPA na pangangarap ng gising ang hangarin ni Gen. Romeo Brawner ng AFP at ng commander in chief nilang si Bongbong Marcos ang paglipol sa rebolusyunaryong kilusan,” dagdag ng tagapagsalita ng AMC-NPA-Quezon.

Noong nakaraang taon, nagdeklara ang pamahalaan ng Quezon na insurgency free na at may categoryang Stable Internal Peace and Security dahil wala na umanong NPA sa lalawigan.

Subalit nalagay sa alanganin ang deklarasyong ito ni Gov. Helen Tan matapos ambusin ng NPA ang mga sundalo at CAFGU sa bayan ng Tagkawayan noong September 1, 2023.

Lima ang namatay sa panig ng sundalo at limang high powered rifle ang nasamsam ng mga gerilya.

Iginiit noon ng AMC-NPA-Quezon na kailanman ay hindi sila umalis sa probinsya dahil patuloy na kinakailangan ng mga magsasasaka sa niyugan ang kanilang tulong para lutasin ang kahirapan. #

**Lalong tumataba ang lupa ng Masbate para sa armadong rebolusyon**

Marso 26, 2024

**Luz del Mar, Spokesperson  
NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Tahimik na binubungkal ng mga magsasaka ang lupaing Triple A sa bayan ng Cawayan, bahagi ng mga kinumpiskang yaman ng pamilyang Marcos. Mapayapa itong naipaglaban at nakamit ng mga magsasaka.

Lahat ng ligalidad at pagiging lehitimo ay taglay ng mga magsasaka sa naturang lupain, lalupa't nakapailalim ito kahit sa mismong huwad na programang agraryo ng gubyrno na CARP at SPLIT. Kailangang-kailangan ng suporta sa produksyon ng mga magsasaka sa naturang lugar, laluna't malaki ang inaambag ng naturang lupain sa kabuuhan agrikultural na produksyon ng prubinsya.

Subalit anong naging tugon ng estado? Gamit ang armadong terorismo ng militar, pinapatay ang mga magsasakang matiwasay na nagbubungkal ng kanilang lupa. Ngayon, gamit ang takot na idinulot ng pagpatay sa mag-asawang Regala, dahan-dahan nang pinapalayas ang mga magsasaka sa Triple A. Sa harap mismo ng ilang mga kawani ng DAR, pinagbabawalan ng militar na magsipagbalik ang mga magsasakang nagbakwit dahil sa pagpatay sa mag-asawang Regala, partikular sa barangay ng Tuboran.

Sa harap ng lumalalang krisis sa pagkain at walang awat na pagtaas ng presyo ng bilihin, isinagawa ng militar ang pagpapalayas sa mga magsasaka sa Triple A.

Aabot sa kabuuhan 550 ektarya ang lupaing Pecson na inagaw ni Gov. Kho mula sa mga magsasaka, liban pa ito sa mga lupaing pwersahan



niyang binili sa magsasaka sa mga bayan ng Cataingan at Esperanza. Plano ng kumpanyang Empark na kamkamin ang 1,854 ektarya ng lupa sa Dimasalang at Palanas para pagtayaran ng ekoturismo at casino. Hindi bababa sa 10,000 ektarya ang mining claims ng Filminera. Higit sa 187,500 ektarya ang dokumentadong mga rantso, kabilang dito ang 37,000 mahigit na pasture lease agreements sa pagitan ng mga rantsero at gubyrerno.

Samantala hinaras din ng mga militar gamit ang grupo ni Boyet Besana at mga taksil ang mga magsasaka sa 7R na saklaw ng mga brgy ng Dalipe, Panan-awan, Taverna, Lague-Lague at Polot lahat saklaw ng bayan ng Cawayan na nagresulta ng pag- alis ng mga tao dahil sa takot. Sa kabuuha'y hindi bababa sa 200,000 ektarya ang kontrolado ng iilang rantsero at mga dayuhang kumpanya.

Lahat ng ito'y inagaw sa mga magsasaka gamit ang armadong dahas.

Sa sitwasyong inaagaw ang lupa, kabuhayan at buhay, sinong hindi matutulak na lumaban at mag- armas?

Nananawagan ang Jose Rapsing Command-Bagong Hukbong Bayan Masbate sa mamamayang Masbatenyo na huwag magpatinag at sa halip ay magkaisang hadlangan anumang tangka para tapakan ang kanilang karapatan.

Dapat maunawaan ng mga Masbatenyo na hangga't nananatili ang bulok na sistemang

mapang-api at mapagsamantala, mananatili tayong biktima. Dapat nilang maunawaan na ang kanilang lupa, buhay, kabuhayan at karapatan ay kinakailangang ipaglaban sa harap ng malinaw na pagkakait ng kaaway sa kanila nito. Maipaglalaban lamang ito sa pamamagitan ng digmang bayan.

Sa nalalapit na paggunita ng Araw ng Kawalang Lupa, dapat magkaisa sinumang nagtataguyod sa demokrasya, karapatan at may malasakit sa masang magsasaka na ilantad ang malawakang pangangamkam ng lupa sa Masbate at kaakibat nitong terorismo ng militar. Hamon rin ito sa mga matataas na upisyal sa prubinsya na hindi na sang-ayon sa pamamalakad ng dinastiyang Kho na patunayan sa mga Masbatenyo ang pagiging tapat na lingkod-bayan.

Partikular din naming hinahamon ang Department of Agrarian Reform na manindigan sa kanilang mandato na protektahan. Kahiya-hiya sa reputasyon ng kanilang ahensya ang malawakang pangangamkam ni Gov. Kho ng lupa sa harap ng pagmamayabang na isa ang Masbate sa prayoridad ng reaksyunaryong repormang agraryo.

Para labanan ang armadong pang-aapi ng rehimeng US-Marcos Jr, kailangang suportahan at palakas ng masang Masbatenyo ang New People's Army bilang kanilang tunay na Hukbo.

Sa ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, panata ng Jose Rapsing Command-NPA Masbate na pahalagahan ang pinagbuwisan ng buhay ng

mga magsasakang Masbatenyo at isulong ang armadong pakikibaka upang biguin ang paghaharing militar sa probinsya.

## **Mamamayan ng Timog Katagalugan, kapit-bisig na harapin ang El Niño! Palpak at pahirap na ilehitimong rehimeng US-Marcos II, singilin!**

Marso 26, 2024

### **Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog**

Nananawagan ang NDFP-ST sa mamamayang Pilipino na magkaisa para harapin ang El Niño at singilin ang kainutilan at kriminal na pagpapabaya ng reaksyunaryong estado sa panahon ng sakuna.

Habang nagdarahop ang mamamayang Pilipino sa matinding krisis sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, tinatamaan ngayon ang bansa ng tagtuyot na dulot ng El Niño. Sa Timog Katagalugan, apektado ang mga probinsyang Cavite, Laguna, Batangas, Occidental Mindoro, Oriental Mindoro at Palawan. Umaabot na sa P770 milyon ang pinsala sa agrikultura sa MIMAROPA habang P7 milyon sa CALABARZON. Sa kabila ng matinding epekto ng El Niño sa buhay at kabuhayan ng mamamayan, walang kongkretong hakbangin ang reaksyunaryong guberno para lutasin ang mga problema sa sakunang dulot ng El Niño.

Ang El Niño ay isang penomenong pangklima kung saan nararanasan ang matinding init sa

silangang bahagi ng Pacific Ocean (Asia at Oceania), habang dumaranas naman ng bagyo at pagbaha sa kanlurang bahagi nito (Americas). Sa silangang bahagi, tumataas ang temperatura ng tubig sa karagatan at humihina ang hangin kaya bihirang umulan o mamuo ang masamang panahon (low pressure area). Sa mga pag-aaral, nagaganap ang El Niño sa pagitan ng 2-7 taon subalit napapadalas na ito ngayon dulot ng pagtindi ng pag-init ng daigdig (global warming).

Ang matinding El Niño ngayon ay iniluwal ng pagkawasak ng kalikasan bunsod ng malawakang pandarambong at pagkaganid ng mga imperyalista. Labis-labis na ginagamit ng mga nangungunang imperyalistang bansa ang fossil fuel tulad ng langis at karbon bilang panggatong na nagdadala ng maruming hangin sa kalawakan na siyang dahilan ng pag-init ng mundo. Sinasabayan pa ito ng pangwawasak sa mga kabundukan, watershed at pagkasira ng kalikasan para bigyang daan ang pagkakamal ng limpak-limpak na tubo ng mga dayuhang negosyo.

Sa Pilipinas, nananalasa ang El Niño na pangita sa labis na init o kawalan ng ulan, mabilis na pagkatuyo o pagka-iga ng mga bukal, balon, sapa at maging ng ilang ilog na mahalagang pagkukunan ng tubig ng mamamayan. Nagdudulot ito ng mga pinsala sa kabuhayan (pagkatuyo at pagkasira ng mga pananim) at kalusugan (heat stroke, dehydration at mga katulad). Banta rin ito sa seguridad sa pagkain sa pagkasira hanggang pagkamatay ng mga pananim na pagkain. Sa ulat ng Department of Agriculture nitong Marso,

64.40% ng kabuuang napinsalang pananim sa bansa ay palay.

Abril 2023 pa lamang, nagpaabiso ang PAGASA na sasalantain ang bayan ng El Niño simula Enero hanggang Hunyo 2024. Sa inilabas nitong pagtaya, inaasahang aabot sa 80 o halos lahat ng probinsya sa bansa ang maaapektuhan ng tagtuyot. Pinakamatindi ito sa buwan ng Abril.

Inutil ang ilehitimong rehimeng US-Marcos II na tugunan ang problemang ito at ang kahilingan ng mamamayan. Binuo ang Task Force El Niño noong huling bahagi ng 2023. Bukod sa huli na, walang kongkretong plano at puro pakitang tao lamang ang mga hakbangin nito. Nagmukha ring katawatawa ang Task Force dahil isinama rito at pangunguluhan ito ng Department of National Defense na hindi naman bihasa sa penomenon at labas sa saklaw ng pangunahing responsibilidad nito. Halatang-halata ang militaristang komponente at oryentasyon ng binuong task force.

Walang ibang solusyon ang rehimeng US-Marcos II sa hinaing ng bayan kundi magbigay ng mga pantapal na solusyon kagaya ng gamumong “ayuda” at importasyon ng dagdag na bigas upang pilit pakalmahin ang sitwasyon at ang kumakalam na sikmura ng bayan. Marapat lamang na singilin at pagbayarin ng sambayanang Pilipino ang gubyernong Marcos II sa grabeng kapabayaang. Kailangang igiit ng taumbayan na ilaan ang pondo sa kapaki-pakinabang na mga proyekto at solusyon sa El Niño sa halip na sa anti-mamamayan at anti-demokratikong charter change at pondong militar.

Kailangang ilantad ang mga imperyalista bilang ugat ng pagkasira ng kalikasan, kasabwat ang mga reaksyunaryong gubyerno kagaya ng tutang si Marcos Jr. Dapat tutulan ang korporadong pagtotroso, malalaking pagmimina, mga proyektong reklamasyon, pagtatayo ng mga dambuhalang dam at iba pang huwad na proyektong pangkaunlaran na mapanira sa kalikasan. Singilin at papanagutin ang mga kapitalistang dayuhan at lokal sa labis na pangwawasak sa kalikasan.

Dapat na kumilos ang sambayanang Pilipino upang tiyakin ang sapat na pagkain sa gitna ng pagkatuyo ng mga pananim at sumisirit na implasyon. Dapat kalampagin ang mga ahensya ng gubyerno na magbigay ng sapat na ayuda at subsidyo sa agrikultura. Tiyakin ang mga kongkretong hakbangin upang magkaroon ng sapat na tubig sa mga sakahan at komunidad. Ipanawagan din ang kanselasyon ng mga utang sa panahon ng sakuna.

Pangunahing maaasahan ng mamamayang Pilipino ang kanilang lakas at pagkakaisa para makaagapay sa gitna ng pananalasa ng El Niño. Palakas in ang mga nakatayo na at paramihin pa ang mga samahang masa na magbubuklod sa mamamayan lalo para sa pagharap sa sakuna. Ilunsad ang malawakang propaganda at edukasyon upang linawin sa mamamayan ang penomenong El Niño at pananagutan dito ng imperyalismo. Ilunsad ang puspulang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan upang makamit ang kanilang mga

demokratikong kahilingan sa panahon ng tagtuyot.

Kailangang pangunahan ng mga rebolusyonaryong samahang masa kagaya ng Pambansang Katipunang Magbubukid ang pagbabalangkas ng mga programa at solusyon sa matinding tagtuyot. Sa kanayunan, buuin ang mga plano para sa pamamahagi ng tubig sa mga komunidad. Maaaring magsaayos ng mga bagong sistema ng patubig mula sa kabundukan tungong kapatagan o mga taniman. Patuloy na paganahin ang mga suyuan ng mga samahang masa at tiyakin ang pamamahagi ng tubig sa mga bukid lalo sa yaong mga kapos sa pinagkukunan nito.

Bigyan ng tutok ang mga komunidad ng mangingisda na tiyak na babagsak ang kabuhayan dahil sa fish kill at red tide na pwedeng idulot ng El Niño. Pakilusin sila na ipaglaban ang kabuhayan lalo sa panahong tutumal ang huli.

Tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran na pangunahan ang pagharap ng mamamayan sa nararanasang napakatinding init at kakulangan ng tubig lalo sa mga sentrong bayan at siyudad. Maaaring bumuo ng mga samahan o dagdag na mga komite sa loob ng mga samahan na mangunguna sa mapagkawangawang mga programa at makakalikasang adbokasiya. Organisahin ang mga manggagawa, kabataan, mala-proletaryado, at mga propesyunal kagaya ng mga siyentista, guro, taong-simbahan, manggagawang pangkalusugan at iba pa na kumilos para sa kagalingan ng mamamayan. Maglunsad ng mga forum,

symposium at iba pang pulong masa na nagtatalakay sa El Niño, ugat nito at ang wastong hakbangin sa pagharap dito.

Maaasahan ng masang magsasaka ang mga yunit ng NPA na makakatuwang ito sa pag-alalay sa panahon ng sakuna. Kabilang sa mga serbisyong maaaring ibigay ng NPA ang kampanyang edukasyon kaugnay sa El Niño, pagbubuo at pagpapatibay ng mga samahan, gawaing produksyon kagaya ng paghuhukay ng mga balon at paggagawa ng irigasyon at serbisyong medikal.

Isinusulong ng CPP-NPA-NDFP ang pambansa demokratikong rebolusyon upang mapalaya ang bayan sa kuko ng imperyalismong US at pagkagapos ng pyudalismo at burukrata kapitalismo na ugat ng kahirapan ng bansa at pangwawasak sa kalikasan. Nasa programa ng pambansa demokratikong rebolusyon ang pagtitiyak ng kabuhayan ng mamamayan kasabay ng pangangalaga sa kapaligiran.

## **Hindi kailanman malilimas ang isda sa malawak na tubig ng lalawigan ng Quezon at Batangas**

Marso 28, 2024

**Eduardo Labrador, Spokesperson  
Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-  
Southern Tagalog**

Nananatiling malalim ang ugat ng rebolusyonaryong kilusan sa mamamayan ng Quezon, gayundin sa lalawigan ng Batangas.



Bagamat nagkaroon ng dalawang insidente ng mga dependensiyang labanan sa pagitan ng mersenaryo, mamamatay-tao at teroristang 59th IB at isang yunit ng Eduardo Dagli Command (EDC)-BHB Batangas at 85th IB at isang yunit ng ng Apolonio Mendoza Command (AMC)-BHB Quezon kung saan nakatamo ang Pulang hukbo ng mga pinsala, patuloy na nag-aalab ang diwa ng masang magsasaka na isulong ang digmang bayan hanggang tagumpay.

Pulang saludo sa mga mahal na kasamang nagbuwis ng buhay mula sa EDC na sina Junalice 'Ka Arya' Arante-Isleta, Bernardo 'Ka Mamay' Bagaas at Erickson 'Ka Ricky' Bedonia nitong nakaraang Marso 26 sa Barangay Leviste (Tubahan), Rosario, Batangas; at kina Divine 'Ka Joy' Soreta at Paulo 'Ka Isko' Cruz ng AMC na nasawi sa Barangay San Jose, Guinyangan, Quezon. Pinalabas namang sumuko ang isang sibilyang katutubo na si Randy A. Reota, ngunit hanggang sa kasalukuyang ay hindi pa rin inililitaw ng talamak na taga-labag sa karapang pantao na 85th IB. Hindi rin nilulubayan ng pananakot at pagmamanman ang komunidad ni Reota.

Kayo, Ka Arya, Ka Mamay, Ka Ricky, Ka Joy at Ka Isko ay mga huwarang kasama na hindi inalintana ang mga sakripisyo at hirap. Walang pag-iimbot na inialay ang kaisa-isa ninyong buhay, talino at lakas para sa rebolusyon at paglaya ng sambayanang Pilipino mula sa imperyalismo, buruktata kapitalismo at pyudalismo at pagwasak sa malakolonyal at malapyudal na lipunan. Kayo,

sa inyong panahong inilagi sa BHB ay tiyak na nag-ambag para sa pagsusulong ng anti-pyudal na pakikibaka, pagpapalakas ng base at paglulunsad ng mga aksyong militar.

Kayo rin piho, ay gumanap ng magkakaibang tungkulin at atas sa loob ng BHB, nang buong puso. Taimtim din ninyong isinabuhay ang demokrasya sa ekonomya, politika at militar. Ni minsan ay hindi kayo umalis sa piling ng masa at walang humpay na naging mag-aaral ng masa. Labis din kayong nagsikap sa pagpapanibagong hubog. Lahat ng ito'y binata n'yo dahil sapul n'yo ang kawastuhan ng demokratikong rebolusyong bayan at ang wagas na pagsisilbi sa sambayanan.

Pahiya ang komander ng 85th na si Lt. Col. Joel Johnson matapos maglubid ng buhangin na kinokoro ng Mayora ng Guinayangan at Gobernadora ng Quezon kaugnay sa deklarasyong Stable Internal Peace and Security ng lalawigan. Halata namang hindi nila nauunawaan ang kanilang pahayag, dahil malinaw na ang mga lokal na yunit ng gubyerno ay hostage at dominado na ng militar at pulisya. Gayundin, pahiyang-pahiya sina Heneral Brawner at amo niyang si Marcos Jr na nagbigay ng palugit na hanggang Marso 31, 2024 na lang ang mga pamprobinsyang larangang gerilya.

Pinasubalian ito ng tagumpay na nakamit ng mga kasama sa ambus ng BHB-AMC sa may 30 nag-oopersyong 85th IB sa Barangay Doña Aurora, Calauag, Quezon. Tatlo ang naiulat na sugatan sa hanay ng 85th IB na pilit na itago ng kanilang punong komander. Ipinagbunyi ito ng mga

magsasaka dahil naparusahan ang 85th IB na naghahasik ng takot at pangamba sa kanila. Pulang pagpupugay ang ipinaaabot ng tanggapan ng PKM-TK sa magigiting na Pulang mandirigma ng Quezon.

Hindi maampat, hindi mapipigilan at hindi mabubusalan ang paglaban ng aping mamamayan ng Quezon at Batangas hangga't ang malalaking burgesya kumprador-panginoong maylupa tulad nina Ramon Ang, Lance Gokongwei, Sabin Aboitez, Leandro Leviste, Johny Ponce Enrile, pamilyang Murray, Roxas, Ayala, Matias at Lopez na kumukontrol sa politika at eknomiya ng mga lalawigan. Kasosyo sa mga negosyo sina Gob. Dodo Mandanas ng Batangas at Helen Tan ng Quezon, kumokopo sila sa mga kontrata sa mga obras publikas at pagpapalawak ng lupain. Dahil dito, pamalagiang mag-aarmas at lalahok ang mga magsasaka sa digmang bayan na isinisulong ng BHB sa pamumuno ng PKP.

Hindi mauubos ang tulad ni Ka Joy/Zoe na isang rebolusyonaryong ina, babae't Pulang mandirigmang katutubo dahil huwad ang National Commission in Indigenous People (NCIP), Indigenous Peoples Rignts Act (IPRA), National Greening Program (NGP) National Integrated Protected Area System (NIPAS Law/RA 7586) at mga katulad nito. Ang mga natukoy ay mga reaksyonaryong batas at ahensya na instrumento sa panglilinlang, konbersyon at pang-agaw ng lupa sa mga pambansang minoritya ng bansa at lalawigan ng Quezon. Sa pamamagitan ng whole of nation approach kasangkapan na rin ng militar

ang sibilyang ahensya sa pagwasak sa pagkakaisa ng pambansang minorya.

Sa kabilang banda, bantog sa kabulaanan, kahambugan, pabrika ng fake news at mga sinalamangkang impormasyon at datos ang komander, tauhan ng 85th IB at 59th IB Philippine Army. Katulad sila ng kanilang punong komander na si Marcos Jr at komander ng AFP na si Heneral Brawner. Ang ipinagmamalaki nilang mga 'panalo, tagumpay at tropeo' na nakukulapulan ng dugo ng magsasaka at mamamayan ang magsisilbing mitsa sa pagpapabagsak ng inaapi at pinagsasamantalang masa sa naghaharing mga uri.

Kung kaya't sa inspirasyon ninyong mga mahal na martir ng rebolusyon, ang dakilang pamana at armas na nabitawan ay tiyak na pupulutin ng api at pinagsasamantalahan mamamayan at ituturo sa mga kaaway ng rebolusyon. Sa yugtong ito ng ika-55 taon ng PKP at BHB, kasama kayo sa ultimong dahilan at pinagmumulan ng lakas. Upang patibayin ang di magagaping moog na mga baseng bukid, nakahanda ang PKM-TK na ilunsad ang kilusang pagwawasto sa pamamagitan ng pagwawaksi ng mga kahinaan sa ideolohiya, politika at organsisasyon. Ubos-kayang isusulong ng PKM-TK ang mga tungkulin at programa para sa pagkamit ng mas mataas na yugto ng digmang bayan hanggang sa ganap na tagumpay.

# **Babae, ang lugar mo ay sa pambansa demokratikong rebolusyon! Sumapi sa NPA!**

Marso 29, 2024

## **Divina Malaya, Spokesperson Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan-Laguna**

Pinakamainit na pagbati at pulang saludo ang ipinapaabot ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan sa probinsya ng Laguna (MAKIBAKA Laguna) para sa ika-55 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa loob ng higit limang dekada ng pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan, nakatatak na sa kasaysayan ang kontribusyon ng Hukbo sa dakilang kilusang mapagpalaya. Humarap man sa mga kamalian at kabiguan sa mga nagdaang panahon, hindi ito naging hadlang para huminto ngunit nagsisilbing inspirasyon at paalala upang tanggapin ang mga naging pagkukulang at sumulong para sa sambayanan.

Binubuo ng mga magsasaka at manggagawa ang mayorya ng populasyon sa bansa at kabilang dito ang masang kababaihan. Ayon nga sa dakilang guro at rebolusyonaryong si Mao Zedong, “Angkin ng kababaihan ang kalahati ng kalawakan”. Ngunit sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, maging ang abuso at pagsasamantala ay bitbit din ng kababaihan. Dobleng pagdurusa ang hinaharap ng isang babae; una ay dahil sa kanyang uring

kinabibilangan at ikalawa ay dulot ng pyudal-patriyarkal na sistema—lahat ng ito ay dulot at pinapalala ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo.

Kalakhan ng kababaihan sa bansa ay biktima ng lumalalang krisis at bahagi ng mga naghihikahos at marhinalisadong sektor. Ayon sa ulat ng mga grupong pangkababaihan, umabot sa 17.3 milyong kababaihan ang hindi kabilang sa pwersa ng paggawa mula Nobyembre 2022 hanggang Nobyembre 2023. Ang mga kababaihan naman sa kanayunan ay humaharap sa kawalan ng kabuhayan, matinding gutom, at nalulubog sa malaking utang. Sa dalawang taon ni Marcos Jr sa pwesto, pumalo na sa 23 ang mga kababaihang bilanggong pulitikal habang 8 naman ang kababaihang biktima ng extrajudicial killing. Sa usapin naman ng karahasan sa kababaihan at bata o Violence Against Women and Children (VAWC), umabot sa 19, 635 o 92 n biktima kada araw ang kaso ng abuso sa kababaihan mula Enero hanggang Agosto 2023. Lahat ng ito ay nananatiling hindi sinusolusyunan habang niraratsada ng rehimeng US-Marcos II ang Charter Change na magbubukas sa bansa hindi lamang sa mga dayuhang negosyo kundi sa mas matinding presensya ng dayuhang militar sa ating teritoryo.

Dahil sa krisis sa ekonomiya, pulitika, at kultura, hindi kataka-taka kung bakit marami sa kababaihang namumulat sa tunay at nabubulok na kalagayan ng bansa ay nagpapasyang iwan ang buhay na kinagisnan at tahakin ang landas ng

armadong pakikibaka. Batid ng bawat babaeng tumutungo sa kanayunan na walang kahit na anong pakialam at solusyon ang reaksyunaryong gubyrerno sa mga panawagan ng mamamayan—ito man ay hinggil sa pagwawakas ng abuso sa kababaihan o sa samu't saring isyu na nagpapahirap sa sambayanan. Alam ng mga kababaihang mulat at nakikidigma na tanging sa pagkakaroon ng demokratikong gubyrernong bayan lamang tunay na mapakikinggan at matutugunan ang hinaing ng mamamayan.

Tulad ng mga nagdaang rehimen, bitbit ng rehimen ng US-Marcos II ang huwad na pangako ng kaunlaran at kapayapaan. Gamit ang mga patakaran tulad ng Executive Order 70 at sa pamamagitan ng kasangkapan nitong National Task Force to End Local Communist Armed Conflict o NTF-ELCAC, patuloy nitong nilalapastangan ang dakilang adhikain ng rebolusyonaryong kilusan para sa isang ganap na malayang lipunan at ipinagmamalaki ang umano'y paggapi sa armadong pwera sa kanayunan habang desperadong pinapatahimik ang tinig ng mamamayan sa kalunsuran. Ngunit ang pag-abante ng Bagong Hukbong Bayan sa iba't ibang parte ng bansa ay indikasyon na walang katotohanan sa mga ibinabalandrang kasinungalingan ni Marcos II at kanyang mga kasapakat.

Binibigyang pagpupugay din ng MAKIBAKA Laguna ang mga kababaihang martir sa probinsya at buong rehiyon ng Timog Katagalugan na hindi nagpatangay sa agos ng sistemang mababa ang

tingin sa kababaihan bagkus ay buong paninindigang tumungo sa kanayunan at nagsilbi sa sambayanan bilang mga pulang mandirigma. Pinakamataas na pagpupugay ang aming inaalay kina Abigael “Ka Laura” Bartolome, Allyssa “Ka Ilaya” Lemoncito, Queenie “Ka Kira” Daraman, Precious Alyssa “Ka Komi” Anacta, Baby Jane “Ka Binhi” Orbe, Cristina “Ka Billy” Estocado, Charity “Ka Rise” Diño, Josephine “Ka Sandy” Mendoza, at marami pang iba. Sila ay buong tapang na nakibaka at nag-alay ng buhay para sa isang lipunan na malaya mula sa lahat ng pang-aapi—sa kasarian man o sa uri.

Habang ginagawang parausan ng kapangyarihan ni Marcos Jr. at ng kanyang pinagsilbihang imperyalistang Amerika ang Pilipinas, makakaasa ang estado na mas marami pang kababaihan ang mamumulat at tiyak na mas pipiliing tumangan ng armas upang ipaglaban ang kanilang karapatan bilang babae at Pilipino na hindi kailanman gagawin ng reaksyunaryong gubyerno. Sa pagdiriwang ng Bagong Hukbong Bayan ng ika-55 na anibersaryo nito, hinihikayat ng MAKIBAKA Laguna ang lahat ng kababaihang inaapi at pinagsamahan na mag-ambag sa pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan bilang mga pulang mandirigma sa kanayunan. Ngayon higit kailanman, kinakailangan ng rebolusyon ang tapang, talino, at paninindigan ng mga kababaihan para sa pagtatagumpay nito tungo sa isang lipunan na mayroong tunay na pagkakapantay-pantay, katarungan, pambansang kalayaan, at demokrasya.



Kababaihan, itakwil, labanan, at ibagsak ang teroristang rehimeng US-Marcos II! Lumahok sa digmang bayan! Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan! Mabuhay ang pambansa demokratikong rebolusyon!

## **Communique of the NDFP International Theoretical Conference on Economic Crises of Imperialism**

Marso 29, 2024

### **National Democratic Front of the Philippines**

The International Theoretical Conference on Economic Crises of Imperialism organized by the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) was held from 28 to 29 March 2024 in Amsterdam, the Netherlands. The conference gathered 98 delegates and representatives from different proletarian-socialist, anti-imperialist, and democratic parties from 18 countries across the world.

The theoretical conference discussed the current character and patterns of economic crises generated by imperialism and intensifying inter-imperialist rivalry. Conference delegates explored the three main topics of 1) capitalist overproduction; 2) financial oligarchies and trade wars; and 3) the planetary crisis caused by imperialist greed and superprofit.

The keynote speech “Imperialist economic crises show moribund system is ripe for socialist revolution” presented by the Communist Party of

the Philippines (CPP) clarified the distinct stages of imperialist crisis leading to the current period of prolonged economic stagnation and its impacts on the people. Drawing from the writings of Marx, Engels, Lenin, and Mao, the Communist Party of India (Maoist) explained how current economic conditions are ripe for the resurgence of proletarian revolutionary struggle.

The proceedings centered on 17 papers and speeches presented by representatives of communist parties, national liberation movements, and political formations from Australia, Belgium, Canada, India, Italy, Kurdistan, the Philippines, Turkey, and the United States as well as anti-imperialist organizations representing women, migrants, agricultural workers, urban poor, and scientists.

The two-day conference culminated with the celebration of the 55th founding anniversary of the New People's Army. The event celebrated the victories of the NPA to continuously thwart the enemy's war of annihilation and extolled the heroism of Red fighters and commanders in the face of intensifying attacks.

**Digmang bayan ang sagot sa kahirapan at pasismo! Sumapi sa NPA!**

Marso 29, 2024

**Andrei Bon Guerrero, Spokesperson  
NPA-Palawan (Bienvenido Vallever  
Command)**

Kaisa ng Bienvenido Vallever Command-NPA Palawan ang buong sambayanan sa selebrasyon ng ika-55 anibersaryo ng New People's Army. Sama-sama nating ipinagdiriwang ngayon ang pagkakatatag ng NPA. Ang araw ng Marso 29, 1969 ay naging simula ng armadong pakikibaka ng mamamayang Pilipino sa pamumuno ng muling tatag na Communist Party of the Philippines (CPP) at nagpatuloy ng rebolusyong 1896. Nakamit nito ang walang-kaparis na lakas sa inabot na antas at saklaw. Nagbigay ng pag-asa sa mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan ang pagkakaroon ng sarili at tunay nilang hukbo na nagsusulong ng rebolusyonaryong hangarin ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo. Ang araw na ito ang hudyat na nagkaroon ng katiyakan ang pagwawakas sa imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Ito rin ay araw ng paggunita natin sa mga martir ng sambayanang Pilipino. Pinagpupugayan ang mga dakilang martir na mga opisyal sa pulitika, Pulang kumander at mandirigma ng NPA sa isla ng Palawan na sina Josephine "Ka Sandy/ Cecil/Billy" Mendoza, Bonifacio "Ka Nato" Magramo, Charity "Ka Rise" Diño, Noli "Ka Selnon" Siasico, Ma. Andrea "Ka Naya" Rosal, Rona Jane "Ka Lemon" Manalo, Jay-ar "Ka RG" Sento, Nelyn "Ka Aldin" Dabdab Emon, Remel "Ka Azumi" Padilla Rodriguez at ang iba pang mga naunang kasama na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay para sa sambayanan. Tunay silang mga bayani at pinakamahuhusay na mga anak ng bayan. Ang kanilang mga ginintuang

alaala ng kagitingan at kabayanihan ay patuloy na magniningning sa ating mga puso at isipan. Magsisilbi silang tanglaw at inspirasyon sa malawak na sambayanang nakikibaka sa harap ng matinding terorismo at panunupil ng reaksyunaryong estado. Muli ngayong pinatitibay ang determinasyon ng bagong henerasyon ng mga rebolusyonaryo sa Palawan na isulong ang matagalang digmang bayan sa probinsya, anumang sakripisyo at pasakit ang kailangan, para mag-ambag sa kabuuang pambansang pagsulong at makamit sa hinaharap ang tagumpay.

Binabati rin natin sa araw na ito ang mga opisyal at kasapi ng mga Milisyang Bayan (MB) at Yunit Pananggol sa Baryo (YPB) na mahigpit na katuwang ng mga pultaym na Pulang mandirigma ng NPA sa pagbibigay ng mga napakahalagang serbisyo sa mga magsasaka, manggagawang-bukid, mga setler at pambansang minoritya. Laluna sa mga panahong nasa ibang lugar ang NPA at wala sa inyong mga baryo, kapuri-puri ang ipinamalas na katatagan, katapangan at kagitingan ng mga MB at YPB sa pagtatanggol sa masa ng rebolusyon sa mga baryong magsasaka at pamayanan ng mga katutubo mula sa mga atake ng berdugong tropa ng kaaway. Binabati rin natin ang rebolusyonaryong mamamayan sa Palawan na matatag na lumalaban sa iba't ibang paraan sa todong pasistang paninibasib ng rehimeng US-Marcos II laluna sa kanayunan at sa tumitinding panghihimasok ng imperyalismong US sa isla.

Mula nang inihasik sa lalawigan ng Palawan ang binhi ng armadong pakikibaka, mabilis na nakaugat at lumaganap ang digmang bayan at NPA sa isla sa ilalim ng absolutong pamumuno ng CPP. Sa takbo ng kasaysayan, bagamat dumanas tayo ng maraming liku't ikot, kahirapan, sakripisyo at pagbuwis ng buhay sa sunud-sunod na mga atake ng kaaway, at dulot nito'y nagkaroon ng mga pag-atras at pansamantalang pagka-iwan sa isla sa mga nakaraan, sinikap nating makapagpunyagi, makapagpalawak at magsulong ng komprehensibong gawain sa isla. Nakapaglunsad tayo ng matutunog na taktikal na opensiba bilang tugon sa panawagan at kahilingan ng mamamayang Palaweño na parusahan ang mga naghaharing-uri at pasistang WESCOM na pumipinsala sa buhay at kabuhayan ng masa at sa kalikasan ng isla. Naglunsad tayo ng mga kampanyang antipyudal at nagsulong ng rebolusyong agraryo upang tulungan ang mga maralitang magsasaka sa kanilang mga suliranin sa kabuhayan. Nilabanan natin ang pangwawasak sa kapaligiran at malakas na ipinatambol ang pangangalaga sa kalikasan sa pamamagitan ng pagpapahinto ng mga mapandambong na proyektong pagmimina at pagtotroso. Masikhay at determinado tayong nagmulat, nag-organisa, at nagpakilos ng mamamayan para ipaglaban ang kanilang mga demokratikong karapatan at interes. Mula sa halos wala, naipundar at nakapagpalawak tayo ng baseng masa sa isla sa gitna ng walang habas na terorismo ng iba't ibang mga yunit ng kaaway sa ilalim ng WESCOM. Hindi tayo nag-atubiling magbigay ng iba't ibang anyo ng serbisyong panlipunan na kaya nating ihatid tulad

ng edukasyon, medikal, pagtulong sa kabuhayan, pagsawata sa mga kriminal at masasamang elemento at iba pa. Dahil dito, humigpit ang suporta at pagmamahal ng masang Palaweño sa NPA at higit na nakitang makatarungan ang isinusulong nating digmang bayan.

Ilang pasistang rehimen na ang dumaan, ilang Oplan na inilunsad laban sa rebolusyonaryong kilusan na nangarap na durugin ang armadong paglaban ng mamamayan, na pawang nabigo! Gayunman, hindi pa sila natututo sa kasaysayan— na hangga't nariyan ang pang-aapi at pagsasamantala, ang pasismo at terorismo ng estado na ugat ng kahirapan at pagdurusa ng bayan, nananatiling mataba ang lupa sa pag-aarmas ng mamamayang Palaweño. Tulad ng nakaraang mga itinakda nitong dedlayn, tiyak na mabibigo ang todo-gerang inilulunsad ng rehimeng US-Marcos II para lansagin ang lahat ng larangang gerilya ng NPA sa katapusan ng Marso, wasakin ang lahat ng panlabang yunit ng NPA sa katapusan ng Hunyo at ubusin ang lahat ng panrehiyong komite ng Partido bago ang katapusan ng taon. Nahihibang sila sa pangarap na ito at hindi lubos na nauunawaan na ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan at armadong pakikibakang isinusulong ng NPA ay makatarungan at nag-uugat sa malalim na problemang panlipunang malaon nang pinadurusahan at determinadong wakasan ng mamamayang Palaweño. At kung gayon, pangkasaysayang pangangailangan sa isang lipunang puno ng pang-aapi at pagsasamantala

ang isang rebolusyonaryong digma na pinamumunuan ng CPP.

Sa kasalukuyan, nag-aalab ang damdamin ng mamamayan ng Palawan laban sa rehimeng US-Marcos II at mga galamay nito sa lokal na reaksyunaryong gubyerno sa todong pagpapahirap sa mga mamamayan ng isla. Walang awat ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin, singil sa kuryente at tubig, gasolina, mga kagamitan sa pagsasaka habang nananatiling mababa ang sahod ng mga manggagawa at manggagawang-bukid, at sadsad sa lupa ang presyo ng produkto ng mga magsasaka at mangingisda. Malawakang pinapatay din ng rehimeng US-Marcos II ang kabuhayan ng daan-libong drayber at opereytor ng jeepney at UV express sa pagpapatupad ng PUV modernization. Punumpuno ng poot ang masang magsasaka na sa gitna ng kanilang paghihikahos at gutom ay higit pang binibigyang laya ng kasalukuyang administrasyon ang malalaking dayuhan at lokal na korporasyon at negosyo ng mga burgesyia kumprador na dambungin ang likas na yaman ng isla para sa sariling kapakinabangan sa kapinsalaan at pagsasamantala sa mga Palaweño. Pabor na pabor at itinutulak pa ng lokal na gubyerno ng Palawan sa pangunguna ng tambalang Alvarez at Socrates ang pagratsada ng chacha na lalong magbubuyangyang sa likas na yaman nito sa mga dayuhang monopolyo kapitalista! Abot-langit na ang pagkamuhi ng mamamayan sa mga kumpanya ng mina, konsesyon sa pagtotroso at mga plantasyon ng monocrop tulad ng oil palm at iba pa na nangangamkam ng kanilang lupain at

nagwawasak sa kalikasan. Higit ang pagdurusa ngayong sinasalanta na ang probinsya ng matinding tagtuyot dulot ng El Niño at ng matinding mga pagbaha bago pa nito. Sa halip na bigyan ng ayuda at tulong upang makaagapay sa pang-araw-araw na buhay at kabuhayan ang mga magsasaka, manggagawa at mangingisda, higit pa nitong nilulunod ang masang Palaweño sa lusak ng pagdarahop sa ipinatutupad nitong mga anti-mamamayang patakaran, programa at proyekto.

Habang nahihibang ang WESCOM sa ilusyon nilang nagapi na ang NPA sa isla, itinututok naman umano nila ang pokus sa eksternal na depensa sa lantarang panghihimasok ng imperyalismong US sa isla. Gayunman, kabalintunaanang pinatitindi nila ang militarisasyon sa pagdaragdag ng tropa sa isla kung saan naninibasib ngayon dito ang Marine Battalion Landing Team 3, 7 at 9. Samantala, matinding takot at pangamba ang nararamdaman ng mamamayang Palaweño sa todong pagpapakasangkapan ng rehimeng US-Marcos II sa US sa paggamit sa isla bilang lunsaran ng digma nito sa napipintong pagsiklab ng gerang US-China. Sunud-sunod ang mga pagsasanay militar ng mga sundalong Amerikano sa mga baybayin ng Palawan at sa West Philippine Sea, nagpapatuloy ang pagtatayo ng bagong base militar at pasilidad ng US sa Balabac, dagdag sa dati nang naitayong Antonio Bautista Air Base at Naval Station Carlito Cunanan sa Puerto Princesa. Hinihigop ng US ang isla sa alimpuyo ng digma sa patuloy na pag-udyok sa China na umuna ng putok na tiyak na ikapapahamak ng mga Palaweño at



mangingisdang naghahanapbuhay sa WPS. Tusong nirerekluta pa ng WESCOM ang mga mangingisdang Palaweño para maging reserbang hukbo nito! Samantala, wala namang ni anumang aksyon ang rehimen sa patuloy na pang-aapi at panghahas ng mga milisya at barkong pandigma ng imperyalismong China sa maliliit na mangingisdang Palaweño, maging sa pagdambong at pagwasak sa yaman sa karagatang saklaw ng Pilipinas sa WPS at pag-angkin sa mga bahura at maliliit na isla doon na kung tutuusin ay bahagi ng Palawan at ng exclusive economic zone ng bansa.

Sa harap ng lahat ng ito, ibayong naglalagablab ang hangarin ng mamamayang Palaweño na isulong ang armadong pakikibaka sa isla. Lalong kumikintal sa isip at kamalayan ng masang magsasaka at mangingisda na wala silang kahit na ano kung wala ang New People's Army na kaagapay nila sa pagtatanggol sa kanilang buhay at mga karapatan, at kasama nila sa pakikibaka para sa lupa at kabuhatan. Sa panahon ng mga kalamidad na tumatama sa isla tulad ng baha at El Niño, lalo na sa mga liblib na lugar sa kanayunan, ang NPA ang unang nakapagbibigay ng tulong at saklolo sa mga magsasaka at katutubong biktima ng sakuna at kalamidad. Sinusuong ng NPA ang mga kahirapan at panganib upang makapaghatid ng tulong at serbisyo dahil nasa kaibuturan na ng pang-araw-araw na buhay ng NPA ang pagpapauna sa kapakanan at paglilingkod sa masa, may kalamidad man o wala.

Milya ang layo at pagkakaiba ng katangian ng NPA kumpara sa pasista, terorista at

mersenaryong tropa ng AFP at PNP. Ang busilak at marubdob na pagmamahal ng NPA sa sambayanan at ang malalim nitong dedikasyon at kapasyahan na ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo ang mga dahilan kung bakit lubos din tayong minamahal, tinatangkilik at tinataguyod ng mamamayang Palaweño. Kabaligtaran naman ito sa mga teroristang AFP sa WESCOM na labis na kinasusuklaman at kinamumuhian ng malawak na mamamayang Palaweño dahil winawasak nito ang pagkakaisa ng taumbayan, binabawi ang mga napagtagumpayan ng masang magsasaka sa pagsusulong ng RA, pagpapalaganap ng mga anti-sosyal na gawain, nagkakalat ng mga kahalayan at dekadenteng kultura lalo na sa hanay ng mga katutubo at higit ang paghahasik ng teror at kalupitan sa masa.

Pamalagiang mataba ang lupa sa Palawan para sa pagsusulong ng armadong pakikibaka. Hangga't nananatili ang pang-aapi, pasistang panunupil, matinding kahirapan, kagutuman, at inhustisyang dulot ng isang lipunang malakolonyal at malapyudal na pinaghaharian imperyalismong US, malaking burgesyang kumprador, uring panginoong maylupa, magpapatuloy ang rebolusyon at ang paglakas ng NPA—ang tunay na Hukbo ng mamamayan. Patuloy na sumapi sa NPA ang pinakamabubuting anak ng bayan, ang mamamayang Palaweño, ang mga kabataang magsasaka, pati na ang mga kabataang estudyante, manggagawa, at maging mga propesyunal at tagapagtanggol ng karapatan at kalikasan. Digmang bayan ang katiyakan sa

paghawan sa landas ng malaya, demokratiko masagana, makatarungan at mapayapang lipunan.

Ipagdiwang ang ika-55 taong anibersaryo ng New People's Army! Mabuhay ang NPA! Isulong ang armadong pakikibaka sa Palawan! Sumapi sa NPA!

**Ipagbunyi ang ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan! Itaguyod ang kilusang pagwawasto at itulak sa mas mataas na antas ang ating rebolusyonaryong pakikibaka!**

Marso 29, 2024

**Simeon Magdiwang, Spokesperson  
NDF-Cavite**

Sa araw na ito, mainit nating salubungin at gunitain ang ika-55 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ipinapaabot ng National Democratic Front-Cavite at ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa lalawigan ang pinakamataas na pagpupugay at pulang pagsaludo sa lahat ng pulang kumander, pulang mandirigma at milisya na nag-aalay ng kanilang buhay para sa ubos-kayang pagsusulong at pagtataguyod ng digmang bayan sa kanayunan.

Sa okasyon din ito, marapat lamang na mag-alay tayo ng ating pinakamataas na pagpupugay at pulang pagsaludo kina Jose Maria "Ka Joma" Sison, Benito at Wilma Tiamzon, Jorge "Ka Oris" Madlos, at Josephine "Ka Sandy" Mendoza bilang mga proletaryong lider na nagsilbi bilang mga

tanglaw ng rebolusyong Pilipino. Muling inaalayan ng NDF-Cavite ng pinakamataas na pagpupugay sina Robert “Ka Hassan” Dolleton, Joy “Ka Kyrie” Mercado, Jay-ar “Ka Sander” Mercado, Jun Eric “Ka Japs” Perey, Armando Alvarez Jr., Amado “Bong” Montes, Ronald “Ka Recca” Malijan, Armando Maala, Alipio “Ka Boy-C” Hernandez, Carl “Ka CJ” Labajata, Marjorie “Ka Fort” Manto, Jayson “Ka Udyr” Pagalan at maraming pang iba. Sila ay mga magigiting na bayani at martir ng lalawigan na namatay sa labanan.

Limang dekada nang sumusulong, nagpapatuloy at nagpapanibagong-lakas ang BHB. Kailanman ay hindi ito nagapi at hindi ito natalo kundi tumagal pa ng limampu’t limang taon dahil sa mahigpit na gabay ng Partido at malawak na suporta ng masa. Nakapagkamit ang BHB ng malalaki at maliliit na tagumpay sa lahat ng larangan ng digma kahit nasa gitna ng matinding mga operasyong militar ng kaaway, panganganyon, strafing, at demonisasyon. Sa harap ng lahat ng kasinungalingan ng rehimeng US-Marcos, napatunayan at naipatupad ng BHB ang kanilang tungkuling magsilbi bilang tunay na hukbo ng mamamayan. Ngayong tumitindi ang agresyon ng mga Imperyalistang bayan at ang operasyon ng kaaway upang “durugin” ang rebolusyon, may mas mabigat at mahigpit na tungkulin ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa upang magpanibagong-lakas at higit na sumulong.

Umiigting ang krisis at pasan-pasan ito ng mamamayan. Lubog na lubog sa krisis ang ating ekonomiya habang binabalikat ng mamamayan

ang bigat nito. Ang mga mamamayan sa probinsya ng Cavite ay nakakaranas ng pananalasa sa kanilang kabuhayan sa pangunguna ng mga lokal na naghaharing-uri tulad ng pamilyang Revilla-Remulla at pamilyang Tolentino na patuloy ang paghahari sa lalawigan. Sa tabing ng pagpapaunlad ng lalawigan bilang commercial center, pinahihintulutan ng mga malalaking pamilya ang dambuhalang proyekto ng mga dayuhang kumpanya sa iba't ibang distrito na sumisira sa kalikasan at sumisira sa kabuhayan ng mga mangingisda, maralita at magsasaka.

Isa rito ang mga talamak na banta ng demolisyon at panununog sa mga komunidad ng maralita at pamayanan ng mga mangingisda sa tabing-dagat upang mabilisang palayasin ang mga naninirahan sa mga eryang saklaw o matatamaan ng proyekto. Talamak rin ang pangangamkam ng lupa at land-use conversion projects (LUC) na sumisira sa kalupaan at nagbabanta na pumatay sa agrikultural na produksyon sa Cavite.

Samantala, patuloy ang AFP-PNP sa kanilang pangrered-tag, pagkakampo, pambabanta, harrassment at paniniktik sa mga maralita, mangingisda at magsasaka kung saan nagdadala ng madilim na lagim at matinding takot sa loob ng kanilang mga komunidad. Pilit na pinapasok ng mga kapulisan at militar ang mga komunidad. Sa likod ng lahat ng ito, walang ginagawang aksyon ang Provincial Government para sa kapakanan ng ating mamamayan. Ito ang mga dahilan na nagtutulak sa mamamayan upang lumaban. Ito

ang mga pangunahing dahilan upang humawak ng armas ang mamamayan.

Ang rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan ng Cavite ay nagluwal na ng maraming Pulang mandirigma na sumampa sa NPA at nag-alay ng kanilang buhay upang palayain ang sambayanang Pilipino. Iginuhit na sa kasaysayan ang mayaman at matagal na karanasan ng mamamayang Kabitenyo sa rebolusyonaryong pakikibaka magmula sa panahon pa ng pananakop ng kolonyalistang Espanyol hanggang sa kasalukuyan. Ngayong tumitindi ang Imperyalistang agresyon laban sa mamamayang Pilipino at tumitindi ang pasistang atake at terorismo ng rehimeng US-Marcos, hinihimok namin ang mamamayan na sumampa sa kanayunan at sumapi sa New People's Army.

Sa diwa ng panawagan ng Komite Sentral ng Partido para sa paglulungsad ng kilusang pagwawasto, ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa lalawigan ay nasa yugto ng pagwawaksi at pagwawasto sa kanilang mga pagkakamali at pagkukulang sa pamamagitan ng pag-iibayo ng kanilang mga tungkulin sa rebolusyon. Pangunahin dito ay ang pagbabalik-aral sa mga akda ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at mga turo ni Ka Joma na isasalin sa praktika sa paglulungsad ng mga kampanyang masa at pagpapaigting ng gawaing masa sa mga eryang kinikilusan.

Samantala, ang mga pagsisikap upang itaguyod ang kilusang pagwawasto sa lalawigan ay nagbibigay-diin sa pagpapalawak ng

rebolusyonyong kilusang lihim. Mula rito ay sinisikap nitong muling buhayin ang sigla ng mga rebolusyonyong pwera sa kalunsuran upang makaani ng malaking suporta para sa armadong pakikibaka. Inaasahan sa proseso ng pagtataguyod ng kilusang pagwawasto ay iigting rin ang rebolusyonyong pakikibaka sa lalawigan.

Higit lalo ngayong muling pumirma ang GRP-NDFP sa isang Oslo Joint Statement na nagsasaad sa muling pagbubukas para sa usapang pangkapayapaan, marapat lamang na itulak ang rebolusyonyong pakikibaka sa mas mataas na antas upang makamit ang demokratikong interes ng mamamayan. Sa usapang pangkapayapaan, hindi isusuko ng Partido ang lampas limang dekadang simulain. Hindi ibababa ng NPA ang kanilang mga armas. Hindi titigil ang sambayanan na lumaban.

Ang limampu't limang taon ay lampas limang dekadang punong-puno ng maniningning na karanasan at aral. Ang limampu't limang taon ay bata pa kumpara sa siglo nang umiiral na pandaigdigang kapitalistang sistema. Mamamayang Kabitenyo, ipagtanggol ang karapatan, kabuhayan at kalayaan ng bayan! Sumapi sa New People's Army!

**Ipatuman ang kahublagan panadlong!  
Manikasog para mapasulong ang  
inaway banwa sa isla sang Negros!**

Marso 29, 2024

**CPP Negros Island Regional Committee**

Pareho sang kasingkal sang init sang El Niño phenomenon subong, ang Komiteng Rehiyunal sang Partido sa Isla sang Negros (KRPIN) nagatanyag sang iya mainit kag rebolusyonaryong pagpanamyaw kag taas inumol nga pagsaludo sa tanan nga mga Pulang kumander kag hangaway sa idalum sang Apolinario Gatmaitan Command-New People's Army Negros Island Regional Operations Command (AGC-NPA), subong man sa bug-os nga rebolusyonaryong pwersa kag pumuluyong Negrosanon sa pagsug-alaw sa ika-55 nga anibersaryo sang New People's Army. Nakaganar naman kita sang isa ka tuig nga kadalag-an sa pagpaslaw sang demonyo nga kapintas sang rehimen US-Marcos II kag kadalag-an sa pagpasulong sa demokratiko nga rebolusyon sang banwa paagi sa pangmalawigon nga inaway banwa sa isla sang Negros.

Napagkit na sa kasaysayan ang palanublion nga ginbilin sang aton mga rebolusyonaryong martir kag baganihan kaangay nanday Rogelio Posadas, Ericson Acosta, Romeo Nanta, Kerima Lorena Tariman, Marilyn Badayos, Flor Ceballos kag iban pa nga naghalad sang ila kabuhi nga wala sang pagduha-duha dira sa taguangkan sang rebolusyonaryong paghimakas sang pumuluyo para sa matuod-tuod nga kahilwayan kag demokrasya. Padayon nga magahatag sang inspirasyon sa mga masunod nga henerasyon sang mga rebolusyonaryo ang ila lubos nga kaisog kag kaalam dira sa pagpasulong sang rebolusyon.

Ginpamatud-an sang NPA sa isla ang determinasyon kag kabakud sa pag-atubang sa



wala tupong nga mga sakrispisyo atubangan sang wala tupong nga terorismo sang estado nga ginbuhian sang rehimen US-Marcos II paagi sa iya ginpasingki nga mga focused military operation (FMO) kag Retooled Community Support Program (RCSP) sandig sa kamandoan sang imperyalismong US sa Armed Forces of the Philippines (AFP) nga tapuson na ang “internal security problem” (pangsulod nga problema pang-seguridad) agud mahatagan sang prayoridad ang “external defense” (pang-guwa nga depensa) ukon ang pagkonsentrar sa “paghanda para sa pagpangapin sang pungsod” kontra sa China nga sa esensya nagbutang sa pumuluyong Pilipino sa tunga sang nagahana nga paglupok sang inter-imperyalista nga gyera.

Bug-os tagipusuon nga ginapasalamatan sang Communist Party of the Philippines (CPP), NPA kag bug-os nga rebolusyonaryong pwersa ang wala sang pag-ugdaw nga pagpakigbahin kag wala sang paghubas nga pagsuporta sang malapad nga ginapigos kag ginahimuslan nga masang Negrosanon. Ang demokratiko nga rebolusyon sang banwa paagi sa pangmalawigon nga inaway banwa isa ka pangmasang paninguha. Kon wala ang ila pagpakigbahin sa rebolusyon, wala kag indi makasarang ang Partido kag NPA sa isla atubangan sa ala demonyo nga kapintas sang pasista nga rehimen US-Marcos II.

Wala sang tupong ang kalalaon sang krisis kag pag-usmod sang palangabuhian sa bug-os nga isla subong tuga sa lubos nga pagpatuman sang mga neoliberal nga polisiya sang imperyalismong US

kag iban pa nga kontra-pumuluyo kag kontra-rebolusyonaryo nga mga tikang nga naga-apekto sa mayoriya sang pumuluyong mamumugon, mangunguma, mamumugon sa uma, mangingisda, propesyunal, intelektwal kag iban pa nga sakop sang petiburgesya sa syudad, lakip na ang mga pungsodnon nga burgesya kag pila ka seksyon sang nagahari nga sahi. Nagdugang pa ang pagsarurot sang palangabuhian sang masa sa paglaslas subong sang lain naman nga natural nga kalamidad nga El Niño nga magalab-ot pa tubtob sa Mayo sini nga tuig. Sa pila pa lang ka bulan, daku na ang halit nga natuga sa palangabuhian sang pumuluyo ilabi na sa kaumhan.

Sa nagalala nga sitwasyon subong masaksihan sang pumuluyo ang inutil, bangkarote, maki-kaugalingon kag maki-dumuluong nga tindog kag tikang sang rehimen US-Marcos II. Sa baylo nga sabton ang kinahanglanon sang pumuluyo, padayon nga ginapagsingki ang terorismo sang estado agud pahipuson ang sin-o man nga magsaway ukon magreklamo kag disgustado sa nagahari nga hubon ni Marcos Jr.

Ang pumuluyong Negrosanon muklat nga nagapangita sang banas sang matuod nga pagbag-o sang sosyedad, ang banas sang armadong rebolusyon nga ginapamunoan sang sahing proletaryado paagi sa iya nga Partido Komunista. Maathag sa ila nga ang armadong rebolusyon lamang ang solo nga solusyon sa mga sandigan nga problema sa isla kag sa bug-os nga pungsod. Isa ini ka makatarunganon nga gyera nga nagasabat sa handom sang pumuluyo sa paglab-ot

sang matuod nga kahilwayan kag demokrasya, kag hustisya sosyal.

Ang bug-os nga rebolusyonaryong kahublagan nakaangkon sang bag-o nga kusog paagi sa subong nga kahublagan panadlong. Gani, ang Partido kag NPA upod sa tanan nga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon wala nagakahadlok sa mga pagpamintas kag pagpamahug sang reaksyonaryo nga pwersa kag handa sa lain naman nga hugna sang panghangkat nga nagakinahanglan sang mataas nga mga sakripisyo agud mapasulong ang inaway banwa sa mas mataas nga halintang tubtob sa kadalag-an upod sa malapad nga pumuluyong Negrosanon kag sa bug-os nga pumuluyong Pilipino.

Mga kadalag-an sang NPA kag pangmalawigon nga inaway banwa sa idalom sang absoluto nga pagpamuno sang Partido sa isla

Sa kabilogan, madinalag-on ang Partido kag NPA sa Negros sa hambalanon sang armadong paghimakas tungod napaslaw na naman sini ang pabalik-balik nga handum sang pasista nga rehimen US-Marcos II kag iya armadong pwersa nga dugmokon ang NPA sa isla. Napreserba sang NPA ang iya nga kusog kag napunggan ang dugang nga halit nga gindulot sang ginpasingki nga mga FMO kag RCSP sa mga larangan gerilya paagi sa pagtadlung sang mga kahuyangan sa pagpatuman sang gerilya nga pagpakig-away. Labi pa ka importante, sa isa ka halintang, nakapalapad kag nakahimo sang panugod nga pagtubo liwat halin sa mga dalagku nga

kapaslawan tuga sang mga internal nga kahuyangan.

Sa pagkamatuod, napatuman sang NPA sa isla sa idalom sang absoluto nga pagpamuno sang Partido ang sentral nga hilikuton sini sa paglunsar sang demokratiko nga rebolusyon sang banwa paagi sa pangmalawigon nga inaway banwa bilang nagapanguna nga hinganiban sang Partido kag pumuluyo sa pagpukan sa mapiguson nga sahi, sa pagwasak sa mala-kolonyal kag mala-pyudal nga sistema, kag sa pagtukod sang demokratikong estado sang pumuluyo kag pagpanday sang sosyalistang sosyedad.

Ginpamatud-an sang NPA sa isla nga isa ini ka indi matay-og nga hukbo sang pumuluyo bangud nagapakig-away ini sa interes kag handum sang masa para sa matuod nga kahilwayan kag demokrasya. Bitbit sang mga Pulang kumander kag hangaway subong ang kaanggid nga kakahas kag determinasyon sang mga kumander kag hangaway sang NPA nga una nga nagpatuman sang armadong paghimakas sa isla kaangay nila Apolinario “Ka Boygat” Gatmaitan (rason nga ginhingadlan sunod sa iya ang rehiyunal nga kumand sang NPA sa Negros) upod ang mga mamumugon halin sa Victorias Milling Corporation lakip sila Bobby Nuñez kag Rene Villanueva sadtong 1969 kag ang mga nagsunod pa sa sulod sang 55 na ka tuig nga paglunsar sang armadong paghimakas sa isla kaangay nila Leonardo “Ka Jessie” Panaligan, Roselyn “Ka Jane” Pelle, Danilo “Ka Maoche” Bertolano, Rachele Mae “Ka Hannah” Palang, Armando “Ka

Pao” Sumayang Jr, Romeo “Ka Ponso” Nabas, Romeo “Ka Juaning” Nanta kag Rogelio “Ka Cocoy” Posadas. Ang NPA subong sa isla sang Negros mas pa nga nagapamat-od sa pagpadayon kag pagpasingki sang inaway banwa sa rehiyon.

Halin sa 70 ka elemento sang NPA sa Central Negros nga nanindugan para sa sandigan nga prinsipyo sang Partido kag pag-upod sa Ikaduha nga Dungganan nga Kahublagan Panadlong (IDKP) sadtong 1994 subong man mga kadre kag katapoan sang Regional Mass Movement Commission kag Partisan Front Committee sa urban, kag pagfull-time sa kaumhan sang 78 ka kadre halin sa kasyudaran, nagtubo ang NPA sa Negros pakadto sa lima ka larangan gerilya. Wala mapapas sang reaksyonaryong pwersa ang NPA sa panahon nga iskward lang ini sadtong 1969 ukon sang nagarekober pa paagi sa IDKP sadtong 1994-1998 tungod sa grabe nga kalibutanon kag lokal nga krisis nga nagadabok sa kalayo sang rebolusyon. Rason man ini nga tubtob subong, napaslawan ang kaaway sa pagdugmok sa rebolusyonaryo nga kahublagan sa isla nga padayon nga nagatungod kag nagapasulong sang tatlo ka integradong hilikuton sang pangmalawigon nga inaway banwa—paglunsar sang armadong paghimakas, pagpatuman sang agraryong rebolusyon kag pagtukod sang baseng masa.

Tuman ka manggaranon ang 55 ka tuig nga inagihan sa paglunsar sang armadong paghimakas sa isla. Magaserbe ini nga puhunan sang dugang nga pagsikad sa palaabuton nga mga tinuig. Dapat

husto kag diyalektiko nga pamaagi nga tan-awon ang positibo subong man ang negatibo nga mga aspeto. Ang positibo nga mga aspeto amo ang puhunan sa pagsikad samtang ang mga leksyon sa negatibo nga nagabara sa pag-uswag sang inaway banwa mangin iwag sa pag-usoy liwat sa husto nga banas sa pakig-rebolusyon.

Ang mga internal nga kahuyangan sa ideolohiya, pulitika kag organisasyon ang kabangdanan sang mga paghuyang kag pag-atras sang nagligad nga mga tinuig. Nangibabaw subong ang sakit sang suhetibismo nga nagapanguna nga dagway ang empirisismo sa bug-os nga lawas sang Partido. Nagbunga ini nga sakit sa ideolohiya sang sakit sang Tuo nga oportunistang sa patag sang pulitika kag burukratismo sa patag sang organisasyon. Partikular sa patag sang armadong paghimakas, makita ang mabaskug nga sulog sang konserbatismo sa pulitika kag militar sang nagligad nga mga tinuig apang nagasugod na ang seryoso nga pagpaninguha sang mga yunit sang NPA sa isla agud mapangibabawan ini.

Sa lima ka tuig nga implementasyon sang Memorandum Order (MO) 32, nasarangan sang NPA sa Negros nga mapreserbar ang lima ka larangan gerilya bisan sa ginpasingki nga mga FMO kag RCSP sang kaaway nga naggamit sang pito ka batalyon sang AFP kag siyam ka kompanya pangmaniobra sang Philippine National Police (PNP). Nag-atubang ang kada larangan gerilya sang isa ka batalyon sang reaksyonaryong armadong pwera ukon sobra pa. Makabig nga kadalag-an ang pagpaslaw sa kontra-

rebolusyonaryo nga kampanya sang kaaway halin sa ulihi nga bahin sang 2018 pakadto sa una nga tatlo ka bulan sang 2024, apang sa proseso nakaagum man sang mga malala nga kahuyangan kag kasaypanan nga nagsablag sa dugang nga pag-uswag sang inaway banwa.

Nagkaon pa sang panahon antes nakahimo sang mga desaysibo nga tikang para sa amat-amat nga pagresolba sang “self-constriction” (pagpakitid sang kaugalingon) sa dagway sang pag-ubod-ubod sa mga komportable kag paborito nga lugar, kag tuman nga konsentrasyon ukon pagtipon sang daku nga pormasyon sa malawig nga panahon nga nagbunga sang mga desaysibo nga inaway nga indi paborable sa mga Pulang hangaway kag nakahalit sa baseng masa. Ginsolbar ang “self-constriction” sang mga larangan gerilya paagi sa pagtumod sa hilikuton ekspansyon nga nagbukas sa mga bag-o nga erya kag nagresulta man sa rekoberi sa pila ka lugar nga malawig nga ginbayaan kag may iban nga pila na ka dekada antes nabalikan. Apang, wala ginpabay-an ang mga erya nga yara ang pokus sang kaaway.

Ang maayo nga resulta sang hilikuton ekspansyon sang mga larangan gerilya sa mga erya nga manipis ang pwersa sang kaaway ukon wala sila sang tropa nagapakita lang sang limitasyon sang pwersa sang reaksyonaryong rehimen nga maduphan ang kalaparon sang kaumhan sa isla sang Negros. Tungod naglapad ang erya nga nalab-ot sang hilikuton masa, amat-amat nga nabuslan sang mga bag-o nga rekrut ang mga yunit sang NPA. Husto lamang nga dugang pa nga

palaparon ang mga larangan gerilya kag sonang gerilya nga lapaw sa masarangan nga sakupon sang tropa sang kaaway.

Nangin leksyon sa hilikuton ekspansyon ang disbentaha sa paggamit sang daku nga yunit sang NPA sa pagsulod sa bag-o nga erya nga nagakinahanglan man sang daku nga besingan kag suplay, mabudlay ang mobilidad kag nagabilin sang agi kabangdanan nga temprano namutikan sang kaaway. Nangin mahinay naman ang hilikuton ekspansyon sang gin-una ang matig-a nga erya imbes nga magpanugod sa mahumok. May kaso man nga nahigot sa “wala sang ihibalo sa gintumod nga erya nga buksan” amo nga wala gilayon ginpursige ang plano sa ekspansyon.

Ang mga natumod nga kahuyangan kaanggid sa sulog sang pagkampante kag pagkuntento sa ano lang ang nalab-ot kag sulog sang indi seryoso nga pagpalibog sa mga sirkumstansya. Ginpakanubo ang kapasidad sang kaaway kag may kahalugan sa disiplina militar. Gintumod kag ginsaway na ang mga ini kag yara na sa proseso sang pagpangibabaw.

Kadungan sa pagpatuman sang hilikuton ekspansyon, ginlubad ang problema sang tuman nga konsentrasyon paagi sa paggamit sang relatibo nga dispersal para sa hilikuton masa kag agud mas malapad nga erya ang malab-ot. Tungod sini, madamu nga mga kaupod ang nahanas sa pagdumala sang nagkalain-lain nga pormasyon gerilya. Subong man, nasabat ang problema sa suplay, mobilidad, besingan kag agi sang yunit. Gani, mas naglaka ang armadong engkwentro sa



tunga sang militar kag hukbo sang banwa ilabi na sa ikaduha nga bahin sang 2023 tubtob subong.

Sa nakaraang pitong taon ng buhay at kamatayang pakikibaka, matagumpay nating binigo ang imperyalismong US at kanyang papet na estado na wakasan ang demokratikong rebolusyong bayan na isinusulong ng Partido, Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong mamamayan. Sa kabila ng mga seryosong pinsala at pag-atras sa ilang bahagi, matatag na nakatayo't nakawagayway ang bandila ng rebolusyon sa bansa at sa rehiyong TK. Dapat ipagdiwang at ipagmalaki ang mahigpit na kapit ng Partido't BHB sa baril na nakabatay sa mga layuning pampulitika ng isinusulong na DRB anuman ang kapalit na sakripisyo't pagpapakasakit. Ito ay dahil tangan ng Partido't BHB ang wastong saligang prinsipyong ang kapangyarihang pampulitika ay nagmumula sa dulo ng baril at kung walang hukbong bayan, wala ni anuman ang mamamayan. Napakalalim, napakatibay at di matitinag ang pundasyon ng rebolusyonaryong tradisyon ng sambayananang Pilipino at ng mamamayan sa TK.

Ang kasalukuyang demokratikong rebolusyon ng bayan ay pagpapatuloy ng mahigit limang siglo ng magiting na paglaban ng sambayanan laban sa kolonyalismo at neokolonyalismo. Pinanday nito ang di magagaping diwa ng sambayanan sa mga armadong pag-aaklas laban sa sunod-sunod na

dayuhang mananakop at sa mga kolaboreytor na lokal na naghaharing uri't taksil na nakipagkutsabahan sa mga mananakop upang hatiin at pagharian ang sambayanang Pilipino.

Makasaysayan ang igpaw at pagsulong ng bagong tipong DRB sa nakaraang 55 taon. Ito ay dahil sa matatag na pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at tanglaw ng unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Dapat nating walang pagod na pag-aralan ang baul ng kaalaman sa paglalapat ng MLM sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino na ipinamana sa atin ng dakilang Jose Maria Sison-Amado Guererro, Tagapangulong Tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at pinakadakilang lider at bayani ng rebolusyong Pilipino sa nakaraang siglo. Pinakanatatangi sa mga ito ang mga monumental na papel na kanyang isinulat tulad ng sumusunod: Lipunan at Rebolusyong Pilipino, Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Buuin ang Partido, Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan, Mahigpit Nating mga Tungkulin, Walang Kalitatibong Pagbabago sa Lipunang Pilipino, Muling Pagtibayin ang Ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali, Manindigan sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo at Marxismo-Leninismo-Maoismo Gabay ng Rebolusyong Pilipino.

Matagumpay na nailapat sa mga papel na ito ang unibersal na katotohanan ng MLM sa kongkretong kalagayan at praktika ng rebolusyong Pilipino. Binigyan ng malinaw na gabay ng mga papel na

ito ang kagyat at pangmatagalang direksyon at mga tungkulin ng rebolusyong Pilipino. Dahil sa mga ito, sumulong nang walang kaparis ang rebolusyong Pilipino at patuloy na iwinagayway ang sulo ng matagalang digmang bayan sa kritikal na panahong dumanas ng estratehikong pagkatalo ang sosyalistang kampo dahil sa modernong rebisyunistang pagtataksil at kapitalistang panunumbalik. Una sa Unyong Sobyet, mula 1953 at, pangalawa, sa Tsina mula 1978.

Malalim na nauunawaan ng mamamayan, laluna ng mga rebolusyonaryong Pilipino na anuman ang mga nakamit na makabuluhang tagumpay sa ekonomya, pulitika, kultura at lahatang panig na pag-unlad ng lipunang Pilipino, ito ay ipinundar ng armadong pakikibaka at rebolusyonaryong paglaban ng ating mga ninuno na pinuhunanan ng walang hanggang kabayanihan, pawis, buhay at dugo ng kasalukuyang henerasyon ng mga rebolusyonaryo. Malalim ding nauunawaan ng mamamayan na tuwing bibitawan nila ang armas o ni saglit na luwagan ang paghawak dito, nakakapaghari ang mga mapanakop na pwersang dayuhan at ang mga kasabwat nilang ganid na mga lokal na naghaharing uri na walang hanggan ang kalupitang supilin ang armadong paglaban at agawin o ipagkait ang anumang tagumpay na nakamit ng sambayanan.

Nararapat nating ipagmalaki at hawakan ang mga aral sa di-matatawarang rekord ng mahigit 300 armadong pag-aalsa na inilunsad ng sambayananang Pilipino laban sa kolonyalismong Espanyol na rumurok sa Rebolusyong 1896 ng Katipunan sa

pamumuno ni Gat Andres Bonifacio. Maitatala ang Rebolusyong 1896 laban sa kolonyalismong Espanyol bilang kauna-unahang pumutok na burgis-demokratikong rebolusyon sa Asya. Pinasimulan ito sing-aga ng 1521, ng matagumpay na paggapi nina Lapu-lapu sa pwersang mapanakop ng Espanya sa pamumuno ni Ferdinand Magellan. Sapul noon, hindi kailanman naputol ang epiko ng maningning na rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino upang makamit ng bayan ang pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

Ang rebolusyonaryong tradisyon ng mamamayan ng Timog Katagalugan ay pinanday sa apoy ng kulang 400 taong pakikibaka laban sa Kolonyalismong Español (1521-1898). Ganonman, dahil sa hiwa-hiwalay at ispontanyong mga pag-aaklas, paulit-ulit itong nabibigo at buong lupit na nasusupil ng kolonyalismong Espanyol gamit ang taktikang manghati at maghari at ng krus at espada. Ang hiwa-hiwalay na paglabang ito ng ating mga ninuno sa iba't-ibang panig ng bansa ay nagsilbing panimulang paghahanda hanggang sa nahinog ang pambansang kamalayan na humantong sa pagputok ng Himagsikan ng 1896 na pinamunuan ni Gat Andres Bonifacio at ng Kataas-taasan Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KATIPUNAN). Nagtagumpay ang armadong pakikibakang ito na tapusin ang mahigit 300 taong paghahari ng kolonyalismong Espanyol at itatag ang bansang Pilipinas. Ganonman, dahil sa palasukong liderato ng mga

ilustradong pinamunuan ni Emilio Aguinaldo na umagaw sa pamunuan ng rebolusyon, mabibigo itong labanan ang pananakop ng imperyalismong US at isuko ang naipagwagi ng Rebolusyong 1896 sa bagong mananakop. Sinaklot ng bagong imperyalistang kapangyarihan ang kalayaan ng sambayanang Pilipino at iginapos sa kolonyal at neokolonyal na paghahari nito na nagpapatuloy na ng 126 taon.

Kabilang sa mahigit 300 pag-aalsa laban sa kolonyalismong Espanyol ng mamamayan ang naitalang dalawang pag-aalsa ng mga Tsino noong 1603 at 1639-1640 na nakilalang Sangley Rebellion I at II na naganap sa Rizal, Laguna at Cavite, ang 1740 pag-aalsang magsasaka sa Cavite, Laguna Batangas at Bulacan, ang pag-aalsang pinamunuan ni Matienza sa Lian at Nasugbu, Batangas, ang pag-aaklas ni Capt. Andres Novales sa Cavite noong 1823, ang unang relihiyosong pag-aalsa ni Apolonio dela Cruz aka Hermano Pule sa Tayabas (Quezon), Laguna at Batangas noong 1840-1841 at ang sumunod ditong Samaniego Revolt ng Tayabas regiment at ang paglaban ng mga Colorum, ang pag-aaklas ni Sarhento La Madrid noong 1872, ang paglaban ng mga manggagawang Pilipino sa pier ng Cavite na isinisi sa tatlong pari na sina Gomez, Burgos at Zamora at ang paglaban ng mga Tulisanes o Ladrones noong 1880 sa Mindoro sa pamumuno ni Kapitan Valeriano Gasic y Ramos.

Naglunsad ng armadong paglaban ang mga Pilipino dahil sa pangangamkam sa lupain ng masang magsasaka, ang sapilitang paggawa sa

pamamagitan ng ipinatupad na sistemang polo ng mga kolonyalista, ang diskriminasyon sa mga pari at sundalong Pilipino, pag-aanaglahi sa lahing kayumanggi, pamamaslang at kung anu-ano pang kalupitan na isinagawa ng mga kolonyalistang Espanyol.

Nang itinayo ang Katipunan at sumiklab ang Rebolusyong 1896, gumampan ng aktibong papel ang mamamayan ng Timog Katagalugan. Bukod sa ginawang base ng Katipunan ang probinsya ng Rizal, libu-libong mga katipunero ang nagmula sa mga probinsya ng Laguna, Cavite, Batangas at Tayabas. Naging tanyag ang 13 martir na Katipunero na pinaslang sa Cavite na ngayon ay kinikilala bilang “Los Trece Martires de Cavite”. Katunayan, nagdeklara ang mga probinsya ng Cavite, Batangas at Laguna ng buo-buong pagsuporta sa rebolusyon.

Ang Timog Katagalugan din ang base ni Gen. Emilio Aguinaldo na siyang namumuno noon sa paksyong Magdalo sa Katipunan. Sa sulsol ng mga ilustrado na kasapakat ni Aguinaldo itinulak ang pag-agaw sa pamunuan ng Katipunan na humantong sa pagpaslang sa magkapatid na Andres at Procopio Bonifacio noong Mayo 10, 1897. Gayunpaman, bukod sa Kabite na bayang sinilangan ni Aguinaldo, ang ibang mga probinsya ng Timog Katagalugan ay patuloy na kumilala sa pamumuno ni Andres Bonifacio, at napilitan lamang silang pumailalim kay Aguinaldo nang maging malinaw na wala na nga si Bonifacio.

Sa kabila ng pagsuko ni Aguinaldo sa mga Espanyol at pagpapadestiyero sa Hongkong

kapalit ng salapi, nagpatuloy ang mga armadong pagkilos ng mga Katipunero sa pamumuno ni Heneral Malvar. Si Heneral Malvar ang sumunod sa linya ng komand ni Aguinaldo, kaya siya ang kinilala bilang bagong pangulo at commander-in-chief ng Katipunan matapos sumuko si Aguinaldo. Ang digmang pinamunuan ni Malvar ay isang digmang gerilya na nagtataglay sa kalakhan ng katangian ng isang digmang bayan - ang pagkukubli at pagtangkilik ng masa, na ayon nga sa Amerikano ay tila kalaban nila ang buong masang Pilipino sa Batangas at Laguna.

Pagdating ng Hunyo 1898, halos ang buong Luzon ay nasa kamay na ng mga Katipunero. Noong Agosto, pinalaya ng mga pwersa ni Heneral Malvar ang Tayabas (Quezon), habang ang mga pwersang Español ay sumuko sa mga pwersa ni Heneral Paciano Rizal sa Santa Cruz, Laguna. Tumampok din ang paglakas at pagtatagumpay ng rebolusyon sa isla ng Mindoro sa pamumuno nina Juan Naguit, Gasic, Koronel Alfonso Panopio na siyang nagwakas sa paghaharing Espanyol sa Mindoro makalipas ang 328 taon.

Matapos ang unang pagpaslang ng mga Amerikano sa mga Pilipino sa San Juan noong Pebrero 2, 1899 nagsimula na ang madugo't malupit na pananakop ng mga Amerikano na may kabuuang pwersang 70,000. Nakilala ang brutalidad ng kampanyang militar ni General Bell sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Tayabas kung saan napabantog na malakas ang pwersa ni Heneral Malvar. Nandiyan ang hamletting at reconcentrado kung saan tinipon ang buong masa



sa mga poblacion ng mga bayan tulad ng Tanauan, sinunog ang tanim, kinatay ang mga alagang hayop at nilason ang mga balon. Sa bawat atakeng gerilya ni Malvar ay pinapatay nila ang isang lider masa bilang ganti. Malaking bahagi ito na nagtulak kay Malvar na makipag tigil-putukan (subalit hindi siya kailanman nanumpa sa watawat ng Amerika). Ayon sa datos ng census, bumaba ng sangkatlo ang populasyon ng Batangas mula sa huling census ng mga Kastila at unang census ng mga Amerikano, o halos 100,000 katao. Magiting na lumaban ang mga Pilipino kabilang na ang mamamayan sa rehiyon. Kinailangan munang magpatupad ang US ng karumal-dumal na henosidyo laban sa mga Pilipino bago nila maigupo ang armadong paglaban ng 5 milyong mamamayan. Pinaslang ng mga ito ang 600,000 Pilipino. Pagdating ng 1902, wala ni isang taong makikita sa kabukiran ng Batangas.

Sa panahon ng gerang Pilipino-Amerikano, mahalagang papel ang ginampanan ng Mindoro - una, bilang pang-ekonomiyang baseng tagasuplay ng baka para sa mga rebolusyonaryo at pangalawa, bilang estratehikong atrasan. Noong Agosto 1900 lamang natukoy ng mga Amerikano ang sikreto sa pagdadala ng mga suportang baka at lohistika sa mainland Luzon.

Maitatala sa kasaysayan ang kalupitan ng mga sundalong Amerikano sa pamumuno ni Major R. K. Evans ng 13th Infantry Command sa isla ng Mindoro. Nagpatupad siya ng mga karumaldumal na hakbangin tulad ng: pagharang sa mga linya ng suplay ng pagkain (apektado nito pati mga hindi

kombatant); paghamlet sa populasyon na sumasakop ng buong mga distrito at sa labas ng hamlet na ito ay awtorisado ang mga tropang Amerikano na pumatay sa kahit sino at manira ng anumang bagay (panununog ng mga bahay, pagpatay sa mga hayop, paninira sa mga ani at paglason sa tubig inumin). Resulta nito, nagkaroon ng epidemya ng kolera sa buong populasyon.

Itinatag ng mga rebolusyonaryong lider na sina Macario Sakay, Julian Montalan at Cornelio Felizardo ang tinaguriang Republika ng Katagalugan noong Mayo 1902. Sa pamamagitan ng mga koordinadong opensiba, umagaw ng maraming armas ang mga pwersa ni Sakay at nabigo ang mga supresyon na inilunsad ng mga Amerikano laban sa kanila. Malakas ang suportang tinanggap nila mula sa masa at maging sa ilang ilustrado. Matagal na naging base nina Sakay ang isla ng Talim sa Laguna de Bay at bundok ng San Cristobal sa Dolores Quezon. Dito isinulat ang Manipesto ng Republika ng Katagalugan. Dito rin pinaniniwalaang “nagsumpaan” sila na hindi magpapagupit ng buhok hangga’t hindi napapalayas ang dayuhang Kano. Pinamunuan mismo ni Sakay ang isang pag-aalsa sa Barangay Subay ng nasabing isla. Ang San Mateo ng Rizal ang isa sa naging tanghalan ng labanan sa pagitan ng mga rebolusyonaryong nasa pamumuno ni Sakay at ng tropa ng US. Pagdating ng Enero 31, 1905, pinagpasyahan ng mga Amerikano na suspindihin ang writ of habeas corpus sa Cavite at Batangas dahil sa tindi ng atake ng mga gerilyang Pilipino. Gumamit ang

mga Amerikano ng 3,000 sundalo para gapiin ang pwersa ni Sakay at nakamit ito noong 1905.

Kasabay nito ang mga pagsisikap ni Gen. Artemio Ricarte na binansagang Kilusan ni Ricarte. Si Ricarte ay tumanggap makipagsabwatan sa mga Amerikano at dalawang beses na ipinatapon sa ibang bansa. Nang bumalik siya noong Disyembre 1903, nagtagumpay siyang makipag-ugnayan sa ilang Koronel at mga mababang-ranggong opisyal sa rebolusyonaryong hukbo, at nakapaglunsad ng ilang koordinado ngunit maliitang opensiba. Sa parehong panahon, naganap ang relihiyosong paghihimagsik na pinamunuan ni Ruperto Rios sa Tayabas (ngayon ay Quezon) noong 1902-1903.

Mula 1906-40, sa gitna ng pagkokonsolida ng imperyalistang kapangyarihan ng EU at ng kanyang mga lokal na tuta, nagpatuloy pa rin ang mga panakanakang armadong pagkilos ng mamamayan. Bukod dito, lumaganap sa pambansang antas ang pakikibakang manggagawa, maging ng masang magsasaka. Sa hanay ng mga manggagawa ay tumanyag ang Congreso Obrero de Filipinas noong 1913, Federacion del Trabajo noong 1917, Legionares del Trabajo noong 1919, Katipunan ng mga Anak-Pawis ng Pilipinas noong 1929. Sa hanay ng mga magsasaka ay tumanyag ang Union ng Magsasaka noong 1917, Anak-Pawis noong 1919, Katipunan ng mga Manggagawa at Magsasaka sa Pilipinas noong 1922, Katipunang Pambansa ng mga Magbubukid ng Pilipinas noong 1928 at Pambansang Kaisahan ng Magbubukid noong 1930.

Ang mga organisasyong ito ang naging daluyan para makarating ang mga akda at ideyang Marxista sa ating bansa. Nagkaroon ng linya ng ugnayan ang mga lider ng unyon ng mga manggagawa sa mga rebolusyunaryong Partido sa ibang bansa lalo na sa Partido Komunista ng Unyong Sobyet. Ang pinapakapopular na lider manggagawa sa panahong ito ay si Crisanto Evangelista na nagpunyaging ipalaganap ang Marxismo-Leninismo sa bansa. Siya ang naging tagapangulo ng Partido Komunista ng Pilipinas na itinatag noong Nobyembre 7, 1930, sa ikalabingtatlong anibersaryo ng tagumpay ng Rebolusyong Oktubre [1917] at pagkakatatag ng kauna-unahang sosyalistang bansa sa buong daigdig.

Mula 1925 hanggang 1930, pumutok ang mga welga ng manggagawa sa iba't-ibang bahagi ng bansa, kabilang dito ang asukarera sentral sa Laguna (Canlubang). Halos kasabay nito ang pananatili ng armadong pagkilos ng mga labi ng relihiyosong grupo (colorum) sa Tayabas.

Noong 1930, itinatag ng kasapi ng Komite Sentral ng PKP na si Patricio Dionisio ang Tanggulan, isang lihim na kilusan (secret society) laban sa mga Amerikano na nagkaroon ng mga aktibong kasapi sa Laguna at Kabite.

Tampok din sa kasaysayan ng TK ang armadong pag-aalsa na pinamunuan ni Teodoro Asedillo, isa ring kasapi ng lumang PKP. Namundok siya nang tangkang arestuhin matapos pamunuan ang welga sa La Minerva Cigar Factory. Bumase siya sa Longos, Laguna at sumanib sa pwersa ni

Capt. Nicolas Encallado na isang 60-taong gulang na beterano ng rebolusyon. Naging erya nila ang Laguna at Tayabas. Naunawaan ni Asedillo ang halaga ng suportang masa. Naging tanyag siya bilang ahitador at tagahimok sa masang suportahan ang rebolusyon. Umabot sa 95% ng naninirahan sa Sampaloc, Tayabas ay kasapi ng itinayo nilang samahang AnakPawis. Naglunsad din ang mga pwera ni Asedillo ng mga operasyong kumpiskasyon ng pag-aari ng mga panginoong maylupa at pamamarusa sa mga abusadong upisyal, sundalo at impormer.

Tanyag ding kilusang anti-US ang Sakdalista na pinamunuan ng oportunistang si Benigno Ramos. Itinatag niya ang dyaryong Sakdal na naging popular na daluyan ng mga pagtutol sa paghahari ng dayuhan at lokal na naghaharing uri. Ang mga mambabasa nito ang naging ubod ng organisasyong Sakdalista na umabot ang kasapian sa 68,000-200,000. Nakapagpanalo ang mga ito ng ilang pusisyon sa papet na estado sa nilahukang eleksiyong 1934 dahil sa pagdadala ng mga programang maka-magsasaka kabilang na ang pag-alis sa lahat ng buwis, pagkumpiska sa malalawak na lupain ng mga panginoong maylupa at pamamahagi nito sa mga magsasaka, at pagbibigay ng suportang serbisyo ng gubyrerno sa agrikultura. Sa kabila ng oportunismo ni Ramos at panunupil ng kolonyal na estado, nagpatuloy ang ibang lider at masang kasapian ng Kilusang Sakdalista sa kanilang mga pagkilos sa anyo ng kampanyang boykot sa plebisito para sa Konstitusyong Komonwelt. Bilang tugon sa panunupil, nagplano ng armadong himagsikan ang

mga Sakdalista. Inihudyat ito ng paglusob ng 150 armadong Sakdalista sa munisipyo ng San Ildefonso, Bulacan. Ibinaba nila ang bandilang Amerikano at Pilipino at ipinalit ang bandila ng Sakdalista. Matapos ito, ang mga Sakdalista sa Tanza at Bgy. Caridad ng Cavite, Cabuyao at Santa Rosa ng Laguna, at iba pang mga bayan ay naglunsad din ng katulad na pagkilos. Sa kabuuan, aabot sa 60,000 magsasakang Sakdalista ang lumahok sa paghihimagsik.

Sa panahon ng pananakop ng militaristang Hapon, ang mamamayan ng rehiyon ay magiting na lumahok sa kilusan sa pagpapalaya laban sa Hapon. Maraming bilang ng mamamayan ng Laguna, Rizal, Batangas at Quezon ay sumapi sa HUKBALAHAP [Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon] sa pamumuno ng lumang pinagsanib na Partido. Ang bulubunduking bahagi ng mga nabanggit na probinsya ay naging malawak na maniobrahan at basehan ng mga HUKBALAHAP. Masiglang sinuportahan ng mamamayan ng rehiyon ang HUKBALAHAP hanggang sa tuluyang mapalayas ang mga militaristang Hapon.

Sa buong panahong ito ay inorganisa ng mga HUK at PKP ang mamamayan ng rehiyon para magkaisa at sama-samang labanan ang mga militaristang Hapon. Naging magandang pagkakataon din ito para makapagpalawak at makapagpatatag ng mga sona at baseng gerilya ang mga HUK at PKP. Isa mayor at pamalagiang base nila ang kabundukan ng Sierra Madre na tumatahi sa mga lalawigan ng Quezon, Laguna at Rizal. Sa katunayan, naging baseng pang-ekonomiya at sakahan ng mga

Hukbalahap ang Palasaw/Bagong Silang ng Sierra Madre. Nakapaglunsad sila ng rebolusyong agraryo sa mga asyendang pagmamay-ari ng mga malalaking panginoong maylupa na nagtraydor at nakipagkolaboreyt sa mga Hapon.

Nakapagpalawak din sila sa mga kabundukan ng Banahaw at mga kabundukan ng Batangas hanggang sa hangganan ng Cavite. Ang Laguna naman ang naging pangunahing naging base. Sa bisperas ng paglayas ng mga Hapon noong 1945 ay may naitayo nang Probisyunal na Rebolusyunaryong Gobyerno ang mga HUK at PKP sa Laguna.

Yaong mga hindi nagkaroon ng pagkakataong mapasapi sa HUKBALAHAP ay naging aktibong kasapi naman ng mga gerilyang tulad ng Hunters, ROTC at Marking Guerillas. Sa kabundukan ng Rizal pangunahing nagbase ang Marking Guerillas. Pinamunuan ito ni Marcos Agustin na taga-Tanay, Rizal. Ang bundok ng San Ysiro sa Antipolo ang isa sa naging teatro ng labanan sa pagitan ng mga gerilya at militaristang Hapon. Mahigpit ang pagkakaisa at daloy ng komand sa Huk kumpara sa mga pwersang gerilyang nagpailalim sa USAFFE na kontrolado ng US.

Sa Mindoro pinamunuan ni Capt. Esteban Beloncio ang mga pwersang umatras sa mga kabundukan upang ituloy ang pakikipaglaban bilang mga gerilya. Naglunsad ang mga ito ng mga matatagumpay na opensiba laban sa mga pasistang pwersa at pinarusahan ang mga traydor. Kinaharap na mga problema ng mga gerilyang Pilipino sa Mindoro mula kalagitnaan ng 1942 ang

kakulangan sa episyenteng organisasyon at koordinasyon, kakapusan sa lohistika at modernong armas pandigma, at ang panloob na mga ribalan sa pagitan ng iba't ibang grupong gerilya.

Dahil sa pagkakamali ng pamunuang Lava, hindi nilabanan ang panibagong pananakop ng imperyalismong US nang ang mga ito ay bumalik sa Pilipinas sa panahong nagapi na ng HUKBLAHAP at mga pwersang Pilipino ang mananakop na Hapones. Kabaliktaran, tinanggap ang mga ito sa kabila ng mga isinagawa nilang masaker sa mga iskwadron ng HUKBALAHAP.

Ang inabot na antas na rebolusyunaryong lakas ng mga mamamayan ng rehiyon sa pamumuno ng lumang pinagsanib na PKP ay lubhang napahina nang magpasya ang pamunuang Lava-Taruc na sumurender sa imperyalistang Amerikano, magtaguyod ng “Demokratikong Kapayapaan” at lumahok sa burges at reaksyunaryong halalan noong 1946 sa pamamagitan ng Democratic Alliance. Ang pagkakanulo at opurtunismong ito ay nagbunga sa pagmasaker ng mga tropang Amerikano sa Iskwadron 77 sa Masiko, Pila ng Laguna.

Nang pinatalsik sa Kongreso ang mga nagwaging mga kandidato ng Democratic Alliance kabilang sina Lava at Taruc, muli silang nanawagan ng armadong pakikibaka noong unang kwarto ng 1947. Muling binuhay ang HUKBALAHAP sa bagong pangalang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB) noong Marso 29, 1947. Dahil malalim nang nakaugat sa rehiyon lalo sa mga



magsasaka sa Quezon, Laguna, Batangas at Rizal ang diwa ng armadong paglaban, masiglang tumugon ang mamamayan at lumakas ang impluwensya ng HMB at PKP sa TK sa mga sumunod na taon. Ibayong lumawak ang mga sona at baseng gerilya ng HMB.

Maraming narekluta sa HMB at nakapagtayo ng mga laking iskwadron na pormasyon sa Laguna, Quezon at Batangas. Naging tuntungan din ang rehiyon sa ginawang pagpapalawak sa Bikol. Isa sa naging pangunahing base ng POLITBURO OUT na pinamumunuan ni Jesus Lava ang bundok Sierra Madre, lalo na ang bahaging Hagganang Quezon-Laguna at Hangganang Quezon-Laguna-Rizal-Bulacan. Sa panahon ng adbenturistang militar ng mga Lava at Taruc, nailunsad sa rehiyon ang mga reyd ng HMB tulad ng reyd sa munisipyo ng Sta. Cruz at San Pablo ng Laguna, ganondin ang naganap sa munisipyo ng Lukban sa Quezon. Kung naging saksi at tuwirang kalahok ang mamamayan sa pagsulong ng armadong pakikibaka mula noong 1947 hanggang sa mga sumunod na taon, kalahok at saksi rin sila kung paano ito winasak ng mga adbenturistang militar at kapitulasyunistang kamalian ng mga Lava at Taruc.

## II. Ang Maringal at Maningning na Kasaysayan at Tradisyon ng New People's Army sa TK

Ang 55 taong kasaysayan ng NPA ay isang epiko ng taos-pusong paglilingkod at pagtatanggol sa mamamayang api't pinagsasamantalahan. Sa pagiging mulat sa ipinaglalabang interes ng sariling uri, sa interes ng bansa para sa kalayaan

at demokrasya at sa pagiging tapat sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas nagmumula ang di magmamaliw na tapang at kagitingan ng NPA na harapin ang pinakasukdulang kahirapan at pagsubok. Ito ang sikretong bertud ng walang pagkagaping diwa ng NPA maging sa harap ng superyor na kalaban. Ang kapasyahang lumaban at magwagi Nito ang bukal ng superyoridad ng hukbong bayan sa pulitika Nang pinakamapagpasyang salik sa pagkakamit ng tagumpay.

Nagsimula sa halos isang kusing ang NPA sa Timog Katagalugan. Dumaan sa pagbibinyag ng apoy ang mga pagsisikap ng unang mga yunit ng NPA na buksan para sa pakikidigmang gerilya ang rehiyon. Nang inilunsad natin ang pakikidigmang gerilya sa TK, nagsimula tayo sa napakalaking disbentahe at malalaking limitasyon. Pero dahil taglay natin ang mataas na diwa at napakapambihirang determinasyon, hindi tayo nawalan ng loob sa harap ng mistulang absolutong superyoridad ng reaksyon at armadong pwera nito.

Mula sa halos isang kusing, nagpunyagi ang Partido na pasimulan ang pagbubukas ng mga sonang gerilya sa iba't ibang dako ng rehiyon mula sa mga kadre at aktibistang napanday sa kilusang masa sa kalunsuran, sa mga beterano ng Sigwa ng Unang Kwarto at mga bagong sibol na rebolusyonaryo sa panahon ng paghaharing pasista ng rehimeng US-Marcos.

Taglay na giya ang pangkalahatang linya ng Partido sa demokratikong rebolusyon ng bayan,

ang mga binhing kadre at aktibista ay masikhay na nakipamuhay sa masang anakpawis sa kanayunan at hinimok ang masang magsasaka sa demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matiyagang gawain sa pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga antipyudal at antipasistang kilusang masa na nakaugnay sa anti-imperyalismo. Malugod na tinanggap ng mamamayan sa kanayunan ang linya ng Partido at sa masalimuot at di tuwid na daan, naitayo natin ang mga sonang gerilya matapos ang paulit-ulit na proseso ng mararahas na pagsupil ng kontra-rebolusyon at muling pagbangon mula sa mga pansamantalang pinsala at kabiguan.

Puno ng rebolusyonaryong kabayanihan ang mga dakilang kabanata ng rebolusyonaryong pakikibaka ng masang magsasaka sa rehiyon. At sa bawat pagtatapos ng isang kabanata at pagbubukas ng panibago, ang magiting na New People's Army na nasa absolutong pamumuno ng Partido Komunista ang pangunahing nasa sentro ng bawat makabuluhang pagpihit ng pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang demokrasya.

Magiting na nakapangibabaw ang ating hukbong bayan sa di masusukat na mga kahirapan at balakid sa maagang mga panahon ng pagpapalaganap ng binhi ng pakikidigmang gerilya sa rehiyon. Sa kabila ng magkakasunod na kabiguan sa mga unang pagtatangka na magbukas ng sonang gerilya sa San Pablo, Laguna noong 1969-70, bahaging Banahaw ng Quezon noong 1972 at 1973, kanlurang Batangas noong 1973,

Oriental Mindoro noong 1973 at 1974, at ng pag-aatras para mapreserba ang mga binhing yunit sa Upland Cavite at Silangang Batangas noong 1974, matagumpay na nakapagpalawak at nakaugat ang hukbong bayan sa masang magsasaka sa dalawang magkatugong lugar—una, sa hangganan ng Quezon-Bikol at pangalawa sa Sierra Madre na hangganan ng Laguna at Quezon bago tuluyang nawasak ang huli noong 1975 dahil sa maling patakaran ng pagtatayo ng artipisyal na base at iba pang kaliwang pagkakamali na nagpaibayo ng mga kahirapan nang ilunsad na ng kaaway ang malakihang pagsalakay at panunupil.

Gayunman, dahil sa pagtataguyod ng wastong patakaran ng noo'y Komiteng Rehiyon sa Timog Luzon (KRTL) na tipunin ang mga natirang pwersa at magpunyagi sa itinakdang sentral na distrito, tuluy-tuloy na umunlad at lumakas ang pakikidigmang gerilya sa hangganan ng Quezon-Bikol na solong natira sa mga sinikap ipundar sa panahong ito. Matagumpay na nabuo ng Partido rito ang relatibong malawak na baseng masa hanggang 1977 na napreserba sa kabila ng mga pinsalang idinulot ng paksyunalismo ni Apolinario (Rey Ababag) noong huling hati ng 1976 hanggang kalagitnaan ng 1977.

Mas maaga, matagumpay na napangibabawan ng Komiteng Rehiyon sa Timog Luzon ang pinakakritikal na mga panahon ng paglalalatag at pagpupundar ng armadong pakikibaka sa rehiyon dulot ng sunud-sunod na mga pinsala sa pangrehiyong liderato noong 1970, 1973, 1974, 1975 at 1977. Noong maagang bahagi ng 1970,

nadakip ng kaaway si Nilo Tayag, ang pangkalahatang kalihim noon ng Komite Sentral at tumayong kalihim ng KRTL habang nagbubukas ng sonang gerilya sa San Pablo, Laguna. Mula 1973-74, sunud-sunod na pinsala naman ang tumama sa Komite ng Partido sa sub-rehiyunal na komite ng TK at BK bunga ng pagkakanulo ni Benjamin Gapud, humaliling kalihim noon kay Nilo Tayag. Mabigat ang pananagutan ng taksil na pangkating Gapud, Gerardo Espinas at Butch Bautista sa naganap na serye ng mga hulihan noong 1973 at 1974 na halos ikinawasak ng organisasyon ng Partido sa Timog Luzon. Hindi pa man lubos na nakakabawi ang Partido at kilusan sa TK, muling tinamaan ng sunud-sunod na pinsala ang Komiteng Larangan ng Kagitingan sa Upper Sierra Madre na hangganan ng Laguna at Quezon sa pagkapaslang kay Kasamang Lorena Barros na kalihim ng komiteng larangan. Sinundan ito ng malawakang sunog noong 1977 na puminsala nang malaki sa organisasyon ng Espesyal na Komite sa Puting Purok ng TK. Sa panahon lamang ng Hulyo-Agosto, 17 kadre ng rehiyon ang nadakip at hanggang sa ngayon ay nanatiling mga desaparecidos. Kabilang sa mga kilalang pangalan na nawala sa panahong ito ay sina Kasamang Rizalina Ilagan, Cristina Catalla, Bong Sison, Samuel Ting, Ver Silva, Jessica Sales, Gerry Faustino, Leticia Pascual-Ladlad, Emmanuel Salvacruz, Salvador Panganiban at Erwin dela Torre.

Sa kabila ng mga pinsalang ito, mula 1979, ang hangganan ng Quezon-Bikol ay tuluy-tuloy na sumulong at naging ina ng mga ipinundar na mga

sona at larangang gerilya sa iba't ibang panig ng rehiyon sa sumunod na mga taon. Mga kadre at organisador mula rito ang naging puhunan sa pagbubukas at pagpapalawak sa Bondoc Peninsula at Timog Quezon noong 1978 gayundin ang halos magkakasabay na nagbukas noong 1979 sa tatlong tumpok na lugar sa Quezon at Batangas (bahaging Banahaw ng Quezon, hangganan ng Quezon at Batangas, at Silangang Batangas) at sa Mindoro noong 1980 at 1982.

Samantala, may hiwalay na pagsisikap ang organisasyon ng Partido sa Laguna na buksan para sa pakikidigmang gerilya ang balisbisan ng Banahaw at mataong kapatagang nakadikit sa Sierra Madre at ang tinawag na Upper Sierra Madre na nakadikit sa Quezon mula sa mga aktibista at kadreng estudyante at manggagawa na lumahok sa armadong pakikibaka. Sa lahat ng mga pagsisikap na ito, ang larangang gerilya sa hangganan ng Quezon at Bikol ang gumanap ng mahalagang papel sa pag-aambag ng mahahalagang rekurso, tauhan at mga pagsasanay para sa mga pinaunlad na mga sonang gerilya.

Ang pagtatapos ng dekada sitenta at pagbubukas ng unang mga taon ng dekada otsenta ang naghudyat ng mabilis na pagsulong ng armadong pakikibaka sa rehiyong Timog Katagalugan. Lalo itong pinabilis ng matinding krisis pang-ekonomya at pampulitika ng diktadurang Marcos na nagpasiklab sa iba't ibang anyo ng paglaban ng mamamayan sa kanayunan at kalunsuran at bumasag sa teror ng pasistang lagim.

Dahil sa desperasyon, naglunsad ang naghihinalong pasistang diktadura ng isang engrangeng kampanyang militar sa patnugot ng mga punong heneral nitong si Fabian Ver at Fidel Ramos at noo’y ministro ng depensang si Juan Ponce Enrile—ang Oplan Cadena de Amor—na dinisenyo para maging prototype ng mas engrangeng pambansang kontra-insureksyong programa na tinawag na Oplan Katatagan. Nangarap nang gising ang diktadura na padapain ang larangang gerilya sa hangganan ng Quezon-Bikol at Bondoc Peninsula-Timog Quezon sa pagkokonsentra rito ng siyam (9) na batalyon ng AFP.

Magiting na binigo ng Hukbong bayan ang engrangeng pakanang ito. Pinatunayan ng kasaysayan na ang Oplan Cadena de Amor at ang Oplan Katatagan na ipinatupad ng diktadurang Marcos sa buong bayan ang huling desperadong hakbang ng isang nasa-bingit-ng-pagbagsak na rehimen. Ang mabilis na pagsahol ng krisis ng naghaharing sistema ang nag- udyok kay Marcos na makagawa ng isang pampulitikang miskalkulasyon nang patayin ang masugid nyang karibal sa pulitikang si Benigno Aquino Jr. Ang krisis na nilikha ng magkatambal na salik ng asasinasyon kay Benigno Aquino Jr. noong 1983 at —sa mas mahabang sukatan—ng kumulatibong patama ng mga taktikal na opensiba ng NPA at ng sustenidong mga protestang masa sa buong bayan ang mabilis na nagpahinog sa isang kombulsyong pampulitika noong 1986, at sa huling pagsusuri, ang naging huling pakong nagselyo sa kabaong ng kinamumuhiang diktador. Sa makasaysayang

Unang Edsa ng 1986, ibinagsak ng popular na pag-aalsa cum rebelyong militar si Marcos. At kasunod nito, hinawan ang mabilis na pagsulong ng rebolusyon sa buong kapuluan.

Subalit ang mabilis na pag-abante at paglakas ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan at kalunsuran ay diniskaril ng panggingibabaw ng insureksyunista at putsistang linya ng mabilisang tagumpay sa buong bayan. Mula 1986 hanggang 1988, magkakasunod na ipinatupad ng pangrehiyong sentro ng Partido na pinamunuan noon ng taksil na si Miel Laurenaria ang maling linya ng fast track-slow track insurrection, tatlong pangunahing makinarya at adelantadong regularisasyon at pagkatapos ng mga siphayo at kabiguan dahil sa maling linyang ito, pinangunahan ni Laurenaria ang Operation Missing Link (OPML)—isang madugong panunugis sa mga pinaghihinalaang impiltrador na kaaway sa loob ng Partido batay sa marurupok na ebidensya, hinala at sapantaha—upang ibunton ang sisi sa mga kabiguan ng maling linya sa gawagawang katatakutan na pinaliligiran ang Partido ng mga impiltrador ng kaaway.

Kung wala ang mapagpasyang interbensyon ng KTKS at tulong ni Ka Armando Teng, naging kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Partido mula 1983-85 at 1989-2000, mas seryoso at matagalan pa sana ang mga pinsala na maaaring idulot ng mapangwasak-sa-sariling kampanyang anti-impiltrasyon ng mga kapural ng OPML.

Ang pananaig ng wastong linya ng Partido na itinaguyod ng Ikalawang Dakilang Kilusang



Pagwawasto (IDKP) ang mapagpasyang gumapi at nagtakwil sa maling linya ng adelantadong regularisasyon at insureksyunismong lungsod at naghawan ng daan para sa matatag na pagbawi at muling pagsulong ng mga gawain na winasak ng maling linya.

Sa pagtataguyod at muling pagtitibay sa mga saligang prinsipyo ng Partido at rebolusyon, ang buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Timog Katagalugan ay tuluy-tuloy na nakabangon mula sa mga pinsala, muling nakapagpalakas at nakahakbang ng malalaking pagsulong sa huling mga taon ng dekada nobenta. Ang mga tagumpay na ito ay maingat na iginiya ni Ka Armando Teng, ang matibay na haligi ng IDKP sa rehiyon, hanggang sa huling hibla ng kanyang buhay noong Nobyembre 7, 2000.

Noong 1997, nalubos ng Partido ang tagumpay ng IDKP sa buong rehiyon. Nailagay sa matatag na pundasyon ang rebolusyonaryong kilusan at kumprehensibong umabante ang halos lahat ng gawain. Sa humigit-kumulang isang dekadang pagsusulong ng IDKP, inabot ng rehiyon ang tuktok ng makalidad na pagsulong.

Magiting na binigo ng Partido, Hukbong bayan at rebolusyonaryong mamamayan ang bawat maitim na pakanang wasakin ang haligi ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitikang naitayo nito sa kanayunan. Hindi matatawaran ang kabayanihan at enerhiyang ibinuhos ng mga rebolusyonaryo para biguin ang pasistang teror na pinakawalan ng bawat naghaharing papet na naluklok sa Malakanyang.

Dahil sa matatag na pagtataguyod sa linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya kaakibat ng pagtupad ng mga tungkulin sa pagtatayo ng base at rebolusyong agraryo, ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ay patuloy na umani ng mga tagumpay sa demokratikong rebolusyon ng bayan. Kaya sa pagtatapos ng 2003, umabot sa mahigit sa tatlong (3) ulit ang bilang ng mga naitalang larangang gerilya sa rehiyon noong 1992. Sinaklaw nito ang 83% ng distritong kongresyunal sa 10 probinsya ng rehiyon na maaaring saklawin ng mga sona at larangang gerilya. Katumbas ito ng 60% ng kabuuang bilang ng mga bayan at lungsod kumpara sa sinaklaw noong 1992 na 41% at noong 1994 na 37% lamang. Katumbas din ito ng 27% ng mahigit sa limang libo ng kabuuang mga baryo sa rehiyon kumpara sa 19% noong 1992 at 10% noong 1994.

Ikinabahala ng rehimeng papet ang malalaking pagsulong na ito sa ating rehiyon, bagay upang ikonsentra sa TK ang matitinding pananalakay ng mersenaryong AFP at PNP. Ginawa itong laboratoryo ng malupit na pamamaraan, taktika at psy-ops ng mga kontra-insurhensyang operasyon ng mga ispesyal na pwersa ng AFP. Noong 1998, ginawang prayoridad na target ng Oplan Makabayan ang Timog Katagalugan. Sa sumunod na mga taon, ginawang national priority concern ng SOLCOM at AFP ang rehiyon at partikular ang isla ng Mindoro ng kanilang kontra-insurhensyang opensiba sa balangkas ng Oplan Balangai. Mula sa pagtatalaga ng 11 batalyon para sa kontra-insurhensya noong 1998, mahigit na nadoble ito at umabot sa humigit-kumulang 28 batalyon sa

pagtatapos ng 2002. Itinalaga sa ating mga larangang gerilya ang iba't ibang task forces ng AFP at PNP na may malaking pwersang bag-as ng mga ispesyal na yunit ng AFP tulad ng mga special forces, scout rangers at recon battalion at gumagamit ng makabagong kagamitan para sa elektronikong paniktik at surbeylans tulad ng UAV (unmanned aircraft vehicle) gayundin ng mga kagamitan para sa pang-gabing operasyon ng mga espesyal na kontra-gerilyang yunit.

Subalit, lahat ng kahirapang ito ay napangibabawan ng Partido at NPA. Sa kabila ng pagkokonsentra ng siyam (9) na batalyon ng AFP sa Mindoro at pagpapakawala ng pinakamalupit na pagsalakay sa baseng masa ng rebolusyon at hukbong bayan, hindi nagawang madurog ng kaaway ang NPA sa isang matagalang kampanya na umabot ng mahigit limang (5) taon. Ganito rin humigit-kumulang ang naging padron sa iba pang larangang gerilya ng NPA sa iba't ibang panig ng Timog KatagaluganNpatuloy na napipreserba ng NPA ang lakas, napangibabawan ang mga kahirapan at muling nakapagpapalakas sa gitna ng pansalamantalang kabiguan.

Sa panahon ng rehimeng US-Arroyo, pinaypayan ng tambalang Arroyo-Angelo Reyes ang isteryang kontra-terorismo sa buong kapuluan. Ito ang lokal na bersyon ng gera laban sa terorismo at gerang walang hangganan na pinaypayan ni George W. Bush sa buong daigdig. Sinangkalan ng mga imperyalista ang kontra-terorismong isterya upang salakayin at marahas na supilin ang mga lehitimong kilusan ng mamamayan para sa

pagpapasya-sa-sarili. Garapalang binaluktot at tinatakang terorista ng imperyalismong US at ng lokal na papet hindi lamang ang makatarungang adhikain para sa sariling pagpapasya ng rebolusyonaryong kilusan kundi maging ang lehitimong oposisyon mula sa mamamayan laban sa mga lansakang pang-aabuso at pagtampalasan sa kanilang karapatan at kabuhayan. Walang kahihiyang ibinasura ng US ang mga internasyunal na kumbensyon at protocol na pumapatungkol sa mga internal na labanan at gera sibil sa sibilisadong mundo. Itinaguyod nito ang isang maruming gera na walang sinusunod o kinikilalang batas at tuntunin ng digmaan kundi ang madugong panunugis at mabangis na mga operasyong paghanap at paglipol na di nagsasaalang-alang sa pagkakaiba ng kombatant at di kombatant sa digmaan, ng bata, kababaihan at matatanda gayundin ng mga hors de combat— isang pag-atras sa kalagayan ng mga barbaro ng di sibilisadong gera.

Sa Timog Katagalugan, mahaba ang listahan ng mga ginahasa, pinagmalupitan at pinahirapan, pinalikas at itinaboy, at pinaslang na bata, matatanda, kababaihan at mga walang kalaban-labang sibilyan dahil lamang sa simpleng hinala ng kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan, kamag-anak at kaanak ng mga rebolusyonaryo o kaya’y mga matuwid na kritiko ng tiwaling pamamalakad ng rehimen. Saksi rin ang rehiyon sa mahabang listahan ng malulupit na pamamaraan ng pagpatay tulad ng pagpugot sa ulo ng mga biktima at pagpapailalim sa malupit na pagpapahirap bago patayin, mutilasyon ng mga

bangkay at iba't ibang makahayop na pamamaraan na tanging mga halimaw na walang konsensya lamang ang makagagawa. Ganito ang larawan ng mga karaniwang mersenaryong tropa na naglulunsad ng malupit na operasyong kontra-insurhensya.

Ang kabuuang pagsulong ng mga rebolusyonaryong pwera sa Timog Katagalugan ay nabigong lubusang idiskaril ng malupit na Oplan Bantay-Laya I at II (OBL) at Oplan Bayanihan at mga kaakibat nitong malakihang deployment ng tropang militar at pulis sa mga sona at larangang gerilya. Ang nagawa lamang ng mga ito ay pabagalin ang mga pagsulong ng ilang bahagi ng gawain at pansamantalang paatrasin o pinsalain ang ilang bahagi. Bigo ang rehimen na pagkaitan ng tuluy-tuloy na suporta ang rebolusyonaryong kilusan at Hukbong bayan kahit sa pinakamabangis na kundisyon at teror na inihasik nito sa batayang antas. Ganito pwedeng masukat sa kalahatan ang tibay ng pundasyon na nilikha ng IDKP para sa Partido at mga rebolusyonaryong pwera.

Pinasilip sa atin ng naging karanasan sa Mindoro, tulad ng naunang karanasan sa Laguna at ng sumunod sa Batangas at Rizal noong OBL I at OBL II at ng SQBP noong Oplan Bayanihan, kung paano ipinatutupad ng kaaway ang pakikidigmang block house—una, sa isang relatibong confined na saklaw (isang malaking larangang gerilya), at sa mga sumunod, sa isang mas malawak at ambisyosong plano (magkasabay na pagwasak sa

nagkakailang mga larangang gerilya na nasa mahigit isang probinsya).

Sa panahon ng tiranikong rehimeng US-Duterte, muling hinarap ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Timog Katagalugan ang pakikihamok sa kaaway nang inilagay ito bilang isa sa nasa unahang hanay ng pambansang prayoridad ng pagwasak batay sa mga target ng kampanyang supresyon ng Joint Campaign Plan-Kapanatagan mula 2019 hanggang 2022.

Alinsunod dito, ipinakat sa rehiyon ang hindi bababa sa 30-31 panagupang batalyon ng AFP-PNP, kabilang ang mga pwersang PNP-PPSC at CAFGU. Sobrang nakahihigit ang armadong lakas na ito kumpara sa laking batalyong pwersa ng BHB sa rehiyon. Sa ganito, nakamit ng kaaway ang overwhelming superiority sa kanilang inilunsad na sabayan, sustenido't malakihang mga kampanya at joint operations laban sa mga subrehiyon at larangang gerilya na karaniwan ay laking kumpanya at mayroon pang laking platun.

Sa unang tatlong taon, magiting na hinarap sa pamamagitan ng paglulunsad ng opensiba sa tatlong larangan ang paglaban ng mga pwersang gerilya sa magkapanabayang atake ng kaaway. Dahil dito, nagawang makapagpalakas ng BHB at ibayong makapaglawak ng baseng masa at matagumpay na nakapagsagawa ng kampanyang gerilya laban sa pagkubkub at paglipol na ginawa ng kaaway. Sa loob ng anim na taon mula 2017-2022, naganap ang kabuuang 455 aksyong militar sa rehiyon kung saan 306 o 67% sa mga ito ay mga taktikal na opensiba habang 149 o 33%

naman ang dependensiyang labanan. Napinsala ang kabuuang 674 (356 KIA, 306 WIA, 2 POW at 10 Surrender) kaaway o katumbas ng dalawang batalyong pwera.

Ganoonman, ang mga positibong aral ay mabibitawan at ang panimulang pagsulong na naitala sa taong 2017-2019 ay hindi na masusustine, kakapusin na ng hangin sa susunod na apat na taon (2020-2023), epekto ng atrisyon sa pwera bunga ng mga hindi naiwasang seryosong mga pinsala na natamo sa mga dependensiyang labanan sa harap ng pinag-ibayong pag-atake ng kaaway, pag-iral ng mga kamalian at kahinaan hindi pa lubusang naiwawasto at ng paghina ng epektibong gawaing pampulitika sa hanay ng mamamayan na pinakumplika ng malupit na mga lockdown at restriksyon dulot ng pandemyang Covid-19.

Sa huling apat na taon, malaking kinapos na isakatuparan ang taktikal na linyang militar na ilunsad ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na base at suportang masa. Hindi epektibong naisakatuparan ng mga namumunong komite ng Partido sa mga subrehiyon at larangang gerilya ang opensiyang postura sa tatlong larangan: opensiba sa pulitika, opensiba sa pagpapalawak at opensiba sa militar upang mahawakan ang kabuuang inisyatiba sa gitgitan at pukpukang labanan sa kaaway, na ating epektibong nagampanan sa pagbigay sa OBL II at Oplan Kapayapaan.

Malaking kinapos ang Partido at BHB na patuloy na abutin ang malawak na masa, isakatuparan ang gawaing alyansa sa gitna ng pukpukang paglaban sa kampanyang supresyon ng kaaway, laluna ang masang magsasaka at iba pang mamamayan sa kanayunan at kalunsuran at pamunuan sila sa kanilang pakikibaka para sa lupa, kabuhayan at karapatan alinsunod sa linyang anti-pyudal, anti-pasista at anti-imperyalista at makuha ang pinakamalawak at pinakamasigla nilang pagsuporta sa pagsusulong ng digmang bayan.

Epekto ng paghina ng epektibong gawaing pampulitika ang pagkitid ng rebolusyonaryong baseng masa, ng eryang kinikilusan, ng pagkawasak kung hindi man pagkakaroon ng lamat sa hanay ng baseng masa dulot ng hindi epektibong nakontrang pangwawasak at say-ops ng kaaway sa baseng masa. Ibayo itong nagpahina sa suportang masa sa BHB at armadong pakikibaka. Ugat din ito upang maging bulnerableng target ng mga pinpoint na operasyong pagtugis at paglipol ng kaaway ang mga yunit ng BHB, mga kadre, pamunuan ng Partido at mga opisyal ng BHB. Masasabing sa malaking bahagi ay nagtagumpay ang kaaway na itaboy ang mga pwersang gerilya palayo sa masa sa balangkas ng doktrinang “limasin ang tubig upang mamatay ang isda”.

Malala sa ilan ang pag-iral ng kaisipang “kutang bundok” upang pakitunguhan ang nakapokus na operasyon ng kaaway sa dalawang mayor na erya. Makikita ang anyo nito sa labis na pagsandig sa baseng pisikal at pagkilos sa kabundukang



magubat ngunit manipis ang populasyon. Pangmatagalang epekto nito ang pagkahiwalay ng BHB sa masang kanyang balon at pundasyon ng lakas na bandang huli ay ibayong magpapakitid sa masang suporta, uuk-uk sa moral at sa kahulihulihan ay hahantong sa atrisyon ng pwersa at paghina. Pagpasok mismo ito sa bitag ng kaaway na isandal ang hukbong bayan sa mapagpasyang labanan sa isang purong sitwasyong militar para durugin.

Sa antas ng operasyon, mayor na kahinaan ng mga pwersang gerilyang napinsala at nauk-uk ang lakas ay ang kabiguang hawakan ang inisyatibang militar at ilunsad ang makakayanang aksyong gerilya upang epektibong labanan ang kampanya ng pagkubkob at paglipol ng kaaway. Karaniwang nangingibabaw ang pag-aalinlangan na ilunsad ang aksyong militar dahil sa pag-aalalang lalong dudumugin ng kaaway. Pinahihina nito ang kapasyahang lumaban at di namamalayang inuuk-uk na ang moral ng Hukbo dahil sa pagtulak sa sarili sa pasibidad.

Sa kabila nito, nagtagumpay na makapagpunyaging sumulong at makapagpreserba ng lakas ang Partido at mga yunit ng BHB. Malaking salik dito ang mga naging pagsisikap na maiwasto sa isang antas ang empirisismo sa ideolohiya; konserbatismo, pasibidad, gerilyaismo't milisyaismo (KPGM) sa pulitika; at burukratismo't liberalismo sa organisasyon. Naisagawa ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga paglalagom, pagbubuo ng mga panlipunang pagsisiyasat, pag-aaral na

nakatudla sa target, paglutas ng mga suliranin at pagsasagawa ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Pinatibay nito ang pagkakaisa at pagiging solido ng mga namumunong organo ng Partido sa mga subrehiyon at larangang gerilya. Pinangunahan din ng ilang mga abanteng subrehiyon ang pagsasapraktika ng pamumunong pambuo.

Gayunman, sa mga bahaging hindi nalubos ang pagwawasto, umiral pa rin sa signipikanteng bahagi ang mga maling tunguhin ng pag-iisip at mga maling estilo ng pamumuno at paggawa. Nagsilbing kalawang na umuk-uk sa pagkakaisa't lakas ng Partido at BHB ang nagpapatuloy na pag-iral ng burukratismo, liberalismo at kumandismo sa ilang mga kadre at namumunong komite. Mga batong pabigat sa balikat ang mga ito na kapwa nagpabagal at humila paatras sa ating rebolusyonaryong pagsulong at lalung nagpahirap sa paglaban sa pangwawasak ng kaaway.

### III. Ang ating kagyat na mapanlabang tungkulin [3]

Kagyat na mapanlabang tungkulin nating mag-opensiba at kamtin ang inisyatiba. Katumbas din nito ang linyang lumaban upang magpalakas at magpalakas habang lumalaban. Idinidiin nito na pakikidigmang aktibong depensa ang pangunahing nilalaman ng matagalang digmang bayan. Ang opensibang postura ang kongkretong pagsasakatuparan ng gitgitang opensibang pakikidigma ng pagtatanggol upang tiyakin ang di-napuputol na ugnayan ng Partido at BHB sa malawak na masa sa lahat ng pagkakataon. Kongkretong ekspresyon nito ang taktikal na

linyang militar ng Partido sa yugto ng estratehikong dependensya na paglulunsad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilyang umaani ng patuloy na lumalawak at lumalalim na suportang masa. Tanging sa pamamagitan nito maisasakatuparan ang aktibong pagdependensya bilang linyang pampanalo ng rebolusyon; kabaliktaran naman, dapat mapagpasyang iwaksi ang linyang pampatalo na pasibong pagdependensya, konserbatismo at pasibidad.

Sa gayon, ang mag-opensiba upang kamtin ang inisyatiba ang tanging lunas upang ampatin ang mga pag-atras sa nakaraang apat na taon at makasulong sa panibagong pagpapalakas ang armadong pakikibaka at ang Bagong Hukbong Bayan. Sa pagtupad sa linyang ito, magagawa nating kumpletuhin ang mga rekisitos ng gitnang bahagi upang makatungo sa huling bahagi ng estratehikong dependensya at makabungad sa estratehikong pagkapatas. Sa gayon din, ang mag-opensiba upang kamtin ang inisyatiba ang garantiya ng pagbigay ng BHB sa estratehikong kampanya ng pagkubkub at paglipol ng reaksyunaryong kaaway hanggang tumungo sa antas na kakayanin na ng BHB na tumuntong sa yugto ng estratehikong opensiba.

Ang komponente ng opensibang postura at pagkakamit ng inisyatiba ay nangangahulugan ng komprehensibong pagsulong ng tatlong sangkap ng digmang bayan: pagbubuo ng hukbong bayan at pagsusulong ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng base. Kailangang magkaalinsabay ang pagsusulong ng

opensiba sa tatlong sangkap na ito ng digmang bayan na mag-aanyong opensibang postura sa militar, sa pagpapalawak at sa pulitika. Sa kagyat na panahon, kailangang panghawakan na ang diin ay ang pagbawi at pagkukumpuni ng baseng masa sa kanayunan, pagpapasigla ng mga pakikibakang antipyudal at pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Kaalinsabay nito ang mga kampanyang anti-pasista't anti-militarisasyon sa loob at labas ng mga sonang gerilya at muling pagbuhay sa tradisyon ng paghugos sa kabayanan ng masang magsasaka para iprotesta ang kanilang kalagayan. Sa gitna ng pangkalahatang diin na ito, dapat ipwesto ang iba't ibang laki at tipo ng taktikal na opensiba upang patuloy na pandayin ang BHB at buhayin ang diwa ng armadong paglaban ng mamamayan.

### Opensiba sa militar

Tanging sa opensibang postura sa larangang militar maaaring mabigo ang estratehikong opensiba't pag-ensirkulo ng higit na nakalalamang na pwersa ng kaaway. Ito ay dahil sa ang opensibang postura sa larangang militar ang kaparaanan sa pagpapatupad ng aktibong depensa bilang patakarang militar sa kabuuan at sa lahat ng panahon, at sa partikular, ng paghawak ng inisyatibang militar sa mga gerilyang operasyon sa bawat pagkakataon. Sa pakikidigmang gerilya, usapin ng buhay at kamatayan ang kahit sandaling pagbitaw sa inisyatiba ay maglalagay sa mga pwersang gerilya sa pasibong sitwasyong militar at pagkalipol.

Susi sa pagpapanatili ng opensibang postura sa larangang militar ang paggamit ng pleksibleng mga taktika, pursigido at walang pagod na gawaing masa, mahusay na kumbinasyon ng mga pakikibakang militar at pulitikal, tamang latag at balanse ng istruktura ng pwersa, at wasto't aktibong kumand sa lahat ng antas para ilunsad ang isang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya. Mahalaga ang kontrol at pamumuno ng kumand sa iba't ibang antas sa pagpaplano ng mga kampanya at kontra-kampanya at ang pagkokoordina ng mga planong militar sa antas ng mga operasyong militar. Sa pagpapatupad ng relatibong sentralisadong kumand at pagwawaksi sa absolutong sentralisadong kumand, mailalarga ang inisyatiba at pleksibilidad sa mga planong militar sa iba't ibang antas at mapahihigpit ang koordinasyon.

Ang kumand sa operasyon sa larangang gerilya ang tumatayong taktikal na kumand ng mga platun at ang yunit kumand ng platun ang tumatayong taktikal na kumand ng lahat ng kanyang mga pormasyon kabilang na ang mga nakadisperse na iskwad at mga tim na gumagampan ng mga ispesipikong misyon sa gawaing masa at gawaing militar. Dapat magpakahusay ang mga taktikal na kumand ng BHB sa pagsasakatuparan ng gerilyang operasyon ng konsentrasyon, dispersal at napapanahong paglilipat-lipat ng pwersa. Ang pangunahing batayan ng pag-iral ng platun ay sa pamamagitan ng pag-iral ng taktikal na kumand na nakabase sa mainbody ng platun na siyang nagdidirehe sa buong gerilyang operasyon ng platun. Sa ganitong

diwa din ang FOC ang nagdidirehe sa buong kondukta ng gerilyang operasyon ng mga platun sa saklaw ng buong larangan.

Sa pagsasakatuparan ng mga plano at misyon, mahalaga ang wastong pagtatalaga ng pwersa para matupad ang mga tungkuling militar sa lahat ng panahon. Kailangan ang tamang kumbinasyon at pagpapakilos ng mga platun (SDG at SYP), iskwad, mga ispesyalisadong yunit gerilya (kumando, partisano, isnayper, sapper team), mga yunit ng milisyang bayan at mga yunit pananggol sa baryo para sa mga ispesipikong misyong militar na kinokoordina sa antas ng kumand ng platun, larangan, probinsya at rehiyon.

Maging sa pagitan o patlang ng mga labanan, mapananatili ang opensibang posturang militar sa pag-oorganisa ng hukbong bayan ng sistema ng popular na depensa sa maraming lokalidad tulad ng pagtatayo at pagsasanay ng mga milisya at mga yunit sa depensa ng mga baryo, tuloy-tuloy na pagsasanay sa pulitika at militar ng mga pultaym na yunit ng BHB, paglulunsad ng mga aktibidad sa rekrutment, at aktibong pagsupil sa mga kontra-rebolusyonaryo at mga espiya sa saklaw ng ating mga larangang gerilya.

Dapat tanganan ng mga gerilyang pwersa ang patakaran na atakehin at pinsalain ang mahihina at bulnerableng bahagi ng kaaway basta't may pagkakataon at ipinahihintulot ng sirkunstansya. Dapat bigyan ng mataas na pansin ang mga operasyong anihilatibo habang patuloy na pinalalawak ang mga operasyong atrisyon. Hangga't tangan ang diwang opensiba at palaban,

mapapanatili ng mga pwersang gerilya ang inisyatibang militar sa lahat ng panahon at bawat pagkakataon at tuluy-tuloy na mabibigwasan at mapapahina ang kaaway.

Para makamit ang pleksibleng taktika, dapat tiyakin ang pagpapatupad ng wastong istruktura ng pwersa. Nangangahulugan ito ng pagpapatupad ng wastong balanse ng pwersang horizontal at pwersang bertikal. Sa eksakto, dapat nating ipatupad ang “pormulang 3-1” na aproksimasyon ng pagsasakatuparan sa taktika ng patakarang 70-30 sa balanse ng latag ng horizontal at bertikal na mga pormasyong gerilya. Nangangahulugan ito na sa bawat 3 platon ay mayroong isang platang bertikal na pwersa at may dalawang platang horizontal na pwersa. Sa tatlong iskwad ng bawat platon, nangangahulugan din ito ng pagtitiyak na ang isang (1) iskwad ang tatayong sentro-de-grabidad at siyang mangunguna sa paglulunsad ng gawaing militar habang ang dalawang (2) iskwad ang siyang mangunguna sa gawaing masa sa panahong nasa moda ng dispersal. Sa bawat iskwad na nakadisperse, dapat na hatiin ito sa tatlong pormasyon alinsunod sa pormulang 3-1 na nangangahulugang ang dalawang (2) pormasyon ay laan para sa gawaing masa at ang isang (1) pormasyon ay nakatutok sa gawaing militar. Ibayong palakasin ang mga ito sa pag-optimisa sa mga yunit milisya para magsagawa ng mga armadong aksyon.

Alinsunod sa wastong pagpapatupad ng istruktura ng pwersang horizontal at bertikal, ng relasyon sa

pagitan ng gawaing masa at gawaing militar at paglulunsad ng batayang TO (BTO) at espesyal na taktikal na opensiba (ETO) nararapat na magawang ikalat ng mga pwersang gerilya ang sarili sa malawak na saklaw at doon magsagawa ng iba't ibang anyo at tipo ng gerilyang operasyon tulad ng sabotaje, mga aksyong atrisyon at mga operasyong anihilasyon para lumikha ng malaking pinsala sa kaaway at pagbayarin nang mahal ang mga nag-ooperasyong tropa sa kanilang panliligalig at pamiminsala sa baseng masa. Ang mga gerilyang aksyon ay maaaring kumbinasyon ng mga tim, iskwad, platon o pinagsanib na mga platon para sa iba't ibang tipo ng operasyong gerilya. Upang maisagawa ito, kinakailangang taglayin ng Pulang Hukbo sa pangunguna ng Partido ang walang hanggang kabayanihan upang pangibabawan ang mga kahirapan, panganib at balakid at tupdin ang mga tungkuling militar.

Dapat mulat na hakbang-hakbang na palakihin ang BHB sa buong rehiyon hanggang sa mga subrehiyon/probinsya at mga larangang gerilya hanggang muling makamit ang pag-aanak ng mga platon at maitatag ang laking kumpanyang larangang gerilya na binubuo ng minimum na tatlong platon alinsunod sa pormulang 3-1 na balanse ng bertikal at horisontal na platon. Ipanawagan ang pagpapasampa sa BHB ng mga lokal na pwersa at mga pwersa mula sa kalunsuran upang mabilis na palakihin ang BHB bilang pangunahing organisasyong masa ng Partido sa kanayunan. Dapat pasiglahin ang gawaing pampulitika sa hanay ng masa sa lokalidad, laluna sa hanay ng masang magsasaka



bilang siyang pangunahing pagkukunan ng mga bagong sampa sa BHB. Ipanawagan ang paglulunsad ng mga anihilatibong TO upang makapagpalitaw ng armas at ng suporta mula sa masa at mga kaibigan ng rebolusyon.

Kailangang matuto ang BHB na maglaho sa mata at tainga ng kaaway sa bisa ng lumalawak at lumalalim na baseng masa at kailangang matutong lumikha ng maraming bakas at ingay sa mas malawak na erya upang guluhin at ilayo ang pokus ng kaaway sa iilang yunit ng BHB na target ng walang tigil na pag-atake. Kailangan ding matutong makipaggitgitan upang tiyakin ang di napuputol na ugnay sa masa.

### Opensiba sa pulitika

Upang ilunsad ang opensiba sa pulitika kailangang maging aktibo sa pakikipaggitgitan sa kaaway sa loob at labas ng pokus upang patuloy na likhain ang pinakamahigpit na ugnay sa masa at mapamunuan sila sa pagsusulong ng kanilang pang-ekonomya't pampulitikang pakikibaka. Kaakibat nito ilunsad ang opensiba at gitgitan sa propaganda upang labanan ang disimpormasyon at panlilinlang ng kaaway at anihin ang paborableng upinyong publiko at popular na suporta para sa rebolusyonaryong pakikibaka. Esensyal na usapin para makuha ang inisyatiba sa pulitika ang pagsusulong ng mga pakikibakang masa, laluna ng pakikibakang anti-pyudal bilang pangunahing panlaban sa demonisasyon ng kaaway sa Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan at aktibong pagbaka sa psy-ops ng kaaway, maituro sa masa paano makipaglansihan

sa kaaway, aktibong pagtutol sa mga pakana at panlilinlang ng mga RCSPO at pagharap sa militarisasyon at terorismong militar.

Kailangang makipagkaisa ang Partido't BHB sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan. Mahigpit na hawakan ang pakikibakang anti-pyudal bilang susing kawing ng gawaing masa sa kanayunan. Sa harap ng pagkawasak ng buhay at kabuhayan at ng dinaranas na matinding kahirapan ng masang magsasaka at mamamayan sa kanayunan, naghuhumiyaw ang kanilang sigaw upang ibaba ang upa sa lupa, itaas ang sahod ng manggagawang bukid, pawiin ang usura, ibaba ang presyo ng farm inputs at itaas ang presyo ng produktong bukid. Mahigpit ang kahilingan ng masa na bawiin ang mga lupang inagaw sa kanila at labanan ang mapangwasak-sa-kabuhayan at kapaligirang proyekto ng mga kaaway sa uri tulad ng mga minahan, plantasyon, mga proyektong ekoturismo, dambuhalang imprastruktura at mga katulad.

Pakilusin ang masa laluna ang mga biktima, kasama ang kanilang mga kauri at kaibigang pwersa upang labanan ang atosidad at mga paglabag sa karapatang pantao't internasyunal na makataong batas na ginagawa ng kaaway. Pangunahin sa mga ito ang pamamaslang, sapilitang pagpapasuko, mental at pisikal na tortyur, iligal na pagdakip at pagkulong, walang habas na pambobomba at pamamaril kapwa mula sa lupa at himpapawid at iba pang mga kademonyohan ng armadong pwersa ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing

uring kumprador-panginoong maylupa. Gawing panuntunan na walang palalampasin ni isang atosidad ng kaaway. Lahat ng krimen ng estado ay dapat ilantad, kasuhan at labanan.

Kailangang pag-aralang lutasin paano mababasag ang takot at pangamba ng masa para ipahayag ang kanilang pagtutol sa terorismong militar na ipinatutupad sa mga lugar na tutok ng mga FMO at RCSPO. Sa mga lugar na ito karaniwang nangingibabaw ang takot at agam-agam ng masa lalo kung nagawa ng RCSPO sa sirain ang tiwala't pagkakaisa ng masa sa pamamagitan ng mga nalansi at napabaligtad na taumbaryo. Kaugnay nito, gawing kalakaran sa hanay ng masa at maging sa mga yunit ng BHB at organo ng Partido ang regular na paglulunsad ng pulong karaingan kung saan ipinahahayag ng bawat isa ang kanilang partikular na karanasan sa pang-aapi at pagsasamantala ng naghaharing sistema at ng mga pasistang ahente nito. Unti-unti nitong lilikhain ang klima ng indibidwal at kolektibong makauring pagkamuhi sa mga nag-aapi't nagsasamantala sa kanila at ng mataas na hangaring pagbayarin ang mga kaaway sa pamamagitan ng rebolusyonaryong paglaban.

Sa ating karanasan, malaki ang nagagawa ng mga kampanyang propaganda sa mga sentrong lungsod hanggang pusod ng Kamaynilaan para dalhin at itambol ang isyu ng militarisasyon at mga paglabag sa karapatan ng mamamayan. Higit na mapalalakas at masusustine ang lakas pampropaganda ng ganitong mga kampanya kung matatambalan ng aktibong pagkilos ng

mamamayan sa mismong apektadong mga lugar ng militarisasyon.

Isagawa ang opensiba sa propaganda at tiyaking nakalalapag ito sa masa. Pag-aralan at isakatuparan ang resolusyon ng panrehiyong kumperensya sa gawaing propaganda at kultura. Ibandilyo ang mga isyu't pakikibaka ng masa, ang kanilang karainan at mga tagumpay. Igiit ang pagiging makatarungan ng paglaban at pagrerebolusyon bilang likas at di maiaalis na karapatan ng mamamayang Pilipino. Ang mga tagapagsalita ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at kumand ng BHB ay kailangang maging aktibo sa pakikipagsagutan sa propaganda para ilinaw ang rebolusyonaryong paninindigan sa iba't ibang usapin at kontrahin at papurulin ang anti-Komunistang paninira at pang-uupat ng kaaway.

Sa paglulunsad ng mga operasyong militar, kailangang maging sensitibo sa pulitika at implikasyon sa upinyong publiko ng mga ilulunsad na opensiba. Laging isaalang-alang ang mga internasyunal na protocol sa digmaan at CARHRIHL sa paglulunsad ng mga operasyong militar. Asahang sasamantalain ng kaaway ang mga pagkakamali ng rebolusyonaryong kilusan para paypayan ang anti-Komunista at anti-terroristang isterya at siraan ang PKP-BHB-NDFP sa mata ng publiko.

Opensiba sa pagpapalawak

Kailangang maging matagumpay tayo sa pagpapalawak at pagpapalalim ng baseng masa at

epektibong labanan ang mga operasyon ng kaaway upang pagkaitan tayo ng base. Dapat aktibong pigilan at biguin ang estratehiya ng pagkakait-base ng kaaway na ang pangunahing nilalaman ay paglulunsad ng mga focus and contain campaigns o mga kampanyang nakapokus sa isang tipak ng prayoridad na teritoryo para wasakin at sa mga sekundaryong mga teritoryo para ikonteyn. Nakaangkla ang estratehiya ng pagkakait-base sa paisa-isang pagwasak sa prayoridad na tipak na erya at matagalang pagpapahina sa mga eryang kinokonteyn.

Para harapin at makaalpas ang hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusan sa mga iniluwal na kahirapan ng mga kampanyang pagkakait-base, ang wastong patakaran at taktika ay maging opensiba sa pagpapalawak at mabilis na magbukas ng mga bagong lugar para sa pakikidigmang gerilya. Kapag malawak at maraming lugar ang nabubuksan para sa pakikidigmang gerilya, maitutulak ang kaaway na harapin tayo sa maraming lugar, manipis na maikalat ang kanyang limitadong pwersa, at malalantad ang kanyang nag-ooperasyong tropa sa maraming bulnerableng lugar para banatan.

Sa isang banda, ang mga pansamantalang pinsala na maaaring idulot ng matagalang kampanya sa paghanap at paglipol sa mga prayoridad at sekundaryong prayoridad na lugar ay babawiin ng mga tagumpay sa pagpapalawak at pagbubukas ng maraming lugar para sa pakikidigmang gerilya. Ang paghina ng isang bahagi ay babawiin ng paglakas ng maraming bahagi.

Kailangang aktibong pakilusin ang mga organisasyon ng Partido sa lokalidad, mga aktibista sa baryo at mga kasapi ng organisasyong masa para sa pag-ugnay at pagpapalawak sa loob ng baryong saklaw at sa mga karatig na lugar. Gawing tulay ang mga kamag-anakan, kakilala at kaibigan nila sa mga karatig baryo para mapalawak ang ating ugnay at organisasyong masa.

Magtalaga ng mga yunit sa pagpapalawak sa mga lugar na pugwang ng mga magkakatabing larangang gerilya. Balikan, bawiin at talagahan sa pinakamaagang panahon ang mga lugar na pansamantalang naiwanan bunga ng malakas at matagalang mga operasyong paghanap at paglipol. Dapat tiyaking sapat-ang-lakas ng itatalagang yunit, may maaasahang bag-as ng pamunuan at may katalikurang yunit na magiging angkla ng lakas-militar.

Mag-iwan ng sapat-ang-lakas na pwersa sa mga lugar na matinding inaatake para harapin at paduguin ang kaaway at pamunuan ang masa habang inililipat ang ibang pwersa sa mga lugar na maluwag para sa pagpapalawak at gawaing masa. Mabilis na saluhin sa mga yunit ng hukbong bayan ang mga kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyon sa lokalidad na tinutugis ng kaaway. Ang mga di pa handang kumilos nang pultaym at pwede pang makapagpursige ay italaga sa ibang lugar na maluwag pa silang makakakilos para sa mga gawain sa pagpapalawak.

Italaga ang mga Platung SDG sa tiyak na AOR na magiging angkla ng kanilang gawaing militar,

konsolidasyon at pagpapalawak. Dapat ipwesto ang mga platung SDG sa lokasyon na estratehikong angkla ng operasyon ng mga karatig na platung SYP na nagsasakatuparan ng gawaing masa at mga tungkuling militar.

Magpakahusay sa pagkukumbina ng armado't di armado, hayag at lihim na mga organisasyon at pagkilos ng mamamayan para magpalawak sa mga lugar na di pa kaagad masasaklaw ng armadong pag-oorganisa ng hukbong bayan. Aktibong pakilusin ang mga alyado at panggitanang pwersa para magpalawak sa kanilang hanay at magbuo ng mga hayag at ligal na organisasyon o pamunuan at itransporma ang mga tradisyunal na organisasyong nakatayo na.

Mag-aral at magwasto

Kasabay ng pagtupad sa tungkuling mag-opensiba't kamtin ang inisyatiba, nararapat na mahigpit na isakatuparan natin ang tagubilin ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas na iwasto ang mga kamalian, palakasin ang Partido at isulong ang demokratikong rebolusyonaryong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Ang pagwawasto ay gawin sa pamamagitan ng mga kritikal sa sariling paglalagom ng karanasan sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan sa nakaraang 7 taon. Upang maging matalas ang sipat sa paglalagom ng praktika, nararapat na pag-aralan at muling balik-aralan ang mga saligang prinsipyo ng Partido, sangguniin ang pahayag ng Komite Sentral sa ika-55 anibersaryo

ng Partido't Bagong Hukbong Bayan at mula dito'y tukuyin sa sariling praktika ng pagsusulong ng matagalang digmang bayan ang mga kaisipan at praktikang lumalabag dito at nagdadala sa atin sa mga seryosong pinsala't pag-atras sa pitong taong taong lumipas.

Palagiang ilapat sa kongkretong praktika ng pamumuno sa rebolusyon sa Timog Katagalugan ang unibersal na teorya ng MLM, mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido at mga tagubilin at gabay ng Komite Sentral sa kongkretong kundisyon at praktika ng mamamayan at rebolusyonaryong pwersa sa TK at sa bawat lokalidad na saklaw ng bawat organo ng Partido, kumand at yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Dagdag pa, palagiang maging mapagpakumbaba at kritikal sa sarili sa pagsusuri sa ating praktika, paghango ng aral mula sa mga ito at sa pagmumuna at pagpuna sa ating mga kamalian. Sa pamamagitan lamang nito, magiging matagumpay tayo sa ating pagpupunyaging kamtin ang mga kagyat at pangmatagalang tungkuling nililinaw ng Partido.

Marubdubang maging mag-aaral ng kasaysayan at ng kasalukuyang kalagayan ng uring manggagawa't uring anakpawis sa daigdig at sarili nating bayan. Lipusin ang ating diwa ng inspirasyon ng mga gintong aral sa maningning na rebolusyonaryong tradisyon laluna sa pagsusulong ng armadong pakikibaka ng naunang mga henerasyon ng mga rebolusyonaryong Pilipino alinsunod sa diwa ng mga turo ng ating dakilang tagapangulong Amado Guererro. Taglayin natin



ang mahigpit na kapit sa armas at ang walang hanggang katapangan, kapangahasan at determinasyong ipinamalas ng ating mamamayan upang labanan ang dayuhang mapanakop at mga kasabwat nilang lokal na naghaharing uri.

Kailangang samantalahin ng Partido't mga suhetibong pwersa ang hinog at napakapaborableng sitwasyong pandaigdig at pambansa upang makamit ang inisyatiba, muling magpanibagong sigla at paigtingin ang rebolusyon. Napakakagyat ang pangangailangang pamunuan ng Partido ang mga pakikibakang masa sa harap ng panlipunang ligalig na araw-araw na nililikha ng walang kaparis na krisis ng lipunang mala-kolonyal at mala-pyudal. Partikular sa kanayunan, malawak na salanta ang dinaranas ng masa sa iba't ibang bahagi ng bansa sa harap ng tagtuyot at pagkawasak ng tanim; habang kamakailan lamang ay dumanas ng malalawak na baha at pagguho ng lupa sa malaking bahagi ng Mindanao. Mabilis na dumadausdos ang kabuhayan ng milyun-milyong magsasakang lubog sa utang, lugi sa benta ng kanilang ani, at inaagawan ng lupa at kabuhayan. Sa kalunsuran at buong bansa, hikahos ang malawak na masang manggagawa at anakpawis sa harap ng nagtataasang presyo ng bilihin at mababang sahod, sweldo at kita.

Sumisigaw ng rebolusyonaryong katarungan, kalayaan at demokrasya ang masang anakpawis at sambayanan. Napakabigat ng kahingiang palakasin ang Bagong Hukbong Bayan at ilunsad ang matatagumpay na taktikal na opensiba.

Kailangang matuto ang lahat ng mga kadre ng Partido't opisyal ng BHB kung papaano hahawakan at gagamiting bentahe ang obhetibong salik na ito para sa panibagong pagpapalakas. Walang ibang daan upang muling makamit ang inisyatiba at muling makapagpalakas kundi nasa aktibong paglaban—lumaban upang makapagpalakas at magpalakas habang lumalaban.###

---

1 Amado Guererro, Partikular na Katangian ng Digmang Bayan

2 Amado Geurero, Partikular na Katangian ng Digmang Bayan

3 Pangunahing hinango ang mga mayor na punto sa pagpapalawig ng mapanlabang tungkulin mula sa papel ni Joventud del Fierro na: Ilang usapin at suliranin sa taktika sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya sa Timog Katagalugan, February 2007

**Magbubukid at uring anakpawis sa kanayunan, lumahok sa digmang magsasaka! Ipagbunyi ang ika-55 taong pagkakatatag ng BHB!**

Marso 29, 2024

**Eduardo Labrador, Spokesperson  
Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-  
Southern Tagalog**

Ang okasyon ng buhay at kamatayang ika-55 taong pagkakatatag ng ating pinakamamahal na

Hukbong bayan, ang Bagong Hukbong Bayan (BHB), ay pambihirang pagkakataon para ipagdiwang ang walang-maliw at di maiigang pagtangkilik at pagtataguyod, hanggang sa paglahok at pagsampa sa BHB ng masang magbubukid at iba pang uring api sa kanayunan. Dakilang pagkakataon din ito upang walang sawang ipagmalaki ang mga dakilang turo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, at absolutong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas na ubod ng higit sa limang siglong digmang magsasaka. Ipinagdiwang din natin ang pamumuno ng PKP at pagtuwang ng BHB sa iba pang rebolusyonaryong organisasyong masa lalo ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid.

Nananalig ang PKM-TK sa BHB na pinamumunuan ng mahal na Partido na walang mintis na maisisikad nating muli ang lahatang panig ng gawain sa pamamagitan ng tapat at mapagkumbabang paglalagom, pag-aaral ng mga saligang aralin ng kilusang pagwawasto, paglulunsad ng mga taktikal na opensiba, paglutas sa mga suliranin ng masa at pagsusulong ng rebolusyong agraryo, pagpuna at pagpuna sa sarili at ang pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri. Magsilbi rin nating giya at tanglaw ang mga turo ni Ka Joma Sison at iba pang lider ng rebolusyon.

Sa dakilang araw na ito, nagpupugay ang PKM-TK sa mga rebolusyonaryong martir at bayani ng sambayanan na nag-alay ng kanilang buhay para sa bayan. Pinakamataas na parangal ang iginagawad ng PKM-ST sa mga martir ng taong

2023 at unang kwarto ng 2024 na sina: Josephine “Ka Sandy” Mendoza, kagawad ng Komite Sentral at ikalawang pangalawang kalihim ng Komite ng Partido sa rehiyong Timog Katagalugan; Emmanuel “Ka Angelo” Nazareno, Joseph “Ka Ken” delos Santos, Dayna Benna “Ka Karen” Lagrama, Divine “Ka Zoe/Ka Joy” Soreta, Paulo “Ka Isko” Cruz at Ricanio “Ka Jenny” Bulalacao ng Apolonio Mendoza Command-NPA Quezon; Junalice “Ka Arya” Arante-Isita, Isagani “Ka Ringgo” Isita, Leonardo “Ka Mendel” Manahan, Baby Jane “Ka Binhi” Orbe, Ma. Jetruth “Ka Orya” Julongbayan, Bernardo “Ka Mamay” Bagaas, Joy “Ka Kyrie” Mercado, Allyssa “Ka Ilaya” Lemoncito, Precious Alyssa “Ka Komi” Anacta at Erickson “Ka Ricky” Cueto ng Eduardo Dagli Command-NPA Batangas; at kina Jethro Isaac “Ka Pascual” Ferrer, Peter “Ka Tagub/Rochie” Rivera, Arc John “Ka Hunter/Ka Baron” Varon, Jessie “Ka Aja” Almoguera, Nancy “Ka Mamay” Looy Yaw-an, Kure “Ka MC/NY” Lukmay at Abegail “Ka Laura/Esang” Bartolome ng Lucio de Guzman Command-NPA Mindoro. Walang maliw na inspirasyon ang kanilang buhay, talino at lakas upang higit na isulong ang rebolusyon.

Wasto nga na balik-tanawin natin at pasadahan ang kasaysayan ng paglaban at pag-aalsa ng mamamayan at magbubukid sa partikular, kakapit-bisig ang iba pang aping uri sa rehiyon, mula sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, pananakop ng Imperyalistang US, pasistang Hapones at pagbabalik ng malahalimaw at mapanlinlang na Imperyalismong US na nagluwal sa malakolonyal at malapyudal na lipunang

Pilipinas. Ang mga ispontanyo, hiwa-hiwalay na may higit 300 pag-aalsa sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, pagkakatatag ng KKK, Hukbala at HMB ay pawang umugat sa paglaban ng magsasaka para sa lupa at paglaya sa mga mapagsamantalang mananakop. Kahit ang pagtatayo ng lumang pinagsanib na Partido ng taong 1930 ay inspirado rin ng anti-pyudal at anti-kolonyal na paglaban; naisagawa rin ang pagtatayo ng base, republika; nakapag-okupa ng lupa at napagyaman at sa mga tagumpay ng rebolusyon sa Unyong Sobyet.

Ang pagkalantad ng mga lider oportunistang palasukong linya ng Lava at Taruc ay hudyat na ng UDKP at pagkapanganak sa bagong PKP na ginagabayan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong (MLKMZ). Kagyat nitong itinayo ang BHB mula sa matatapat ng komander at mandirigma ng lumang HMB, ngunit ngayo'y nasa ilalim na ng absolutong pamumuno ng Partido. Iwinasto rin ng muling tatag na PKP ang natukoy na kahinaan ng lumang pinagsanib na Partido sa pagbibigay ng pambansang katangian sa Partido at buong rebolusyonaryong kilusan.

Sa rehiyon, tulad din sa buong kapuluan, hindi pyestahan, hindi rin banayad at may pagdanak ng dugo at pagbubuwis ng buhay na puhunan sa maagang pagpupundar sa mga mayor na probinsya ng rehiyon ng CALABARZON at MIMAROPA ng Hukbong bayan at Partido. Hindi rin isang kisap-mata, bago naisapraktika o naisakongreto ang turo ng MLKMZ sa rehiyon. Marubdob na gawaing pagsisiyasat at pagsusuri

sa uri ang naging susing-salalayan ng mga naunang mga kadre at komander militar at mandirigma para sa paglulunsad ng mga anti-pyudal na pakikibaka, paglulunsad ng aksyong militar at pagtatayo ng gobyernong bayan. Sumikad ang gawaing komprehensibo sa rehiyon. Muli lang nadiskaril bunga ng mga pagkakamaling pang-ideolohiya sa gitnang bahagi ng dekada otsenta na pinagunahan ng kakapural na mga di nakapagpanibagong hubog na peti-burges. Bantog dito sina Felimon 'Popoy' Lagman, Rumulo Kintanar, Paco Reyes, Joel Rocamora at iba pa na nasa payola na ng dating Heneral na pangulong si Fidel V. Ramos. Naipanawagan ang pagwawasto ng maagang yugto ng dekada nobenta. Sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto o IDKP na panawagan, ang rehiyon ay isa sa mga naunang nakakalas at nakapagkamit ng komprehensibong nakapag-abante ng IDKP ng huling bahagi ng dekada '90 at nagkamit ng walang kaparis at saklaw o lawak ng tagumpay sa ideolohiya, politika at organisasyon. Dahil sa matatag na pagtataguyod sa linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya kaakibat ng pagtupad ng mga tungkulin sa pagtatayo ng base at rebolusyong agraryo, ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ay patuloy na umani ng mga tagumpay sa demokratikong rebolusyon ng bayan. Kaya sa pagtatapos ng 2003, umabot sa mahigit sa tatlong (3) ulit ang bilang ng mga naitalang larangang gerilya sa rehiyon noong 1992. Sinaklaw nito ang 83% ng distritong kongresyunal sa 10 probinsya ng rehiyon na maaaring saklawin ng mga sona at larangang gerilya. Katumbas ito ng 60% ng kabuuang bilang ng mga bayan at

lungsod kumpara sa sinaklaw noong 1992 na 41% at noong 1994 na 37% lamang. Katumbas din ito ng 27% ng mahigit sa limang libo ng kabuuang mga baryo sa rehiyon kumpara sa 19% noong 1992 at 10% noong 1994.

Muli na namang nabitawan ang mga gintong aral, partikular ang taktikal na linyang militar na ilunsad ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumawak at lumalalim na base at suporta na masa. Tampok muli ang mga kahinaan at pagsapol sa gawaing pang ideolohiya na nasalamin sa gawain sa politika, militar at organisasyon. Dinaganan pa ito na walang kaparis na kampanyang militar sa rehiyon na rumurok sa mahigit sa 30 batalyon ng pinagsanib na militar, pulisya at Cagwu/CAA. Labas pa ang mga upahang maton, mamatay tao at blue guard. Sa ganitong diwa, sa ika 55 taong mensahe ng ating Partido, sa pamamagitan ng Komite Sentral at Komiteng Rehiyon, ipinatitimo na kinakailangang buong pagpupunyagi na bunutin at iwaksi at pangibabawan ang empirisismo sa ideolohiya; konserbatismo, pasibidad, gerilyaismo't milisyaismo (KPGM) sa pulitika; at burukratismo't liberalismo sa organisasyon.

Hinog na hinog din ang mga panloob na kalagayan sa politika, ekonomiya at ugnayang panlabas sa bansa. Walang kaparis na kahirapan, kawalan at patuloy na pang-aagaw, kumbersyon ng mga lupang sakahan at baybay dagat pabor sa malalaking lokal at dayuhang negosyo. Patuloy na sumasandig ang ekonomiya sa mga produktong agrikultural mula sa ibayong dagat mula sa bigas,

asukal, sibuyas, bawang, karneng baboy, manok at at iba pa. Samantala, pabalat bunga lamang, papogi at falso ang tugon sa mga kalamidad. Ngayon, ibubuyangyang ni Marcos Jr ang ekonomiya sa pamamagitan ng Chacha at pagyapos sa RCEP, GATT-WTO at mga kasunduang pabor sa dayuhan.

Umiigting ang bangayan sa pulitika ng naghaharing mga tuso, magnanakaw na paksyon sa pagitan ni Marcos Jr at Duterte. Hindi sasablay, tiyak na damay ang bansa sa gitgitang militar at napipintong gera ng mga imperyalista dahil sa pagkakaroon ng malakihang balikatan, Enhance Defense Cooperation Agreement (EDCA), Mutual Defense Treaty, Operation Pacific Eagle-Philippines sa Basilan at Zamboanga at iba pang maka-US na kibo ng ilehitimong rehimen ni Marcos Jr.

Sa gayon, ang PKM-TK ay kasama ng iba pang mga rebolusyonaryong organisasyon na optimistikong tumatanaw sa napreserbang lakas at aral ng BHB, milisyang bayan, yunit pananggol sa baryo at malawak na masa sa kanayunan. Isusulong nito ang rebolusyong agraryo at sabayang palalakasin ang mga baseng bukid sa kanayunan. Patuloy na susuportahan at lalahok ang masang magsasaka sa digmang bayan na sa esensya'y digmang magsasaka hanggang magtagumpay.

Mabuhay at isabuhay ang dakilang aral ng luma at bagong tipo ng armadong pakikibaka!



Magbubukid at iba pang anakpawis sa kanayunan sumapi sa hukbong bayan!

Ipagbunyi ang ika-55 taong pagkakatatag ng BHB!

Mabuhay ang sambayanang Pilipino!

**Mamamayan ng TK, lumahok sa armadong pakikibaka! Ipagdiwang ang ika-55 anibersaryo ng NPA!**

Marso 29, 2024

**Patnubay de Guia, Spokesperson  
NDF-Southern Tagalog**

Nagdiriwang ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng Timog Katagalugan sa ika-55 anibersaryo ng New People's Army. Okasyon ito upang ipagbunyi ang nagpapatuloy na apoy ng armadong pakikibaka sa rehiyon at sa buong bansa sa nakalipas na mahigit limang dekada.

Sa araw na ito, nagpupugay ang NDFP-ST sa mga rebolusyonaryong martir at bayani ng sambayanan na nag-alay ng kanilang buhay para sa bayan. Pinakamataas na parangal ang iginagawad ng NDFP-ST sa mga martir noong 2023 at nitong unang kwarto ng 2024 na sina: Josephine "Ka Sandy" Mendoza, kagawad ng Komite Sentral at ikalawang pangalawang kalihim ng Komite ng Partido sa rehiyong Timog Katagalugan; Emmanuel "Ka Angelo" Nazareno, Joseph "Ka Ken" delos Santos, Dayna Benna "Ka Karen" Lagrama, Divine "Ka Zoe/Ka Joy" Soreta, Paulo "Ka Isko" Cruz at Ricanio "Ka Jenny" Bulalacao ng Apolonio Mendoza Command-NPA

Quezon; Junalice “Ka Arya” Arante-Isita, Isagani “Ka Ringgo” Isita, Leonardo “Ka Mendel” Manahan, Baby Jane “Ka Binhi” Orbe, Ma. Jetruth “Ka Orya” Julongbayan, Bernardo “Ka Mamay” Bagaas, Joy “Ka Kyrie” Mercado, Allyssa “Ka Ilaya” Lemoncito, Precious Alyssa “Ka Komi” Anacta at Erickson “Ka Ricky” Cueto ng Eduardo Dagli Command-NPA Batangas; at kina Jethro Isaac “Ka Pascual” Ferrer, Peter “Ka Tagub/Rochie” Rivera, Arc John “Ka Hunter/Ka Baron” Varon, Jessie “Ka Aja” Almoguera, Nancy “Ka Mamay” Looy Yaw-an, Kure “Ka MC/NY” Lukmay at Abegail “Ka Laura/Esang” Bartolome ng Lucio de Guzman Command-NPA Mindoro. Dagdag inspirasyon ang kanilang buhay upang higit na pasiglahin at isulong ang rebolusyon.

Binibigyang-pugay din ng NDFP-ST ang mga ipiniit na rebolusyonaryong pwersa, kabilang ang mga kasapi ng NPA na nagpapatuloy ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya sa likod ng rehas. Sinasaluduhan si Jaime “Ka Diego” Padilla at iba pa na kailanma’y hindi nagtaksil sa rebolusyon sa kabila ng panggigipit sa kanila ng estado.

Ang kabiguan ng reaksyunaryong estado na durugin ang NPA ay patunay na patuloy na tinatangkilik ng masang magsasaka at iba pang inaaping mamamayan ang NPA. Walang tigil ang pagsuporta ng mamamayan sa NPA dahil sa kawastuhan ng isinusulong nitong armadong pakikibaka para ibagsak ang imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo na ugat ng kahirapan sa bansa.

Hinog na hinog ang sitwasyon ngayon upang patuloy na sumulong at lumagablab ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa bansa. Nanganganib na pumutok ang isang gera sa Asia Pacific sa pangunguna ng imperyalismong US upang panatilihin ang hegemonyang militar at ekonomya nito sa rehiyon laban sa karibal nitong imperyalistang China. Higit na tumataas ang panganib at risiko na madawit ang Pilipinas sa magaganap na gera dahil sa pagpapakatuta ni Marcos Jr at pagiging desperado ng US.

Habang lumalala ang krisis ng imperyalismo, patuloy na nagdarahop ang mamamayan sa mga kolonya at malakolonya kagaya ng Pilipinas. Patuloy na bumabagsak ang ekonomya ng mga bansang ito, partikular ang Pilipinas na natali sa pagiging atrasado, agraryo at pre-industriyal.

Mas papalubha ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa uring anakpawis. Iniinda pa rin ng mga Batangueño ang pagsasara ng tatlong departamento sa CADPI na may kaugnayan sa paggigiling ng tubo at ang nakaambang mga pangangamkam ng lupa kagaya ng Hacienda Roxas sa ngalan ng huwad na proyektong pangkaunlaran. Hindi pa rin tumataas ang presyo ng mga produktong bukid na niyog at palay na isa sa mga pangunahing produktong agrikultural sa rehiyon. Patuloy na winawasak ang kalikasan sa Rizal, Quezon, Cavite at Laguna dulot ng mga proyektong reklamasyon at proyektong dam; sa Batangas, Mindoro, Romblon, Marinduque at Palawan dulot ng pananalasa ng mga proyektong mina at enerhiya. Nananatiling barat ang sahod

ng mga manggagawa na hindi man lamang mangalahati sa family living wage sa rehiyon.

Asahang patuloy pang malulubog sa kumunoy ng kahirapan ang mamamayan lalo't iniraratsada ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II ang economic charter change sa balangkas ng neoliberalisasyon na maghahandog ng patrimonyang yaman ng bansa sa monopolyo kapitalismo, magkokonsolida at magpapalawig sa kapangyarihan ng paksyong Marcos-Romualdez at higit na magpapakitid sa demokratikong karapatan ng mamamayan.

Samantala, ibayong hinagpis ang dinaranas ngayon ng bayan sa pagpapabaya ng gubyernong Marcos sa gitna sa tagtuyot na hatid ng El Niño. Matinding pinsala ang dulot nito sa buhay at kabuhayan ng mamamayan laluna sa agrikultura, kung saan nangunguna na ang MIMAROPA na nagtamo ng pinakamalaking pinsalang P770 milyon habang P7 milyon naman sa CALABARZON. Bukod pa ito sa matagal nang problema ng mamamayan ng Timog Katagalugan sa lupa, kabuhayan, sahod, trabaho at panirikan.

Upang maipataw ang maka-imperyalista, anti-demokratiko at kontra-mamamayang mga programa at patakaran, at supilin ang makatarungang pakikibaka ng bayan, pinaaiigting ng estado ang pasistang pang-aatake. Binobomba ang kanayunan at militarizado ang mga komunidad kaya napipilitang lumikas o pinalilikas ang mga residente. Laganap pa rin ang pamamaslang, ilegal na pang-aaresto, pagdukot, tortyur, panggagahasa at panghahasas, pananakot at intimidasyon. Walang tigil ang sapilitang

pagpapasuko sa mamamayan at pinalolobo ang bilang nito sa hibang na layuning palabasing nananaig ang kontra-rebolusyonaryong kampanya.

Sa lahat ng ito, walang pakinabang na natamo ang mamamayan, habang ang estado ng magkasabwat na naghaharing uring malaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa gamit ang AFP-PNP ay nagkakamal ng limpak-limpak na salapi mula sa kikbak at pondo. Nag-aaway-away pa ang mga ito para makopo ang kapangyarihan sa estado na sinasalamin ng bangayan sa pagitan ng mga Marcos at Duterte.

Dahil dito, nagpupuyos sa galit ang taumbayan sa bulok, parasitiko at pasistang estadong malakolonyal at malapyudal. Ito ang obhetibong kalagayan na kailangang sagpangin ng rebolusyonaryong kilusan upang ibayong magpalakas at umigpaw pasulong sa pagtupad ng mga kritikal na tungkulin at gawain. Malakas ang pananalig na NDFP-ST at ng mamamayan na tatalima ang lahat ng kumander, opisyal, at mandirigma ng NPA sa panawagan ng CPP na magwasto upang makamit ang mga rekisitos sa pagtataas ng antas ng digma.

Ilulunsad nito ang masisiglang kampanyang pag-aaral at pagwawasto ng mga kamalian. Mahigpit na pag-aaralan ang mga saligang dokumento ng Partido at mga sulatin ni Jose Maria Sison. Panghahawakan nang mahigpit ang mga aral laluna ang dokumentong Partikular na Katangian ng ating Digmang Bayan at isapraktika ito sa pagsusulong ng digmang bayan sa Pilipinas.

Mahigpit na susuportahan ng NDFP-ST ang mga ipuputok na mga taktikal na opensiba ng BHB na dudurog sa kaaway, maggagawad ng rebolusyonaryong hustisya at magsasamsam ng armas. Suportahan ng malawak na masa ang mga aksyong militar ng NPA. Pinakamahusay, mag-ambag ng kanilang mabubuting anak sa NPA.

Ilunsad ang malawakang kampanyang pagpapasampa sa hanay ng magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, pambansang minorya at iba pang inaaping uri at sektor. Balik-aralan ang mayamang tradisyon ng paglaban ng mamamayang Pilipino mula sa panahon nina Lapu-lapu laban kay Magellan, ng Katipunan sa kolonyalismong Spain, pakikibaka sa imperyalismong US, ng Hukbala ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan sa unang bahagi ng papet na republikang 1946 hanggang sa maitatag ang NPA noong Marso 29, 1969.

Isulong nang may diyalektikong ugnayan ang tatlong sangkap ng digmang bayan na armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatatag ng baseng masa. Iputok ang mga anti-pyudal na laban upang pahinain ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa sa kanayunan at anihin ang malawak na suporta ng masang magsasaka. Itayo at pandayin tungong matitibay na muog ang mga baseng masa at palawakin ang eryang saklaw ng Pulang kapangyarihan. Pahigpitin ang ugnayan ng malawak na mamamayan at kanilang Pulang hukbo.

Taglay ang kabayanihang minana sa ating mga dakilang ninuno, buo ang loob ng mga pulang kumander at mandirigma ng NPA na mag-alay ng buhay para sa masang api at kamtin ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya. Matibay na sandata nito ang MLM sa ilalim ng absolutong pamumuno ng CPP. Mahigpit ang hawak sa paninindigang, anumang hirap at tagal, tiyak na magwawagi ang demokratikong rebolusyong bayan.

## **Mensahe ni Armando Cienfuego sa ika-55 anibersaryo ng NPA**

Marso 29, 2024

**Armando Cienfuego, Spokesperson  
NPA Southern Tagalog Regional Operational  
Command (Melito Glor Command)**

Mga kasama,

Pulang saludo sa lahat ng mga Pulang mandirigma at kumander ng NPA sa buong bansa at sa buong rehiyon! Mainit ding rebolusyonaryong pagbati sa mga rebolusyonaryong pwersa at masang kapiling natin ngayon!

Magbunyi tayo, dahil ang araw na ito, ang ika-55-taon ng pagkakatatag ng NPA, ay pagpapatuloy ng ilang siglong magiting na armadong pakikibaka ng mamamayan, at hudyat ng panibagong yugto sa kasaysayan ng pambansa demokratikong rebolusyon sa Pilipinas. Ang tagumpay na ito ay nakatindig sa dambana ng sakripisyo at walang pag-iimbot na pag-aalay ng sarili ng mga naunang

rebolusyonaryong bayani at martir ng rebolusyon, mula pa sa lumang tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa kasalukuyan. Hinding-hindi natin makalilimutan ang kanilang mga pagsasakripisyo at ipinamalas na katapangan.

Mataas ding kinikilala ng mamamayan ng daigdig ang makatarungang pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan na ating inilulunsad upang ibagsak ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino at itatag ang sosyalismo.

Sa nakaraang lima't kalahating dekada, isinabuhay ng NPA ang di-magagaping diwang palaban ng api't dustang mamamayang humawak ng sandata upang ipagtanggol ang sarili mula sa dayong pagkubabaw kasabwat ng lokal na mga naghaharing uri at kamtin ang mas maaliwalas na bukas para sa bayan. Minana natin at ipinagpapatuloy ang burges-demokratikong pakikibaka para sa kalayaan na pinasiklab nina Bonifacio, Jacinto, Luna, Malvar at kanilang mga katulad at itinaas ito sa isang bagong tipo ng pambansa-demokratikong pakikibaka sa pamumuno ng pinakasulong na uring manggagawa. Isinusulong natin ang pakikibaka para sa lupa upang ipagkaloob sa mga magsasaka at pambansang minorya ang kanilang malaon nang kahilingan. Hinaharap natin at binibigo ang pasistang paninibasib na pinakawalan ng mga reaksyunaryo't tutang rehimen laban sa sambayanang Pilipino.



Malayo na ang ating naabot at marami na ang natipon nating tagumpay, ngunit kaakibat nito ang walang katumbas na sakripisyo ng mga pulang kumander at mandirigma ng NPA at ng mamamayan. Puno ng liko't sikot ang ating buhay-at-kamatayang paglaban! Nitong linggo lamang, nagbuwis ng buhay ang limang kasama sa Batangas at Quezon sa gitna ng gitgitan at pukpukang pakikipaglaban para abutin ang masang magsasaka at maglunsad ng mga taktikal na opensiba. Nagyayabang ang mga pasista. Hinahamak nila tayo!

'Wag tayong manlumo, mga kasama. Maging obhetibo tayo at kilalanin ang ating sarili at kaaway. Totoong malakas, maraming sandata at may basbas at suporta ng imperyalismo ang ating kalaban, subalit sila ay mga tigreng papel sa harap ng determinadong paglaban ng aping mga uri at hindi ito ang ugat ng ating mga kabiguan at pag-atras. Ang ating mga panloob na kahinaan, maluwag na pagtangan sa linyang masa at pagkalimot sa mga aral ng kasaysayan ang nagbubunga ng mga taktikal na kamalian at kabiguan sa pakikidigma. Ito ang dapat nating mapagpasyang lutasin upang humakbang pasulong at mag-ani ng higit pang mga tagumpay. Napatunayan nating napapawalang-saysay ang higit na nakalalamang na pwersang kaaway kasama na ang lahat ng kanilang modernong sandata kung tayo ay may mahigpit na ugnay sa masa, nagsasagawa ng matatagumpay ng taktikal na opensiba at pinasusuntok sila sa hangin dahil sa kumikilos tayo ng maingat at palagiang naglalaho sa mata ng kaaway.

Kailangang mahigpit na tumalima sa pagwawasto at panghawakan ang Marxismo-Leninismo-Maoismo sa lahat ng panahon. Ang hindi tunay na nagpapanibagong-hubog at nagrerebolusyonisa ng pag-iisip ay mabilis na nanlulumo at mawalan ng pag-asa. Nasisilaw sila sa ningning ng burges-dekadenteng buhay at nasisilat ng kaaway. Pinagtataksilan nila ang Partido at ang masa! Mga basura sila ng lipunan at tiyak na aabutin ng kamay ng rebolusyonaryong hustisya.

Lagi nating alalahanin at isapuso kung ano ang mahalagang papel ng NPA para sa paglaya ng ating bayan, kung ano ito para sa mamamayan, kung ano ang kasaysayan nito at patutunguhan. Alin pang sandatahang pwersa sa Pilipinas ang makapagmamalaki na nagsimula sa wala ngunit lumaki, mula sa mahina ay lumakas hanggang masaklaw ang buong bansa? Alin pang hukbo ang makapagsasabing nagpanday ito ng karaniwang mamamayan upang maging mga tunay na bayani? Alin pang kawal ang naarmasan, hindi lang ng mga baril at riple, kundi ng gabay ng proletaryong Partido upang ihatid ang lipunang Pilipino sa isang malaya at demokratiko tungo sa isang sosyalistang lipunan?

Walang ibang sagot, kundi tanging ang NPA lamang!

Itaas natin ang ating noo at taas-diwang salubungin ang panibagong araw ng rebolusyonaryong kapasyahan! Isulong natin ang digmang bayan hanggang sa ganap na tagumpay!

# Mula noon hanggang ngayon.. Hindi matalo-talo!

Marso 29, 2024

## **Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas)-Balangay Ronnel Rhay Phoben Madrigal**

Lubos na nagpupugay ang Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS)-Ronnel Rhay Phoben Madrigal Chapter sa ika-55 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan! Kasama ng kanyang lumalawak na balangay at miyembro, gayundin ang sambayanan, buong-pusong nagbibigay ng isang rebolusyunaryong pagbati ang ARMAS-RRPMadrigal sa lahat ng mga Pulang Mandirigma at Milisya ng New People's Army.

[20240329]

Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, tunay na nag-iisa lamang ang hukbo ng mga mamamayan na naglilingkod para sa masang-api ng kanayunan. Sa kabila ng mga pagsubok at dagok, patuloy ang pagwawasto at pagpupunyagi ng mga mandirigma ng bayan upang isulong ang demokratikong rebolusyunaryong bayan na nagmimithi ng paglaya at katarungan!

Sa loob ng 55 taon mula ng muling pagkakatatag, kailanman ay hindi ito nagapi ng mga kaaway sa kabila ng pambubuladas ng GRP na ito daw ay kanilang wawakasan. Halos magkanda-baliw ang reaksiyunaryong gobyerno sa pagtugis sa mga hukbo ng sambayanan ngunit kailanman ay hindi

nila ito magapi-gapi. Halos mawala na rin sa katinuan ang NTF-ELCAC sa paninira at pagsusulong ng mga black propaganda laban sa mga mahuhusay na mga Pulang Mandrigma ngunit hanggang ngayon ay matatag at buo ang kapasyahan ng mga tunay na hukbo ng bayan na ipagpatuloy ang paglaban at paglilingkod. Sa katanuyan, sa halos lahat ng pagkakataon, tila nagwawaldas na lamang ng pera ang AFP sa kanilang Focus Military Operation dahil bigo silang durugin ang mga hukbo ng mamamayan, sapagkat ang NPA ay nakaugat sa mga maralitang magsasaka. Patuloy na niyayakap ang NPA ng masa sa kanayunan, taliwas sa ipinapakalat na maling impormasyon ng estado na ang mga New People's Army ay hindi na pinagkakatiwalaan sa kanayunan.

Dahil sa walang kapagurang pag-oorganisa, pagkilos at paglaban ng mga Pulang Hukbo para sa kagalingan ng masang matagal nang inaapi, ang sambayanang Pilipino ay patuloy silang pinagkakatiwalaan, minamahal at sinusupportahan. Sa loob ng 55 na taon, hindi matatawaran ang kabayanihan ng NPA upang protektahan ang sambayanan at ang kabuhayan ng mga uring anakpawis at ng mga katutubo. Bukod dito, sila rin ay mga nagsisilbing guro para sa mga kababayang hindi nakakabasa at nakakapagsulat. Ang mga NPA rin ay buong-pusong naghahatid ng serbisyong medikal sa kanayunan lalo na sa mga liblib na lugar na tila nilimot na ng bulok na pamahalaan. Batid at unawa ng NPA ang mga magsasaka sa kanayunan, dahil sila rin mismo ay kasama ng mga magsasaka sa gawaing

produksiyon sa mga sakahan at taniman. Kakaibang-kakaiba sa mga reaksiyunaryong hukbo ng gobyerno ng Pilipinas na AFP at PNP na ginagamit ng mga naghaharing-uri upang proteksiyonan lamang ang kanilang interes at mapanatiling bansot ang kaisipan ng mga magsasaka sa kanayunan. Ang NPA, naniniwala sa kagalingan at kahusayan ng uring anakpawis!

Mula nang maitatag ang Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) noong 1987, marami na ang mga artista at manunulat ang tumahak sa armadong pakikibaka. Sa pangunguna ng Partido Komunista ng Pilipinas at sa ideolohiyang linya ng Marxismo-Lenismo-Maoismo, maraming mga artista sa kalunsuran ang lumisan upang mag-alay ng lakas para sa armadong pakikibaka. Alinsunod sa batayang prinsipyo ng Partido, nagwasto ang mga miyembro ng kilusan kasama rito ang mga artista at manunulat na nagnanais ng pagbabago sa lipunan. Sa muling panawagan ng pagwawasto at paghahalaw ng aral, taos-pusong pumapalaob ang ARMAS- RRPMadrigal Chapter sa panawagang ito.

Sa ika-55 na taon ng Bagong Hukbong Bayan, nais alalahanin at bigyang pagpupugay ng ARMAS- RRPMadrigal Chapter kasama ang kanyang mga balangay at miyembro sa komunidad, iskuwelahan, siyudad at kanayunan, ang mga martir ng sambayanan. Sila ang mga bayani ng rebolusyunaryong Pilipino na isinakripisyo ang kanilang buhay upang makatulong sa pagsulong ng rebolusyunaryong kilusan. Nais ng ARMAS- RRPMadrigal Chapter na bigyan ng mataas na

pulang saludo ang mga kadreng pangkultura na siyang habang buhay na inspirasyon ng balangay. Pulang pagsaludo kina Ronnel Madrigal, Geian Espena, Kerima Tariman, Ericson Acosta, Baby Jane Orbe, Parts Bagani, Daniel Imperial, Renz Lee, Recca Monte at iba pang mga artista at manunulat na tinahak ang landas ng armadong pakikibaka. Pagsaludo sa lahat ng mga Pulang Mandirigma na mga martir ng kilusan. Sila ay ating pinagpupugayan at kailanman ang kanilang buhay ay lagi nating aalalahanin!

Sa matinding krisis na pinagdaraan ng sambayanan ngayong panahon ni Marcos Jr, tiyak na marami pang mga artista at manunulat ang mag-aalay ng kanilang lakas sa armadong pakikibaka! Lagi't lagi, handa ang mga artista at manunulat ng sambayanan na lumahok sa sining ng pag-oorganisa at pakikibaka sa kanayunan. Handa ang mga artista na maging bahagi ng sining ng pakikidigma sa antas ng armadong pakikibaka!

Viva, CPP-NPA-NDF! Mabuhay ang ika-55 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan!

**#NPA55: Bibiguin ng Hukbo at mga Masbatenyo ang todong gera ng rehimeng US-Marcos Jr**

Marso 29, 2024

**Luz del Mar, Spokesperson  
NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Pinakamataas na pagbati ang ipinapaabot ng Jose Rapsing Command-NPA Masbate sa Bagong Hukbong Bayan sa ika-55 anibersaryo ng pagkakatatag nito.

Binibigyang pugay din ng rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya ang mga Masbatenyong bayani at martir na nag-alay ng kanilang buhay para sa dakilang adhikaing palayain ang bayan sa tanikala ng dayuhan at kronikong kahirapan. Sila ay ikinararantal ng mga Masbatenyong.

Bigo ang pitong taong opensiba ng kaaway sa pamumuno ng AFP na durugin ang rebolusyonaryong pagkakaisa ng mga Masbatenyong at kanilang Hukbo. Sa kabila ng mga pagkadapa, nananatiling matatag ang rebolusyonaryong armadong kilusan sa prubinsya para harapin at tuluyang biguin ang paghaharing militar sa ilalim ng rehimeng US-Marcos Jr.

Higit sa lahat, sa kabila ng takot, hindi tumigil ang mga Masbatenyong sa pagsuporta sa kanilang Hukbo. Ito ay dahil mula noon hanggang ngayon, malalim nang nakaugat sa mga Masbatenyong ang New People's Army bilang kanilang tunay at natatanging Hukbo.

Noong wala pa ang armadong kilusan sa prubinsya, laganap ang kawalan ng lupa sa pagiral ng mga rantso. Nakagapos ang prubinsya sa armadong karahasan ng mga rantsero sa pangunguna ng kinatatakutan noong Espinosa brothers. Maraming kabataan ang hindi makapag-aral dahil hindi makabwelo ang mga magulang sa paghahanapbuhay sa paglaganap ng panunulis,

pagnanakaw ng alagang hayop at iba pang krimen.

Nabago ang kapalaran ng mga Masbatenyo nang makilala ang kanilang lakas sa pagdating ng rebolusyonaryong armadong kilusan. Tatlong kasama na armado lamang ng dalawang mahihinang klaseng riple ang nagpundar sa armadong kilusan sa Masbate noong 1983. Mistula silang alikabok kung ikukumpara sa makapangyarihang mga rantsero at kanilang mga armadong galamay. Subalit ang maliit na alikabok na ito ang nagsilbing mitsa sa pagkalat ng apoy ng digmang bayan sa Masbate.

Sa gabay ng rebolusyonaryong kilusan, makatarungang nabawi ng mga magsasaka ang malalaking lupaing inangkin ng mga rantsero. Higit sa lahat, napalakas ng mga Masbatenyo ang kanilang New People's Army at nagkamit ng mga kongkretong pakinabang sa pagsuporta sa armadong pakikibaka.

Sa ilang dekada'y napatunayan ng mga Masbatenyo na kung wala ang Hukbo, walang ni anuman ang mamamayan. Naipagtanggol ng mga Masbatenyo ang kanilang lupa sa makailang ulit na pagtatangkang agawin ito ng mga rantsero at mga dayuhang kapitalista. Nawala sa maraming komunidad ang panunulis, panggagahasa at iba pang krimen. Hindi nakabwelo ang militar sa kanilang pang-aabuso.

Takot sa maaari pang abuting lakas ng rebolusyonaryong kilusan at sa katiyakang magtatagumpay ang digmang bayan, inilunsad ng



kaaway ang mas malupit na opensibang militar laban sa mga Masbatenyo. Pinairal sa prubinsya ang batas militar at paghaharing teror sa pangunguna ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Libu-libong tropa ng kaaway ang ibinuhos sa prubinsya para maghasik ng walang tigil na pananakot gamit ang pagpatay, pagpapasurender, at iba pang anyo ng terorismo upang pagurin ang masa sa paglaban para sa kanilang lupa at karapatan.

Subalit hindi kailanman nawala sa puso ng mga Masbatenyo ang kanilang Hukbo. Sa halip, itinulak ng walang katulad na atakeng militar ang mga Masbatenyo na lalong kamuhian ang bulok na estado. Lalong naitanim sa puso ng mga Masbatenyong biktima ang pagnanais na makabalik sa lupang inagaw sa kanila, matigil ang pananalasa ng mga proyektong wawasak sa kanilang kabuhayan at makamit ang hustisya mula sa mga tinamong abuso.

Lalong naunawaan ng mga Masbatenyo na tanging armadong paglaban lamang ang solusyon sa araw-araw na pang-aapi't pagsasamantalang ipinapalaspas sa kanila ng estado.

Sa diwang ito, panata ng rebolusyonaryong kilusan na iwasto lahat ng kahinaan upang muling makapagpalakas at pamunuan ang masang Masbatenyo sa armadong pakikibaka para sa lupa, karapatan, katarungan, at buhay.

Hindi madali ang kakaharapin ng mga Masbatenyo at kanilang hukbong bayan. Ngayong 2024, idineklara ni Marcos Jr sa atas ng US ang todong gera upang tapusin sa lalong madaling panahon ang armadong pakikibaka. Sa Masbate, ang gera na ito ay nangangahulugan ng pinatinding kampanya ng pang-aagaw ng lupa, pagpatay at teror laban sa magsasaka. Makikinabang sa gerang ito si Marcos Jr, si Gov. Kho, ang Filminera at iba pang dayuhang kapitalistang hayok na dambungin ang yaman ng Masbate. Sa sitwasyong ito, kinakailangang ibayong pahigpitin ang pagkakaisa ng Hukbo at mga Masbatenyo. Digmang bayan ang kailangan laban sa todong gera ng rehimeng US-Marcos Jr.

Patuloy na maglulunsad ang NPA-Masbate ng mga taktikal na opensiba upang birahin at parusahan ang AFP-PNP-CAFGU sa mga krimen nito laban sa mga Masbatenyo. Patuloy na palalawakin ng Hukbo ang apoy ng armadong pakikibaka upang maabot at buong pusong mapagsilbihan ang mas maraming Masbatenyo.

Kailangang alisin ng mga Masbatenyo ang takot sa dibdib, at ilabas ang naipong galit sa pamamagitan ng organisadong paglaban. Nawa'y ibayo nilang ibukas ang kanilang puso, tahanan at komunidad sa mga kasama at lalong maunawaan ang kawastuhan ng armadong paglaban.

Pinakamahusay na maiaambag ng mga Masbatenyo ay ang pagpaparami sa kanilang hukbong bayan.

Hinihikayat ng Jose Rapsing Command-NPA Masbate lahat ng kabataang may malasakit sa kinabukasan ng Masbate na sumapi sa NPA bilang pinakamarangal na propesyon sa lahat. Hindi mapapantayan ng Tiktok, wifi at iba pang makabagong aliw sa social media ang kaligayahang hatid ng pagsisilbi sa sambayanan.

Hinihikayat din ang mga magulang na alisin ang pag-aalangan at ibigay lahat ng suporta sa kanilang mga anak na nagnanais mag-NPA. Hinihikayat din lahat ng Sangay ng Partido sa lokalidad at mga organisasyong lihim na ibayong maging aktibo sa pagrirekrut sa kanilang mga kababaryo na sumampa sa Hukbo.

Nananatiling mataba ang lupang Masbate para sa rebolusyon. Hangga't nananatili ang pagkakaisa ng Hukbo at mga Masbatenyos sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas, tiyak na mararating ang maaliwalas na kinabukasan ng prubinsya at buong Pilipinas.

## **Panghawakan ang panawagan ng pagwawasto! Isulong ang armadong pakikibaka hanggang sa tagumpay!**

Marso 29, 2024

**Malaya Asedillo, Spokesperson  
NDF-Laguna**

Binabati ng National Democratic Front of the Philippines sa lalawigan ng Laguna ang Bagong Hukbong Bayan sa ika-55 na anibersaryo nito. Pinakamataas na pagpupugay sa lahat ng Pulang

mandirigma at kumander ng tunay na hukbo ng sambayanan!

Sa loob mg mahigit limang dekada, nilagpasan ng BHB ang samu't saring paghihirap at sakripisyo alang-alang sa pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, binitbit nito ang siyensya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at inilapat ito sa praktika ng lipunan at rebolusyong Pilipino. Hanggang ngayon, nagpapatuloy ang BHB sa pagpunyagi sa kaniyang mayor na tungkulin na lansagin ang mersenaryong hukbo ng reaksyunaryong kaaway, alinsunod sa estratehiya ng matagalang digmang bayan.

Nag-aalay din kami ng pinakamataas na pagpaparangal sa mga magigiting na anak ng Laguna na nag-alay ng buhay para sa bayan. Hindi makakalimutan ang ngalan nina Abigail "Ka Laura" Bartolome, Allysa "Ka Ilaya" Lemoncito, Misael "Ka Cuba" Ongtangco, Jeramie "Ka Ash" Garcia, at marami pang walang pangalan. Pulang saludo sa lahat ng mga dakilang martir ng sambayanan!

Nagagalak ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Laguna sa balita na sineseryoso ng BHB ang panawagan ng Partido na iwasto ang mga naging kamalian. Nagsisilbing inspirasyon ang kritikal-sasariling pagsusuri ng BHB at pagpupuna sa kaniyang konserbatismong militar at kaluwagan sa disiplina. Sa kabila ng mga napunang kahinaan, nagpapasya pa rin ang Hukbo na sumulong sa wastong linya at pagsilbihan ang masa sa hangaring makamit ang ganap na paglaya mula sa

kawing ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo.

Maraming aral ang mapupulot ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Laguna mula sa BHB. Tingnan natin bilang ehemplo ang pagyakap ng BHB sa kilusang pagwawasto at buong-puso nating harapin ito. Seryosohin natin ang ating pag-aaral, paglalagom, pagpupuna at pagpuna-sasarili, at ang pagtalima natin sa mga batayang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Malaki ang hamon sa mga rebolusyonaryong organisasyon sa Laguna upang suportahan at pasiglahin ang armadong pakikibaka sa kanayunan. Tinatawag tayo ngayon para iwasto ang mga maling estilo ng pamumuno at paggawa, bakahin ang konserbatismo, burukratismo, emperisismo, at liberalismo, at mapangahas na sumulong sa ating rebolusyonaryong gawain.

Sa kanayunan, mahalaga na itayo ang mga samahang masa at rebolusyonaryong organisasyon upang magsilbing bag-as ng Pulang kapangyarihan. Kailangang pangunahan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa ang gawaing propaganda, edukasyon, pag-oorganisa, at pagpapakilos sa masa sa kanayunan para suportahan ang mga Pulang mandirigma at ang armadong pakikibaka. Sila ang hindi natutuyong balon na pinagkukuhanan ng BHB ng sigla at tapang.

Sa kalunsuran, kung saan dependsiba ang pangunahing moda ng pagkilos, kailangang pamunuan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang

pakikibakang masa na dulot ng papalaking disgusto ng mamamayan sa rehimeng US-Marcos II. Dapat itayo ang mga rebolusyonaryong unyon sa mga pagawaan para magampanan ng mga manggagawa ang makasaysayang papel nito na mamuno sa rebolusyon. Itayo rin ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mga lihim na sirkulo ng mga kabataan-estudyante, maralitang lungsod, kababaihan, taong simbahan, kawani ng pamahalaan, at iba pa. Buuin ang pinakamalawak na lambat ng suporta para sa digmang bayan at hikayatin ang pinakamaraming bilang ng mamamayan na sumapi sa BHB.

Pinapatunayan ng mahabang yugto ng armadong pakikibaka sa Pilipinas na mahaba ang tatahakin ng sambayanan para makamit ang ganap na tagumpay. Pinapakita rin ng ating Hukbo na hindi dapat tayo mapanghinaan ng loob sa kabila ng mga matinding bigwas ng kaaway. Padausdos at patalo ang reaksyunaryong estado habang pasikad lamang ang rebolusyonaryong pwersa.

Patuloy nating kamtin ang mas malalaking mga tagumpay! Pasiklabin ang nagbabagang apoy ng digmang bayan sa buong kapuluan!

Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!  
Mamamayang Lagunense, tumungo sa kanayunan!  
Sumapi sa New People's Army!

**Pulang saludo kina Ka Zoe at Ka Isko,  
mga Bayani ng Sambayanan!**

Marso 29, 2024

## **CPP Quezon Provincial Committee**

Kami'y walang tribo at lahat nang lipi ay sa amin. Kami'y walang bayan at lahat nang tahanan ay amin. Kami'y walang pangalan at lahat nang taguri ay amin. Sa mga pasista kami ang walang-mukha nilang kaaway Nanunubok gaya ng magnanakaw sa gabi, anghel ni kamatayan: Ang walang-patid, nakakasilaw, lihim na mata ng unos. Ang kalsadang hindi tinatahak ang aming binagtas - At ito ang lumikha ng malaking pagkakaiba: Ang yapak na hukbo ng kagubatan Marapat na kami sa takdang oras. Napukaw, ang masa ang tagapagligtas Dito kasama ng manggagawa't magsasaka ng ating nawawalang henerasyon ay nasumpungan ang kanyang tunay, natatanging, tahanan.

Mula sa Open Letters to Filipino Artists Ni Emman Lacaba Salin ni V. Sanggangbayan

---

Pinakamataas na parangal ang iginagawad ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng rebolusyunaryong kilusan sa mga larangan ng Quezon kina Kasamang Zoe at Kasamang Isko na namartir sa pag-aalay ng kanilang buhay sa naganap na labanan noong Marso 28, 2024 sa bayan ng Guinayangan.

Ano pa nga ba ang pinakamagandang ialay sa bisperas ng anibersaryo ng pinakamamahal na Bagong Hukbong Bayan kundi ang ating mga napakahirap na pagsasakripisyo at kaisa-isang buhay alang-alang sa pagpapalaya ng bayang inaapi. Hindi nasayang ang mga buhay nina Ka

Zoe at Ka Isko. Kung gayon ay may dahilan tayo ngayong ika-55 taong pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan na gunitain at ipagdiwang ang buhat-at-kamatayang pakikibaka ng dalawang bayani ng sambayanan.

Nakatanghal ang mga sandata, sumasaludo at kuyom ang mga kamao ng bawat pulang mandirigma at kumander ng Hukbong Bayan at lahat ng rebolusyunaryong mamamayan sa kadakilaan nina Ka Zoe at Ka Isko.

Si Ka Zoe

Si Kasamang Zoe ay si Divine Sureta sa kanyang mga magulang, anak, kapatid at katribung Manide. Ipinanganak siya sa noong Mayo 14, 1990 sa Paracale, Camarines Norte. Kabilang siya sa tribung Manide, isang pamayanan ng katutubong mamamayan na matatagpuan sa Camarines Norte at ilang bayan ng Quezon.

Iginuhit ni Ka Zoe ang isa sa mga natatanging kuwento ng buhay ng mga katutubo. Nakatuntong siya ng kolehiyo sa Camarines Norte State College at kumuha ng kursong A.B. History. Sa kabila ng mga oportunidad na bumukas sa kanya kagaya ng pagiging lider at opisyal ng mga samahang Manide, makapagtrabaho sa mga institusyong kagaya National Commission for Indigenous People at maging guro sa mga paaralan, noong 2016 natagpuan ni Ka Zoe ang tunay na kahulugan ng paglilingkod sa kapwa niya katutubo at buong sambayanan.



Naging pultaym na mandirigma ng New People's Army si Ka Zoe at mula noon ay tinahak na niya ang pulang landas ng pambansa demokratikong pakikibaka. Nakalahok si Ka Zoe sa pagpapasigla ng mga kampanyang masa para sa pagpapataas ng presyo ng kopra at buong niyog sa mga bayan ng Sta. Elena at Capalonga ng Camarines Norte. Nakilala rin siyang Ka Joy sa Quezon-Bicol Zone at Ka Jervin sa Quezon.

Taong 2020, sa kasagsagan ng lockdown dahil sa pandemyang Covid-19, isa si Ka Zoe sa pinadalo ng larangan para sa pagsasanay medikal. Mula noon, natuklasan niya ang panibagong propesyon bilang rebolusyunaryong medik. Kukulangin ang mga pahina at salita para ilarawan ang pagiging Doktor ng Bayan at naging mahalagang ambag ni Ka Zoe sa pagtitiyak ng serbisyong medikal sa mamamayan ng South Quezon-Bondoc Peninsula at Quezon-Bicol Zone.

Naging malaking karangalan ng tribung Manide si Ka Zoe. Ipinagmamalaki nila ang kanilang kapwa katutubo na kanila ring mahal na titser sa pag-aaral magsulat, magbasa at magbilang. Isa pang nakahiligan ni Ka Zoe ang gawaing pangkultura kagaya ng pag-awit, pag-arte at pagtula. Sa kanyang pagkamartir, maisisiwalat ang talinghagang ang kanyang mga pangalan ay walang kamatayang Divine at buhay na Zoe.

Si Ka Isko

Napakamakabuluhan ang ginugol ni Ka Isko na mahigit isang taon sa mga larangan ng Apolonio Mendoza Command. Una siyang pumasok sa isang

larangan sa South Quezon noong September 2020. Siya si Ka Eli noon, na naging saksi sa mabangis na pananalasa ng focused military operations ng 85IBPA sa panahong iyon. Kahit napakabago sa pakikidigmang gerilya, magiting na lumahok si Ka Isko sa tinaguriang “limang unos ng Nobyembre” – ito ang limang labanan na naganap sa loob ng 18-araw ng Nobyembre, 2020.

Tinupad ni Ka Eli ang kanyang pangakong muling magbabalik para buong panahong kumilos sa kanayunan at larangan ng Bagong Hukbong Bayan. Noong December 2022, nagbalik siya bilang si Ka Isko.

Hindi naging madali kay Ka Isko ang kinakailangang pag-angkop ng isang kabataang lumaki sa lungsod sa buhay gerilya. Pero mataas ang determinasyon niya kaya kasabay ng kanyang papel bilang isa sa mga opisyal pampulitika ng Apolonio Mendoza Command, nagpanibagong-hubog siya kapiling ang kapwa-mandirigmang magsasaka at iba pang inaaping mamamayan.

Mahaba ang kalsadang pinagmartsahan ng kadreng lungsod bago siya nakarating sa mga larangan ng Quezon at Bicol. Siya muna si Kasamang Tere sa mga kabataan at manggagawang bukid sa tubuhan ng rehiyong Central Luzon. Siya si Ka Pau sa maralitang komunidad ng Camanava area. Siya si Ka Drew sa mga manggagawa ng Quezon City. Tiyak na paparangalan siya ng napakaraming manggagawa, kabataan at mga maralita sa komunidad sa kanyang pagkamartir. Tiyak na marami sa kanila ang susunod sa tinahak na

landas ng kanilang butihing organisador at kasama.

Siya si Paul Cruz sa kanyang pamilya, asawa at kapatid. Ipinanganak siya noong July 5, 1994 sa probinsya ng Bataan. Kasalukuyang kagawad ng Komiteng Probinsya ng Partido si Ka Isko nang siya ay mamartir.

Walang nasayang na buhay

Kagaya ng tinuran sa tula, ang mga yapak na Hukbong Bayan at ang sambayanan ay iisa. Taliwas sa nais ipilit ng kaaway, isang may saysay at puno ng kabuluhan ang maging rebolusyunaryo. Nagkamali ang kaaway sa kanilang panukat - hindi ang pagkamartir ng mga rebolusyunaryo ang nagtatakda ng paghina ng isang kilusan. Sa halip ito ang pamantayan para sa isang kaganapan ng sinumpaang paglingkuran ang sambayanan - kung gayo'y nagpapakita ng katapatan at lakas na tiyak magiging inspirasyon ng iba pang inaaping mamamayan para tumahak sa landas ng pagrerebolusyon.

Sa bawat hininga, sa bawat buhay na inialay sa bayan, ito ay dagdag na kabawasan sa hininga at buhay ng naghihinalong malakolonyal at malapyudal na bansang Pilipinas. Ito ay bisperas ng kamatayan sa imperyalismong US at pasismo ng estado. Ito ay huling hihip sa malaganap na apoy na tutupok sa pyudalismong bumabalot sa kanayunan.

Dakilain ang buhay nina Ka Zoe at Isko! Tiyak ang tagumpay ng demokratikong rebolusyon bayan! Hindi ito magagapi!

Pag-apuyin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka para sa pambansang demokrasya! Mag-aral! Magwasto! Mag-opensiba! Kamtin ang Opensiba! Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Mabuhay ang Sambayanang Pilipino!

## **Pursigido nga Tadlungon ang mga Kasaypanan kag Isulong ang Inaway Banwa sa Mas Mataas pa nga Halintang**

Marso 29, 2024

### **JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)**

Sa okasyon sang ika-55 ka tuig nga anibersaryo sang New People's Army gikan sa pagkatukod sadtong Marso 29, 1969, ang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) sa Central Negros nagasingkal, nagabalingaso nga kainit kag militante nga nagabayaw sang amon mga inumol tanda sang pursigido nga pagtadlong sang mga kahuyangan kag padayon nga pagsulong sang masobra lima na ka dekada nga armadong paghimakas sa pungsod tubtob sa lubos nga kadalag-an.

Kadungan sini, nagasaludo man kita sa aton mga rebolusyonaryong martir nga naghalad sang ila

mga kinaalam, kaisog kag makatarunganon nga nagsakripisyo sang ila kabuhi sa pag-angat sang inaway banwa paagi sa boluntaryo kag matutom nga paghikot sa pagpatuman sang integradong rebolusyonaryong hilikuton sang demokratikong rebolusyon sang banwa padulong sa sosyalismo. Ginapasidunggan naton sila Jose Maria “Ka Joma” Sison, Benito “Ka Laan” Tiamson, Wilma “Ka Bagong-Tao” Austria, Jorge “Ka Oris” Madlos, Rogelio “Ka Cocoy” Posadas, Ericson “Ka Fredo” Acosta, Romeo “Ka JM” Nanta, Leonardo “Ka Jessie” Panaligan kag iban pa nga mga kaupod. Ginapasidunggan man sila Bernard Torres, Dionesio Baloy, Jose Albores, Evelyn kag Julieven Meren, Orlando Fat, Victor Baldonado, Christina Jacolbe kag Everly Kee Jacolbe kag iban pa halin sa hanay sang pumuluyo diin wala-kaluoy kag brutal nga ginpamatay sang mga pasista kag berdegong 62nd IB sa Central Negros.

Sila ang buhi nga handumanan kag magserbe nga inspirasyon sa aton padayon nga pagsulong sang armadong rebolusyon. Ang ila mga inagihan kag kontribusyon ang magapabilin sa aton paminsaron kag balatyagon nga magsindi kag magpasingkal sang kalayo sang rebolusyon sa mga kaumahan sang bug-os nga larangan gerilya.

Ginapasalamatan man naton ang wala-paghubas nga suporta sang malapad nga masa sang pumuluyo kag wala-kataka nga paggiya sang Communist Party of the Philippines (CPP) sa Bagong Hangaway sang Banwa sa pagpangibabaw sa tunga sang mga internal nga kahuyangan. Subong man, ang pagpangibabaw sa bug-os nga

rebolusyonaryong kahublagan batok sa masingki nga pagpamintas kag pagpang-atake sang Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) kag iban pa nga makinaryas sang reaksyonaryong estado.

Bangud sang pursigido kag ululupod nga paghimakas sang bug-os nga rebolusyonaryong kahublagan dira sa pag-isa sang nagkalain-lain nga sahi sa balayon sang nagahiliugyon nga prente, mas aktibo nga nagpabilin ang pagluntad sang mga larangan gerilya ilabe na ang LPC-NPA sa Central Negros sa pihak sang tudo-gyera nga kampanya militar, pasismo kag terorismo sang rehimen ni US-Marcos Jr.

Sa kahiwatan sang ika-55 nga pagsukat sang NPA, ginasaulog naton ini nga puno sang militansiya bangud sang aton mga kadalag-an sa tanan nga patag sang pagsulong kag pag-uswag sa sulod sang isa ka tuig (Marso 29, 2023-Marso 29, 2024), sa pihak man sang pagpugong sang AFP, PNP, NTF-Elcac kag iban pa nga makinaryas sang reaksyonaryong estado.

Sa patag sang armadong paghimakas; taas moral kag ara ang inisyatiba nga nagapadayon sa pagtungod sang integrado nga hilikuton masa paagi sa pagpakamaayo sa linyang masa. Paagi sini, nakarekrut sa gihapon sang halos seksyon nga kusog sang Pulang hangaway halin sa hanay sang mga pamatan-on. Boluntaryo sila nga nagsumiter sang ila kaugalingon sa lubos panahon nga mag-alagad sa masang ginahimuslan kag ginapigos nga pumuluyo sa kaumhan dira sa pagpakigbahin sa NPA. Nangin maayo ang mga

Pulang hangaway sa pagkumbinar sang pagbalhin, konsentrasyon kag dispersal nga moda sa paghulag gerilya dira sa platun bilang sandigan nga pormasyon.

Sa tunga sang focused military operation (FMO) kag Retooled Community Support Program (RCSP), madinalag-on nga nakalunsar ang LPC-NPA sang konsentrado nga paghanas politiko-militar kag madinalag-on man nga nakalunsar sang indi magnubo sa 12 ka taktikal nga opensiba nga nagpatay sang kapin 16 gikan sa hanay sang tropa militar diin nakapatuhaw sang mga armas nga sarang ipa-armas sa bag-ong napatapo sa NPA kag iban pa nga yunit gerilya. Sa pihak nga bahin, lima ang nangin rebolusyonaryong martir sa mga Pulang hangaway nga sanday Ka Kris, Ka Marnie, Ka Bryan, Ka Dagger kag Ka Ryan.

Namentinar man ang kusog sang mga yunit gerilya nga nangin katimbang sang NPA sa pagtungod sang mga hilikuton masa paagi sa tatlo ka integrado nga hilikuton (pagtukod sang baseng masa, agraryong rebolusyon kag pagsulong sang armadong paghimakas).

Paagi sini, nasusteni ang pagpalapad kag konsolidasyon sa baseng masa. Namentinar ang 38,000 nga organisadong masa nga may malapit 200,000 nga isip sang baseng masa. Bunga sang hilikuton pagpalapad, dugang nga naabot ang 2,000 nga isip sang baseng masa halin sa malapit 80 ka baryo kag 400 ka sityo nga nahulagan katumbas sang tatlo ka larangan gerilya. Tuman ka ligwa ang paghulag sang mga yunit gerilya nga naghatag sang taas nga inisyatiba sa NPA kag

bug-os nga rebolusyonaryong kahublagan agud palapitan ang malapad nga masa kag pursigido nga matungdan ang mga rebolusyonaryong hilikuton kaangay sang edukasyon masa, hilikuton propaganda, kultural, arbitrasyon, produksyon, ikaayong-lawas, seguridad kag iban pa.

Sumugod nga nagpungko sa poder si Marcos Jr, sa Central Negros lang, nakarekord sang 22 ka mangunguma ang brutal nga ginpamatay samtang lima naman ka hors de combat nga mga Pulang hangaway sa Moises Padilla, Negros Occidental kag Canlaon City, Negros Oriental ang hungod nga gin-utas ang ila kabuhi sa mga tropa sang 62nd IB sa pagpamuno ni Col. William Pesase Jr bilang Commanding Officer. Naglab-ot man sa 336 ka insidente sang human rights violations ang hinimoan sa nasambit nga militar nga nag-imbolbar sa masobra 10,800 ang biktima (212 sini ang mga menor de edad). Sa bilog isla sang Negros, responsable ang 62nd IB sa halos katunga sa 654 nga kaso sa pagpanglapas sa tawhanon nga kinamatarung nga nagbiktima sa indi magnubo sa 46,000 (988 sini ang mga menor-edad) nga narekord sang National Democratic Front (NDF)-Negros idalum sa rehimen US-Marcos II.

Bangud sini nga mga panghitabo, mahapos para sa mga Pulang hangaway kag iban pa nga mga yunit gerilya ang pagpukaw, pag-organisa kag pagpahulag sa masa. Nangin mahagup kag malapit ang masa sa NPA kag bug-os nga rebolusyonaryong kahublagan. Dasig nga naglab-ot sang masobra 2,000 ka pumuluyo ang naabot sang hilikuton edukasyon kag propaganda.



Nakalunsar sang mga epektibo nga pagtuon sa PADEPA kag edukasyon-propaganda sa hanay sang masa kabangdanan sang pagka-anting, sekreto kag aktibo nga paghikot sini diin dugang nga pagpatapo sa mga bag-ong natukod nga organisasyon masa sang PKM, KM, MAKIBAKA kag ARMAS sa lebel sityo tubtob munisipalidad. Samtang ngipon sa ngipon nga nagpakig-away kag nagbuyagyag paagi sa rebolusyonaryo, makatarunganon kag Marxista nga propaganda batok sa mga kabutigan, pagpatalang, pagpanginto kag korapsyon sang AFP, PNP kag NTF-Elcac ilabe na sang inutil, pasista, papet kag korap nga rehimen US-Marcos Jr.

Sa sulod sang isa ka tuig, ang NPA naglunsar man sang mga serbisyo-sosyal kaangay sang medikal, literasiya-numerasiya kag iban pa. Malapit sa 1,000 ang nahatagan serbisyo medikal samtang ang mga kabataan sang masa ang ginlunsaran man sang libre nga pagtuon sang literasiya kag numerasiya. Halos ang tanan nga yunit sang NPA kag iban pa nga yunit gerilya ang nakalunsar man sang arbitrasyon sa pagsolbar sang mga kontradiksyon sa tunga sang masa kaangay sa pagsolbar sang mga problema sa duta, palangabuhian kag iban pa.

Paagi sa giya kag pagpanguna sang NPA, nangin kinaandan na sa Central Negros ang ululupod kag kolektibo nga pagbinuligay sang masang katapuan paagi sa simple nga kooperasyon agud padasigon kag pataason ang ila produksyon sa pagpanguma. Nangin kinaandan man sa rebolusyonaryong masa kag NPA ang pagbinuligay sa tion sang mga

kalamidad sa pihak sang grabe nga pag-antus sa kaimulon bunga sang kakulang sang serbisyo-sosyal kag ka-inutil sang mga rehimen ilabe na ni Marcos Jr.

Karun nga kalamidad sang tig-ilinit (El Niño), naghiliusa ang masa sa paghimakas upod sa NPA agud pukawon, organisahon kag pahulagon ang malapad nga pumuluyo sa kaumhan para pangibabawan ang nasambit nga kalamidad kag ang militarisasyon nga ginkabig bilang kalamidad man tuga sang pasismo kag terorismo sang estado. Namobilisa kag napahulag ang masa sa pagpanghawan kag pagpalapad sang ulumhan nga ila palangabuhian, pagpangita sang tubig nga mainom kag tubig nga para sa ila mga talamnan kag iban pa nga pananom. Kadungan man sini ang pagtigayon sang alternatibo nga pagpamulong sa epidemya nga sakit nga gina-atubang sang pumuluyo sa kaumhan resulta sang kasingkal sang init kaangay sang ubo, hilanat, trangkaso, high-blood, stroke kag iban pa. Samtang nagatungod man sang hilikuton masa sa pagpukaw, pag-organisa kag pagpahulag sa pumuluyo sa pagduso sang ila mga demokratikong kinamatarung kag interes agud kuhaon ang epektibo nga sabat sang inutil, korap, papet kag reaksyonaryong gobyernong US-Marcos Jr.

Ang malawigon nga krisis sa resesyon sang sistemang kapitalismo ang magtuga sang pag-eskalar sang gyera sa bug-os nga kalibutan. Mas mag-igting imperyalista kontra sa mga kolonyal, neo-kolonyal kag mala-pyudal nga mga pungsod, kapitalista batok sa mga mamumugon kag pag-

alsa sang mga pumuluyo batok sa pagpamigos sang mga kapitalista sa kaugalingon nga pungsod. Samtang mag-isa ang sahing proletaryado sa bug-os nga kalibutan nga maghimakas para sa isa ka pagbag-o sosyal.

Sa sini nga kaangtanan, tuman ka paborable ang sitwasyon sa pungsod ang pagsulong sang demokratikong rebolusyon sang banwa padulong sa sosyalismo. Ang papet nga rehimen ni Marcos Jr ang ginabayo subong sang masingki nga krisis sa ekonomiya kag pulitika. Nagamanipestar ang maigting nga banggianay sa tunga sang Duterte batok Marcos Jr nga hubon idalum sa kroniko nga krisis sang mala-kolonyal kag mala-pyudal nga sosyedad Pilipino. Wala sang malauman ang kadam-an nga pumuluyo sa lunsay nga maki-dumuluong, elitista, pasista kag papet nga rehimen US-Marcos II. Paagi lamang sa pag-usoy sa husto nga banas sang armadong rebolusyon maangkon sa pigos kag ginahimuslan lakip ang malapad nga pumuluyo ang ginahandum nga matuod nga demokrasya kag pungsodnon nga kahilwayan. .

Tampad nga tul-iron ang mga kahuyangan nga nagasagabal sa aton pag-uswag kag pagsulong! I-angat ang inaway banwa sa mas mataas nga halintang sa masunod nga mga panag-on.

Mabuhay ang Demokratiko nga Rebolusyon sang Banwa! Mabuhay ang CPP-NPA-NDF! Mabuhay ang masa! Mabuhay ang ika-55 nga Anibersaryo sang New People's Army!

# **Puspusang magwasto at iabante pasulong ang makatarungang digma ng Bagong Hukbong Bayan!**

Marso 29, 2024

**Arman Guerrero, Spokesperson  
NDF-Rizal**

Ating marubdob na salubungin ang ika-55 taong anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan ng may mahigpit na pagtangan sa mga kagyat at kritikal na mga tungkulin ng Kilusang Pagwawasto at malayong tumanaw na ipagtagumpay ang Demokratikong Rebolusyong Bayan at gapiin ang kaaway.

Ating pagpugayan ang lahat ng mga pulang mandirigma at mga kumander na araw-araw na sumusuong at nagpupunyagi sa pinatinding supresyon ng kaaway. Bigyan natin ng pinakamataas na pagsaludo ang lahat ng mga martir ng rebolusyon. Ang bawat patak ng dugo na kanilang idinilig sa matabang lupa ng pag-aalsa ng mamamayang pinagsaamantalahan ay habambuhay na mananalantay sa mga susunod pang henerasyon ng mga rebolusyonaryo. Ialay natin ang mga sandaling ito sa pinakabagong martir ng rebolusyon na sina Junalice “Ka Arya” Arante-Isita, Bernardo “Ka Mamay” Bagaas at Erickson “Ka Ricky” Cueto na magiting na nakipaglaban hanggang sa kanilang huling hininga sa Rosario, Batangas noong Marso 26, 2024. Gayunrin kina Divine “Ka Zoey” Soreta at Paulo “Ka Isku” Cruz na namartir sa pakikipaglaban sa Guinyangan, Quezon nitong

Marso 28. Alalahanin din natin ang lahat ng rebolusyonaryong martir ng Narciso Antazo-Aramil Command-Rizal (NAAC) at ng buong Melito Glor Command sa rehiyong Timog Katagalugan at sa buong kapulaan.

Ang mga rebolusyonaryo sa lalawigan ng Rizal ay nakahandang paigtingin ang mga pakikibaka ng iba't-ibang batayan at pinagsasamantalang mga uri at mag-ambag sa pagpapalakas ng itinatayong mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan. Gayunrin ang pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran.

Tunay ngang walang ibang susulingan ang mamamayan kung hindi ang mag-armas at sumapi sa BHB sa harap ng papatinding krisis ng ating lipunan dulot ng Imperyalismo, Pyudalismo at Burukrata Kapitalismo. Dahil sa lumalalim na krisis ay lumiliit ang yaman na nais dambungin ng mga naghaharing uri kung kaya't tumitindi ang bangayan ng mga imperyalista at ng lokal na pangkating US-Marcos II at kampo ng mga Duterte. Sa harap ng kawalan ng lupa ng mga magsasaka, walang habas na pagtaas ng mga presyo ng mga bilingin, pagkapako ng sahod ng mga manggagawa, El Niño, pandarambong at pagbebenta ng ating mga lupain, kabundukan at karagatan sa mga dambuhalang dayuhang mamumuhunan kasapakat ang mga malalaking burgesya kumprador at mga panginoong maylupa ay patuloy silang nagbabangayan habang pinababayaan lamang maghirap ang naghihikahos ng sambayanan. Upang magawa ang lahat ng pandarambong pilit na inilulusot ang diumanong

“economic chacha” kahit pa labag sa konstitusyon ang mga pamamaraan.

Mauugat lahat ang paghihirap na ito sa panantili ng malakolonyal at malapyudal na kaayusan ng ating lipunan dahil sa pagkontrol ng Imperyalistang US. Hindi hindi bibitawaan ng US ang Pilipinas bilang maamong malakolonya nito na bagsakan ng kanilang mga surplus na produkto, kapital, kuhanan ng mga murang hilaw na materyales at paggawa at lalo na sa harap ng giriian nila ng isa pang imperyalistang bansang Tsina na humahamon ngayon sa kapangyarihan ng US sa buong mundo.

Habang tumitindi ang krisis ay lalung bumabangis ang kaaway. Kung kaya’t parang mga asong ulol na pinakawalan ng rehimeng US-Marcos II ang AFP-PNP-CAFGU kasabwat ang NTF-ELCAC upang durugin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng BHB, patayin, dukutin, tortyurin, at takutin ang lahat ng nakikibaka para sa demokratikong interes ng mga magsasaka, manggagawa, pambansang minorya, kabataan, kababaihan at iba pang sektor.

Subalit ngayon pa lamang ay bigo na sila. Ang deklarasyon ng Kilusang Pagwawasto ng ating Partido upang iwasto ang ating mga kahinaan tulad ng suhetibismo sa anyo ng empirisismo, konserbatismo, liberalismo at burukratismo ay patunay ng muling paglakas ng armadong pakikibaka at ng buong rebolusyonaryong kilusan. Ibayong magpunyagi at lubusin ang Kilusang Pagwawasto! Itama ang mga Pagkakamali at Ipagtagumpay ang Digmang Bayan!

## **Serye ng mga pag-aaral at talakayan matagumpay na nailunsad!**

Marso 30, 2024

**Amihan Guerrero, Spokesperson  
NPA-Agusan del Sur**

Magkakasunod na pag-aaral at talakayan ang matagumpay na nailunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa probinsya ng Agusan del Sur sa unang kwarto ng taong 2024. Bunga ng marubdob na pagtanggap ng komite at mga kasapi ng Partido sa panawagan ng Komite Sentral sa kilusang pagwawasto sa gawaing pang ideolohiya, pinagsikapan at determinadong inilunsad ng BHB sa probinsya ang nasabing pag-aaral at talakayan sa kabila ng sustenidong operasyon ng kaaway.

Sinimulan ang pag-aaral sa pahayag ng Partido sa ika-55 anibersaryo nito, tatlong batch ang nakapagtapos sa istagard na pag-aaral sa nasabing dokumento. Ang unang batch ay pinangunahan at dinaluhan ng mga kasapi ng komiteng seksyon at larangang gerilya.

Karamihan sa mga dumalo ay mga nakababatang kadre na bumubuo sa 74% at 26% naman ang nakatatandang kadre habang 60% sa mga ito ay 5 hanggang 10 taon ang tagal sa serbisyo sa hukbo at 40% naman ang may tagal na 11 taon pataas.

Tumagal ang buong pag-aaral ng 18 oras at 30 minuto. Basa-talakay at chalk talk ang ginawang paraan sa pagtalakay ng mga kasama, sa

kolektibong diskusyon, naging buhay ang talakayan ng mga kasama dahil sa pagbabahagi sa kanilang mga karanasan sa pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa masa at kung paano pinamunuan ang pagsusulong ng digmang bayan sa probinsya kasabay ng mapagkumbabang pagsuri at pagtanggap sa mga partikular na kahinaan at kakulangan na nagresulta sa ilang mga kabiguan sa pagharap sa atake ng kaaway.

Samantala, masiglang sinimulan ng mga kasama ang ikalawang batch ng pag-aaral na binubuo ng lahat ng kasapi ng Partido sa loob ng hukbo mula sa mga kandidatong kasapi na 40% at 60% naman ang ganap na kasapi, nagsilbing instruktur nila ang mga kasamang una nang nakapagtapos. Pinagsikapang mapagaan ang daloy ng talakayan sa paglikha ng mga simpleng biswal katulad ng drowing sa mapa ng daigdig upang mas madaling mailarawan sa mga mag-aaral ang mga bansang imperyalista at kung saan ito naglulunsad ngayon ng proxy war, naipakita rin sa mga kasama ang latag ng mga bansang atrasado o kolonya at semi-kolonya na nagsusulong ng armadong pakikibaka. Bagama't chalk talk at basa-talakay parin ang ginawang paraan sa pag-aaral, mas maagang natapos o napaikli na ang kabuuang tagal ng talakayan sa 16 na oras at 21 minuto. Sa ikatlong batch naman ay mapangahas na tinanggap ng ilan sa mga kasamang may potensyal sa pagtuturo ang tungkulin na magsanay na magsilbing instruktur para sa huling batch na binuo ng mga Pulang mandirigma na hindi pa kasapi ng Partido.



Ayon sa mga kasama, malaki ang naitulong sa kanila ng nasabing pag-aaral sa pahayag ng Partido. Nakapagbigay ito ng panibagong lakas at dagdag na tatag upang mas pagtibayin ang kapasyahang lumaban at magpatuloy sa armadong pakikibaka. Ayon naman kay kasamang Del, mas naging kongkreto sa kanila ang pagiging gabay ng Partido upang mas maunawaan ang mabilis na pagbabago ng kalagayan, nagsilbing tanglaw rin ito sa mga kasamang pinaghinaan ng loob at inagapan din silang bumangon mula sa pagkakalugmok sa mga negatibong kaisipan tulad ni Ka Maja na isang inang nangungulila sa kanyang mga anak. Nagsilbing hamon naman kay Ka Che na mas magpakatatag at harapin ang mga pagsubok sa paggampan sa komprehensibong gawain. “Dama ko rin ang pangangailangang dobleng magsikap upang sumulong at tumibay bilang kasapi ng Partido” dagdag pa niya.

Ang sumunod na mga talakayan ay bahagi ng functional na pag-aaral mula sa mga topiko sa PADEPA upang muling alalahanin at unawain ang mga partikular na tungkulin lalo na sa hanay ng komite ng Partido at buong kasapian maging ng gawain sa platun at mga katuwang nito. Sinimulan rin ang kampanyang pag aaral at balik pag aaral sa kurso sa padepa bilang paghahanda sa planong maglunsad ng Batayang Kurso ng Partido (BKP).

Sa kabuuan, masaya at masigasig ang bawat kasama sa pagharap sa mga hamon at naabot ang layuning simulan ang kilusang pagwawasto, magkonsolida, tukuyin ang bawat partikularidad kung saan nagkulang at nagkamali at

determinadong igpawan ang mga kahinaan upang mas higit pang sumulong sa susunod na mga panahon.